
BAGONG DIWA



PANIMULA

Ang Bagwa ay Pagpapanibagong-Diwa patungo sa mas masaklaw at mas malalim na pagtalakay sa pagmamahal sa lupang sinilangan. Ang tulang ito ay buod ng konsepto ng Bagong Diwa.

Bagong Diwa sa Bagong Pilipinas

Aking Pilipinas, awit ay paglaya
Perlas ng Silangan, maharlikang bansa
Duyan ng magiting, bukal ni Bathala,
Pugad ng pag-ibig, tahanan ng tuwa.

Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino. Ang ating bansa at ang lahat ng matatagpuan dito ay ibinigay sa atin ng Bathalang Maykapal. Kaya nga't tungkulin ng bawat mamamayan ang ipagtanggol ang kalayaan nito mula sa mga dayuhang mananakop. Sila na nagnanasa sa likas na yaman nito ay gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang mapasakamay nila ang Perlas ng Silangan at maipailalim sa kanilang kapangyarihan ang mga maharlikang mamamayan nito. Sa pagtatanggol sa bayang sinilangan, nahayag ang kabayanihan ng ating mga ninuno. Gamit ang iwing karunungan at katapangan, tayo ay patuloy na nakikinabang sa bukal ng mayamang kultura na iniuugoy sa duyan ng pag-ibig at katuwaan.

Biyas ng kawayan, kami ay nagmula
Sa apoy dinarang, at nagkulay lupa
Ang supling ng Luzon, suwi ng Visayas
Ugat ng Mindanao, tubong Pilipinas

Ayon sa alamat, ang lahing Pilipino ay nagmula kay Malakas at Maganda. Ang dalawang katangian na nagsilbi rin nilang pangalan ay nagpapahiwatig ng pag-uugnayan ng lalaki at babae at ang buhay ng isa ay hindi sapat kung wala ang isa. Alalaon baga, ang magkabiyak na kawayang kanilang pinagmulan ay simbolismo ng kanilang pagtutuwang sa buhay sa daigdig. Ang kawalan ng balanse sa pagitan ng lalaki at babae sa kasalukuyan ay hindi repleksyon ng alamat na ito, kung hindi ng epekto ng pananakop ng Kanluraning kultura na malinaw na naghahati sa dalawang kasarian. Ang 'el' at 'ella' ng Kastila at ang 'he' at 'she' ng Amerikano ay hindi kailanman iwing kultura ng mga sinaunang Pilipino na gumagamit ng 'siya' sa pagtukoy sa lalaki o sa babae man. Ang hiram na kulturang ito ang naghahati sa lalaki at babae.

Isa pang kaugnay na alamat ay sumasagot naman sa tanong kung bakit kayumanggi ang kulay ng balat nila. Maaaring ang alamat na ito ay nagkukumpara sa tatlong pangunahing lahi ng tao sa daigdig ayon sa kumpleksyon ng kanilang balat, na sa kasalukuyan ay isang mainit na usapin ng racism, hindi ng puti laban sa itim at kayumanggi, kundi ng kayumanggi laban sa puti at itim. Ayon sa alamat na ito, kumuha si Bathala ng putik at kanyang hinulma. Tatlong magkakaparehong anyo ang Kanyang ginawa. Kailangan Niyang idarang sa apoy ang bawat isa upang maluto. Sapagkat abala Siya sa iba pa Niyang nilikha, ang una Niyang isinalang sa apoy ay nasunog at nagkulay itim. Kaya't nang isalang na Niya ang pangalawa ay dagli Niya itong inahon mula sa apoy sa pangambang matulad ito sa nauna. Ngunit ang pangalawa ay nahilaw kaya nagkulay puti. Sa pangatlong pagkakataon, binantayan na Niya ito at tiniyak na

maayos ang pagkakaluto nito. Tinawag Niya ang unang Itim, ang pangalawa ay Puti at ang pangatlo ay Kayumanggi. Ang mga Pilipino, katulad ng iba pang lahing Malay ay kulay kayumanggi.

Mula sa sinapupunan ni LuzViMinda, ang bawat taong ipinanganak sa Luzon, sa Visayas, o sa Mindanao ay iisa lang ang pinagmulan. Tayong lahat ay Pilipino. Iisa ang ating bansa na ibinigay ni Bathala.

Iwing katapangan, silahis ng araw
Laging nagbabantay, liwanag ng buwan
Pinagpantay-pantay ng tatlong bituin
Hindi matitinag ng sigwa at dilim

Ang katapangan ng mga Pilipino ay hindi na mapapalis sa takalan ng kabayanihan kung papaanong ang silahis ng Araw ay nakikita at nararamdaman bawat araw. Ang walong silahis ng Araw sa ating bandila ay kinakatawan ng walong lalawigang unang nag-alsa laban sa mga Kastilang mananakop. At ang katapangang iyan ay kapansin-pansin hindi lamang sa panahon ng digmaan kung hindi sa panahon din ng kapayapaan. Hindi kaagad mapupuna ang katapangang ito sa unang tingin (parang ang pulang kulay ng bandila ay nasa ilalim ng bughaw sa panahon ng kapayapaan) subalit sa kaibuturan ng damdamin ng bawat Pilipino ay matatagpuan ang apoy ng pag-ibig sa bayan. Halimbawa, sa tuwing mapag-uusapan ang Scarborough Shoal, may mumunting kirot sa damdamin ng bawat makabayang Pilipino at sa likod ng kanyang kamalayan ay ang paghahanda para sa posibleng pagsiklab ng digmaan. Palagi silang nagbabantay at sa tuwina'y naghihimagsik ang kalooban sa tuwing mababalitaan ang pagsasamantala ng mga dayuhan sa ating mga mangingisdang naghahanap ng pagkakakitaan sa mga bahagi ng dagat na ating nasasakupan. Tayo ay tila Buwan na tumutunghay sa ibaba, sa Daigdig, na animo'y nagsasabog ng liwanag ng pag-aalala.

Ang pagkakapantay-pantay ng pagkatao ano man ang kalagayan sa buhay ay pinaninindigan natin na isang santinakpang prinsipyo. Ang puting equilateral triangle sa bandila bilang tanda ng kalinisan ng kalooban ay kaayon ng pagkakapantay-pantay sa paningin ng batas (*liberte, egalite, fraternite*). Ang tatlong bituin na tumatanglaw sa Luzon, Visayas, at Mindanao ay katiyakan ng pananatili ng liwanag sa kapuluan sa likod ng mga kalamidad, literal man o symbolical.

May bagong sumibol, bagong isinilang
May bagong damdamin, bagong kaisipan
Abo ng lumipas, titis na sumiklab
Hinipan ng hangin, dagling naglagablab

Sa halos lahat ng akda sa ating literatura, may kakaibang dating ang paggamit ng simbolismo ng pag-usbong – ang pagsibol sa halaman o pagkapanganak sa hayop. Iisa ang inaasahan natin sa bagong sibol na ito – ang pag-asa. Bagaman, ang pag-asa ay nasa ilalim ng pananampalataya, kakaibang damdamin ng pagpapanibagong-lakas ang dulot ng bagong sibol. Inilalahad sa isa sa ating mga sawikain na *'makikita sa labong ang magiging bumbong'*. Sa ganitong kaparaanan natin binabasa ang kinabukasan ng mga bagong sibol. Kung baga, ang mga magulang ay naniniwala sa kasabihang *'hindi gugulong nang malayo sa puno ang nahulog na bunga nito'*. Inaasahan ng bawat magulang sa kanilang mga anak ang pagpapatuloy ng tradisyon at kulturang kinagisnan ng angkan. Datapwa't kakaiba naman ang kaligayahan ng mga magulang kung ang kanilang mga anak ay makagagawa ng mga bagong bagay na

nakahihigit sa tradisyunal na kultura lalo na't kung may potensyal itong pumaimbulog sa pandaigdigang kalagayan.

Huwag subukan man lamang ng kahit na sinong dayuhan na aglahiin ang lahing kayumanggi, sapagka't mula sa abo ng nakalipas na digmaan ay papaitaas ang usok mula sa titis ng kabayanihan, at ang titis na ito ay magbabaga, sisiklab, magliliyab, at maglalagablab. Sa paglalagablab na ito ng damdaming makabayan, dito lang mauunawaan ng sino mang dayuhan na hindi dapat puhagin ang bahay ng ligwan, na nananahimik sa saliw ng kapayapaan, kung ayaw nilang sabuhin ng sandamakmak na kisot.

Salita ng dangal, gawa ng pag-akay
Alagang-kadugo, pagtratong-kabayan
Init ng kalinga, pamilya at bayan
Ang paniniwala'y binibigyang-galang

Unti-unti na nga bang nawawalan ng *'palabra de honor'* ang mga Pillipino? Nais kong punahin na ang sinasabing dahan-dahang pagkawala nito ay dahilan sa lumiliit na pagtingin ng ating mga namiminuno sa *'moral ascendancy'*. Ayon sa ating mga ninuno: *Ang isang maling gawa ay nagiging tama sa mata ng bata kung ginagawa ng nakatatanda.* Marunong naman tayong makibagay sa ating kapaligiran. Kung malinis sa tahanang ating pinasukan, nahihiya tayong ito ay dumihan. Ibig sabihin, malaki ang pananagutan ng mga nakatatanda sa pag-akay sa nakababatang salinlahi, lalo na sa isyu ng pamumuno gamit ang pagiging huwaran.

Bakit nga ba kakaiba ang ating katuwaan kung sa ibang bansa o pook sa Pilipinas ay makita natin ang ating kababayan? At kung may kakayahan tayo, atin silang inaalagaan at binibigyan ng sanggalang laban sa mga panganib ng pook na yaon. Matatawag natin itong 'alagang kadugo' o 'pagtratong kabayan'. Kaya't sa sino mang Pilipino na sisira sa pagtitiwala ng isang kababayan, ang pinakamababang pagturing ang nararapat sa kanyang pag-aasal-hayop. Kung tutuusin, mas mababa pa sa hayop ang ganitong asal, sapagkat pangkaraniwan na sa mundo ng mga hayop na alagaan ang kanilang mga supling. Silang may kakayahang maging magulang sa mga nangangailangan ay nag-aalay ng kanilang lakas, oras, at kakayahan. Ipinadarama natin ang init ng kalinga ng isang kapamilya o kababayan.

Malaon nang panahon na pinilit tayong paghiwalayin ng diumano'y tulay ng pananampalataya. Nakapanghihilakbot na sa halip na gabayan ang isang kababayan sa pagkagising pang-espiritwal, ay pinipilit ng ilan na ikahon siya at panatilihin sa loob ng isang paniniwalang nakapinid ang mga durungawan sa mga bagong silahis ng kaliwanagang-espiritwal upang maidiin sa burak ng pagiging relihiyoso at hindi sa maputing buhangin ng pagiging espiritwal.

Hindi na sa panahong ito at lalong hindi sa panahong darating! *Marami na ang tumatakbo ng paroo't parito at ang kaalaman ay lumalago na* (Daniel 12:4) at ang kaalamang ito ay hindi na animo misteryo na hindi mauunawaan ng isang nagsasaliksik. Ang bawat isang kinapal ng Lumikha ay may pagkakataon at kakayahan na mas makilala pa Siya ayon sa katotohanan ng kanyang pagkaranas mabuhay sa mundong ito at hindi sa karanasan ng ibang nagpapalagay na sila ay tinawag. Kaya nga at ang pananampalataya ay hindi dulot ng pagkasapi sa isang samahan kung hindi bunsod ng pakikinig at pakikinig ng mga salita ng Lumikha. Ang pananampalataya ay hindi dulot ng pagsasabatas ng tao kung hindi ng bukas-pusong pagyakap sa kanyang paniniwala, gayon ma'y pagbibigay-galang na rin sa paniniwala ng iba.

Diyos, ang Tao, Kalikasan, at Bayan
Bigkis nitong diwa, sigaw ng tagumpay
Pagsunod sa lider, serbisyo sa kapwa
Bawa't bahala na ay pagtitiwala.

Paano tayo pinakikilos ng sambayanang Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan, at Makabansa? Nabibigyang-diin ba ito sa mga pagtatalakayan? Masaklaw ba at malalim ang mga pagtatalakayang ito? Kailangan natin itong halukayin hanggang sa maugat natin ang pagkakakilanlang ninanais maiparating ng nasabing *national motto*.

Kung bibigkisin ang apat na ito ng iisang diwa, malakas nating maisisigaw ang tagumpay na pinauuliyaw ng ating mga namiminuno sa ating pamahalaan. Sa mga lider na nakuha ang pagtitiwala natin batay sa kanilang makabayang plataporma, karapat-dapat natin silang sundin at suportahan (pagkatapos ng aktibismo at pagmumuni-muni) kaakibat ng paglilingkod sa ating kapwa-Pilipino. Ang suporta ay ibinibigay sa lider na bukas sa pakikipag-diyalogo. Ating tititigan ang maliwanag na bahagi ng 'Bahala Na' sapagkat ito ay salamin ng ibayong pagtitiwala kay Bathalang Maykapal.

Pusong makabayan, diwang maka-Diyos
Mabuti ang gawi, salita'y paghangos
Madlang pagsusuob, lahatang pagkilos
Gawang mahuhusay, bayanihang lubos

Luwalhati ang hatid ng pagsasanib ng pusong makabayan at diwang maka-Diyos. Magbubunsod ito ng mabuting gawi at kaiga-igayang pananalita. Mula sa pagsasanib na ito ay bubukal ang mga mamamayang may paninindigan sa mga binitiwang salita, kaya naman sinusunod sila ng iba bilang paggalang. **Sa kasalukuyan, may mga anak na kakaiba ang pagkabingi.** Sila iyong tipong inuutusan ng magulang subalit hindi agad kumikilos kahit inuulit-ulit pa ang utos sa kanila. Ibang klaseng pagkabingi ito dahil hindi naman sila nagpapahayag ng pagsuway sa utos pero ang hindi agarang pagkilos ay kalimitan ding nauuwi sa hindi pagtalima kahit na inuulit-ulit nila ang sagot na *"Wait lang po!"* Malamang na may kahinaan din ang kanilang mga magulang at naapektuhan lamang ang mga bata ng mga kahinaang ito sapagkat may mga magulang din namang pasaway o nagpapakita rin ng kakaibang pagkabingi. **Baka sa pagiging sobrang 'busy' ay hindi marinig ng magulang ang iyak ng sanggol na dumedede ng gatas na walang asukal**. Sa mga makabayang supling, masigla silang sumusunod sa utos ng kanilang mga magulang sapagkat batid na nila ang kahalagahan ng pagsunod batay sa pangkalahatang layunin ng pamilya.

Sino ba ang sinusuob? Hindi ba't silang mga may dinaramdam? Bakit ang pagsusuob ay pangmadla? Dahil ba sa ang lahat ay apektado ng karamdaman? Sa ganitong punto, tama ang tinuran ni Gat Jose Rizal tungkol sa kanser-panlipunan. Tumitingin ang herbolario sa lakas ng espiritu at hindi sa tindi ng karamdaman sapagkat ang karamdamang pisikal ay dulot ng karamdamang espiritwal. Pagkaminsan, sa pag-aakalang maayos ang aspetong espiritwal, saka darating ang karamdamang pisikal. At ito ay labis nating pinagtatakhan. Magkagayon pa man, ang ating katawang-lupa ay patutungo sa lupa at may punto sa ating buhay na ang pagkakaroon ng nakamamatay na karamdaman ay nagbabadya na ng paghiwalay ng espiritu sa katawang pisikal. Hindi ito nangangahulugan na ang espiritwal na tao ay hindi dadalawin ng pisikal na kamatayan. Datapwat habang nabubuhay, kailangan ang patuloy na pagtatanggal ng negatibong elemento sa loob ng katawan.

Kaya nga't habang nabubuhay pa ang pisikal na katawan ay may pagkakataon tayong makiisa sa lahatang pagkilos. Maaaring maliit na bagay ang ambag natin sa madla ngunit mahalaga ito sa pambansang kalagayan. Salamat sa pagpapatuloy ng bayanihan, ng pagtutulungan, na pinakikilos ng pagnanais na makatulong sa komunidad at bansa.

Idlip ng kahapon, gising ng musika
Bangon ng dalangin, tindig ng pag-asa

Hakbang ng layunin, lakad ng pagtiyak
Takbo ng tiwala, lipad ng pag-unlad

Hindi lahat ay gising kahapon. Mayroon tayong mga ninuno na napaidlip kaya't hindi nakapagtanod laban sa pananakop. Mayroon din namang sapilitang pinatulog ng mga kaaway at mayroon ding nakatulog pa nang mahimbing sa kabila ng pagtataksil sa mga kababayan. Ang lahat ng ito ay naganap kahapon. At kahit na sa mga natutulog sa mga oras na ito, malaki ang pag-asa na mapukaw ang ating diwa sa tulong ng sariling musika, sa pagsasakripisyo ng ating mga kompositor at mga mang-aawit. Sa pagkagising, tayo ay babangon at hihingi ng gabay sa buong araw. Ititindig tayo ng pag-asa, ng pananampalataya, at ng katuwiran, na sa ating paghakbang ay malinaw ang layunin, tiyak ang paglakad at pagdaka'y pagtakbo ng mga paa, at sa gitna ng pagtutumulin sa pagiging makabayan, ay sama-sama tayong lilipad gamit ang katutubong karunungan at makabagong teknolohiya taglay ang bagong diwa patungo sa bukang-liwayway ng sumusungaw na Bagong Pilipinas.

May sariling kultura ang mga ninuno natin bago pa man dumating ang mga mananakop. Ang halimbawa nito ay ang sistema ng pagsulat. Narito ang Bagong Diwa at ang apat na pangunahing kaisipan sa katumbas na baybayin:

BAGONG DIWA




Kamalayang Pilipino



Damdaming Pilipino



Gawang Pilipino



Pagkakakilanlang Pilipino



KABANATA I:
KAMALAYANG PILIPINO (KamPi)



Ang Kamalayang Pilipino (KamPi) ay ang pagkamulat natin sa ating pagkamamamayan, sa ating patrimonya, at sa ating mga gampaning papel sa pagpapatatag ng lipunang Pilipino. Ang pagtiyak sa antas ng kamalayang Pilipino ay kaakibat ng ating pambansang pagkakakilanlan.

Ang pagtiyak na ito ay nagsimula noong huling bahagi ng ika-20 siglo bunga ng magkakasunod na digmaan gaya ng pagtatanggol ng ating mga ninuno sa kanilang kalayaan laban sa mga Kastila, Amerikano, at Hapon. Ang mga digmaang ito ay nagbunsod sa mga Pilipino upang tahakin ang dalawang direksyon: (1) lokalisasyon o muling pagsasakatutubo ng ating kultura, at (2) globalisasyon kung saan ang ating kultura ay nahahaluan ng nakapangyayaring kultura ng Kanluran na siya ring kultura ng globalisasyon. Ang panganib ng paghahalong ito ay ang kagyat na pagtalon natin patungo sa globalisasyon nang hindi man lamang nadadaanan ang lokalisasyon.

Nangangahulugan ito ng unti-unting pagkatunaw ng ating pambansang pagkakakilanlan. Winawalang kabuluhan ng pagtalon na ito ang konsepto ng kabansaan. Mula sa wika ng rehiyon (halimbawa: Cebuano) ay tumatalon ang ilan nating kababayan patungo sa pagsasalita ng English nang hindi na tumatapak sa pagsasalita ng Filipino. Kaya nga at ang pangunahing layunin ng pagtataas ng kamalayang Pilipino ay pagtagos ng kamalayan sa pader ng rehiyonalismo. Ang kamalayan ng mga mamamayan sa kanilang kabansaan ay ang kapayapaan ng kanilang diwa na bunga ng pag-iiba ng kanilang pananaw mula sa pagtuon sa sarili patungo sa pamilya, angkan, barangay, munisipalidad, lalawigan, rehiyon, at bansa bago dumako sa pandaigdig na perspektibo.

KamPi: Gatong sa Paglalagablab ng Nasyonalismo

Ang kamalayang Pilipino ay gatong sa paglalagablab ng nasyonalismo. Maaaring maranasan ng isang Pilipino ang pagsindi ng apoy ng nasyonalismo sa kaniyang damdamin depende sa personal niyang karanasan. Ayon kay Embray (2016) ang apoy ay mula sa Insipient (banayad) patungo sa Growth (patuloy na paglakas ng apoy) hanggang sa pagiging Fully Developed (pinakamainit na kalagayan).

Upang mailatag nang buo ang pagtatalinghagang ito, ang mga sumusunod ay maaaring gamitin upang kahit paano'y mapagwari ng isang Pilipino ang antas ng kanyang pag-ibig sa bayan:

Abo: Tuluyan nang hinubad at tinalikuran ang pagka-Pilipino o wala siyang kinagisnang gawi na magdadala sa kanya sa init ng nasyonalismo;

Usok: Ayaw nang maging Pilipino ngunit may mumunting pag-asa sa hinaharap na alamin ang lahing pinagmulan;

Titis: May maliit na puwang sa puso ang nasyonalismo ngunit natabunan ng personal na interest o banyagang kultura;

Baga: Bukas ang isip at may interes sa pagpapalawig ng pagmamahal sa bansa;

Siklab: Naantig ang kamalayang Pinoy at nagpasiyang maging Pilipino sa isip, sa salita, sa damdamin, at gawa;

Liyab: Nagpapahayag ng pag-ibig sa bansa na makikita sa mga koleksyon ng mga gamit, simbolo, at panitikang Pilipino;

Lagablab: May masidhing nasyonalismo at handang mag-alay ng oras, pag-aari, at buhay para sa bansa.

Ang lahat ng ito ay nag-uumpisa sa kamalayan. Kung walang kamalayan, imposible ang nasyonalismo.

A. Kaisipang Pinoy

Panimula

Ang Pilipinong makabayan ay dekolonisadong mamamayan (Constantino, 2008). Ang dekolonisasyon ng kaisipang kolonyal na binigyang-diin ni Constantino ay isang pagpapakita ng pagbabagong diwa. Tayong mga naghahangad ng pagkakapantay-pantay at katarungan sa loob man o labas ng kapuluan ay may layuning matamang pagbulay-bulayan ang maikling pag-uugat sa pinagmulan ng kaisipang kolonyal at ang kalikasan nito upang tayo ay makalikha ng makatarungan at patas na pagpapatupad ng batas gamit ang mga proseso ng dekolonisasyon. Halaw mula sa mga karanasan ng mga Pilipinong namuhay sa iba't ibang kapanahunan, na inuudyukan ng mga matulaing linya ng mga awiting sariling atin ay uliyaw ng makulay nating kasaysayan sa tiklis ng pulitika at kultura.

Ating alamin kung (1) bakit maraming Pinoy ang gustong maging maka-Kanluranin sa hitsura at gawi ng pamumuhay, (2) Papaano nakahahadlang sa kanilang pamumuhay ang mga negatibong epekto ng kaisipang kolonyal, (3) at ano ang mga estratehiya na maghahatid sa dekolonisasyon ng ating mga nilasong kaisipan.

1. Ano ang kaisipang kolonyal at ang kalikasan nito?

Ang kaisipang kolonyal ay ang pagturing sa mga banyagang ideya, produkto, at talento na mas mahusay sa sariling atin (Royeca, 2010). Isa itong anyo ng kaisipang pasuko (Enriquez, 1992) at kusang pagpapaalipin ng sarili (David & Okazaki, 2006). Ito ay ang di-makatuwirang pagtakwil sa sariling atin at di-matalinong pagyakap sa kulturang banyaga na nabuo sa loob ng halos apat na dantaon (Gabornes, 2010).

Binanggit ni Shahani (1992) ang dalawang dimensyon ng kaisipang kolonyal: (1) kakulangan sa kamalayang pambansa at (2) pagkiling sa mga ideya at gawang banyaga. Tinalakay niya ang pangangailangan sa kamalayang Pilipino sa harap ng pagtakwil sa pagsusulong ng pambansang interes.

Kumukunot pa rin ang noo ng mga Pilipino sa tuwing pag-uusapan ang mala-kolonyal na kalagayan ng bansa. Kaugnay nito, inilahad ni Mercado (1990) ang mga kritisismo ni Zeus Salazar laban sa kusang pagpapaalipin ng sarili ng mga Pilipino sa kalagayang *gesellschaft* (urban o panglungsod na gawi ng pamumuhay). Mas madaling malunod sa dagat ng Kanluraning kultura ang mga nasa urban kumpara sa *gemeinschaft* (rural) ang gawi ng pamumuhay. Ito ay sa kadahilanang ang akulturasyon, gaya ng nauusong paraan ng pananamit, ay mabilis na kumakalat mula sa *alta sociedad* (nasa mataas na antas ng lipunan) pababa sa mga panirahan ng masa (Hunt, et al., 1987) dahil sa epekto ng *Hollywoodization* ng ating mga pelikula at musika (Torre, 2003) at Amerikanisasyon ng mass media. Lumalabas na ang mga mahihirap na Pinoy na bahagyang naaapektuhan ng akulturasyon ay mas malapit sa mga lokal na pelikula at musika na itinuturing ng mga elitista na baduy (o may mababang uri). Sa pagsulong ng pangkabuhayang kalagayan, unti-unti na ring maiimpluwensiyahan ng hiram na kultura ang dating mahihirap. Habang yumayaman, mas lalo tayong nagiging hitsurang Amerikano o Europeo. Inilarawan ng pangkat ni Espiritu (1977) ang mga Pilipino na mga taga-Silangan na nakukulapulan ng kultura ng mga taga-Kanluran. Ang pamamayagpag ng kolonyalismo ay hindi lamang makikita sa pisikal na pananakop kung hindi sa pagsaklaw na

rin ng kaisipan (Varma, 2012). Ang niyebe ng Kanluran ang sa tuwina ay pumupugnaw sa apoy ng nasyonalismo ng mga Pinoy.

2. Ano ang kasaysayan ng kaisipang kolonyal?

Para sa mas sistematikong paglalahad ng kasaysayan ng kaisipang kolonyal sa bansa, ginamit ko rito ang Klasikong Modelo ng Pananakop ni David at Okazaki (2010).

a. Ang katutubong kultura ng Pilipinas

Bago ang pananakop ng mga Kastila, ang mga katutubo sa Pilipinas ay may sariling kabihasnan at pagkakakilanlan kagaya ng mga karatig-bansang Indonesia at Malaysia (Jocano, 1975). Maliban sa pagiging pintados, ang mga lalaki ay may suot na *kanggan*, isang itim o bughaw na walang manggas na damit pang-itaas at bahag (piraso ng tela na nakaikot sa bewang na dumadaan sa pagitan ng mga hita upang takpan ang maselang bahagi). Dagdag pa sa kasuotang ito ang *putong* (kapirasong tela na itinatali sa ulo). Ang damit-pambabae ay binubuo ng *baro*, damit-pang-itaas na may mahabang pambraso at *saya*, isang tela na maluwag na bumabalot sa kanilang bewang. Ang *saya* ay pinapatungan pa ng *tapis*, na animo malaking panyo na iniyayapos sa bewang. Umawit si Ruben Tagalog (1960) tungkol sa tapis at sa pagpapahalaga sa katutubong pananamit ng mga kababaihan at ang pagkukumpara nito sa paraan ng pananamit ng mga dayuhan.

May likas na pagkahilig sa musika at tula, ang mga sinaunang tao sa bansa ay nakatira sa *bahay-kubo* na yari sa kahoy, kawayan, at dahon ng sasa, anahaw, o kugon. Ang mga kababaihan ay may karapatang kapantay ng sa mga kalalakihan. Maaaring mag-asawa ang isa ng hindi kabilang sa kanyang uri. Ang *barangay* ang pinakamaliit na pook-pamamahala at may pagpapahalaga sa *sangduguan* upang mas mapalawak ang pagkakamag-anak. Ang datu ay tinutulungan ng mga *maginoo* (matatanda o may karanasan).

Ang ating mga ninuno ay naniniwala sa kawalang-kamatayan ng kaluluwa at sa kabilang buhay. Iniaalay nila ang kanilang mga panalangin kay *Bathalang Maykapal* kasama ang mga anito. Nagtataglay sila ng mga kakaibang seremonya sa paglilibing at paggamit ng panghuhula at mahika. Biniyayaan ng likas na yaman, nagsasalita sila ng mga wikang Malayo-Polynesia, may sistema ng pagsulat, ang Baybayin, at mayamang pasalita at pasulat na literatura (Agoncillo, 1990). Sa paglingon sa ating nakaraan, nakasusulat tayo ng mga akdang pampanitikan, katulad ng kay Mike Hanopol, na binanggit ang katutubong mga awitin na tinawag niyang ‘Awiting Pilipino’ sa gitna ng kabi-kabilang pagkagumon sa mga awiting banyaga: *‘Wala na ang awit, ang awiting Pilipino; Wala na ang himig, tinig ng mga* puso’. Ang pagtalakay na ito ay nagpapatunay ng ugnayan sa pagitan ng kamalayang Pilipino at damdaming Pilipino.

Ang mga hakbang sa pananakop ay hinati nina David at Okazaki sa apat tulad ng mga sumusunod:

1st Phase: Forced entry of the colonizers in a territory

Sapagkat likas na makikaibigan, walang pag-aalinlangang tinanggap ni Rajah Si Katuna ang alok na sangdugo ni Miguel Lopez de Legazpi. Dito na nagsimula ang sapilitang pagpasok ng mga mananakop sa bansa. Batid ng mga Kastila na madali nilang masasakop ang mga katutubo gamit ang kombinasyon ng espada at krus. Ang espada sa kanan at krus sa kaliwa (zonal.com, 2016) ay napatunayang mabisa. Silang mga hindi yumukod sa krus ay ginamitan ng espada. Mapapansing ang krus at espada sa kanilang kaanyuan ay magkabaliktaran. Sa umpisa ay pagtulong at pakikipagkaibigan ang alok ng mga Amerikano ngunit sa huli ay lumabas ang tunay nilang pakay, ang angkinin ang Pilipinas sa pamamagitan ng kunwari ay paglalaban sa pagitan ng mga pwersa ng Kastila at sandatahan ng mga Amerikano sa Labanan

sa Manila Bay noong Mayo 1, 1898, at ang Tratado (Kasunduan) sa Paris – ibinenta ng mga Kastila ang Pilipinas sa mga Amerikano noong Disyembre 10, 1898 sa halagang dalawampung milyong dolyar. Ang sa simula'y pagkakaibigan (diumano) ay nauwi sa digmaang Pilipino-Amerikano mula Pebrero 4, 1899 hanggang Hulyo 2, 1902.

2nd Phase: A colonial society is established to disintegrate and recreate the existing culture.

Ang pagwasak sa katutubong kultura at pagbuo ng bagong kultura batay sa nais ng mananakop (Colin, 1663) ay ginamit din ng mga Inggles laban sa mga Hindu at nakikilala sa linyang *'Indiano sa dugo at kulay ngunit Inggles naman sa panlasa at opinyon'* (Varma, 2012), Ganito ang ginawa ng mga Amerikano sa mga Pilipino – ang paglikha ng mumunting *Kayumangging Amerikano* (Agoncillo, 1990). Nagkubli sa maskara ng pagkakaibigan ang mga Amerikano at nag-alok ng edukasyon na pinag-ugatan ng kaisipang kolonyal. Walang kontekstwalisasyon na naganap. Hindi binago ang sistema ng edukasyon ayon sa tunay na pangangailangan ng mga katutubo, sa halip ay sa interes ng pamahalaang Amerikano. Ang resulta ng ganitong edukasyon ay paglikha ng mga Pilipinong kayumanggi ang balat ngunit puti naman ang kaisipan.

3rd Phase: The colonizers employ oppression and domination.

Winasak ng mga unang misyonerong Espanyol ang mga manuskrito o tala ng mga katutubo sa paratang na ang mga ito ay mga gawa ng diyablo (Agoncillo, 1990). Ang pagsuka at pag-aglahi sa kultura ng mga nasakop ay bahagi ng kolonyal na pamamahala (Varma, 2012) na may layong putulin ang ugat ng naunang sibilisasyon (Abdul Razak, 2012). Kahit na sa panahon ng paglaya, taglay pa rin ng mga sinakop ang epekto ng paniniil ng kolonyal na pamamahala at ng kultura ng mga mayayaman sa pamamagitan ng edukasyon, propaganda, at media (Freire, 1970).

4th Phase: Institutions are to benefit the colonizers and to subjugate the colonized.

Si Gat Andres Bonifacio ang nagpahayag na ang mga sinaunang Pilipino ay namuhay na may kasaganaan at kapayapaan samantalang si Gat Jose Rizal naman ang masaklaw na nagpaliwanag kung papaanong unti-unting nawawala ang mga kalagayang ito kaalinsabay ng pagsira sa mga lumang tradisyon at mga alaala ng masaganang pamumuhay sa ilalim ng sariling pamahalaan, edukasyon, at kultura. Ang mga Katolikong Pilipino ang mas higit na nakasaksi sa lahat nang ito kumpara sa mga Muslim at ilang minorya na hindi nagpaapekto sa akulturasyon (Tan, 1987).

3. Papaano nagbunga ang kaisipang kolonyal ng di-makatarungan at di-patas na lipunan?

Ang pamilyang Pilipino ay ang pinakamalaon at pinakamahalagang institusyong panlipunan sa bansa (Espiritu, et al., 1977; Agoncillo, 1990). Kung kaya naman, ang buhay ng bawat Pilipino ay umiikot sa kanyang pamilya (Shahani, 1992) at kamangha-mangha na ang ilan sa atin ay hadang itakwil ang ating pagka-Pilipino mailigtas lamang ang sariling pamilya – ang totoong dahilan sa likod ng pangingibang-bansa ng ilan (Sicat, 2012). Lumikha ito ng Diyasporang Pinoy (Tan, 2016) kaakibat ang mga balita ng paghihirap, pagpapagal, at pagpapaalipin ng ilan sa ating OFWs. Diretsahang ipinaalam ni Pangulong Duterte sa simula ng kanyang pamumuno na itigil na natin ang mataas na pagtingin sa mga banyaga at ipinanawagan sa lahat na ituring ang mga Pilipino na kapantay ng alinmang nasyonalidad (Ilda, 2016). Ang pasukong kaisipan ay pinabigat pa ng kakulangan sa hanapbuhay sa bansa ay

nagbulid sa ilan na maglingkod sa ibang lahi – paglilingkod na nagpapababa ng ating pagkatao at pagka-Pilipino.

Ang di-makatarungan at di-patas na lipunan ay ibinunga ng kaisipang kolonyal habang ang mga Pilipino ay patuloy na ginagapos ng 1) *Extreme Personalism* (Pagkakampi-kampi); 2) *Extreme Family Centeredness* (Sobrang Pagtuon sa Pamilya); 3) *Lack of Discipline* (Kakulangan sa Disiplina); 4) *Passivity and Lack of Initiative* (Katamaran at Kakulangan sa Inisyatibo); 5) *Kanya-Kanya Syndrome* (Pagkamakasarili); and 6) *Lack of Self-analysis and Self-reflection* (Kakulangan sa Pagbubulay-bulay Tungkol sa Sariling Kakanyahan).

4. Paano pawiin ang kaisipang kolonyal?

Ang mga pamamaraan sa pagpawi ng kaisipang kolonyal ay kailangang mailatag at maisagawa ng mga Pilipino mismo (Enriquez, 1992) at kapit-bisig na paunlarin ang mga sarili kasabay ng pagbuti ng kalagayan ng sangkatauhan sa pangkalahatan (Freire, 1970).

Pamamaraan #1: Pagpapataas sa Antas ng Kamalayang Pilipino

Ang Kamalayang Pilipino o KamPi ay nagdudulot ng katahimikan sa kapayapaan (Gianan, 2002) at bumabali sa pangil ng rehiyonalismo (De Torres, 2002). Ang lalim, taas, at lawak ng pagsasaliksik tungkol sa KamPi ay pagpapataas ng antas nito sa pormal at di-pormal na pag-aaral gamit ang teknolohiya.

Pamamaraan #2: Pagpapasidhi ng Damdaming Pilipino

Ang Damdaming Pilipino o DamPi ay pagpapakita ng pakikiramay, katatagang-loob bilang diwa ng walang paghulaw na pakikibaka na sinasalamin ng pagtitiis at di-pagkatinag sa gitna ng mata ng unos o mga hamon ng buhay (Tiangco, 2002). Kailangan ang kontekstwalisasyon ng mga pagpapahalagang Pilipino (Manawat, 2002) upang mapaglimi ng ibang lahi na sa ating bansa, ang emosyonalismo ay binibigyan ng mataas na pagpapahalaga kumpara sa pangangatuwiran (Jocano, 2000) sa kadahilanang kaalakbay ng emosyonalismo ang karangalan, dignidad, at mga prinsipyo ng kagandahang-asal.

Pamamaraan #3: Pagmamalaki sa mga Gawang Pilipino

Ang Gawang Pilipino o GaPi ay nararapat ipagmalaki. Ang bawat Pilipino, gamit ang kaniyang kamalayan at damdamin ay nakadarama ng pagmamalaki sa kanyang mga naisakatuparan at natutunan (Gianan, 2002). Kaya naman, nilalabanan niya ang anumang mukha ng pagsasamantala sa mga katangian, kahusayan, at karunungan ng Pinoy (Mulder, 2000), tinatangkilik niya ang sariling kultura (Domingo, 2014) na nangungusap tungkol sa kaniyang paghihirap at pakikibaka habang naglalakbay sa daan patungong kalayaan at paglalagay sa Pilipinas sa kaparehong entablado kapantay ang mga Kanluranin (San Diego, 2016).

Pamamaraan #4: Pagtatatag ng Pagkakakilanlang-Pilipino

Ang Pagkakakilanlang-Pilipino o PagPili ay isang lakbayin patungo sa pagkaalam sa tunay na pagkatao ng mga Pinoy. Ang kakulangan sa nasyonalismo, kaisahan, at pagkakakilanlan ang mga pangunahing suliranin na tinuran ni Tanada (2005). Sa paglubog ng kanyang pagkakakilanlan (Dancel, 2002), inaasahan niya na matatagpuan niya ang kanyang ugat na pinagmulan at isakatutubo ang kasalukuyang kultura.

Pamamaraan #5: Pag-isahin ang mga Pilipino gamit ang Pagpapanibagong Diwa o Bagwa

Bilang isa sa mga sanggunian, ang aklat na ito ay bahagi ng Bagwa. Pangunahin sa Bagwa ay ang pagtuligsa sa pananaw na pumapanig sa pananakop (Freire, 1970) at panggagaya sa kultura ng mananakop (Kneller, 1984), sa halip ay pagtingin gamit ang ating katutubong pananaw.

Pamamaraan #6: Paggamit ng Pedagogi ng Pagsasakatutubo

Upang mapalaya ang kasalukuyang sistema ng edukasyon, kailangan ang pagsasakatutubo ng kultura. At sapagkat ang kurikulum ay nakaugat sa kultura (Hassan, 2016), ang pedagogi ng pagsasakatutubo ay bubuuin ng mga prinsipyo, metodolohiya ng pagtuturo, pamamaraan at kagamitan sa pagtuturo ng pananaliksik, na halaw sa pagsasakatutubo mula sa loob at mula sa labas (Enriquez, 1992). Ang pagdukal sa katutubong ugat na nabaon sa loob ng apat na dantaon sa ilalim ng mga mananakop, ay pagtaas sa pambansang kagalingan gamit ang katutubong karunungan (Kartadinata, 2009; Alwasilah, 2011; Maryani, 2014), sa tulong ng mga pamantasan na sasailalim sa pagpapanibagong-diwa (Fernandez, 2012), upang maging tagapagtaguyod na ng pambansang pagkakakilanlan sa halip na tagasulong ng imperyalistang pananaw (Idris, 2012).

Pamamaraan #7: Isakatuparan ang Bagwa gamit ang Triple Helix at ang Pedagogy of the Oppressed

Ang pagpapanibagong-bihis ay bunsod ng "Triple Helix" ng pamantasan-industriya-pamahalaan (Marquesa & Dizc (2005), at Etzkowitz & Carvalho de Mello (2004). Ang "Triple Helix" ng Pamantasan, Industriya, at Pamahalaan (PIP) ay sa pangunguna ng pamantasan kung saan pahihinugin ang ideya sa tulong-pinansiyal ng industriya, at sa implementasyon ng pamahalaan (Youtiea, & Shapirab, 2008). Upang matiyak na ang pagsasakatuparan ng anumang proyekto ay makatutulong lalo na sa mga nasa laylayan ng lipunan, nararapat ang pagsalamin sa Pedagogy of the Oppressed (Freire, 1970) sapagkat ito ay nagtutulak patungo sa dekolonisasyon.

Paglalagom

Ang kaisipang kolonyal ay mapaminsalang ugat ng dantaong pananakop. Bilang salik sa pagkatunaw ng pambansang kakanyahan, ito ay hadlang sa pagkakaroon ng pantay at patas na lipunan.

Ang pamamaraan sa dekolonisasyon ay sumesentro sa kamalayan, damdamin, gawa, at pagkakakilanlan. Isama pa rito ang pedagogi ng pagsasakatutubo at ang prinsipyo ng Triple Helix sa tulong ng Pedagogy of the Oppressed.

Ang mga pamamaraang nabanggit ay inaasahang makababawas sa di-pagkakapantay-pantay at inhustisya, na katuparan ng inasam ni Gat Emilio Jacinto na ang lahat ng tao ay magkakapantay ano man ang kulay ng kanilang balat: *Ang isa ay maaaring nakahihigit sa karunungan, sa kayamanan, at/o kagandahan, ngunit hindi nakakaungos sa kalagayan ng pagiging tao.*

Pinagbatayan:

Abdul Razak, (2012). *Reflections on decolonizing our universities.* Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Agoncillo, T. (1990). *History of the Filipino people*. Quezon City: Garotech Publishing.

Alwasilah (2011) in Kartadinata (2009). *Education and Culture Ethnopedagogy.* Bumi Siliwangi, Bandung, Indonesia.

Colin, F. (1663) in Agoncillo (1990). *History of the Filipino people.* Quezon City: Garotech Publishing.

Constantino, R. (2008). The mis-education of the Filipino. *Journal of Contemporary Asia.* Retrieved from http://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/00472330080000421?src=recsys

Dancel, F. (2002). Utang na loob [debt of goodwill]: A philosophical analysis. *Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID,* Southeast Asia, 4, 62.

David, E.J.R. & Okazaki, S. (2006). The colonial mentality project. In Gabornes, M. C. (2010, March 11). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved (12 September 2016) from http://learningfragments.blogspot.com

De Torres, S. (2002). *Understanding persons of Philippine origin: A primer for rehabilitation service providers.* University of the Philippines, College of Education (Special Education). Retrieved, 05 June 2016, from http://cirrie.buffalo.edu/culture/monographs/philippines.php

Domingo, L.N. S. (07 September 2014). Colonial mentality. *Philippine Daily Inquirer.* Retrieved, 12 September 2016, from https://opinion.inquirer.net/colonial-mentality.

Enriquez, V. G. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Espiritu, S. C., Hollnsteiner, M. R., Hunt, C. L., Lacar, L. Q., & Quisumbing, L. R. (1977). *Sociology in the new Philippine setting.* Manila: Alemar Book Store.

Etzkowitz, H., Carvalho de Mello, J. (2004). The rise of a triple helix culture: Innovation in Brazilian economic and social development. *International Journal of Technology Management & Sustainable Development 2*(3), 159-171.

Fernandez, E. S. (2012). *Intellectual neocolonialism in the Philippines: Restructuring the university education of Juan de la Cruz.* Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Freire, P. (1970). *Pedagogy of the oppressed.* New York: Herder and Herder.

Gabornes, M. C. (2010, March 11). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved from http://learningfragments.blogspot.com

Gianan, C. A. (2002). Katahimikan sa kapayapaan (Peace of mind in the socio-political order): A Filipino cultural phenomenon and cultural value. Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID, *Southeast Asia*, 4, 62.

Hanopol, M. (1970). Awiting Pilipino. Mp4-VLC media player.

Hasan, H. (2016). Lecture during the face-to-face session. Universitas Pendidikan Indonesia, Bandung, Indonesia.

Hunt, C. L., Quisumbing, L. R., Espiritu, S. C., Costello, M. A., & Lacar, L. Q. (1987). *Sociology in the Philippine setting: A modular approach.* Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Ilda (2016). *Duterte wants Filipinos to eliminate their colonial mentality.* Retrieved, 12 September 2016, from http://www.getrealphilippines.com/blog/2016/09/ duterte-wants-filipinos-eliminate-colonial-mentality/

Jocano, F. L. (2000). *Filipino value system.* Quezon City: Punlad Research House.

Jocano, F. L. (1975). *Questions and challenges in Philippine prehistory.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Kafle, N. P. (2011). Hermeneutic phenomenological research method simplified. *Bodhi: an Interdisciplinary Journal*, 5. Kathmandu University, Nepal.

Kartadinata, S. (2009). *Education and Culture Ethnopedagogy.* Bumi Siliwangi, Bandung, Indonesia.

Kneller, G. F. (1984). *Movements of thought in modern education: Phenomenology.* New York: John Wiley & Sons, Inc.

Manawat, N.D. G. (2002). Contextualizing the Filipino values. Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID, *Southeast Asia*, 4, 62.

Marquesa, J.P.C., & Dizc, H. (2005). How can university–industry–government interactions change the innovation scenario in Portugal?—the case of the University of Coimbra. *Technovation, 26*(4), 534–542. Retrieved, 11 June 2016, from http://www.sciencedirect.com/ doi:10.1016

Maryani, E. (2014). *Local wisdom of Kampung Naga in mitigating disaster and its potencies for education tourism destination.* Lecture delivered during the face-to-face session of Universitas Pendidikas Indonesia scholars from Philippine Normal University, August 19-20, 2016, PNU Manila, Philippines.

Mays, W., & Brown, S. C. (1972). *Linguistic analysis and phenomenology*. London: Macmillan.

Mercado, L. N. (1980). *Filipino thought on man and society: A Filipino cultural phenomenon and cultural value.* Tacloban City: Divine Word University Publications.

Mulder, N. (2000). *Filipino images: Culture of the public world.* Quezon City: New Day Publishers.

Royeca, J. E. (2010). Colonial mentality. Retrieved, 28 July 2016, from http://emanila.com/philippines/colonial-mentality/

San Diego, B.B. (12 September 2016). Lav Diaz wins top prize in Venice Int'l Film Festival. *Philippine Daily Inquirer*, A1,11.

Santos (2016). *Pagsibol ng kamalayang Pilipino on prezi.* Retrieved 23 July 2016, from https://prezi.com/m9bu_mue8ilh/pagsibol-ng-kamalayang-pilipino/

Scribd.com (2016). *The Birth of Filipino National Consciousness.* Retrieved, 22 August 2016, from https://www.scribd.com/document/317585946/The-Birth-of-Filipino-National-Consciousness

Shahani, L. R. (1992). *Filipino values and moral development.* Philippine Senate: Economic Development Foundations.

Sicat, G. C. (12 September 2012).). *Filipino labor migration CROSSROADS: Toward Philippine Economic and Social Progress.* Retrieved 22 August 2016, from http://www.philstar.com/business/2012-09-12/847951/filipino-labor-migration

Tagalog, R. (1960). *Tapis Mo Inday*. Mp4-VLC media player.

Tan, M. L. (26 August 2016). Pinoy Kasi. *Philippine Daily Inquirer*, A13.

Tan, S. K. (1987). A history of the Philippines. Quezon City (in Agoncillo, T. A. (1990). *History of the Filipino people.* Quezon City: Garotech Publishing.

Tañada, W. (2005). *Hamon sa mga kabataan: Isapuso ang nasyonalismo sa gitna ng globalisasyon. FairTradeWeb.* Retrieved, 12 June 2016, from fairtradeweb.wordpress.com

Tiangco, J.A.N. Z. (2002). Understanding the Filipino philosophy of resiliency: Katatagang-loob and its phenomenological considerations. Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID, *Southeast Asia*, 4, 62.

Torre, N. (2003, July 21). "The Hollywoodization of Filipino movies". *Philippine Daily Inquirer.* Retrieved 8 September, from http://www.inq7.net/ent/2003/jul/22/

Twain, M. (n.d.). *United States imperialism.* Retrieved, 23 July 2016, from https://unitedstatesimperialism.wordpress.com/the-philippines/.

Varma, P. K. (2012). *The assault on culture through education.* Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Youtiea, J., & Shapirab, P. (2008). Building an innovation hub: A case study of the transformation of university roles in regional technological and economic development. *Elsevier, 37*(8), 1188–1204. Retrieved, 10 June 2016, from http://www.sciencedirect.com/

zonal.com (2016). *Ang Reaksyon ng mga Pilipino sa Pananakop ng mga Kastila III. Paglinang sa Kamalayang Pilipino (based on Philippine Secondary Learning Competencies 2010)* http://zunal.com/webquest.php?w=166224

B. Makabayang Talinghaga Halaw sa Paglulukad

Panimula

Ang Pilipinas at ang Indonesia ang nangunguna sa pagbebenta ng kopra sa pandaigdigang merkado (trendingtopmost.com., 2017). Ang dalawang bansang nabanggit ay kapwa nagmula sa lahing Malay – ang lahing kakambal ng pagniniyog. Pinaniniwalaan ng mga sinaunang Malay na ang mga puno ng niyog ay nagagalak tuwing maririnig ang ingay ng mga Malay na naninirahan kalapit ng mga punong ito (Milner, 2011). Sa madaling sabi, pinatitingkad ng punong niyog ang kakanyahang Malay.

Kung papaanong ang niyog (*cocos nucifera*) ay tanyag sa taguring 'puno ng buhay', gayon din naman ang mahigit sang-kapat ng mga Pilipino ay nakikinabang sa pagniniyog. Maraming mga magniniyog ang naghihikahos sa buhay at nabibilang sa mababang antas ng lipunan (Ordonez, 2016; cnn.com., 2015).

Iniulat ng Philippine Coconut Authority (PCA) na halos 3.517 milyong ektarya ng lupain sa Pilipinas ay niyogan na dalawampu't anim na bahagdan (26%) ng kabubuuang sukat ng lupang pansakahan; 68 sa 81 lalawigan (nangunguna ang Lalawigan ng Quezon) ay natataniman ng mga puno ng niyog (pca.da., 2015).

Ang mga anak ng mga magniniyog ay may malawak na karanasan sa pagkokopra. Kaya nga't *ang pinaka-angkop na lugar sa pagtuturo ng nasyonalismo ay ang* niyugan sa paggabay ng paaralan. Dahil sa halos araw-araw nilang nakikita ang kanilang mga kamag-anak na gumagawa ng hanapbuhay na ito, malaki ang potensyal na gamitin ang pamamaraan ng pagkokopra na lunsaran ng pagtatalinghaga tungo sa pagtuturo ng nasyonalismo.

Nagbibigay ang pagtatalinghaga ng diin sa kung ano ang ibig ipakahulugan ng nagpapahayag sa kanyang paggamit ng salita o lipon ng mga salita sa gamit patungkol sa isang ideya upang maapuhap ang mga pagkakatulad (Lin Ma & Aihua Liu, 2008). Ang pagtatalinghaga ay pangsantinakpan. Ito ay sistema ng pagbuo ng mga kaisipan upang maipahayag ang isa pang kaisipan (Croft & Cruse, 2004; Kovecses, 2002). At ang paggamit ng pagtatalinghaga ay pagpapakita na ang lahat ng tao ay magkakatulad sa ilang partikular na kalagayan.

Ang pagkatuto ay inaasahan na lilitaw mula sa nababatid patungo sa di-nababatid. Maaaring ang paglulukad (nababatid) ay maging lunsaran sa pagsalok ng iba pang kaalaman hinggil sa nasyonalismo (di-nababatid).

Patutungo ang kalagayang ito sa pagtatalinghaga upang malaman ang pagkakatumbas sa pagitan ng paglulukad, pagkatuto, at nasyonalismo Maaaring humagilap ng kaisipan mula sa pagkokopra bilang punto ng pagtatalinghaga; bigyang-kahulugan ang mga talinghaga sa konteksto ng pagkatuto at nasyonalismo; at bumuo ng paksang pampagtuturo at pagkamamamayan gamit ang pagtatalinghaga.

1. Paghagilap ng kaisipan mula sa pagkokopra bilang punto ng pagtatalinghaga

Talahanayan 1. Pangunahing kaisipan mula sa pagkokopra

Proseso	Gawain	Pangunahing Kaisipan
Paghahawan	Pag-alis ng mga tuod, halaman, o ano mang hadlang sa daan.	Huwag magsimula kung ang bukid ay di pa handa.

Pangangawit	Pagkuha ng mga bunga mula sa puno gamit ang matalim na bagay.	Gamitin ang plano at pamamaraan sa paggawa.
Pag-iipon	Pagsasama-sama ng mga nakuhang bunga.	Hanapin at tipunin ang mahahalagang kaisipan.
Paghihila	Paghahakot ng mga niyog patungo sa lukaran.	Ilakip nang maayos ang kaisipan sa kapwa kaisipan.
Pagbubunot	Paghiwalay ng bunot sa niyog.	Ituon ang isip sa kakanyahan ng kaisipan.
Pagbibiyak	Paghati sa niyog	Hatiin ang gawain
Pagsasalang	Pag-aayos ng mga biniyak na niyog para sa pagtatapa	Mag-ambag ayon sa kakayahan
Pagtatapa	Pagsusunog ng bunot at iba pang panggatong upang 'lutuin' ang niyog	Magsumikap hanggang matapos ang gampanin
Pagtitigkal	Paghiwalay ng lukad sa bao	Naisin ang kasarinlan
Pagsisilid	Paglalagay ng lukad sa sako	Pahalagahan kung ano ang mayroon
Pagtitimbang	Pag-alam sa timbang ng bawat sako ng kopra at sa halaga nito	Alamin ang tagumpay at kabiguan, kalakasan at kahinaan ng isang gawain.
Pagbebenta	Pagtanggap ng salapi na katumbas ng kopra	Iugnay ang nagawa sa pambansang pagkakakilanlan

Nakapaloob sa Talahanayan 1 ang mga proseso ng pagkokopra, ang paglalarawan ng mga gawain, at ang mga pangunahing kaisipan na maaapuhap dito. Ang bawat isa sa labindalawang proseso ay maaaring kaiba sa nakagawian ng mga naninirahan sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.

Ang **Paghahawan** ay ang pag-alis ng mga tuod o ano mang bahagi ng bumagsak na puno, madadawag na halaman, o ano mang nakaharang sa daanan ng magkokopra, ng kalabaw, at ng kangga. Mas makabubuting huwag munang simulan ang pangangawit ng niyog kung wala pang isinasagawang paghahawan. Lahat ng mga tuod buhay man o patay, mga sanga, katawan ng patay na puno, mga bagin, tinik, at iba pa, ay inaalis upang mapabilis ang gawain. Ang mahalagang kaisipan ay: Huwag magsimula ng pangangawit kung ang bukid ay di pa handa.

Ang **Pangangawit** ay pagkuha ng mga bunga ng niyog gamit ang matalim na kawit (tinatawag din itong 'harabas' ng mga taga-Quezon). Sa ibang rehiyon, ang magkokopra ay umaakyat sa bawat puno ng niyog at tinatagpas ng kanyang pakawit na itak ang tangkay ng mga niyog.

Sa Lalawigan ng Quezon, kung saan ang pagkokopra ang pangunahing pinagkakakitaan, gumagamit ang magkokopra ng mga tuwid na piraso ng kawayan na pinagdudugtong hanggang maabot ang dulo ng niyog. Ang pinakahuli (pinakamaliit din) na piraso ng kawayan ay may nakakabit na kawit (isang matalas na bakal na may mahabang katawan upang matibay na maitali sa pandulong kawayan.

Madaling malaman ng isang bihasang magkokopra kung aling buwig ng niyog ang pwede nang lukarin. Nangangailangan ang pagkakawit ng maingat na pagpaplano at paggamit ng pamamaraan upang mas maging madali at ligtas ang pangangawit.

Ang **Pag-iipon** ay pagsasama-sama ng mga nahulog na niyog upang makabuo ng timbon gamit ang pang-ipon (tinatawag itong 'burigi' ng ilan). Ang pang-ipon ay isang ga-pulsong tuwid na kawayan na may mahigit isang dangkal na metal na matulis ang dulo upang matusok ang niyog para sa mas madaling pagkuha ng nito lalo na ng mga gumulong sa masukal na bahagi ng niyogan. Ang ilang mga niyog, na sa pagbagsak ay napahiwalay sa mga kasamahan sa buwig, ay gumugulong papalayo. Kailangan din silang tipunin at maibilang sa timbon.

Ang **Paghihila** ay ang paghakot sa mga timbon ng niyog gamit ang kangga na hila ng kalabaw patungo sa lukaran. Ang mga nalikhang timbon ng mga niyog mula sap ag-iipon ay nangangahulugan ng iba't ibang ruta sa kalabaw at kangga. Sa isang matalinong magkokopra, ang lukaran ay nararapat na nasa gitna ng niyogan sa kadahilanang alam na. Kahit na maraming daan ng hila, kailangang mayroong pagtatagni ng mga plano prara sa may episyenteng pagkilos tungo sa katuparan ng layunin.

Ang **Pagbubunot** ay ang proseso ng paghiwalay ng bunot sa mismong niyog gamit ang bunutan (isang tatsulok na metal na nakasuot sa piraso ng kahoy na may tatlong paa. Ang 'pamraso' ay rubber (kalimitang gawa sa interior na gulong ng sasakyan) bilang proteksyon sa braso. Ang nakaluping paputol na sako ay itinatali ng magbubunot sa kanyang bewang bilang proteksyon sa talsik ng tubig ng nabibiyak na bunot (dagta ito sa damit). Sa isang bihasang magbubunot, ang buong bao ng niyog ay makukuha kaagad sa pagtusok sa bunot nito at paghati sa tatlong piraso. Kailangan talaga ang sapat na atensyon upang makuha ang esensya ng isang bagay.

Ang **Pagbibiyak** ay proseso ng paghati sa niyog sa dalawa gamit ang itak. Ang buong bao ng niyog ay itinatagilid at tinataga upang maihiwalay ang may 'mata' sa may 'puwit'. Ang may mata ay tinatawag sa linang na lalaking bao at ang may puwit ay tinatawag na babaeng bao. Sa prosesong ito, natatapon ang tubig ng niyog at makikita na ang mga putting laman ng niyog. May mga magkokopra na iniipon ang tubig ng niyog at ginagawang suka (vinegar) at iba pang mapaggagamitan nito. Ang Pagbibiyak ay pagbabahagi.

Ang **Pagsasalang** ay maayos na paglalatag at pagpapatong-patong ng mga nabiyak na niyog sa sahig ng lukaran. Yari ito sa mga biniyak na kawayan na nilala upang magkaroon ng 'angat' ang bawat pagitan na nilulusutan ng usok at init mula sa hurno sa ilalim ng sahig na ito. Kung pagmamasdan, ang bawat biyak ng niyog ay maliit na bahagi lamang ng maraming mga niyog sa ibabaw ng lukaran ngunit hindi mabubuo ang lahat ng ito kung wala ang bawat isa. Ang Pagsasalang ay tumutukoy sa pag-ako ng responsibilidad na isang gampanin sa isang komunidad.

Ang **Pagtatapa** ay pagsunog sa mga bunot (o kahoy) sa hurno upang ang mga biyak na niyog ay mausukan at mainitan. Ang hurno ay mistulang malaking 'oven' na may kakayahang lutuin ang mga laman ng niyog. Mahalaga sa prosesong ito ang pagtitiyaga at kakayahang mapagtiisan ang init at usok.

Ang **Pagtitigkal** ay paghiwalay sa nalutong laman mula sa bao nito gamit ang tigkalan, isang animo aso na kahoy (wooden dog) na may matalim na metal na gamit upang ihiwalay ang lukad sa bao. Ang ilang magkokopra ay gumagamit ng pangamay- isang piraso ng rubber (mula sa interior na gulong ng sasakyan) na isinusuot sa mga daliri upang maproteksyonan ang palad ng nagtitigkal mula sa talim ng tigkalan.

Ang **Pagsisilid** ay paglagay ng lukad sa loob ng sako para sa mas madaling paghakot nito patungo sa mamimili ng kopra. Gamit ang saklit o dalawang piraso ng kahoy o kawayan (o kaya'y mga biwas na yari sa bakal), ang magkokopra ay itatali ang buntal sa haligi ng lukaran samantalang ang kabilang dulo ay itatali sa gitna ng bawat piraso ng kahoy o kawayan at ikakabit sa bunganga ng sako upang ito ay bumuka sa madaling pagsisilid ng lukad. Binabayo niya ang lukad ng halo (ga-binting kahoy na halos sintaas ng magkokopra) upang maging masinsin ang lukad at mas kakaunting sako lang ang magamit. Ang prosesong ito ay pagpapahalaga sa pinaghirapan.

Ang **Pagtitimbang** ay pag-alam sa bigat ng bawat sako ng kopra upang malinaw na matantiya ang salaping katumbas nito. Marami pa ring magsasaka ang gumagamit ng tradisyunal na timbangan (isang pahalang na piraso ng bakal na binibitinan ng sako ng lukad. Ang katawan ng bakal ay may mga gitli na tumutukoy sa timbang (kilogram) ng lukad. Ang Pagtitimbang ay pagtataya sa tagumpay at kabiguan ng gawain.

Ang **Pagbebenta** ay pagtanggap mula sa mamimili ng lukad ng katumbas na halaga (peso) ng bawat tinimbang sa sako ng lukad. Sa prosesong ito napagmumuni-muni ng magkokopra kung ang salaping kanyang kinita at nakasapat ba sa kanyang pagpapagal.

2. Pagbubuo ng mga talinghaga sa konteksto ng pagtuturo at pagkamamamayan

a. Paghahawan:

Sa Paghahawan, narito ang mga talinghagang nabuo:

[1]Itong mga tuod, laging tinatanggal,
Sukal at halamang nakasasagabal

[2] Ang tuod na buhay, ugat ay mayroon,
At ang iba pa nga'y sumibol ang dahon

May mga bagay sa niyogan na nakasasagabal sa magkokopra, sa kalabaw, at sa kangga, na kapag hindi kagyat na tinanggal ay makapagpapabagal sa Pangangawit, Pag-iipon, at Paghihila.

Sa pagtuturo, narito ang mga ideya:

[1]Bago ka magturo ng iyong aralin, Kolonyal na isip dapat na tanggalin

[2]Sa halip magturo pag-ibig sa bayan,
Ay itinatakwil lahing pinagmulan

Ang pagtuturo ay hindi kaagad-agad sinisimulan kung mayroon pang mga nakagawian na nangangailangan ng dekolonisasyon. Halimbawa, kailangang tanggalin na ang kaisipang kolonyal subalit dahil sa kolonyal na edukasyon na ipinamana ng mga Amerikano, sinibulan pa ang mga tuod ng mga dahon at nagbabanta ng paglago (Gabornes, 2010). Dito magsisimula ang adbokasya ng guro na gisingin ang natutulog na kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa pag-ibig sa lupang tinubuan.

Sa pagkamamamayan, ang mga ideya na halaw sa talinghaga ay:

[1]Kulturang kolonyal, sagwil sa lipunan,
Panganib sa madla, kinatitisuran.

[2] Kolonyal na isip, sa lipunang Pinoy,
Naririto pa nga at nagpapatuloy.

Ang kaisipang kolonyal ay ang pagturing sa mga banyagang kagalingan at produkto na mas mahusay sa lokal na kagalingan at produkto (Royeca, 2010), isang uri ng pag-alipin sa sarili (David & Okazaki, 2006), at kinapapalooban ng di-makatuwirang pag-ayaw sa kaisipan at gawang Pinoy at di-nalimi na pagyakap sa kaisipan at produktong banyaga na bunga ng mahigit apat na dantaon ng kolonisasyon (Gabornes, 2010).

Ang salot na ito ay sumasalikop sa lahat ng bahagi ng lipunang Pilipino kaya nga't maituturing na katitisuran sa daan ng pangkultura, panlipunan, at pangkabuhayang pagsulong.

b. Pangangawit:

Narito ang mga talinghaga na halaw sa Pangangawit:

[1]Mababang niyog, maikling kawayan,
Marami ang dugtong, niyog na layugan;

[2]Linaw ng paningin, lubhang kailangan,
Posisyon ng niyog, dapat inaalam .

Gumagamit ang magkokopra ng pinagdugtong-dugtong na kawayan na may matalim na bakal sa dulo nito upang ihiwalay ang buwig ng mga niyog sa tangkay. Ang mataas na puno ng niyog ay nangangailangan ng mas maraming suklot na kawayan at lakas upang ito ay mabuhat at mabalanse.

Narito ang mga ideya sa pagtuturo:

[1]Araling mahirap, lalong nagsisikap;
Leksyong simple lang, banayad ang aral.

[2]Mata'y nagmamasid, tenga'y nakikinig;
Diwa'y nag-iisip, malinaw umimik.

Ang layunin ng pagtuturo ay dapat na malinaw sa isipan ng guro at ng mag-aaral. Ang Pangangawit ay tumutukoy sa pagpaplano kung papaano maisasakatuparan ang nasabing layunin. Ang pagsasakatuparan sa layunin ay nababatay sa matalinong pagpapasiya. Upang makalikha ng mga makabayang mamamayan, ang pagtuturo ay dapat na naka-angkla sa Four Pillars of Education, 21st Century Skills, National Council for Social Studies Standards, National Motto, Goals of Social Studies/Science, at sa K to 12 Learning Competencies. Ipababatid ng guro sa mga mag-aaral ang mga layunin ng pag-aaral (Acero, et al., 2007). Ang mga layunin, metodo, at pagtataya ay nararapat na magkakaayon (Mellon, 2013) at guro ang unang dapat makaalam nito (Gregory, 2014; Avila, 2017).

[1]Ang baba at taas, ang haba at luwang,
Planuhing mabuti, serbisyo sa bayan.

[2]Mga adbokasya'y pinag-aaralan,
Ito ay pagtiyak sa tulong na laan.

Ang personal na pagpaplano na may kinalaman sa propesyunal at pinansiyal na mga layunin ay nararapat na kalinya ng pambansang pagpaplano at mithiin ng pamahalaan (NEDA, 2018). Marapat na gabayan ang mga mag-aaral kung papaano matututo sa proseso ng pagpapanibago ng sarili bago sila magsulong ng pagbabagong-panlipunan (PNU Philosophy). Tama ang adbokasya kung ito ay bunga ng pagiging aktibong mag-aaral muna bago pumaimbulog sa kalawakan ng pagiging aktibong mamamayan.

c. Pag-iipon:

Narito ang mga talinghaga na hinalaw mula sa proseso ng Pag-iipon:

[1] Niyog na bumagsak at saka gumulong,
Sundan at hanapin nang muling matipon

[2] Pag-ipon ng niyog ay lubhang mahirap,
Pag ito'y gumulong, lugar na madawag.

Ang nakawit na mga bunga ng niyog ay bumabagsak sa lupa kung hindi man ito sumasabit sa kadawagan. Ang ilan sa mga niyog na ito ay nananatiling nakakabit sa mayangan. Ang ilan naman, sa lakas ng pagbagsak ay nagkakahiwa-hiwalay kung saan ang iba ay gumugulong papalayo. Dito mapahahalagahan ang ginawang paghahawan sapagkat ang mga niyog na gumulong sa kasukalan ay talagang mahirap kunin at ipunin.

Narito ang mga mahahalagang kaisipan sa pagtuturo:

[1] Kapag ang aralin, kinulang sa pansin
Pagtuon ay salat, mangmang na lalabas.

[2]Makinig sa guro, basahin ang aklat;
Tipunin ang turo, saliksik at sikap.

Kung wala sa pinag-aaralan ang tuon ng isipan ng mga mag-aaral, madalang ang pagkatuto. Kailangan nilang tipunin ang kanilang paningin, pandinig, pandama, panlasa, at pang-amoy sa direksyon ng pagkatuto. Ang kanilang mga karanasan sa pormal at di-pormal na edukasyon ay magagamit sa paghihimay ng mahahalagang kaisipan. Ang pagkuha ng atensyon at pagpapanatili nito ay mahalagang salik sa lubos na pagkatuto (Gregory, 2014; Mursel, 1946).

Ang mga kaisipan sa pagkamamamayan ay:

[1] Manggagawang Pinoy na nagsipangalat,
Dapat na tipunin, buhay ay iangat.

[2] Manggagawang Pinoy, kalagayang hirap, Pagtitiis nila ay hamon sa lahat

Ang Pag-iipon ay patalinghagang tumutukoy sa milyon-milyong Filipinong manggagawa sa ibang bansa (PSA. 2017). Sa kabila ng mahahalagang salapi ($26.93 billion) na kanilang ipinadala sa kanilang mga kamag-anak sa Pilipinas noong 2014 (Rodis, 2015), ang Diyasporang Pinoy (tawag ng mga Hudyo sa kanilang pangangalat sa iba't ibang panig ng mundo, ay nakababahala dahil nasa 14 na milyong Filipino ay nangingibang-bansa. Tinatawag na mga 'Bagong Bayani'dahilan sa kanilang pagsasalba sa ekonomiya ng bansa, ay nararapat tipunin gamit ang Pinoy Zionism at mabigyan ng matatag na hanapbuhay sa Pilipinas upang hindi na masakripisyo ang kanilang personal na buhay at hindi na rin maapektuhan ang kanilang relasyon sa mga kaanak sa Pilipinas.

d. Paghihila:

Narito ang mga talinghaga na nabuo mula sa Paghihila:

[1]Kalabaw ang una kangga ang hila;
Tao ang may renda, malinaw ang hangga.

[2] Itong paghihila ay maraming daan,
Lahat patutungo doon sa lukaran.

Maraming mga magkokopra ang gumagamit ng kangga na hinihila ng kalabaw. Hawak ng magkokopra ang lubid na nakatali sa binutas na ilong ng kalabaw upang madali niya itong ma-kontrol. Ang daan ng hila ay depende sa maliliit na timbon ng niyog. Gayunman, lahat ng mga daan na ito ay patutungo sa iisang lugar, ang lukaran. .

Batay sa mga talinghagang nabanggit tungkol sa Paghihila, ang mga sumusunod ang mga kaisipan hinggil sa maayos na pagtuturo:

[1]Iyang pagtuturo ay masalimuot
Kinakailanga'y pang-alis ng pagod.

[2]Itong pagkatuto ay maraming daan
Ang ito'y gamitin, ang patutunguhan.

Sapagkat ang pagtuturo ay isang kumplikadong proseso, ang mga guro ay dapat na nagaganyak ng kanilang pagnanais na maturuan ang mga mag-aaral. Tunay na marami ngang daan patungo sa pagkatuto (Tiberius & Tipping, 1990), bagaman, ang pag-alam sa hindi nalalaman gamit ang kung ano ang alam na ang pinakamabisang daan ng pagkatuto (Gregory, 2014).

[1]Ang plano ay una, pagkilos ang hila;
Gobyerno na muna, bago ang balana.

[2] Bawat Pilipino ay may kalagayan,
Bawat paglilingkod ay para sa bayan.

Pinapatnubayan ng kamalayang Pilipino ang isang mamamayan patungo sa pagpapasibol ng pagmamahal sa bansa na pinatutunayan ng kanyang paglilingkod sa bayan (Villar, 2017) dahil hinihila ng pag-ibig ang paglilingkod kung papaanong hinihila ng kalabaw ang kangga. Kailangan ng pamahalaan ang isang masaklaw na plano para sa pagpapataas ng mga makabayang lunggatiin ng mga Pilipino sa pamamagitan ng isinusulong na Departamento ng Kultura - Senate Bill No. SBN-1528: AN ACT ESTABLISHING THE DEPARTMENT OF CULTURE, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES.

e. Pagbubunot:

Sumusunod ang mga nabuong talinghaga mula sa Pagbubunot:

[1] Tapasan ang niyog, bunot ay ihagis;
Ang tunay na laman ay bilog ang hugis.

[2] Ang di kumalog ay bulok na niyog;
Tila kumakalog, bulok din ang loob.

Sa Pagbubunot, inihihiwalay ang bunot sa totoong niyog gamit ang tapasan – isang tungko ng tatlong paa na may tatsulok na bakal. Kadalasang nahahati ang bunot sa tatlo o apat na piraso bago tuluyang mahiwalay sa bao ng niyog. Nalalaman ng magbubunot sa tunog ng

tubig sa loob ng niyog kung ito ay normal o bulok ang nasa loob. Kapag magaan at hindi kumakalog ang niyog, malamang na ito ay bugnoy o bulok ang loob.

Kung gagamitin sa pagtuturo ang mga talinghagang nabanggit, ganito ang maaaring mabuong kaisipan:

[1] Ating pag-aaral ay para saan?
Ang pagsisikap ba'y para sa dayuhan?

[2]Alamin ng guro walang batang bobo;
Mayro'ng kalalagyan, lahat may talento

Makabuluhan ang pag-aaral (Tiberius & Tipping, 1990) dahilan sa ugnayan ng nakaraan, ng kasalukuyan, at ng hinaharap. Sa ugnayang nabanggit, tiyak na mapagtutuunan ang pagmamahal sa bayan. Kapag naiugnay na ng mga mag-aaral ang bagong aralin sa kanilang buhay, naabot na ng guro ang kanyang mga layunin (Serrano & Paez, 2015) sapagkat ang tinuruan niya ay nakapagpapaliwanag na ng kahalagahan ng kanilang napag-aralan (Gregory, 2014) sa konteksto ng pagmamahal sa bayan.

[1] Pag-aktong dayuhan kung di kailangan
Dapat na mapalis, ang kulturang hiram.

[2] Pag pangako'y loko, pulitikong daldal,
sirang pulitiko, sa gawa'y mabagal.

Ang mga Pilipinong may kamalayan sa mga tiyak na gawing pang-kultura sa kasalukuyan ay nakauunawa ng kahalagahan nito kapag naiugnay na nila ito sa nakaraan at kung papaano maaapektuhan nito ang kanilang mga sarili sa hinaharap. Ang proseso ng pag-ugnay ng kasalukuyan sa nakaraan ay susi ng pagkaunawa kung ano ang hiram mula sa dayuhan at kung alin ang kulturang likas. Sa pagtubo ng pambansang kamalayan, nanaisin na ng mga mag-aaral ang pagsasakatutubo ng kanilang mga gawi (Sta.Maria, 1996) upang mapagtagumpayan ang mala-kolonyal na kultura (San Juan, 2006), at magbubunga ng paggamit ng pananaw na *emic* (perspektibo ng pangkat panlipunan na pokus ng pananaliksik) sa halip na *etic* (perspektibo ng mananaliksik na hindi kabilang sa pangkat na pinag-aaralan) sa pagsasagawa ng pananalisik (Sta. Maria, 1996; Enriquez, 1992).

f. Pagbibiyak:

[1] Dating isang buo ay pinaghiwalay
Sa timbon ng bao, pwedeng magkaugnay.

[2]Sama-samang niyog, iisa'ng mayangan
Bawat punong niyog ay nasa niyugan.

Mula sa isa, ang bawat niyog ay hahatiin sa dalawa gamit ang itak. Tinatawag ng magkokopra ang may mga "matang niyog" na lalaki samantalang ang kabiyak nito na may tatlong linya sa likod ng bao ay babae.

[1] Dapat makatagpo, mga kaibigan
Itong pagkatuto ay pagtutulungan

[2] Kapag nag-aaral, gawai'y hatiin;
At sa pagtalakay, isip pagsamahin

Ang iba't ibang tungkulin ng mga mag-aaral ay ginagampanan sa ilalim ng iisang layunin (De Ocampo-Acero, Sanchez-Javier, & Ocampo-Castro, 2015), at ang bunga ng sama-samang paggampan ay nahihinog habang ang kanilang pagkaunawa sa ginawa ay lumalawak (Horne & Pine, 1990). Tunay na may kakaibang lakas sa pagsasama-sama.

[1] Dapat masumpungan, asawang kabiyak,
Tibay ng lipunan, tahanan ay ganap

[2] Ang ating pamilya, twina'y katuwaan
Ang bawat pamilya ay nasa lipunan

Ano man ang mangyari, ang pamilya ang sa tuwina'y uuwian, bagaman ang mga isyung sosyal at pulitikal ay nakaaapekto sa kaisahan ng mga kasapi ng pamilya (Tarroja, 2010). Sa pambansang antas, ang espesyalisasyon at ang pagbabaha-bahagi ng tungkulin ang pinakamahalagang sanhi ng pangkabuhayang pagsulong (Adam Smith, 1776). Ang pamilya ay nag-uumpisa sa dalawang tao na natagpuan ang isa't isa. Nabubuo nila ang pamilya at ang pamilya ang bumubuo sa lipunan. Ang lalaki at ang babae ay nasasanay na sa kani-kanilang mga gampanin.

g. Pagsasalang:

[1] Maikling sandali, bawat isang niyog,
Pinagsama-sama'y mabuti ang dulot.

[2] Ang biyak na niyog para sa lukaran;
Tikhaya o taob, mayro'ng kalalagyan

Ang pagsasalang ay pagsasaayos ng mga biniyak na niyog sa ibabaw ng isang sahig na gawa sa nilalang kawayan. Ang pagsasalang ay nangangailangan ng kasanayan, kaalaman, at pagkamalikhain upang matiyak na ang bawat isang biyak na niyog ay may tamang kalalagyan.

[1] Ang sa batang ambag sa bayan n'yang hirang;
Lubos na magsikap, sipaging mag-aral

[2] Iwasan ang bisyo, masamang barkada;
Mabuti ay gawin gabay ang pamilya

Ang pagtuturo ay mabuti kung ang mga mag-aaral ay naganyak na mag-isip at mangatuwiran (Acero, et al., 2007). Ang pagkatuto ay nagsisimula sa sandaling nabigyan na ng guro ang mga mag-aaral ng pagkakataong maihayag ang kanilang kaisipan at pananaw (De Ocampo-Acero, 2015). Ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay nagpapadali sa pagkatuto (Tiberius & Tipping, 2015) dahil ang pagiging aktibo ay bunga na ng pagganyak.

[1] Payak na serbisyo, mga lingkod-bayan,
Ay pinaaangat, antas ng lipunan

[2]Maliit na bagay, adbokasyang ambag

Pinagsama-sama'y mabuti sa lahat

Ang adbokasya ay nagmumula sa tahanan at sa paaralan. Ang mga bata na nasanay na makilahok sa adbokasya ng iba ay magiging aktibong mamamayan (De Ocampo-Acero, 2015; Concepcion, 2014). Ang pagiging aktibong mamamayan ay lang pakikibahagi sa aktibismo kung hindi sa aktibong pagmumuni-muni.

h. Pagtatapa:

[1] Di natapang lukad, madaling mabulok;
Tumatagal naman nainitang niyog

[2] Nasunog na lukad natuok na bao,
Sa kapabayaan ay magiging abo

Ang pagtatapa ay isang proseso ng paglulukad kung saan ang mga kinamadang biyak na niyog ay idinadarang sa init at usok sa ibabaw ng isang malaking hukay kung saan sinusunog ang mga bunot, bao, kahoy, o ano mang uri ng panggatong. Maselan ang prosesong ito sapagkat nangangailangan ito ng tamang paggampan sa tungkulin. Ang iresponsableng magkokopra ay nagsasapanganib na mauwi sa abo ang pinaghirapan sa umpisa pa lang ng gawain.

[1] Kay hirap mag-aral ang kanyang dinanas,
Ngunit ito'y tulong problema'y malutas

[2] Iyang pag-aaral kapag nabayaan,
Sa tatag ng buhay ay namamaalam

Ipinakakahulugan na ang pagtatapa ang nagtutulak sa mga mag-aaral upang magsumikap na makipagpalitang-kuro, malayang magpahayag ng kanilang kaisipan at paninindigan sa mga tiyak na isyung panlipunan (Gregory, 2014; Acero, et al., 2007) at ito ay niluluto ng pagdi-diskurso.

[1] Ang hindi naghirap, di-sanay mapagod.
Linta ng lipunan sa bait ay kapos.

[2] Bawat Pilipino ay maging matatag,
Bakahin ang buhay, umahon sa hirap.

Mas pinipili ang aktibong pakikilahok sa halip na pasibong pagtanggap ng mga kaisipan ng nakakasalamuha. Subalit ang hindi pakikiisa sa pagbubuo ay pagsira ng lipunan. Ang aktibong pagkamamamayan ay makatutulong sa pagsulong ng isang bansa (Nosko & Szeger, 2013).

i. Pagtitigkal:

[1] Pagtigkal ng lukad ay lubhang mahirap,
Kaya't halaga n'ya, dapat umaangat.

[2] Tigkalan, pangkamay ay dapat gamitin;
Ang lukad at bao ay paghiwalayin.

Ang pagtitigkal ay proseso ng pagkokopra kung saan ang nalutong laman ng niyog (lukad) ay inihihiwalay sa bao gamit ang tigkalan. Sa paggamit ng matalas na bakal na nasa tigkalan, nanganganib ang magtitigkal na masugatan niya ang kanyang sarili. Ang maingat na magtitigkal ay nagsusuot ng pangkamay (gawa sa rubber) bilang proteksyon. Ang hilaw na kopra ay ibinabalik sa lukaran upang malutong ganap. Ang hilaw na kopra ay maaaring pagmulan ng *aflatoxins*, isang nakalalasong mikrobyo na, kapag nakain ng kabayo o baka, ay nakapagpapahina sa paghinga ng hayop (Kumar, Mahato, Kamle, Mohanta, & Pradeep, 2016).

[1]Ang pagsusumikap, pagdami ng alam;
Sariling pag-unlad, pag-angat ng buhay

[2]Ang iwing talento ay dapat gamitin;
Banyagang idolo huwag gagayahin

Ang mag-aaral na naganyak na mag-isip at magpahayag ng kanyang kaisipan (Acero, et al., 2007) ay kapara ng pagtuturo sa mag-aaral na umalis sa anino ng kanyang guro. Nakikinabang ang mag-aaral mula sa pag-ako ng tungkulin sa pagkadlo ng sariling karunungan (Tiberius & Tipping, 1990). Ang simbolikal na paghiwalay ng mag-aaral sa guro ay ang pinakamahalagang aralin sa lahat sapagkat dito na ginagamit ng mag-aaral ang kanyang natutunan gamit ang sariling pagpapasya.

[1] Paggawa ng madla ay pagsusumikap
Pagsulong ng bansa, kanyang tinitiyak.

[2] Ang sa mamamayang paghahanapbuhay,
Pag-ambag, tungkulin, sa lipi at bayan.

Ang pagdaranas ng kasarinlan ay lumilikha ng papalaking alon ng pagbabago mula sa sarili, sa pamilya, sa pamayanan, at sa bansa. Iba ang kasarinlan sa kalayaan. Ang mga mamamayan na walang patumanggang bumabatikos subalit hindi naman nagbibigay ng lunas sa sakit ng lipunan ay katulad ng mga hilaw na lukad na nagbibigay ng puwang sa *aflatoxins* na sumisira at nagpapahina sa katawan. Ang kailangan ng bansa ay mga tagapagtayo at hindi tagasira ng lipunan at ng pambansang pagkakakilanlan.

j. Pagsisilid

Ang mga nabuong talinghaga mula sa pagsisilid ay ang mga sumusunod:

[1]Binitin ng buntal ang lalagyang sako;
Sinilid ang lukad, binayo ng halo.

[2] 'Sinara ng tali, sa kangga 'sinakay;
'Tinali ng buli, hila ng kalabaw.

Ang mga piraso ng lukad ay inilalagay sa loob ng sako at gamit ang halo ay binabayo ng magkokopra ang lukad upang mas maraming mailaman sa sako. Kapag puno na, isinasara ang bunganga ng sako gamit ang paklang o dahon ng buli. Ang saradong mga sako ng lukad ay ilalagay sa kangga na hila ng kalabaw patungo sa lugar ng bumibili ng kopra.

[1] Laging ihahanda bukas na isipan;

Maraming ideya, naglalaban-laban.

[2] Kung 'close' 'yon, hindi 'open' 'yon;
Iba ang conclusion; iba ang opinion

Nararapat na maging bukas ang pag-iisip ng mga mag-aaral sa maraming nag-uumpugang mga kaisipan. Matapos na marinig ang mga ideyang yaon, sila ay magpapasiya kung alin ang kanilang yayakapin.

Ang pagsisilid ay paggamit ng kaalaman. Matapos maipon ang mga kailangang kaalaman at kasanayan, ang mga mag-aaral ay ginagabayan kung papaano gagamitin ang naturang mga kaalaman at kasanayan sa paglutas una ay ng kani-kanilang mga suliranin kasunod ay ng mga suliranin ng lipunang kanilang kinabibilangan (Acero, et al., 2007), patungo sa pagkakamit ng mas nakaaangat na kalagayang panlipunan at pangkabuhayan.

[1] Ating kalayaan ang bayad ay buhay,
Ang pinaghirapan ay pinagyayaman

[2] Proyektong natapos ay para sa bayan;
Pagsunod sa batas, gobyerno'ng may alam

Isinulat ni Jose Rizal (1861-1896) na papanaw siyang hindi nakikita ang bukang-liwayway sa kanyang bansa at sinabihan tayong makakikita nito na batiin ang mga silahis ng araw at alalahanin silang mga natumba sa nakaraang gabi, silang nangamatay na lumalaban para sa ating kalayaan.

Sa demokratikong bansa, ang batas ay sinang-ayunan ng nakararami (Marais, 2017). Nababatay ito sa ninanais ng pamahalaan. Kung ang batas, sa halip na makatulong, ay naglalagay pa sa mamamayan sa panganib, hindi ito pinag-isipang batas.

k. Pagtitimbang

[1] Bawat sako ng lukad, may timbang na katumbas

[2] Dapat na gamitin ang tamang timbangan,
Dadayain lang ba ang pinaghirapan?

Ang pagtitimbang ay pag-alam sa bigat ng mga sako ng lukad upang malaman ang halaga nito. Ang pagtitimbang ay isinasagawa ng mamimili ng lukad at ng nagbebenta nito. Ang madayang timbangan ay nag-aanyaya ng away dahil ito ay pagsasamantala sa mahirap.

[1] Pagpuna sa bata, kritikal na gawa;
Dapat na malaman, layunin ay tama.

[2] Itong pagtataya, pwedeng kabiguan,
Pwedeng hindi batid, pwede ring tagumpay.

Ang pagtitimbang ay gamit upang mabatid ang kalakasan at kahinaan ng mag-aaral (Serrano & Paez, 2015). Nakatutulong ang pagpuna upang maunawaan ng mag-aaral kung ano pa ang kanilang dapat gawin upang mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ang pagtuturo

ay mabuti kung ang pagtataya ay bahagi ng pagpaplano dahil sinusukat ng pagtataya ang antas ng pagkatuto sapagkat ang pagtuturo ay may kabuluhan lamang kung ang mga layunin ay natamo (Acero, et al., 2007). Ang madalas na pagdanas sa pagtataya ay nagpapatalas sa kanilang kanasayang malutas ang kanilang mga suliranin at ang kanilang kakayahan sa pagturing sa tagumpay at kabiguan – mga kasanayan at kakayahan na dapat taglayin bilang mag-aaral at mamamayan ng bansa.

[1] Ang hirap ng Pinoy, ginhawa'ng katapat.
Timbangin ang gawa, ibigay ang dapat.

[2]Mga mamimili, kayo'y makonsyensya;
Igalang ang pagod, nitong magkokopra.

Mahalaga sa mga mamamayan ang magkaroon ng mapanuring pag-iisip (Regan, 2015) upang makawala sa mapanganib na sapot ng panlalait. Nararapat lamang na alamin ng mga mamamayan ang ipinagkaiba ng nakabubuo sa nakasisirang pamumuna.

l. Pagbebenta:

[1] Di hilaw na lukad, taas ng kalidad;
Oras ang ginugol, halaga ay tapat.

[2] Pangangailangan at uri ng kopra,
Ang laging may kontrol, bentaha't halaga.

Ang pagbebenta ay ang huling proseso ng pagkokopra kung saan ang mga sako ng kopra ay binibigyan ng katumbas na halaga batay sa pagtitimbang at sa kasalukuyang halaga ng kopra sa merkado.

[1] Papel na gampanin, ng guro at bata,
Ay sigla ang dulot, sa dunong ay akma.

[2] Ang sidhi ng pokus, lakas at panahon,
Kapag pinagsama, naabot ang layon.

Ang pagsasama ng panahon at talento ay nagbubunga ng pagkatuto (Tiberius & Tipping, 1990). Matatamo lamang ang karunungan at kasanayan kung bibigyan ng sapat na panahon at lakas nang sa gayon ay mapagyaman ang mga talento (Serrano & Paez, 2015). Kung kakaunti ang lakas, natatapos ang gawain sa mahabang panahon. Maraming pagtaga ang kailangan kung mapurol na itak ang gamit.

[1] Pinoy na produkto ating karangalan,
Mataas ang uri at pandaigdigan.

[2] Maayos na gawa, uliyaw ng madla;
Pagpapakatao ang tamang trabaho.

Ang maalam, sanay, at talentadong mamamayan ay nag-aambag sa malinaw na pagpapakahulugan at pag-aangat ng pambansang pagkakakilanlan. Ang Pilipinas ay bunga ng pananakop. Nabuo ang kakanyahan ng Pilipinas dahil sa kolonisasyon. Batid ng mga Pinoy na

ang kaisipang nagtutulak upang ganap na maisakatutubo ang kultura ng bansa ay hindi mangyayari sa kadahilanang ang tunay na Pinoy ay binubuo ng pagsasanib ng Silangan at Kanluran, na magpahanggang ngayon ay animo dalawang pwersang naglalaban sa kaibuturan ng pagkatao ng bawat Pinoy (Aguilar, 1997), Silangan o Kanluran? (Mascarinas, 2010); lokal or global?; puti o kayumanggi? (Sta. Ana, 2013); Wikang Filipino o English? (RP Constitution, Article XIV, Section 7; Abueg, 2007; Drona, 2006); landlord o tenant? (Pennington, 2018); Magdiwang or Magdalo? (Agoncillo, 1990), Hollywoodized or Localized films? (Torre, 2003), superior o inferior? (ChinoF, 2016); etc. Ito ang tinatawag na 'the mestizo dilemma' (Sta. Ana, 2013) na malinaw na nakikita sa kaso ng dual citizenship at dual allegiance.

Sa kasalukuyan, ang mga Pilipino ay matatagpuan sa alinmang panig ng mundo, kung saan ang diaspora ay walang hangganan. Anong larawan ang iniaalok ng Pilipino sa mundo? Alam ng bawat mestizo ang kasagutan: ang mga Pilipino ay Eurasian. Kalimitan ay nagsasalita sila ng dalawang pangunahing wika – Wikang Pambansa at Wikang Pandaigdigan. Hindi sapat ang lokalisasyon lamang. Hindi rin makatuwiran ang maging pandaigdigan o global lamang. Hindi local, hindi global, kundi glocal. Kung papaanong ang Pilipinong may dual citizenship ay magpapasya kung sa aling bansa siya mag-uukol ng katapatan pagtapak niya sa legal na gulang, gayon din naman, itatakwil na niya ang katapatan sa ibang bansa at interes na ng Pilipinas ang kanyang yayakapin.

3. Mga Paksa sa Pagtuturo at Pagkamakabayan mula sa Pagtatalinghaga

Proseso	***Kaisipang Pampagtuturo***	***Kaisipang Pambansa***
Paghahawan	*Kahandaan*	*Dekolonisasyon*
Pangangawit	*Paglalatag ng Layunin*	*Personal at Pambansang Pagpaplano*
Pag-iipon	*Pokus*	*Pilipinismo*
Paghihila	*Pamamaraan ng Pagkatuto*	*Paglilingkod sa Bansa*
Pagbubunot	*Makahulugang Pagkatuto*	*Pagsasakatutubo*
Pagbibiyak	*Paghahati ng Gawain*	*Pakikibabahagi*
Pagsasalang	*Pagkatuto sa Karanasan*	*Pakikiambag (adbokasya)*
Pagtatapa	*Pagpapalitang-kuro*	*Katatagan*
Pagtitigkal	*Sariling-sikap*	*Kasarinlan*
Pagsisilid	*Paglalapat*	*Pambansang Kabuhayan*
Pagtitimbang	*Pagsusulit*	*Kabiguan at Tagumpay*
Pagbebenta	*Pagpapahalaga sa Oras at Talento*	*Pambansang Pagkakakilanlan*

Paghahawan ay nagpapahiwatig ng *kahandaan* ng mga mag-aaral (Gregory, 2014) at *dekolonisasyon* ng mga Pilipino (Avila, 2016; La Torre, 2016). Binibigyang-diin nito ang pag-aalis ng mga banyagang kultura na nakapagpapalala sa kaisipang kolonyal.

Pangangawit ay *paglalatag ng layunin* kung saan ang guro ang unang dapat makaalam ng layunin ng bawat asignatura (Tiberius & Tipping, 1990), at ng edukasyon, kabilang ang mga panuntunan (Mellon, 2013). *Personal na pagpaplano* na may kinalaman sa mithiing pangkabuhayan na kaayon sa *pambansang pagpaplano* (NEDA, 2018).

Pag-iipon ay tumutukoy sa *pokus* sa pagkatuto (Gregory, 2014; Mursel, 1946) at Pilipinismo, kagaya ng Zionism upang labanan ang Pinoy Diaspora (PSA. 2017; Rodis, 2015) sa kapakinabangan ng mga Overseas Filipino Workers (OFW).

Paghihila ay tumutukoy sa mga *pamamaraan ng pagkatuto* (Tiberius & Tipping, 1990), gayundin sa *paglilingkod sa bansa* (Villar, 2017). Sapagkat ang gobyerno ay may bahagi sa pag-unlad ng mga mamamayan, nararapat nilang ipakita ang kanilang katapatan sa bansa.

Pagbubunot ay kaugnay ng *makahulugang pagkatuto* (Tiberius & Tipping, 1990) na katuparan layunin ng guro (Serrano & Paez, 2015) at pinatitingkad ng pagkatuklas sa kaalaman ng mag-aaral (Gregory, 2014). Ang pagtutulay ng kasalukuyan sa nakaraan ay muling *pagsasakatutubo* (Sta.Maria, 1996) na dapat buwagin ang malakolonyal na kaisipan (San Juan, 2006), sa pamamagitan ng pananaliksik gamit ang emic point of view o pantayong pananaw (Sta. Maria, 1996; Enriquez, 1992).

Pagbibiyak ay *paghahati ng gawain* (De Ocampo-Acero, Sanchez-Javier, & Ocampo-Castro, 2015). Sa pambansang antas, ito ay *pakikibahagi* (gamit ang sariling kalakasan) na nakaugat sa bayanihan upang maisulong ang pangkabuhayang kaunlaran ng bansa (Adam Smith, 1776).

Pagsasalang ay *pagkatuto sa karanasan.* Matagumpay ang pagtuturo kung ang mga mag-aaral ay naganyak na mag-isip at mangatuwiran na bunga ng direktang obserbasyon sa pinanggagalingan ng kaalaman (Acero, et al., 2007; De Ocampo-Acero, 2015; Tiberius & Tipping, 2015). Ang aktibong pagkamamamayan ay *pakikiambag o adbokasya* (Concepcion, 2014).

Pagtatapa ay talinghaga ng *pagpapalitang-kuro*, kung saan nagtitiis sa init at usok ng pakikipagtalastasan lalo na ang may kinalaman sa mahahalagang isyu (Gregory, 2014; Acero, et al., 2007). Ang *katatagan* ng Pilipino ay salamin ng kanilang tagumpay sa mga hamon ng buhay (Mccord, 2013).

Pagtitigkal ay nangangahulugang *sariling-sikap* sa pag-aaral (Acero, et al., 2007) na pakinabang sa kanilang sariling pagtuklas ng karunungan (Tiberius & Tipping, 1990). Ang pagdanas sa *kasarinlan* sa pagkakabuhay ay dumadaloy sa sarili, sa pamilya, sa pamayanan, at sa bansa (Taylor, 2013).

Pagsisilid ay *paglalapat* ng natutunan sa totoong buhay upang malutas muna ang sarili nilang suliranin bago ang problema ng kanilang lipunan (Acero, et al., 2007), na patungo sa pag-unlad ng kanilang sarili, at ng pambansang kabuhayan (RP Constitution, Article XII).

Pagtitimbang ay pagtiyak sa kalakasan at kahinaan ng mag-aaral (Serrano & Paez, 2015) sa pamamagitan ng *pagsusulit* (Acero, et al., 2007). Ang pagtitimbang-timbang ng mga kaisipan ay mahalagang gawain ng isang mamamayan (Regan, 2015) upang makawala sa silo ng negatibong pamumuna upang mas lumalim ang pananaw sa *kabiguan at tagumpay*.

Pagbebenta ay *pagpapahalaga sa oras at talento*. Ang kumbinasyon ng oras at talento ay nagbubunga ng pagkatuto (Tiberius & Tipping, 1990; Serrano & Paez, 2015). Alam ng mga Pilipino na ang pambansang pagkakakilanlan ay hindi ang pagiging purong katutubo sapagkat ang Pilipino ay pagsasanib ng Silangan at Kanluran o ng Mongolian at Caucasian. Kumbinasyon ang Pilipino ng Rational at Non-rational, ng Logical at Emotional. Kailangan nang tapusin ng Pinoy ang banggaan ng dalawang pwersa, sa halip ay pagpapasiya ng pagsasanib ng dalawa – synergism.

Paglalagom

Ang labindalawang proseso ng pagkokopra ay bukal ng kaisipan na umaapaw sa pagtatalinghaga. Ang mga kaisipang ito ay maaaring patalinghagang gamitin sa pagtuturo at pagkamakabayan kung saan ang 12 proseso ay magsisilbing palatandaang paksa sa pagtuturo at pagmamahal sa bansa.

Ang nabuong mga talinghaga ay makapagbibigay sa mga magiging guro ng mga prinsipyo at pamamaraan ng pagtuturo. Kailangan lamang ituwang ang bawat talinghaga sa tamang

kompitensi ng K to 12 upang lubusang magamit ng guro at maidugsong sa pagtuturo ng pagkamamamayan.

Ang pagtuturo ng kamalayang Pilipino ay hindi lamang para sa pedagogi kundi para rin sa andragogi, mga hindi nag-aaral, at sa iba pang ka-barangay, at sa pamamagitan ng adopt-a-barangay program, ay napapanahong maibahagi at mapag-usapan. Ang pilat na nakuha sa paglulukad ay kamalayan na nagdurugtong sa nakaraan at sa kasalukuyan.

NIYOG, KOPRA, PILIPINO (MGA LARAWAN)



Larawan #1: NIYOG BILANG PUNO NG BUHAY:
Ang mga puno ng niyog na higit pa ang haba ng buhay sa mga tao, ay mapagkukunan ng mga pangunahing kaisipan sa pagtuturo at pagkamakabayan.



Larawan #2. PAGHAHAWAN:
Ang ganitong tuod ay nakasasagabal sa magkokopra, sa kalabaw, at sa kangga kaya't ito ay nararapat tanggalin.



Larawan #3: PANGANGAWIT:
Pinagdurugtong ang mga piraso ng kawayan upang maabot ng matalim na bakal sa dulo nito ang ninanais na makuhang bunga ng niyog.



Larawan #4. PAG-IIPON:
Ang pang-ipon ng magkokopra ay gawa sa ga- pulsong kawayan na halos sintaas ng magkokopra at may matulis na bakal sa dulong bahagi ng tuwid na kawayan.



Larawan #5. PAGHIHILA: Ikinakarga ang mga niyog sa loob ng kangga na hinihila ng kalabaw patungo sa tabi ng lukaran.



Larawan #6. PAGBUBUNOT:
Isa-isang itutusok ng magbubunot ang niyog mula sa timbon upang tanggalin ang bunot nito. Ginagamit ng magkokopra ang bunutan o tapasan sa paghihiwalay ng bunot sa bao ng niyog upang maihanda ang niyog sa mas madaling paraan ng pagbibiyak samantalang ang bunot ay ginagamit na panggatong sa pagtatapa ng mga biniyak na niyog.

Larawan #7. PAGBIBIYAK:
Pinaghihiwalay ng magkokopra ang niyog sa dalawa gamit ang kanyang itak.





Larawan #8. PAGSASALANG:
Isinasalang ng magkokopra ang mga biyak ng niyog upang pagdaka'y pausukan at painitan.



Larawan #9. PAGTATAPA: Ang mga bunot ng niyog ay sinusunog sa loob ng hinukay na lupa upang mainitan ang mga isinalang na mga biyak na niyog sa ibabaw ng sahig na gawa sa nilalang kawayan.

Larawan #10. PAGTITIGKAL:
Nagbabayanihan ang mga magkokopra rito gamit ang tigkalan sa paghihiwalay ng lukad sa bao nito.





Larawan #11. PAGSISILID: Gamit ang halo, binabayo ng magkokopra ang mga piraso ng lukad sa loob ng sako upang mas marami ang maging laman nito.



Larawan #12. PAGTITIMBANG: Tinitimbang ng mamimili ng lukad ang mga sako ng kopra mula sa pinagkargahang kangga (inset) habang nakatingin ang magkokopra.



Larawan #13. PAGBEBENTA: Binibilang ng babaeng mamimili ng kopra ay bayad sa lukad habang ang magkokopra, kasama ang kanyang anak, ay tinitiyak na tamang halaga ang kanyang matatanggap.



1-eyed (bihira)



2-eyed (pangkaraniwan)



3-eyed (pambihira)

Larawan #14. Rational gaya ng Kanluranin at Non-rational gaya ng Silanganin, ang mga Pilipino ay isinasalarawan ng bao ng niyog na pangkaraniwang may dalawang mata at isang bibig (gitna) ngunit nagbibigay ang mga Pilipino ng pagpapahalaga sa kakaibang bagay na gawa ng kalikasan kagaya ng baong may iisang mata at bibig (kaliwa) o ng bao na may tatlong mata at isang bibig (kanan) na nakapaloob sa pagkakaroon nito ang isang diumano'y pambihirang mensahe ni Bathala.

Pinagsaligan:

Abueg, L. C. (2007). *A review of high school economics in the Philippines: 1902-2005.* Philippine Journal of Development, 34(1), 109-128.

Acero, V., Javier, E., & Castro, H. (2007). *Principles of teaching 1.* Quezon City: Rex Book Store, Inc.

Agoncillo, T. 1990. *History of the Filipino people.* Quezon City: Garotech Publishing.

Ahonen A. K., & Kankaanranta, M. (2015). Introducing assessment tools for 21st century skills in Finland. In P. Griffin & E. Care (Eds.). *Assessment and teaching of 21st century skills: Methods and approach* (213-226). Dordecht: Springer.

Avila. R. P. (2017a). *Pedagogical Repertoire for Developing Civic Competence in the Elementary Social Studies Curriculum: A Perspective from Philippines.* A Paper Presented at The 2nd Asian Education Symposium, December 6, 2017, at Lombok Raya Hotel, Lombok Mataram, Nusa Tenggara Barat, Indonesia

Avila, R. V. (2016). Decolonizing Filipino colonial mentality. In N. Supriatna, B. Hetharion, M. Tapung, S. Bahri, & Rusmawan (Eds.). *Promoting Justice and Equal World, Vol. 1*. Universitas Pendidikan Indonesia, Bandung, West Java, Indonesia.

Beardsley, M. (1966). In W. L. Anderson and N. C. Stageberg (Eds.), *Introductory readings on language.* New York: Holt, Rinchart Winston.

Chino, F. (2017). *Reason for Pinoy "Inferiority Complex".* Retrieved, 28 January 2018, from http://www.getrealphilippines.com/blog/2017/01/pinoy-inferiority-complex/

Cnn.com (2015). *How Philippines is battling to cash in on coconut craze – CNN.* Retrieved, 01 January 2018, from edition.cnn.com/2015/11/30/asia/philippines-coconuts/index.html

Concepcion, J. (2014). *Young heroes and their advocacies.* Retrieved June 16, 2018 from https://www.philstar.com/business/2014/08/14/1357233/young-heroes-and-their-advocacies

David, E.J.R. & Okazaki, S. (2006). The colonial mentality project. In Gabornes, M. C. (Ed.). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved September 12, 2016 from http://learningfragments.blogspot.com

De Ocampo-Acero, V., Sanchez-Javier, E., & Ocampo-Castro, H. (2015). *Principles of teaching I.* Manila: Rex Book Store.

Davidson, D. (1978). What metaphors mean. In S. Sacks (Ed.), *On metaphor.* Chicago: University of Chicago Press.

Doloriel, N. S., Ronquillo, A. O., & Estal, B. R. (2013). *Pricing movements of copra in the Philippines.* A scholarly paper presented to Surigao del Sur State University, Tandag City, Surigao del Sur.

Drona, B. M. (2006). *What we Filipinos should know.* Retrieved, 01 January 2018, from file:///C:Users/Windows%20User/Downloads/20589270.

Enriquez, V. G. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Gabornes, M. C. (2010, March 11). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved from http://learningfragments.blogspot.com

Gregory, J. M. (2014). *The seven laws of teaching.* Moscow: Cannon Press.

Horne, & Pine (1990). In Corpuz, B. & Salandanan, G. (2003). *Principles and strategies of teaching.* Manila: Lorimar Publishing, Inc.

Kovecses, Z. (2002). *Metaphor: A practical introduction.* New York: Oxford University Press.

Kumar, P., Mahato, D., Kamle, M., Mohanta, T., & Pradeep, S. (2016). Aflatoxins: A global concern for food safety, human health and their management. *Front Microbiol,* 7, 2170. doi: 10.3389/fmicb.2016.02170

La Torre, J. (2016). *Decolonizing and re-/indigenizing Filipinos in diaspora*. (Master's Thesis, California State University, Sacramento). Retrieved from file:///C:/Users/Windows%20User/Downloads/La_Torre_Thesis_Final.pdf

La Vina, R., & Azada-Palacios, R. (2017). *Citizenship, identity and global Filipinos.* Retrieved June 16, 2018 from https://www.rappler.com/thought-leaders/172675-citizenship-identity-global-filipinos

Lin Ma, & Aihua Liu (2008). A universal approach to metaphors. *Intercultural Communication Studies, 27*(1), 260-268.

Marais, L. (2017). *When is a law good or bad? Should we obey bad laws?* Retrieved June 16, 2018 from https://www.quora.com/When-is-a-law-good-or-bad-Should-we-obey-bad-laws

Mascarinas, A. (2010). Philippine values. Retrieved June 16, 2018 from https://www.slideshare.net/Angeliqueart2001/philippine-values2

Mccord, J. M. (2013). *Resilience in the Philippines.* Retrieved June 17, 2018 from https://www.rare.org/stories/resilience-philippines

Milner, A. (2011). *The Malays.* United Kingdom: John Wiley & Sons.

Mellon (2013). In De Ocampo-Acero, V., Sanchez-Javier, E., & Ocampo-Castro, H. (2015). *Principles of teaching I.* Manila: Rex Book Store.

Mursel (1946). In De Ocampo-Acero, V., Sanchez-Javier, E., & Ocampo-Castro, H. (2015). *Principles of teaching I.* Manila: Rex Book Store.

NEDA or National Economic Development Authority. (2018). *NEDA-DBM-DOF joint statement on the May 2018 inflation report*. Retrieved June 18, 2018 from http://www.neda.gov.ph/2018/06/05/neda-dbm-dof-joint-statement-on-the-may-2018-inflation-report/

Nosko, A., & Szeger, K. (2013). *Active citizenship can change your country for the better.* Retrieved June 16, 2018 from https://www.opensocietyfoundations.org/ voices/active-citizenship-can-change-your-country-better

Ordonez, E. M. (2016). *Structure following strategy in agriculture.* Retrieved, 01 January 2018, from http://business.inquirer.net/206295/structure-following-strategy-in-agriculture.

PCA or Philippine Coconut Authority (2015). *Coco Statistics - Philippine Coconut Authority.* Retrieved, 1 January 2018, from pca.da.gov.ph › Industry.

Pennington, J. (2018). *Why the Philippines' feudal agricultural system is here to stay.* Retrieved June 17, 2018 from https://www.aseantoday.com/2018/01/why-the-philippines-feudal-agricultural-system-is-here-to-stay/

PNU – Philippine Normal University. (2018). *Handbook for PNU Students.* Manila: PNU Press.

PSA. (2017). *Total number of OFWs estimated at 2.2 million (Results from the 2016 Survey on Overseas Filipinos).* Retrieved June 13, 2018 from https://psa.gov.ph/content/total-number-ofws-estimated-22-million-results-2016-survey-overseas-filipinos

Regan, K. (2015). *Six benefits of critical thinking.* Retrieved June 17, 2018 from https://learn.filtered.com/blog/6-benefits-of-critical-thinking

Rodis, R. (2015). *Vision and action for the Filipino diaspora*. Retrieved June 13, 2018 from http://www.cfo.gov.ph/news/cfo-news-and-events/3372-vision-and-action-for-the-filipino-diaspora-2.html

Ross, S. (2015). *What are the economic impacts of specialization?* Retrieved June 13, 2018 from https://www.investopedia.com/ask/answers/040615/what-are-economic-impacts-specialization.asp

Royeca, J. E. (2010). *Colonial mentality*. Retrieved, 28 July 2016, from http://emanila.com/philippines/ colonial-mentality/

RP Constitution. (1987). Article XIV, Section 7.

San Juan, E. (2006). *Toward a decolonizing indigenous psychology in the Philippines: Introducing Sikolohiyang Pilipino.* Retrieved June 13, 2018 from https://www.tandfonline.com/ doi/full/ 10.1080/14797580500422018?src=recsys

Senate of the Republic of the Philippines. (2017). Senate Bill No. SBN-1528: AN ACT ESTABLISHING THE DEPARTMENT OF CULTURE, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR, AND FOR OTHER PURPOSES.

Serafico, N. M. A. (2017a). *Linking classrooms and communities through place and community-based education: An exploratory analysis of the K-12 social studies curriculum in the Philippines.* A paper presented during the 2nd International Seminar on Social Studies and History Education on October 26, 2017 at UPI, Badung, West Java, Indonesia.

Serrano, E. D., & Paez, A.R. M. (2015). *Principles of teaching 1.* Quezon City: ADRIANA Publishing Co., Inc.

Smith, A. (1776). In Blenman, J. (2016). *Adam Smith and "The Wealth of Nations".* Retrieved June 18, 2018 from https://www.investopedia.com/updates/adam-smith-wealth-of-nations/

Smith, G., & Sobel, D. (2010). *Place-and Community-based education in schools.* New York: Routledge.

Sta. Ana, M. (2013). *A curious case study on skin whitening and Filipinos: A fad or a sign of a confused, insecure identity?.* Retrieved, 28 December 2017, from http://whatmichaellikes.blogspot.com/ 2013/10/filipino-and-colonial-mentality.html

Sta. Maria, M. (1996). Is the indigenization crisis in Philippine Social Sciences resolved in Sikolohiyang Pilipino?. *Layag, 1*(1). Retrieved June 13, 2018 from https://ejournals.ph/article.php?id=1483

Tarroja, M.C.H. (2010). Revisiting the definition and concept of Filipino family: A psychological perspective. *Philippine Journal of Psychology, 43*(2), 177-193.

Taylor, S. (2013). *Self-Sufficiency: An essential aspect of well-being.* Retrieved June 17, 2018 from https://www.psychologytoday.com/us/blog/out-the-darkness/201303/self-sufficiency-essential-aspect-well-being

Tiberius & Tipping (1990). *Twelve principles of effective teaching and learning: Teaching assistant handbook.* Canada: University of Toronto.

Torre, N. (2003, July 21). *The Hollywoodization of Filipino movies.* Philippine Daily Inquirer. Retrieved 8 September, from http://www.inq7.net/ent/2003/jul/22/

trendingtopmost.com. (2017). *Top 10 Coconut Producing Countries in The World.* Retrieved January 01, 2018 from http://www.trendingtopmost.com/worlds-popular-list-top-10/2017-2018-2019-2020-2021/world/coconut-producing-countries-world-highest-largest/

Villar, M. (2017). *On service to the country.* Retrieved June 13, 2018 from https://news.mb.com.ph/ 2017/01/10/on-service-to-the-country/

KABANATA II:
DAMDAMING PILIPINO



Panimula

Ang Damdaming Pilipino ay mga naisin, mithiin, kahilingan, pangarap, at mga salamisim nating mga Pilipino para sa ating bansa at kung ano ang ating magagawa at dapat gawin alang-alang sa pagsulong nito. Ang Orihinal na Pilipinong Musika (OPM), lalo't higit ang mga makabayang awitin, ay pinaniniwalaang nagtataglay ng mga tiyak na damdamin ng mga Pilipino. Ang banayad na dampi ng musika ay pagpaypay sa apoy ng nasyonalismo.

Banayad na DamPi sa Damdaming Pinoy

Ipinahayag ni Anderson (1983) na ang nasyonalismo ay bakas ng kahapon na nananahan sa bawat mamamayan. Kailangan itong ihayag. Ito ay natatago sa isipan ng mga palaisip, sa mga aklat, artikulo, pananaliksik, awitin, pelikula, atbp. Ito ay natatago sa nalilitong kaisipan ng mga mamamayan na kailangang ipaalam, bigyan ng bagong pagpapakahulugan, at maipahayon sa mga Pilipino sa anumang etikal na kaparaanan. Bagaman, tayo ay naging mga Pilipino dahil sa mga mananakop, naging Pilipino tayo dahil natuto tayong makibaka, lumaban, at makihamok sa pagsasamantala ng mga dayuhan (Camiloza, n.d.). Matimyas ang pagkakalarawan ni Jose Palma, nagsatitik ng Pambansang Awit ng Pilipinas, sa pagpapahayag ng damdamin ng mga Pinoy, "May dilag ang tula at awit sa paglayang minamahal." Hindi katakataka na maraming makabayang awitin ang nabuo gamit ang kalayaan bilang inspirasyon.

Ang mga talento ng mga Pinoy ay nakaugat sa kanilang damdamin, sa tamis at pait ng lumipas. Anumang kulay ng buhay, ang mga Pinoy ay nananatiling masayahin, nakatayo, at lumalaban. Sa kanyang pagtalakay sa aklat na sinulat ng Irish na si Mike Grogan, itinuon ni Remoto (2018) ang isip ng mambabasa sa dahilan kung bakit ang mga Pilipino ay isa sa pinakamasayahing tao sa buong mundo. Ang terminong ginamit ni Grogan ay 'kasiyahan', na kung bibigyan ng gitara ang mga Pinoy, magkakaroon ng kasayahan. Kung bibigyan sila ng mikropono, kanilang pamamayanihan ang paligsahan sa pagkanta kahit na sa ibang bansa. Maaaring tatapak sila sa entablado na mukhang nahihiya, lupog, at nanginginig, ngunit kapag nagsimula na silang kumanta, malalaglag ang mga panga ng manonood sa paghanga. Sa mga pananalita ni Grogan, ang mga Pinoy ang may pinakamaraming pagngiti sa bawat kilometro kwadrado.

Noon pang huling dekada ng ika-19 na siglo, ipinahayag na ni Rizal na "Ang taniman ay handa na at ang lupa ay hindi baog". Ngayon nga, sa iba't ibang larangan, ang mga Pilipino ay umaani na ng tagumpay. Binigyang-diin ni Rizal na "Ang pagiging henyo ay walang kinikilalang bansa; sumisibol ito kahit saan, gaya ng liwanag, gaya ng hangin; ang patrimonya ng lahat, cosmopolitan na gaya ng kalawakan, gaya ng buhay, gaya ng Diyos" (Jimenez, Duavit, Gozon, & Diaz-Abaya, 1998).

Ang mga emosyong lumiliglig at nagpapakilig sa atin ay mga pampalasang sahog sa ating buhay sa daigdig. Ang mga damdaming iyan ay sinasalamin ng mga likha ng mga makabayang manunulat at kompositor sa pagkanta ng mga maka-Pilipinong mang-aawit. At sapagkat ang kanilang mga awitin ay naglalarawan sa panlipunan at pangkabuhayang aspeto ng lipunan, nararapat lamang na pag-aralan ang mga awiting nagpapahayag ng damdaming Pilipino.

Ang mga awitin ay nalilikha ayon sa kanilang gamit. Inilarawan ni Aloc (2016) na katulad ng iba pa mang bagay, ang Musikang Pinoy ay magpapatuloy at hindi tayo dapat

nawawalan ng interes sa ating sariling musika – ang musikang hindi binabalot ng matamis ang mapait na karanasan sa buhay kung hindi ng tunay na pakikihamok ng mga Pinoy para sa tunay na kalayaan at pagbabago. Nararapat lamang na wala itong itinatago.

Ang paniniwala ng mga Pilipino ay hindi lamang nakaugat sa katuwiran kundi sa damdamin din. Batid nila na ang mensahe ni Bathala ay matatagpuan sa kalikasan, at ang lahat ng nagaganap sa kanilang kapaligiran ay kadluan ng kaisipan na kailangan nilang maisapamuhay. Maliban sa pangkaraniwang mga bagay (katulad ng bao na may dalawang mata), tumitingin silang lubha sa mga di-pangkaraniwang bagay at pangyayari (katulad ng bao na may tatlong mata). Masasalamin sa kanilang mga awitin ang pangingibabaw ng kanilang damdamin sa katuwiran, ang pagiging sensitibo sa mga nagaganap sa kanilang kapaligiran. At sapagkat ang kanilang damdamin ay nakatago sa mga awiting ito, nananatili ang kanilang hangarin, mithiin, pagdaramdam, salasimisim, katuwaan, at pag-asa sa "matatag, maginhawa, at panatag na buhay" (AmBisyon Natin 2040).

Pinuri ni Jocano (2000) ang musikang Pinoy dahil ito ay nagpapakita kung gaano kalambot ang puso ng mga Pilipino. Tinawag niya itong "the evolution of emotionalism" dahil sa pagiging sentimental ng mga Pinoy.

Naniniwala ang Amerikanong pilosopong si Rorty na ang literatura, at hindi ang relihiyon, ang pinaka-epektibong pamamaraan ng pagkadlo ng karunungan (bagaman at ang relihiyon ay may literatura rin). Ang imahinasyong moral ay natatama sa pagbabahagi ng damdamin sa kapwa (Guevarra (2002). At ang damdaming iyan ay nadarama batay sa personal na kalagayan o katayuan sa buhay.

Napagtagumpayan ng mga katutubong awitin ang mga pangil at kuko ng pananakop dahil sa kakayahan ng kompositor at manunulat na itago ang makabayang apoy gamit ang metaporisasyon at mga simbolo. Ang mga awitin ay mga bakas ng nakaraan. Lumilingon ang mga Pinoy sa nakaraan sa pamamagitan ng mga awitin upang sumagap ng napapanahong kahulugan sa kasalukuyan at paghahanda para sa hinaharap (Timbreza, 2002).

Naniniwala si Immanuel Kant na ang mga pilosopo, noon pa man, ay interesado sa praktikal na gamit ng kalikasan ng tao na nahahayag sa kanyang mga karanasan. Ang tinuran ni Kant ay pangsantinakpan na masasalamin din sa Pilipinas. Tungkol sa mga titik ng mga orihinal na Pilipinong musika (OPM), ipinapalagay na ang Pilipinas ay kabahagi ng pandaigdigang pananaw (weltanschauung) ng ilang Asyanong bansa na may wikang nagmula rin sa Malayo-Polynesia (Agoncillo, 1990), kagaya ng Indonesia, Malaysia, at Brunei.

Ang mga katutubong gawi na mababanggit dito ay hindi ko ipinapalagay na sa Pilipinas lang makikita sapagkat ang mga pagpapahalaga ay pangsantinakpan (Gorospe, 1988). At sa kaisahan ng mga katutubong kultura mapupukaw ang lalong pagkakaunawaan, pagkakaisa, at pagtutulungan ng mga bansang Asyano. Dito papasok ang pagbibigay-edukasyon sa mga Pilipino upang masanay tayo na makipamuhay sa ibang lahi. Ang papel ng guro ay upang siguruhin ang tiyak na pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang pag-alam kung saan sila patutungo at ano ang kanilang maibabahagi.

Sa penomenolohikal na pag-aaral, ang tema ng bawat OPM ay mumunting representasyon ng pangdaigdigang tema lalo na ang kaugnayan nito sa panlipunang penomena. "Subalit kung ang tinutukoy ng pilosopiyang Pilipino ay ang sangkahugisang pag-iisip at pandaigdigang pananaw ng sangkapilipinuhan na nananaig sa kanilang panitikan at sining, mga pagpapahalagang moral at kaugalian, hindi naman kalabisan kung sasabihing ang mga Pilipino ay mayroon ding sariling weltanschauung at sangkadiwaang pilosopiya sa buhay na napapaloob sa kanilang kaalamang-bayan" (Timbreza,1984). Pinalawig pa ni Timbreza na hindi ipinapalagay ng mga Pilipino na sila ay mas mataas kaysa kalikasan. Pinaniniwalaan ng mga Pinoy na sila ay kapantay ng kalikasan, sapagkat kagaya nila, ang kalikasan ay kaloob din ni Bathala. Ito ay patunay na ang Pinoy ay hindi anthropocentric kundi ecocentric.

Sa kabanatang ito, dalawang mahahalagang paksa ang pagtutuunan ng pansin. Una ay tungkol sa damdaming Pilipino na natatago sa mga makabayang awitin. Layunin ng paksang ito na: (1) Sayurin ang mga damdaming nakapaloob sa mga awiting tumutukoy sa bansang Pilipinas; (2) Bakasin ang mga damdaming napapaloob sa mga awiting tumutungkol sa mga Pilipino bilang mamamayan; at (3) Ipahayag ang mga damdamin sa mga awiting naglalahad ng mga bagay na dapat gawin ng mga mamamayang Pilipino.

Ang pangalawa namang paksa ay hinggil sa pangmundong pananaw sa kalikasan ng tao. Isa itong pamamaraan ng pagpiga sa mga lokal na awitin at kasabihan upang alamin ang pandaigdigang pananaw ng mga Pinoy tungkol sa kalikasan ng tao. Layon nito na: (1) Mabatid kung ano ang pandaigdigang pananaw ng mga Pinoy sa mga sumusunod: (a) tao-sa-kalikasan; (b) tao-sa-tao, na nahahati sa (i) tao-sa-kababaihan; (ii) tao-sa-mga bata; (iii) tao-sa-kabataan; (iv) tao-sa-di-katandaan; (v) tao-sa-matatanda; (vi) tao-sa-lubhang matatanda; at (tao-sa-mundo); at (c) tao-sa-Maykapal. Ang mga napigang kaisipan ay pinatotohanan ng mga mamamayan ng isang barangay (village) sa bayan ng Lopez, Lalawigan ng Quezon, sa Pilipinas.

Marami pang likhang-sining ang mga Pilipino na kinapapalooban ng kanilang damdamin. Sa katotohanan, ay hindi kayang gawing laman ng aklat na ito ang lahat ng mga likhang sining. Gayunman, sapat na ang mga awitin at mga kasabihan upang malaman ang mga pangunahing damdamin ng mga Pilipino. Mas makabubuti pa rin na magkaroon ng mas masaklaw na pag-aaral gamit ang iba pang sining kagaya ng pelikula, biswal na sining, mga tula, mga laro, pagkain, mga katutubong sayaw at iba pa.

A. Damdaming Pilipino sa mga Makabayang Awitin

Panimula

Sapagkat ang nasyonalismo ay natatago sa puso ng taong naninimdim (Anderson, 1983), kailangan itong hanapin mula sa mga makabayang awitin, sapagkat ang damdamin ay inilalagay ng mga Pilipino sa pedestal na mas mataas kaysa kaisipan (Jocano, 2000). At dahil sinasalamin ng ating mga awitin ang panlipunan, pangkultura, pampulitika, at pangkabuhayang aspeto ng lipunang Pilipino, ang mga awit-manlilikha at mang-aawit ay sa tuwina'y may tagubilin. Pumili ako ng 15 makabayang awitin batay sa sumusunod na pamantayan: popularidad ng awit-manlilikha at mang-aawit, dekada na kinakatawan ng awitin, at kahalagahang panlipunan ng awit.

Sa tulong ng *hermeneutic phenomenology* ni van Manen (1990), ginamit ko ang kaugnay na literatura sa pagtalakay ng kahulugan ng bawat awitin ayon na rin sa abot ng aking karanasan. Sinasaklaw ng mga napiling awitin ang Spanish (1890s), American (1900s-1940s), Japanese (1940s), at Post-colonial Periods (1940s-kasalukuyan), na sumasakop sa mahigit isang dantaon.

Ang nasyonalismo ay bakas ng kahapon na nananahan sa puso ng bawat mamamayan (Anderson, 1983). Isang pamamaraan upang malaman ang saloobin ng mga Pilipino ay ang pakinggan ang kanilang mga awitin. Ayon sa nagsatitik ng Lupang Hinirang, Jose Palma: "May dilag ang tula at awit sa paglayang minamahal". Nagkakaroon ng timyas at kahulugan ang mga tula at awit lalo na't kung ang mga ito ay patungkol sa kalayaan. Ang sinisintang paglaya ay isang malakas na pwersa na nagtutulak sa mga manlilikha ng awitin na ito'y maipahayon at maipahayag sa kapwa Pilipino.

Mas tumitingkad ang kulay ng pagpapahalagang Pilipino kung ito ay tumitimo sa damdamin ng pinatutungkulan (Manawat, 2002) sapagkat mas matimbang para sa mga Pilipino ang damdamin kaysa pag-iisip (Jocano, 2000) dahil mas pinahahalagahan natin ang karangalan, dignidad, at katatayuan sa lipunan kumpara sa isang nakasasakit na katotohanan.

Kumbaga, sa pagitan ng "*persuasion*" (the art used to appeal to emotion) at "*conviction*" (the art that appeals to logical reason), mas mapahihinuhod natin ang kapwa Pilipino gamit ang kanyang damdamin at relasyon sa kapwa at hindi ang nagdudumilat na katotohanan na patuloy na nakasasakit sa kanyang damdamin. Ang *persuasion* at *conviction* ay kapwa epektibong gamit sa pakikipag-debate. Bagaman at Postmodernist (Hicks, 2004) ang mga Pinoy, sadya namang walang gaanong epekto sa atin ang Age of Enlightenment. Kaya't sa paglitaw ng Age of Unreason (Handy, 1989) nitong huling dekada ng ika-19 na dantaon, mas tumibay pa ang kulturang Pinoy.

Hinuhulma ng emosyon ang lipunang Pilipino at ang malakas na pwersa ng damdamin ang siyang pumupukaw sa natutulog na katangian na maipabatid sa iba ang mapait at matamis nating karanasan. Ang lunggati para sa kalayaan, tagumpay, at kaunlaran ay pinatitibay ng ating hilig sa musika (Remoto, 2018). Ang hilig natin sa musika ay umaani ng papuri sa pandaigdigang entablado sapagkat ang makulay na pakikibaka natin sa buhay ang nagtutulak sa atin upang magsikap at managumpay (Lo, 2018; Asian Global Music, 2017; Latuna, 2017; Velasco, 2017) na pinagkukunan ng lakas at inspirasyon sa pag-awit.

Noon pa mang ika-19 na siglo, binanggit na ni Gat Jose Rizal na ang taniman ay handa na at ang lupa ay hindi baog. Idinagdag pa niya na ang pagiging henyo ay walang kinikilalang bansa sapagkat ito ay sumasa kahit saan (kosmopolitan), tulad ng araw, ng hangin, ng buhay, at tulad ng Diyos (Jimenez, Duavit, Gozon, & Diaz-Abaya, 1998). Handa na tayo sa pandaigdigang entablado noon pa man. Kaya nga't nagwagi sina Juan Luna at Felix Ressureccion Hidalgo sa pagpipinta kung saan, sa pagtitipon upang bigyan sila ng parangal, sinambit ni Rizal ang mga salitang nabanggit.

Ang damdaming pumupukaw sa matining na tubig ang mistulang sahog sa lutong Pinoy. Sadyang batid ito ng mga kompositor at mang-aawit. At dahil ang kanilang nilikhang mga awitin ay sumasalamin sa panlipunan, pampulitika, at pangkabuhayang aspeto ng buhay-Pilipino, nararapat lamang pag-aralan ang mga awiting may hugot sa damdaming makabayan – awiting hindi nababalutan ng impluwensya ng mga mananakop kundi ng purong pakikihamok para sa kalayaan o sa pagbabago (Aloc, 2016). Ang mga awiting ito ay repleksyon ng malambot na puso ng mga Pilipino at ang musikang Pinoy ay sumasailalim sa *Evolution of emotionalism* (Jocano, 2000). Kung may itinago man ang mga kompositor, ito ay noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, Amerikano, at Hapon upang ang apoy ng pag-ibig sa bayan ay hindi maapula. Tumitingin tayo sa usok ng nakaraan upang mabigyan ng bagong kahulugan ang kasalukuyang lipunan para tiyakin ang kinabukasan ng malayang Pilipinas (Timbreza, 2002).

Ang presentasyon at talakayan tungkol sa damdaming Pilipino ay nahahati sa tatlo:

1. Damdaming patungkol sa bansa, na nakapaloob sa makabayang awitin
2. Damdaming patungkol sa mga Pilipino, na nakapaloob sa makabayang awitin
3. Damdaming patungkol sa mga dapat isagawa, na nakapaloob sa makabayang awitin

1. Damdaming nasa makabayang awitin patungkol sa bansa:

Talahanayan 1. Damdaming Pilipino sa awiting Lupang Hinirang

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
1.Lupang Hinirang (1898) [Julian Felipe (musika); Jose Palma (titik-Espanyol); Paz Marquez Benitez (titik-English);	*May dilag ang tula* *At awit sa paglayang minamahal.* *Ang kislap ng watawat mo'y* *Tagumpay na nagniningning;* *Ang bituin at araw niya,* *Kailan pa ma'y di magdidilim.*	*Ang mamatay nang dahil sa iyo.*

Felipe Padilla de León (titik-Filipino)]		

Lupang Hinirang ay ang Pambansang Awit ng Pilipinas. Inatasan ni Pangulong Emilio Aguinaldo si Julian Felipe na lumikha ng marcha na tutugtugin sa pagpapahayag ng Araw ng Kalayaan noong Hunyo 12, 1898 (Agoncillo & Mangahas, 2010).

Noong 1899, inilapat ang mga titik, mula sa tulang Filipinas, ni Jose Palma. Si Paz Marquez Benitez ang nagbigay ng salin sa English samantalang si Felipe Padilla de León ang nagsatitik sa Filipino.

Narito ang piniling saknong:

May dilag ang tula
At awit sa paglayang minamahal.
Ang kislap ng watawat mo'y
Tagumpay na nagniningning;
Ang bituin at araw niya,
Kailan pa ma'y di magdidilim.

Ito ang bahagi ng awit na tumutukoy sa watawat na may araw at tatlong bituin. Ayon sa saknong, nagkakaroon ng kakaibang kahulugan at kahalagahan ang tula at awit kung ang paksa ay tungkol sa paglaya.

Ang araw sa watawat ay may walong silahis na tumutukoy sa unang walong lalawigan na lumaban sa mga Kastila (Manila, Bulacan, Cavite, Pampanga, Bataan, Laguna, Batangas, at Nueva Ecija). Ang tatlong bituin ay simbolo ng tatlong pangkat ng mga pulo – Luzon, Visayas, at Mindanao, na nasa tatlong sulok ng puting tatsulok na nangangahulugan ng liberty, equality, at fraternity (Quezon III, 2002). Ang watawat ng Pilipinas ay dapat na asul (kalayaan), puti (kalinisan), at pula (katapangan) na may gintong araw at tatlong bituin (pentagram) na dinadakila at iginagalang ng mga tao (RA 8491, Chapter 1, Section 4). Ang National Flag Day ay ginugunita mula Mayo 28 hanggang Hunyo 12 batay sa Executive Order No. 179 ni dating Pangulong Fidel V. Ramos na iniutos noong Mayo 23, 1994 (Canlas, 2016).

Ang Republic Act 8491, na mas kilala sa tawag na "Flag and Heraldic Code of the Philippines", ay nagsasaad na ang pag-awit ng Lupang Hinirang ay kaayon sa komposisyon ni Julian Felipe, at sa tuwina'y aawitin gamit ang wikang pambansa (Filipino) sa loob man o labas ng bansa, at itinatagubilin ang pag-awit nang may damdamin.

Ang liwanag ay banal sa bawat Pilipino, at atin itong isinasandig sa kasarinlan, samantalang ang kadiliman (gaya ng digmaan o kamangmangan) ay kawalan ng liwanag. Sinabi ni Gat Jose Rizal na kung walang liwanag ay wala ring daan (Umali, 2017) upang bigyang-halaga ang edukasyon sapagkat, aniya, ang edukadong mamamayan ay mahirap mapasailalim sa ibang bansa.

Kung kaya nga't ang damdaming Pilipino na nasa huling linya ng pambansang awit: *Ang mamatay nang dahil sa iyo* ay maliwanag na matapang na pagtatanggol sa ating kabansaan.

Talahanayan 2. Damdaming Pilipino sa awiting Pilipinas Kong Mahal

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
2.Pilipinas Kong Mahal (1930s) [Francisco Santiago (composer); Ildefonso Santos (titik:Filipino);	*Tungkulin ko'y gagampanan* *Na lagi kang paglingkuran* *Ang laya mo'y babantayan* *Pilipinas kong hirang.*	*Ang laya mo'y babantayan*.

Martin C. Mendoza (arranger)]		

Pilipinas Kong Mahal, nilikha noong 1930s. ay itinuturing na pangalawa sa pambansang awit kung pagpapahalaga ang pinag-uusapan. Kung ang *Lupang Hinirang* ay inaawit sa pagtataas ng bandila, ang *Pilipinas Kong Mahal* naman ay kinakanta sa pag-uurong nito.

Nilikha ni Francisco Santiago, na isinatitik ni Idefonso Santos, ang *Pilipinas Kong Mahal*, gaya ng pagsasaayos ni Martin C. Mendoza, ay inaawit tuwing Biyernes, nang may paggalang, sa pag-uurong ng bandila. Narito ang ilang mga linya mula sa nasabing awit:

Tungkulin ko'y gagampanan
Na lagi kang paglingkuran
Ang laya mo'y babantayan
Pilipinas kong hirang.

Kung ihahambing sa *Lupang Hinirang* na puno ng talinghaga, ang *Pilipinas Kong Mahal* ay simple at tuwiran. Ang damdamin ay nasa linyang: *Ang laya mo'y babantayan*. Nagnais ang mga ilustrado ng pagkakapantay-pantay, ang mga katipunero ng ganap na kalayaan, ang 12 senador ng bansa na wakasan ang pananatili ng mga base military ng US sa bansa, at ang karamihan sa mga Pilipino na malayang makapangisda ang mga Pilipino sa West Philippine Sea nang walang pangamba na may dayuhang makakaagaw nila sa mga yamang-tubig ng bansa, hindi lamang sa territorial sea kung hindi sa nasasakupan ng exclusive economic zone (EEZ). Kaya't may karapatan ang pamahalaan at ang bawat mamamayan na protektahan ang mga yamang-tubig ng bansa sa nasa loob ng ating "archipelagic waters", "territorial sea", at "exclusive economic zone" (Article XII, Section 2 of the RP Constitution).

Talahanayan 3. Damdaming Pilipino sa awiting Bayan Ko

Makabayang Awitin	**Representatibong Saknong**	**Damdaming Pilipino**
3.Bayan Ko (1920s) Singer: Freddie Aguilar (1970s) [Jose Alejandrino (titik-Espanyol); Jose Corazon de Jesus (titik: Filipino); Constancio de Guzmán (arranger); Lucio San Pedro (arranger)]	*Ibon mang may layang lumipad* *Kulungin mo at umiiyak* *Bayan pa kayang sakdal-dilag* *Ang 'di magnasang makaalpas?*	*Aking adhika, makita kang sakdal laya*

Bayan Ko, nilikha nina Jose Alejandrino (sa Spanish) at Jose Corazon de Jesus (sa Filipino) noong 1920s, at nina Constancio de Guzmán at Lucio San Pedro ang areglo. Ang bahaging instrumental ng awit ay gumamit ng tono ng *Pilipinas Kong Mahal.*

Kakaibang kasikatan ang naabot ng awitin nang ito ay pasikatin ni Freddie Aguilar noong dekada '70. Ang kasukdulan ng kasikatan nito ay noong EDSA Revolution taong 1986 nang gamitin itong awit-protesta sa naganap na mapayapang rebolusyon (Rodell, 2001).

Ginamit ni Severino Reyes ang mga titik nito sa kanyang zarzuela na *Walang Sugat* (No Wound) bilang propaganda ni Heneral José Alejandrino, bilang protesta sa mga Amerikano sa

Pilipinas (Araneta, 2007). Ang kasalukuyang salin ay gumamit ng mga salita ni José Corazón de Jesús at ng tunog ni Constancio de Guzmán.

Aking adhika, makita kang sakdal laya ay damdaming Pilipino sa awiting ito. Tumutukoy ang "sakdal laya" sa mala-kolonyal na kalagayan ng Pilipinas kahit na sa kasalukuyan.

Talahanayan 4. Damdaming Pilipino sa awiting Mutya ng Silangan

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
4.Mutya ng Silangan (1960s) [Juan Benasa (kompositor); Mabuhay Singers]	*Noong tayo'y nasa kadiliman,* *martir natin ay nagpaalam:* *Anya'y nasa kabataan,* *ang pag-asa nitong bayan*	*Malaong pinahirapan* *ng lahing mangangamkam.*

Mutya ng Silangan ay komposisyon ni Juan Benasa at pinasikat ng Mabuhay Singers noong dekada '60.

Noong tayo'y nasa kadiliman,
martir natin ay nagpaalam:
An'ya'y nasa kabataan
ang pag-asa nitong bayan.

Sapagkat ang unang saknong ng awitin ay naglalarawan ng ating bandila, ang awiting ito ay inialay noong Oktubre 30, 2012 sa pagdiriwang ng 'Araw ng Bandila' (PearlOfTheOrient.ph, 2012). Ang Mabuhay Singers ay itinuturing na 'Last Legends of Kundiman' (Moon, 2012) at ang mga kasapi nito ay ipinalalagay na ang kanilang mga awitin ay sagrado nang sa ganoon ay hindi mabago ng ibang mga mang-aawit (PDI, 2011).

Ang damdaming Pilipino sa awitin ay: *Malaong pinahirapan ng lahing mangangamkam*. Sentimiento ng mga Pilipino ay maraming taong pagsusumakit nila sa ilalim ng mga dayuhan na kumulimbat sa likas na yaman ng bansa kaakibat nito ang pagyurak sa puri ng mga kababaihan na kumakatawan sa mutya ng Silangan.

Talahanayan 5. Damdaming Pilipino sa awiting Piliin Mo Ang Pilipinas

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
5.Piliin Mo Ang Pilipinas (2010s) Singer: Angeline Quinto [Robert Labayen (Composer)]	*Kapuluang kwintas ng perlas* *Piliin mo yakapin mo* *Kayamanan nyang likas* *Piliin mo ang Pilipinas*	*Piliin mo rin ang Pilipinas*.

Ang pinakabago sa limang awitin, *Piliin Mo Ang Pilipinas* (2010s) na nilikha ni Robert Labayen at inawit ni Angeline Quinto, ay nag-aanyaya sa mga Pilipino na piliin ang sariling bansa:

Kapuluang kwintas ng perlas
Piliin mo yakapin mo
Kayamanan nyang likas
Piliin mo ang Pilipinas

Masigla ang awit na pinalulutang ng mga katutubong instrumento sa musika. Ipinananawagan ng awit sa mga Pilipino na ibilang ang Pilipinas sa mga bansang nais nilang puntahan. Ibig sabihin, dalawin muna ang mga mahahalagang pook sa sariling bansa bago mag-asam ng pagdalaw sa ibayong dagat.

Sapagkat wala ngang makapipigil sa mga Pilipino na mangibang-bansa, ang maglunoy muna sa malinis na tubig ng sariling kultura ay inaasahang makapipigil sa pagbitaw sa sariling kinamulatan. Kaya nga, ang damdaming Pilipino ay *Piliin mo rin ang Pilipinas*.

Bilang paglalagom, kung papaanong hinihiling ng *Lupang Hinirang* at *Pilipinas Kong Mahal* na maging mapagtanod ang mga Pinoy sa ano mang palatandaan ng pananakop ng ibang bansa, nagpapaalala naman ang *Bayan Ko* sa mga mamamayan na ang mala-kolonyal na kalagayan ng lipunang Pilipino ay mapanganib sa pambansang interes. Ang nagbabantang pananakop ng banyagang kultura sa pamamagitan ng globalismo ay dapat hadlangan upang hindi lumala ang pasukong pag-iisip at kaisipang kolonyal ng mga Pinoy. Kaya nga't ang pagbibigay-diin ng *Mutya ng Silangan* sa malaong pagpapahirap ng mga mangangamkam ay magpapa-alingawngaw sa kampana ng kalayaan. At sa pagkakataong ito, ay mapagtuonan ng pansin ang Damdaming Pilipino bilang tugon sa panawagan ng *'Piliin Mo Ang Pilipinas'.*

Damdaming nasa makabayang awitin: patungkol sa mga Pilipino:

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa limang makabayang awitin tungkol sa mga Pilipino bilang mga mamamayan ng Pilipinas. Sinasaklaw ng mga awiting ito ang mga taon mula 1970 hanggang 2000.

Talahanayan 6. Damdaming Pilipino sa awiting Tayo'y mga Pinoy

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
6.Tayo'y mga Pinoy (1970s) [Heber Bartolome (1970s); Francis Magalona (1990s)]	*Kung ating hahanapin ay matatagpuan* *Tayo ay may kakanyahang dapat na hangaan*.	*Ba't tayo ang humahanga doon sa Kanluran?*

Ang *Tayo'y mga Pinoy* (1970s) ni Heber Bartolome, na binigyang-buhay ni Francis Magalona noong 1990s, ay kilala sa kritisismo laban sa kaisipang kolonyal ng mga Pinoy lalo na ang gawing panggagaya sa Kanluraning kultura. Bagaman at may kabutihang taglay ang panggagaya, mas matimbang ang di-kabutihang dulot nito lalo na sa pambansang pagkakakilanlan.

Kung ating hahanapin ay matatagpuan
Tayo ay may kakanyahang dapat na hangaan

Ang musika ni Heber Bartolome ay pagsasanib ng Pinoy folk at relihiyosong himig. Itinatag niya ang Banyuhay o Bagong Anyo ng Buhay, isang combo na ang layunin ay labanan ang kaisipang kolonyal. Kapansin-pansin ang tunog ng "kubing" isang katutubong instrumentong pang-musika (globalpinoy.com.).

Tumanggap si Bartolome ng *Gawad Sagisag* Quezon, na iginagawad sa taong ang buhay at gawa ay nagpaangat sa wikang Filipino. Ang kanyang pagpupumilit na dakilain ang pambansang wika at kultura sa pamamagitan ng kanyang mga awitin ay kinilala at nagdala sa kanya sa katatayuang bayani ng wikang Filipino (asianjournalusa.com, 2018).

Makaraan ang mahigit isang dekada, ang kanyang masugid na taga-suporta, Francis Magalona, ay nabigyan ng posthumous Presidential Medal of Merit. Ang karangalan ay nagpapakahulugan na dahilan sa kanyang musika, kagalingan, paniniwala sa kakayahan ng kanyang mga kababayan, at sa kanyang pagmamalaki bilang Pilipino, si Francis M. ay naging inspirasyon ng marami (Romero, 2009).

Ang damdaming Pilipino ay ito: *Ba't tayo ang humahanga doon sa Kanluran?*

Talahanayan 7. Damdaming Pilipino sa awiting Ako'y Pinoy

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
7.Ako'y Pinoy (1970s) Singer: Florante De Leon	*Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa* *Pinoy na isinilang sa ating bansa*	*Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika.*

Noong Dekada '70, nilikha at inawit ni Florante De Leon ang Ako'y Pinoy. Ang pinupunto niya ay bilang Pilipino, siya ay dapat na may sariling wika – ang Wikang Pambansa.

Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa
Pinoy na isinilang sa ating bansa.

Ipinamarali ni De Leon ang kanyang pagiging natural-born citizen – na siya ay isinilang sa ating bansa. Bagaman at isinasaad ng Konstitusyon, Article IV, Section 1, na ang pagiging natural-born citizen ay dahil sa relasyon sa kadugo (*jus sanguinis*) at hindi sa bansa ng kapanganakan (*jus soli*).

Ang kanyang damdamin, *Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika*, ay may kahalagahang panlipunan at pangkultura na pumipigil sa pagkatunaw ng pambansang pagkakakilanlan lalo na sa posibleng pagkawala ng sariling wika. Sinasagkaan nito ang pagkilos ng ibang di-Tagalog na English na lang ang gamitin bilang pambansang wika. Sa kabila ng nakasaad sa Saligang-Batas, Article XIV, Section 7, na ang opisyal na mga wika ng Pilipinas ay Pilipino, at kung itatadhana ng batas ay English, ang Kongreso ay may tungkuling panatilihin at payabungin ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na pakikipagtalastasan at wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon (Sec. 6, par. 2; De Leon, 1999). Di-tulad ng ilang bansang sinakop ng Espanya na napalitan ang kanilang katutubong wika ng Espanyol, ang Pilipinas ay matagumpay na napanatili ang mga katutubong wika at isa sa mga ito ang ginawang batayan ng Wikang Pambansa. Salamat sa pagsusumikap ni Pangulong Manuel L. Quezon na ang Wikang Pambansa ay ibatay sa Tagalog at payayabungin ng ilang kapwa-katutubong wika (RP Constitution, Sec. 6, par.1; Magpantay, 2012) kung saan ang bawat wika ng rehiyon ay ginawang wikang pantulong (sec. 7, par. 2). Kumbaga, ang damdaming Pilipino ay sa pagpapanatili ng Wikang Filipino.

Talahanayan 8. Damdaming Pilipino sa awiting Ako ay Pilipino

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
8.Ako ay Pilipino (1970s) Singer: Kuh Ledesma [George Canseco (Composer)	*Ako ay Pilipino* *Taas noo kahit kanino* *Ang Pilipino ay ako!*	*Isang bansa, isang diwa ang minimithi ko.*

Ako ay Pilipino ay isang Filipino pop patriotic song na nilikha ni George Canseco noong Dekada ’70 bilang pagtalima sa hiling ni dating First Lady Imelda Marcos (LAT, 2004; PDI, 2004) at ito ay inawit ni Kuh Ledesma, na nagsabing ito ang kanyang itinatanging awitin (BusinessWorld, 2003).

Ako ay Pilipino
Taas noo kahit kanino
Ang Pilipino ay ako!

Ang awitin ay tahasang pagpapahayag ng pagiging Pilipino upang paglabanan ang kaisipang pasuko. Ang damdaming Pilipino ay: *Isang bansa, isang diwa ang minimithi ko*. Ang *Isang bansa, isang diwa* ang national motto ng Pilipinas mula 1978 hanggang 1986 (PD 1413). Sa kabila ng pagkakaiba-iba, ninais ni Pangulong Marcos na ang mga mamamayan ay may diwa ng kaisahan (Marcos, 1978).

Talahanayan 9. Damdaming Pilipino sa awiting Isang Lahi

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
9. Isang Lahi (1980s) Singer: Regine Velasquez) [Vehnee Saturno (Composer)	*Araw ay agad na sisikat* *Iilawan ang ating landas* *Nang magkaisa bawat nating pangarap*.	*Ang pagdamay sa kapwa'y nandiyan sa palad mo*.

Likhang-awit ni Vehnee Saturno ang Isang Lahi noong Dekada ’80 at hiniling na si Regine Velasquez ang umawit nito.

Araw ay agad na sisikat
Iilawan ang ating landas
Nang magkaisa bawat nating pangarap

Ang awit ng kaisahan ay nanatili kahit na pagkatapos ng Rebolusyong EDSA noong 1986. Ang damdaming Pilipino ni Saturno ay: *Ang pagdamay sa kapwa'y nandiyan sa palad mo,* na nakaukit sa palad ng bawat Pilipino ang pagtutulungan bilang paraan ng pagiging isa ng mga mamamayan. Lumalabas na ang isang diwa ay kasuwato ng pagtutulungan. Kung kaya’t ang pagiging iisa ng diwa ay katutubong pwersa na bumibigkis sa bayanihan.

Talahanayan 10. Damdaming Pilipino sa awiting Noypi

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
5.Noypi (2000s) Singer: Bamboo [Ira Cruz/Bamboo Manalac (Composers)]	*Hoy, Pinoy ako!* *Buo aking loob, may agimat ang dugo ko*	*Dinig mo ba ang bulong ng lahi mo?* *Isigaw mo kapatid, ang himig natin.*

Binaligtad nina Bamboo Manalac at Ira Cruz ang dalawang katagang ‘Pinoy’ at naging Noypi (Dekada 2000).

Hoy, Pinoy ako!
Buo aking loob, may agimat ang dugo ko.

Tila hiyaw ng pagmamalaki ang ginawang pag-awit ni Bamboo rito. Ang kanya raw katapangan ay sanhi ng kanyang agimat na nasa kanyang dugo. Sa huling bahagi ng awit, sinabi niyang ang kanyang agimat ay ang Diyos. Ang agimat na ito ang nagbibigay ng ibayong lakas sa mga Pilipino laban sa mga umaaglahi sa lahing Pinoy – mga bansa at indibidwal na salungat sa kalooban ni Bathala.

Ang damdaming Pilipino na kakaiba ang dating ay nasa huling bahagi ng awit: *Dinig mo ba ang bulong ng lahi mo? Isigaw mo kapatid, ang himig natin*.

Ang mga damdaming Pilipino, bilang pagbibigay-buod, ay ang mga sumusunod: ihinto na ang kaisipang kolonyal; gamitin ang Wikang Pambansa bilang wikang magpapanatili sa ating pambansang pagkakakilanlan; ang isang lahi ay dapat na may iisang diwa na pinatatapang ng agimat ng pananampalataya. Sa sama-samang pagpapanibago ng diwa, ang mga Pilipino sa loob at labas ng bansa ay masiglang gagampan sa kani-kaniyang adbokasya.

Damdaming nasa makabayang awitin patungkol sa mga dapat isagawa ng mga Pilipino:

Talahanayan 11. Damdaming Pilipino sa awiting Pag-ibig sa Tinubuang Lupa

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
11.Pag-ibig sa Tinubuang Lupa (1890s) Writer: Andres Bonfacio	*Kung sa pagtatanggol* *Buhay ang kapalit* *Ito'y kapalaran* *At tunay na langit.*	*Muling manariwa't sa baya'y lumiyab.*

Noon pa mang 1890s, ang mga dakilang taong katulad ni Andres Bonifacio ay nag-anyaya na sa kapwa Pilipino na mahalin ang bansang ito. Maraming pamamaraan ng Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Maaaring ito ay pagsulat ng tula o nobela (Jose Rizal), pagsulat ng mga artikulo (Marcelo H. Del Pilar), pagiging orador (Graciano Lopez-Jaena), pagpipinta (Juan Luna), pangunguna sa digmaan (Antonio Luna), pagbibigay ng matalinong payo (Apolinario Mabini), pag-aalaga sa maysakit na kawal (Melchora Aquino), at iba pa. Maraming pamamaraan kung papaano ipapahayag at isasagawa ang pag-ibig sa tinubuang lupa.

Pangunahin ngunit pinakamahalagang paglilingkod sa bansa ay ang pagiging bahagi ng sandatahang-lakas upang ipagtanggol ang kalayaan ng bansa.

Sa kanyang tula (na ginawang awit), pinalakas ni Bonifacio ang loob ng kanyang mga kawal:

Kung sa pagtatanggol
Buhay ang kapalit
Ito'y kapalaran
At tunay na langit.

Ang damdaming Pilipino ni Bonifacio ay nananatiling mahalaga sa kasalukuyan: *Muling manariwa't sa baya'y lumiyab*, ang pananatili ng pagliliyab ng pag-ibig sa bayan.

Ang gawaing pagbuhay sa apoy ay may tsansang 50-50. May tatlong kalagayan ang apoy: Insipient, Growth, at Fully Developed (Embray, 2016). Maliban sa 3 kalagayan ng apoy, ang lahat ng termino sa ibaba ay binigyang-kahulugan batay sa Merriam-Webster Dictionary.

1. Insipient. It is the first stage of fire. It begins when heat, oxygen, and a fuel source combine and create a chemical reaction thus creating a fire.

a) *Abo* (Ash). Ash is a solid residue left when combustible material is thoroughly burned. Ang abo (ash) ay ang pinakamababang antas ng nasyonalismo kung saan tinalikuran na ng Pilipino ang kanyang bansa;

b) *Usok* (Smoke). The gaseous products of burning materials especially of organic origin made visible by the presence of small particles or carbon. Ang usok (smoke) ay antas ng nasyonalismo kung saan ipinahahayag ng tao na ayaw na niyang maging Pilipino ngunit may posibilidad pa ng pagbabago ng kanyang pasiya;

c) *Titis* (Ember). Ember is a glowing fragment (as of coal) from a fire; especially: one smoldering in ashes. Ang Titis (Ember) ay pangatlo sa pinakamababang antas ng nasyonalismo kung saan ang pag-ibig sa bayan ay may maliit na puwang sa kanyang puso dahil sa personal na interes at presensya ng kultura ng ibang bansa;

2. Growth. As the fire transitions from incipient to growth stage, it begins to influence the environment. Increase in heat release rate increases significantly the temperature.

d) *Baga* (Live Coal). A glowing piece of wood from a fire (or before flames occur). Ang baga (live coal) ay antas ng nasyonalismo kung saan ang Pilipino ay may bukas na pag-iisip at mithiin na pag-alabin ang kanyang pag-ibig sa bayan;

e) *Siklab* (Flame). The glowing gaseous part of a fire. Ang siklab (flame) ay antas kung saan ang napukaw na ang kamalayan ng Pilipino at nagpasiya nang maging Pilipino sa isip, sa salita, at sa gawa;

3. Fully Developed. It occurs when all combustible materials are burning.

f) *Liyab* (Blaze). It is an active burning; especially: a sudden bursting forth of a flame. Ang liyab (blaze) ay antas kung saan ipinahayag na ng Pilipino ang kanyang pag-ibig sa bayan sa pamamagitan ng kanyang mga salita, akda, kagamitan, at iba pa na kaugnay ng mga pambansang sagisag;

g) *Lagablab* (Conflagration). Conflagration is a large destructive or disastrous fire. Ang lagablab (conflagration) ay antas ng nasyonalismo kung saan ang Pilipino ay nakahandang maglingkod at ialay ang kanyag oras, yaman, dunong, at buhay sa bansa;

Ang nasyonalismo ay sadyang maihahambing sa apoy at ito ang apoy ng nasyonalismo na binanggit ni Gat Andres Bonifacio na dapat manariwa at lumiyab. Ang *pagpapanibagong-diwa* ay pagpapanumbalik ng lagablab ng apoy sa puso ng bawat Pilipino.

Talahanayan 12. Damdaming Pilipino sa awiting Handog ng Pilipino sa Mundo

Makabayang Awitin	**Representatibong Saknong**	**Damdaming Pilipino**
12.Handog ng Pilipino sa Mundo (1980s) Composer: Jim Paredes Singer/s: Various Filipino Artists	*Mapayapang paraang pagbabago.* *Katotohanan, kalayaan, katarungan.* *Ay kayang makamit na walang dahas.* *Basta't magkaisa tayong lahat!*	*Ating kalayaan kay tagal nating mithi.* *'Di na papayagang mabawi muli.*)

Maraming mga Pilipino ang nag-akala na ang pangyayari sa EDSA I ay panimula ng pagliyab ng apoy ng nasyonalismo. Sa likhang-awit ni In Jim Paredes, ang Handog ng Pilipino sa Mundo, nagsama-sama ang ilang mang-aawit upang pag-isahin ang kanilang mga tinig at isigaw sa buong mundo:

Mapayapang paraang pagbabago.
Katotohanan, kalayaan, katarungan.
Ay kayang makamit na walang dahas.
Basta't magkaisa tayong lahat!

Ang nasabing pag-iisang-tinig ay nagpatatag sa pamumuno nina Pangulong Corazon C. Aquino, Pangulong Fidel V. Ramos, at Pangulong Gloria Arroyo, at Pangulong Benigno S. Aquino III subalit ang apoy ng EDSA ay unti-unting napupugnaw mula sa pagiging Fully-developed, patungo sa Growth, hanggang sa maging Insipient. Sa kasalukuyan, ang EDSA ay umuusok at may panganib na maging abo na lamang ng lumipas. Gayunman, pinatunayan ng EDSA I na ang mga Pilipino ay kayang magkaisa para sa isang mapayapa at makabuluhang pagbabago ayon sa kanilang pananaw.

Katotohanan, kalayaan, at katarungan ay nanatiling mailap. Ang lipunang Pilipino, sa simula ng bagong siglo, ay sumusuong sa kawalan ng kaayusan kung saan ang katotohanan ay relatibo, ang kalayaan ay inabuso, at ang katarungan ay naging biktima ng polarisasyon [mas lalong yumayaman ang mayayaman (hilaga) at lalong naghihirap ang mahihirap (timog)].

Ang damdaming Pilipino, *Ating kalayaan kay tagal nating mithi, 'Di na papayagang mabawi muli* ay nangangailangan ng bagong kahulugan. Ang karapatan ay sobrang nabibigyang-pansin samantalang ang tungkulin ay naisasakripisyo at napababayaan. Halimbawa, ang kalagayan ng trapiko sa Metro Manila ay mistulang kondisyon ng buong Pilipinas. Lubha itong nakahahadlang upang ang mga Pilipino ay maging produktibo na kung tutumbasan ng salapi ang abalang dulot ng trapiko, malaking halaga ang katumbas nito, bukod pa sa epekto nito sa mga pamilyang Pilipino (Mamuyac, 2016). Ang kalagayan ng trapiko ay pinabigat pa ng kawalan ng disiplina ng ilang Pilipino sa Pilipinas, samantalang sila naman ay disiplinado kapag nasa ibang bansa (Philippine Star, 2010).

Talahanayan 13. Damdaming Pilipino sa awiting Magkaisa

Makabayang Awitin	**Representatibong Saknong**	**Damdaming Pilipino**
13.Magkaisa (1980s) Composer: Vicente Sotto III Singer: Virna Lisa	Magkaisa (may pag-asa kang matatanaw) At magsama (bagong umaga, bagong araw) Kapit-kamay (sa atin Siya'y nagmamahal) Sa bagong pag-asa.	Sa unos at agos ay huwag padadala

Ang panawagan sa pagkakaisa ay pumailanlang sa buong kapuluan sa tulong ng mga awitin. Sa panahong nahahati ang sangka-Pilipinuhan sa pro-Marcos at anti-Marcos na grupo, nilikha ni Vicente Sotto III (ngayon ay Senate President) ang *Magkaisa* na inawit ni Virna Lisa:

Magkaisa (may pag-asa kang matatanaw)
At magsama (bagong umaga, bagong araw)
Kapit-kamay (sa atin Siya'y nagmamahal)
Sa bagong pag-asa.

Nang ang awiting iyan ay gamiting awit-tagapagpaalaala ng Rebolusyong EDSA, animo ito ay awit laban sa dating pangulo, ngunit ito ay pagtawag sa kaisahan ng mga Pilipino na iisa ang ugat na pinagmulan.

Damdaming Pilipino: *Sa unos at agos ay huwag padadala*. Kailangang kumapit mabuti upang mapagtagumpayan ang malupit na unos at malakas na agos na humahamon sa ating kakayahan at kaisahan.

Tama lamang na tayong mga Pilipino, tulad ng mga puno ng kawayan, ay sumasayaw lang sa malakas na hangin. Gayon man ay nahihirapan tayong bigyang-kahulugan ang unos-pampulitika, unos-pangkultura, at unos-pampamilya. Madali tayong madala ng agos ng mga pangako at ng pagpili at pagtsugi sa mga lider-pulitika. Isang magandang halimbawa nito ay ang Rebolusyong EDSA. Malinaw na pinaghambing ni Panganiban (2016) ang dalawang rebolusyon at binigyang-diin na ang EDSA I ay 'extra-constitutional' samantalang ang EDSA II 'intra-constitutional', at ang una ay nagtaas ng isang pulitikal na katanungan samantalang ang huli ay nagpahayag ng legal na katanungan. Ibig sabihin, labas sa Saligang-Batas ang EDSA I samantalang nasa loob ng Saligang-Batas ang usapin ng EDSA II. Kaya nga't sa una, ang iniluklok na pangulo ay ang hindi nanalo sa snap election ng 1986, samantalang sa huli ang ipinalit sa pinatalsik na pangulo ay ang pangalawang pangulo ayon sa 1987 Konstitusyon. Ang isa pang malinaw na pagkakaiba ay ito: noong 1986 EDSA ay sinuportahan ng mga sibilyan ang military, samantalang noong 2001 EDSA ay sinuportahan naman ng militar ang sibilyan.

Talahanayan 14. Damdaming Pilipino sa awiting Tagumpay Nating Lahat

Makabayang Awitin	**Representatibong Saknong**	**Damdaming Pilipino**
14.Tagumpay Nating Lahat (1980s) Composer: Gary Granada Singer: Lea Salonga	Ang iba't ibang galaw, iisang patutunguhan Dito isang araw, isang kapuluan.	Hangad ko'y tagumpay nating lahat.

Ang awit ni Lea Salonga, *Tagumpay Nating Lahat*, ay hugot mula sa tagumpay niya sa pagganap na Kim sa Miss Saigon, gayundin bilang Eponine at Fantine sa dalawang magkahiwalay na pagpapalabas (batay sa panahon) ng Les Miserables (Ranada, 2013). Isinulat ni kompositor Gary Granada ang awiting na ito na repleksiyon ng tagumpay ng mga Pilipino sa iba't ibang larangan:

Ang iba't ibang galaw,
iisang patutunguhan
Dito isang araw,
isang kapuluan.

Madaling naikabit ni Granada ang mahalagang mensahe na ang malawakang tagumpay ay nakapag-aambag sa pagtamo ng isang pambansang layunin sa kabila ng iba't ibang larangan at kakayahan.

Ang damdaming Pilipino, *Hangad ko'y tagumpay nating lahat*, ay nag-aanyaya ng paghigit paitaas upang maranasan din ng karamihan ang tagumpay sa pandaigdigang antas. Ito ay isang simbolikal na 180-digring pagbabago ng diwa mula sa 'paghila pababa' patungo sa 'paghila pataas' sa kapwa-Pilipino. Sa ganitong diwa, binibigyan na natin ng positibong kahulugan at kahalagahan ang 'Talangka Mentality'.

Talahanayan 15. Damdaming Pilipino sa awiting Babalik Ka Rin

Makabayang Awitin	Representatibong Saknong	Damdaming Pilipino
15. Babalik Ka Rin Composer: Singer: Gary Valenciano	Sa piling ng iyong pinagmulan, sa iyong nakaraan Babalik ka rin, babalik ka rin, babalik ka rin Anumang layo ang narating, iyong maaalala Ang dati mong kasama, babalik at babalik ka rin	Kaytagal mo nang nawala, babalik ka rin.

Ang mga katagumpayang inani sa ibang bansa ay nananatiling hungkag sa pandama ng mga kababayan nating nasa ibang panig ng mundo kung hindi naibabahagi sa mga kababayang Pilipino. Sapagkat doon ay nag-aapuhap sila ng pambansang pagkakakilanlan. Kaya nga at nilikha at inawit noong Dekada ’90 ni Gary Valenciano ang *Babalik Ka Rin.*

Sa piling ng iyong pinagmulan,
sa iyong nakaraan
Babalik ka rin, babalik ka rin, babalik ka rin
Anumang layo ang narating, iyong maaalala
Ang dati mong kasama,
babalik at babalik ka rin.

Kakaiba ang dating ng awiting ito ni Valenciano sa mga Overseas Filipino workers (OFWs) na itinaya ang sariling kaligayahan gayundin ang katatayuan ng kanilang pamilya sa Pilipinas upang maglingkod sa ibang bansa. Kung baga, inaawitan nila ng oyayi ang mga sanggol ng kanilang mga banyagang amo habang walang magulang na umaawit ng hele sa kanilang iniwang mga anak sa Pilipinas.

Tinalakay sa editoryal ng Philippine Daily Inquirer (2001) na ang pagkakaroon ng OFWs ay nagdudulot ng kapwa bentahe at disbentahe. Ang mga anak ng OFWs ay mas matatag ang pinansiyal na kalagayan at nakagagaod sa kanilang pag-aaral. Ngunit ang mga anak na ito ng OFWs ay inilalarawang sa pangkalahatan ay malungkot, materyalistiko, makasarili, at walang-katiyakan sapagkat marami sa kanila ay abandonado. Sa mga panahong kailangan nila ng pangaral ni nanay o ng disiplina ni tatay, wala silang ibang mapagbalingan kung hindi ang kanilang cell phones. Bagaman at madali na nilang makausap ang kanilang mga magulang sa ibang bansa gamit ang cell phones, e-mail, skype, videocams, at iba pa, ngunit hindi naman nila maramdaman ang init ng kanilang presensya. Ayon nga sa mga matatanda, ‘ang sisiw na hindi gaanong nalimliman ng inahing manok ay mahina sa lamig’. Sa kabila ng lahat ng ito, nananatili pa rin ang pamilya bilang pinakamatatag na institusyon na nasisilungan ng mga Pinoy.

Ang damdaming Pilipino, *Kaytagal mo nang nawala, babalik ka rin*, ay isang madamdaming pagpapahayag ng pagbalik sa lupang sinilangan, sa pamilya, sa mga kaibigan, at iba pa, bilang indikasyon na pansamantala lamang ang kanilang pangingibang-bansa ay mas ninanais pa rin nilang abutin ng pagtanda sa Pilipinas depende sa kalagayang-pangkabuhayan ng bansa.

Upang mapanatili ang paglagablag ng nasyonalismo, kailangang matutunan natin ang ating kumalas sa pagkakagapos mula sa tanikala ng kahirapan at ng kaisipang kolonyal. Ang pandaigdigang tagumpay ng Pinoy ay batong-tuntungan para sa mas masaklaw na pagkilos at tagumpay batay sa uri ng ating paglilingkod sa bayan. Mas hinahangad pa rin natin ang pagbuti

ng ating ekonomiya upang mapabalik na ang mga OFWs at ibigay ang kanilang paglilingkod sa bansa at kapwa-Pilipino.

Ang mga makabayang awitin ay nagtataglay ng mga sumusunod na damdaming Pilipino: (1) pagtatanod laban sa pananakop at kalagayang mala-kolonyal; (2) pagtawag para sa aktibong pagkamamamayan gamit ang makabayang adbokasiya; at (3) pagpapahalaga sa kalayaan at pambansang pagsulong. Ituloy nating kantahin ang mga awiting sinimulan ng magigiting nating mga manlilikha at mang-aawit.

Paglalagom:

Ang *Orihinal na Pilipinong Musika* (OPM) at Kasabihang Pilipino ay naglalaman ng *weltanschauung* o pangmundong pananaw ng tao sa kalikasan, ng tao sa kapwa tao, at ng tao sa Diyos.

Ang mga nabanggit na uri ng literatura at ang mga kaisipan ng mga taumbarangay ay nagpapakita kung papaano tayong mga Pilipino ay nagpapahalaga sa ating kapaligiran, nagpapahalaga sa kababaihan, tumitiyak sa karapatang pantao ng ating mga anak kagaya ng pagbibigay ng di-kalidad na edukasyon at paggabay tungo sa dakilang layunin, nagpapahalaga sa pananaw at kontribusyon ng bawat isa, at nag-aaruga sa matatandang kasapi ng pamilya. Nagnanais tayo ng kapayapaan, pagkakakilanlan, at kalayaan, at sapagkat batid natin na ang lahat ng bagay sa mundo ay may katapusan, naniniwala tayo sa bagong buhay kasama ng ating Manlilikha, kaya't ipinakakalat natin ang pag-ibig gamit ang musika.

Sa huli, tayo ay may pangmundong pananaw at ang pananaw na iyan, bagaman at may kaibahan, ay malinaw ang pagkakaugnay sa pananaw ng iba pang mamamayan ng daigdig.

Pinagbatayan

Agoncillo, T. A., & Mangahas, F. B. (2010). *Philippine history, expanded and updated edition.* Quezon City: C & E Publications, Inc.

Aloc, D. (2016). *Songs that rekindle Pinoys' nationalist, patriotic spirit.* http://opinion.inquirer.net/95485/ songs-rekindle-pinoys-nationalist-patriotic-spirit

Anderson, B. (1983). *Imagined communities: reflections on the origin and spread of nationalism*. London: Verso.

Araneta, G. C. (2007, June 19). Bayan ko. *Manila Bulletin.* Retrieved April 26, 2018, from https://www.highbeam.com/doc/1G1-165214747.html

Asian Global Music. (2017). *Filipino Winners of ASIA SINGING CONTESTS 2017 Edition.* Retrieved June 27, 2019 from https://www.youtube.com/watch?v=taZQyn-4kIE

asianjournalusa.com. (2018). *Heber Bartolome: A Filipino language hero.* Retrieved April 27, 2018 from http://asianjournalusa.com/heber-bartolome-a-filipino-language-hero-p9327-87.htm

BusinessWorld. (2003). Kuh hits back. *BusinessWorld (Philippines).* Retrieved 26 June 2018 from https://en.wikipedia.org/wiki/ Ako_ay_Pilipino

Canlas, K. C. (2016). Flag Days: Filipinos are encouraged to display the Flag from May 28 to June 12. Retrieved July 13, 2018 from https://www.wheninmanila.com/flag-days-filipinos-are-encouraged-to-display-the-flag-from-may-28-to-june-12/

Constitution of the Republic of the Philippines (1987). Article XII, Section 2. Retrieved June 27, 2019 from globalnation.inquirer.net/177002/carpio-letting-chinese-fish-in-eez-violates-constitution

De Leon, H. S. (1999). *Textbook on the Philippine Constitution.* Manila: Rex Book Store.

Embray, R. (2016). *Stages of fire.* Retrieved July 26, 2016 from https://prezi.com/qsrqybyih-7r/stages-of-fire/.

Jimenez, B., Duavit, J., & Gozon, F. (Producers), & Diaz-Abaya, M. (Director). *Jose Rizal* [Motion Picture]. Philippines: GMA Studio.

Jocano, F. (2000). In Gripaldo, R. M. (Ed.). (2002). *Filipino cultural traits.* Washington DC: The Council for Research in Values and Philosophy.

LAT, Los Angeles Times. (2004, November 22). *George Canseco, 70; Wrote National Hymn of the Philippines.* Retrieved June 26, 2018 from http://articles.latimes.com/2004/nov/22/local/me-passings22.2

Latuna, M. M. (2017). *Pinay X-Factor talent.* Retrieved June 27, 2018 from https://www.youtube.com/watch?v=CQP4W3px3Rs

Lo, R. (2018, January 19). More Pinoy achievers in international competitions. *The Philippine Star.* Retrieved June 27, 2018) from https://www.philstar.com/entertainment/2018/01/19/1779032/more-pinoy-achievers-international-competitions

Lyrical Legacy (2016). *Lyrical legacy: 400 years of American song and poetry.* Retrieved March 30, 2018 from http://www.loc.gov/teachers/lyrical/

Magpantay, M. (2012). *How Tagalog became the basis of the national language (1900-1940).* Retrieved June 26, 2018 from https://melaimagpantay.wordpress.com/ 2012/03/04/how-tagalog-became-the-basis-of-the-national-language-1900-1940/

Mamuyac, R. (2016, August 28). *Dealing with traffic: Working people speak out.* Retrieved June 26, 2018 from http://business.inquirer.net/214172/dealing-with-traffic-working-people-speak-out

Manawat, N.D. G. (2002). Contextualizing the Filipino values. Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID, *Southeast Asia,* 4, 62.

Marcos, F. E. (1978). *A Bold Experiment: Message of His Excellency, Ferdinand E. Marcos, President of the Philippines, to the Congress on the State of the Nation (Speech). The 1978 State of the Nation Address delivered at the opening of the Interim Batasang Pambansa.*

Quezon City. Retrieved June 26, 2018 from https://en.wikipedia.org/ wiki/Isang_Bansa,_Isang_Diwa

Moon, V. (2012). *Mabuhay Singers: The last legends of Kundiman.* Retrieved June 26, 2018 https://www.youtube.com/watch?v=sudYAYSZg_I

Panganiban, A. V. (2016). *EDSA 1 and EDSA 2 compared.* Retrieved June 26, 2018 from http://opinion.inquirer.net/92660/edsa-1-and-edsa-2-compared#ixzz5JUvXXUAn

PD 1413. (1978). Presidential Decree No. 1413 - DECLARING THE THEME "ISANG BANSA, ISANG DIWA" AS THE NATIONAL MOTTO OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES, AND INCORPORATING IT IN THE NATIONAL SEAL. Retrieved June 26, 2018 from https://en.wikipedia.org/ wiki/Isang_Bansa,_Isang_Diwa

PDI, Philippine Daily Inquirer Editorial (2001). *Family ties.* Retrieved, 02 February 2018, from http://opinion.inquirer.net/12441/family-ties#ixzz54hjgihmd

PDI (2011). *Mabuhay singers still alive*. Retrieved April 27, 2018 from http://entertainment.inquirer.net/1215/mabuhay-singers-still-alive

PDI, Philippine Daily Inquirer. (2004, November 20). George Canseco, 70; songs live *'Ngayon at Kailanman'. Philippine Daily Inquirer.* C2.

PearlOfTheOrient.ph. (2012). *Mutya ng Silangan.* Retrieved April 27, 2018 from https://www.facebook.com/PearlOfTheOrient.ph/posts/ 461333810576213

Philippine Star. (2010). *How disciplined are Filipinos?* Retrieved June 26, 2018 from https://www.philstar.com/inbox-world/2010/02/21/551124/how-disciplined-are-filipinos

Quezon, M. L. III (2002-04-02). *History of the Philippines Flag. Flags of the World*. Retrieved July 6, 2018 from https://en.wikipedia.org/wiki/Flag_of_the_Philippines

Ranada, P. (2013). *Lea Salonga on Les Miserables.* Retrieved June 26, 2018 from https://www.rappler.com/entertainment/19745-lea-salonga-on-les-miserables

Remoto, D. (2018, March 2). 7 reasons why we will change the world. *Philippine Star,* A8.

Republic Act No. 8293. *Intellectual property code.*

Republic Act No. 8491. *AN ACT PRESCRIBING THE CODE OF THE NATIONAL FLAG, ANTHEM, MOTTO, COAT-OF-ARMS AND OTHER HERALDIC ITEMS AND DEVICES OF THE PHILIPPINES.* Retrieved from http://www.lyricsmode.com/

RP, Republic of the Philippines, *Constitution of 1987.* Article IV, Section 1.

RP, Republic of the Philippines, Constitution of 1987. Article XIV, Sections 6-7.

Rodell, P. A. (2001). *Culture and customs of the Philippines.* Manila: Greenwood Publishing, p. 187.

Romero, P. (2009, March 19). A presidential medal of merit for Francis M. *The Philippine Star. Retrieved* April 27, 2018 from http://www.gmanetwork.com/news/showbiz/content/151901/francis-magalona-to-receive-presidential-medal/story/

Timbreza, F. T. (2002). The Filipino value of non-violence. In Gripaldo, R. M. (Ed.). (2002). *Filipino cultural traits.* Washington DC: The Council for Research in Values and Philosophy.

Umali, L. (2017). Rizal as an educator. Retrieved November 18, 2018 from https://www.slideshare.net/LeslieUmali/rizal-as-an-educator

Understand Media (2016). *How to analyze a song.* Retrieved July 23, 2016 from http://www.understandmedia.com/topics/media-theory/109-how-to-analyze-a-song

Velasco, M. (2017). *Philippines – the land of greatest singers and belters in the world.* Retrieved June 27, 2018 from https://www.youtube.com/watch?v=e_MmKoAbWHo

Williams, A. (2015). *7 Steps to analyzing a song.* Hillbilly Culture LLC. Retrieved July 23, 2016 from http://songwritingandmusicbusiness.com/ articles/How_To_Analyze_a_Song_Songwriter/

B. Pangmundong Pananaw sa Kalikasan ng Tao

Aking ipinalalagay na ang kadawagan ng kalikasan ng tao ay masasalamin sa mga nilikhang makabayang awitin kung ito ay itatagni sa mga kasabihang Pilipino at aakuing tumpak ng mga mamamayan ng isang piniling barangay.

Kung papaanong ang mga kasabihan ng mga bansang Asyano ay napatatag at napatibay kapwa ng laging paggamit at haba ng panahon (Supaporn Kongsirirat, et al., 2016), gayon din naman ang mga awitin ay nanatili ayon sa layunin ng sa kanila'y pagkalikha. Ang awiting Pilipino ay matatag at nananatili sapagkat ang mga ito ay matapang na repleksyon ng tunay na pangyayari sa ating lipunan, ang pakikibaka para sa tunay na paglaya at pagbabago (Aloc, 2016). Ang "*evolution of emotionalism*" (Jocano, 2000) ay lalo pa ngang pumapailanlang habang lalong tumitindi ang banta ng Hollywoodization at K-popization sa bansa. May ilang kasabihan na nakapaloob sa mga Pilipinong awitin at ang mga kasabihang ito ay nagpapahayag ng pangmundong pananaw (*weltanschauung)* ng mga Pinoy (Timbreza, 1984). Ang damdaming Pilipino ay nababalot ng mga kasabihan at awitin kaya't kailangan ang mga itong pigain sapagkat dito natatago ang tunay na damdamin ng mga Asyano (Gripaldo, 2002).

Matalinong naitago ng mga kompositor ang alab ng pag-ibig sa bayan sa pamamagitan ng mga awitin. Kaya nga't taglay ng mga piniling awitin ang kuwento ng kahapon na lubhang makatutulong sa kasalukuyan at sa darating pang mga henerasyon (Timbreza, 2002). Itong mga piraso ng literatura na nakaligtas sa mainit na mga mata ng mga mananakop ay nagkakaloob sa kasalukuyang henerasyon ng katiyakan ng purong damdaming Pinoy na taliwas sa impluwensya ng mga mananakop.

Ang salita ng Alemanya na *weltanschauung* ay pangmundong pananaw o *world view* (merriam-webster.com/dictionary). Ito ay masaklaw na pagpapakahulugan ng santinakpan at ng relasyon dito ng sangkatauhan (Dictionary.com). Sa Penomenolohiya, ang mga katutubong awitin at kasabihan ay maliit ngunit matibay na representasyon ng pangmundong paksa na may kinalaman sa sangkatauhan.

Ang pinaka-praktikal at importanteng bagay tungkol sa tao ay nananatiling ang kanyang pananaw sa santinakpan (Chesterton, 1986). Ano ang kalikasan? Ano ang ating mundo? Ano ang ating suliranin? Saan tayo patutungo? Ang bawat tao ay may pangmundong pananaw na nagbibigay-katugunan sa apat na mahahalagang katanungan (Anderson, 2012). Bakit mahalaga ang pangmundong pananaw? Ito ay mahalaga sapagkat naaapektuhan nito ang bawat pag-iisip, pangangatuwiran, pagsasagawa ng tao sa kanyang mga personal na palatuntunan. Kung hindi natin bibigyang-pansin ang pangmundong pananaw, tayo mismo ay makararanas ng kalituhan sa kung saan tayo titindig, kung sino ang kakasamahin, at kung ano ang nararapat nating gawin upang mabuhay nang matiwasay. Ang pagkilala sa pangmundong pananaw ng mga Pilipino ay nagbibigay ng pagkaunawa sa santinakpan at nakatutulong sa atin kung saan at papaano titingnan ang pagkilos tungo sa makabayang pananaw at tamang kasagutan sa mga partikular na isyu (Anderson, 2006).

Sa kadahilanang ang mga awitin at kasabihan natin ay naglalarawan ng panlipunan, pangkabuhayan, at pangpulitikang aspeto ng lipunan, nararapat lamang na hagilapin natin ang *weltanschauung* ng kalikasan ng tao para sa mas mataas na antas ng pagkaalam ng mga damdaming Pilipino.

Tulad ng nabanggit, ang paksang ito ay hinggil sa pangmundong pananaw sa kalikasan ng tao. Layon nito na: (1) Mabatid kung ano ang pandaigdigang pananaw ng mga Pinoy sa mga sumusunod: (a) tao-sa-kalikasan; (b) tao-sa-tao, na nahahati sa (i) tao-sa-kababaihan; (ii) tao-sa-mga bata; (iii) tao-sa-kabataan; (iv) tao-sa-di-katandaan; (v) tao-sa-matatanda; (vi) tao-sa-lubhang matatanda; at (vii) tao-sa-mundo); at (c) tao-sa-Maykapal. Ang mga napigang kaisipan ay pinatotohanan ng mga mamamayan ng Barangay Lalaguna, Bayan ng Lopez, Lalawigan ng Quezon, sa Pilipinas.

1. Relasyon ng Pilipino sa Kalikasan

Talahanayan 1. Pangmundong Pananaw ng mga Pilipino sa Kalikasan ng Tao sa Relasyon ng Pilipino sa Kalikasan

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
a. *Kapaligiran* **Asin, 1978** *"Ang mga duming ating ikinalat sa hangin,* *Sa langit wag na nating paabutin"*	*Maruming hangin ang ikinalat, sakit ang lalaganap,*	*Nais namin ng malinis at ligtas na kapaligiran para sa aming mga anak* (69.09%)
b. Sigaw ng Kalikasan Lhirikoh Familia Lyrics (n.d.) *Sigaw ng kalikasan, naririnig mo ba* *At humihingi ng tulong, nakikinig ka ba.*	*Sinumang magtampisaw sa putikan ay mapuputikan ang paa.*	

c. Haring Ibon **Joey Ayala (1992)** *Sila'y nagsipagtago sa natitirang gubat,* *Ang lahi ba nila'y tuluyan nang mawawala?*	*Kung ano ang iyong itinanim ay iyon din ang iyong aanihin.*	
Weltanschauung: Pagkalinga sa Kalikasan		

Kapaligiran: Ayon sa awiting *Kapaligiran* ng Asin:

"Ang mga duming ating ikinalat sa hangin,
Sa langit wag na nating paabutin".

Ang dalawang linyang ito ay kapwa literal at metaporikal. Ang isyu ng kapaligiran ay isyu rin ng moralidad. Ito ay pinatotohanan ng kasabihang: *Maruming hangin ang ikinalat, sakit ang lalaganap.* Halos pitumpung bahagdan (69.09%) ng mga magulang ay nagpahayag ng hiling tungkol sa kaligtasan ng kapaligiran: *Nais namin ng malinis at ligtas na kapaligiran para sa aming mga anak*.

Ang awit, kasabihan, at kahilingan ng mga magulang ay tumuturo sa katotohanang: pinagsasamantalahan ng mga Pilipino ang kapaligiran sa paniniwalang ang kapaligiran ay para sa tao (anthropocentrism) at tinitignan natin ang kapaligiran bilang bagay, gamit, o instrumento para masagot ang ating pangangailangan (Keraf, 2010). Ito ay isyu ng pagsasamantala ng tagapag-alaga sa inaalagaan.

Ang mga Ecopedagogists, mga kasapi ng samahang pilosopikal na nagtataas sa mga kaisipan ni Paulo Freire na ipinapantay ang tao sa kalikasan, ay kumikilos upang magkaroon ng *'paradigm shift'* mula anthropocentric paradigm patungo sa ecopedagogy (Supriatna, 2016). Anila, ang pag-alis ng pananaw na mas mataas ang tao sa kalikasan ay makababawas sa tahasang pagsasamantala ng tao rito.

Ang Anthropocentrism ay nag-ugat sa Kristiyanismo na sa aklat nito ay nagpapahayag na ang tao ay nilikha bilang tagapangalaga ng kinapal ng Diyos at lahat ng nasa daigdig ay nasa ilalim ng mga paa ng tao (Hebrews 2:6-8). Dito, ang kinabukasan ng kalikasan ay nakasalalay sa moralidad ng tao.

Kung titimbangin ang dalawang posisyon, wala sa pagturing ng tao sa kalikasan ang isyu kung hindi sa kanyang moralidad, Kristiyano man o hindi, kailangan ng tao na iakma ang kanyang moralidad sa usapin ng etikang pangkalikasan upang magkaroon ng malinis at ligtas na kapaligiran. Ang espiritwal na tao ay tagapangalagang mahusay.

Sigaw ng Kalikasan: Ang *Sigaw ng Kalikasan* ng Lhirikoh Familia ay nagpapahayag ng personipikasyon ng kalikasan:

Sigaw ng kalikasan, naririnig mo ba,
a*t humihingi ng tulong, nakikinig ka ba?*

Upang marinig ang sigaw ng kalikasan, kailangan ng mga Pilipino ang *pakikiramdam* upang mapagtimbang ang kasalukuyang kalagayan at maiwasang saktan ang kalikasan at tao

(Mataragnon, 1987). Ang pagiging sensitibo sa kalagayan ng kalikasan ay makaiiwas ng paggawa ng isang negatibong bagay sapagkat may katotohanan ang kasabihang: *"Sinumang magtampisaw sa putikan ay mapuputikan ang paa"*. Sapagkat nagtampisaw sa walang-habas na pagkakalat ang karamihan sa Metro Manila, naputikan ang mga paa ng mga tao rito nang rumagasa ang Bagyong Ondoy noong 2009 at naging dahilan ng paglubog ng buong metropolis sa baha. Ang pagputol sa mga punongkahoy sa paligid ng Metro Manila at pagbara ng mga estero dahilan sa mga nakakulapol na plastik na mga basura ay nagpalala sa kalamidad.

Ang kawalan ng pakialam at disiplina ay nagbubunga ng pagkasayang ng ari-arian at pinagpaguran ng kapwa indibidwal at pamahalaan (Shahani, 1992) – mga kaisipan at gawi na repleksyon ng pagsira ng kapaligiran sa kabila ng katotohanang ang pagsira nito ay paghadlang na rin sa pagkakaroon ng matiwasay na pamumuhay.

Haring Ibon: Ang kay Joey Ayalang awitin ay may mga linyang tumutusok sa konsiyensya:

Sila'y nagsipagtago sa natitirang gubat
Ang lahi ba nila'y tuluyan nang mawawala?

May taas na 3 talampakan, ang *Haribon* ay nagtataglay ng bughaw na mga mata na nakakikita nang 8 beses na mas malinaw at mas malayo kumpara sa kakayanan ng tao. Itong monkey-eating eagle ng Pilipinas ay may mas mahabang mga bagwis (7 talampakan o 90-100 sentimetro kumpara sa Bald Eagle ng USA (79-94 sentimetro). Ang *Haribon* ay sa Pilipinas lang matatagpuan – sa kapuluan ng Luzon, sa mga pulo ng Samar at Leyte, at sa kapuluan ng Mindanao. Ito ay nagpupugad sa matataas, malalabay, at matatandang puno sa kagubatan (philippineeaglefoundation.org., 2018). Ang pagkakalbo ng kagubatan ay lubhang nakaaapekto sa kanilang panahanan.

Ang kasabihang: *Kung ano ang iyong itinanim ay iyon din ang iyong aanihin* ay maaaring bigyan ng kahulugang kagaya nito: Ang sino mang sisira sa panahanan ng Haribon ay sumisira sa kanyang sarili, pamilya, bansa, at sariling pagkakakilanlan sapagkat ikinumpara ni Ayala ang unti-unting pagkawala ng Haring Ibon sa unti-unting pagkawala ng katangiang maka-Pilipino – ang pagmamahal sa kalikasan.

Weltanschauung: *Pagkalinga sa Kalikasan*

2. Relasyon ng Tao sa Kapuwa-tao

a. Relasyon ng Tao sa Kababaihan

Talahanayan 2. Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng mga Pilipino sa Kababaihan

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. Dalagang Pilipina **Ruben Tagalog, 1950s.** *Malinis ang puso, maging sa pag-irog* *May tibay at ningning ng loob.*	*Ang kumilos nang pabigla-bigla, sisi ang mapapala;* *Ang taong nagmamadali, kadalasan ay nagkakamali*	*Mas pinahahalagahan namin ang pagiging marunong makisama ng magiging asawa ng aming mga anak bilang mahalagang katangian (76.36%).*
2. Cariñosa **Pilita Corrales (1970s)** *Sa gitna man ng kahirapan* *May sigla pa rin kung kumilos,*	*Daig ng taong mabait ang mayaman.*	

Pilipina ay Cariñosa sa pag-irog.		
3. Umaga na Neneng Ruben Tagalog, 1950s. *Kung ikaw man ay hapo sa mga dusang nadama, Gising na't masdan ang binhi ng pag-asa.*	*Sa tapat na pag-ibig, walang makapananaig*	
Weltanschauung: Paggalang sa Kababaihan		

Ang ***Dalagang Pilipina*** ni Ruben Tagalog ay naglalarawan sa isang Pilipina noong Dekada '50 na:

Malinis ang puso, maging sa pag-irog;
May tibay at ningning ng loob.

Itong tibay ng loob ay nagdadala sa kanya sa tamang pagpapasiya. Ang lakas ng loob ng babae ay pagtiyak sa kanyang tamang disposisyon, kumpara sa padalus-dalos na kilos na nauuwi sa pagkakamali. Gaya ng kasabihan: *Ang kumilos nang pabigla-bigla, sisi ang mapapala* at *Ang taong nagmamadali, kadalasan ay nagkakamali*. Ang tibay ng loob, bilang termino sa katapangan sa gitna ng sakit o kaguluhan, ay pagpapahalagang Pilipino na kilala sa English na '*fortitude*' (Jocson, 2016). Inihambing ng manunulang si I. V. Mallari ang bawat Pilipino sa kawayan na ang pagsayaw nito sa lakas ng hangin ang nagliligtas dito sa sigwa (Linan, 2012). Ang kababaihan na mabini, mahinhin, at simple ay karapatdapat sa paggalang ng kalalakihan.

Sa ***Cariñosa,*** na inawit ni Pilita Corrales (1970s), inilalarawan din ang dalagang Pilipina na may siglang kumilos at nananatiling malambing sa kabila ng kalungkutan o kaligayahan:

Sa gitna man ng kahirapan
May sigla pa rin kung kumilos
Pilipina ay Cariñosa sa pag-irog.

Ang isang *cariñosa* ay tapat sa pag-ibig, nababatid ang kanyang pinagmulang lahi, at may pagmamalaki sa kakanyahan. Iginagalang niya ang kultura na kumakalingang kagaya ng tahanan, at saanman siya magtungo ay lagi niyang inaalala ang lahing pinagmulan (Jalili, 2015). Ang kasabihang *Daig ng taong mabait ang mayaman* ay pagpapakita ng pagpili ng mga Pilipino sa ugali sa halip na kayamanan. Ang 76.36% ng mga magulang ay nagsasabing: *Mas pinahahalagahan namin ang pagiging marunong makisama ng magiging asawa ng aming mga anak bilang mahalagang katangian.* Ang pagkamatapat sa isang taong iniibig ay katulad ng pagkamatapat sa sariling bansa. Ang pag-ibig sa bansa ay kapara ng marubdob na pag-ibig sa isang Pilipina.

Ang kay Ruben Tagalog na ***Umaga na Neneng*** ay isang awitin na nilikha pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig:

Kung ikaw man ay hapo sa mga dusang nadama
Gising na't masdan ang binhi ng pag-asa.

Ang kasarinlan ay namamanaag na sa Silangan ngunit ang bansa ay tila isang babaeng naiidlip pa. Kailangan niyang gumising at tingnan ang ganda ng pagsungaw ng araw sa kabundukan, karagatan, at kaparangan ng bansa.

Ang kasarinlan ay pinagbuwisan ng buhay ng mga Pilipino. Tanyag si Manuel L. Quezon sa pagpapahayag ng kahalagan ng pagsasarili: "*I prefer a government run like hell by Filipinos to a government run like heaven by Americans*." Bilang pagtatanggol ni Manuel Quezon III sa mga salitang ito ng kanyang lolo, sinabi niya na kahit gaano kasama ang pamamahala ng isang Pilipino sa Pilipinas ay mas mabuti na kumpara sa ilalim ng pamamahala ng mga dayuhan. Kontradiksyon ang ibinato ni Tiglao (2014) sa mga salitang ito ng maglolo sapagkat, sa kasalukuyan, totoong animo impyerno ang pamamahala ng mga lider-Pilipino at ito ay magpapatuloy habang ang pamahalaan ay "*government by the elite, of the elite, and for the elite*". Sa kabilang banda, imposible rin naman na ang Pilipinas ay pamunuan ng mga Amerikano na gaya ng sa paraiso. Maaaring ihalintulad ang ganitong kalagayan sa isang Pilipina na pinipilit ipakasal sa isang mayamang Amerikano sa halip na ipakasal sa isang mahirap na Pilipino, na nagsasawalang-kibo sa kalayaan sa pamimili ng babaeng Pilipina.

Weltanschauung: *Paggalang sa Kababaihan*

b. Relasyon ng Tao sa mga Bata

Talahanayan 3. Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa mga Bata

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. Oyayi **Composer and Lyricist: Ony Carcano (n.d.)** *Matulog ka na aking bunso,* *Lalakbayin ay malayo* *Mag-ipon ka ng lakas* *Pagkat kailangan mo 'yan bukas*	*Ang ibinabait ng lumalaking bata ay nasa magulang na nag-aalaga.*	*Kinakantahan namin ang mga sanggol ng love songs* (49.09%). *(bihira ang sikat na kanta na oyayi). Ang pag-aaral ay hindi lamang para magkaroon ng pag-aari* (85.45%). *Gusto naming sila ay makatapos ng pag-aaral at magkaroon ng magandang buhay* (90.91%).
2. Bawat Bata (Every Child) by Apo Hiking Society. Composer: Jim Paredes; Performer: Apo Hiking Society, year: 1980s *Ang bawat bata sa ating mundo* *Ay may pangalan, may karapatan.*	*Ang mga anak ay salamin ng mga magulang.*	
3. Abakada (Alphabet). Florante De Leon (1970s) A – *Ang mag-aral ay gintong tunay* B – *Bagay na dapat pagsikapan* K – *Karunungan ay kailangan lang* D – *Dunong ay gamot sa kamangmangan*	*Nakikita sa labong ang magiging bumbong.*	
Weltanschauung: Paggalang sa Karapatan ng mga Bata		

Isang *rara avis* (pambihirang ibon) si Ony Carcano sa kanyang paglikha at pag-awit ng Oyayi (Lullaby):

Matulog ka na aking bunso,
Lalakbayin ay malayo;
Mag-ipon ka ng lakas,
Pagkat kailangan mo 'yan bukas.

Maraming mga kompositor ang nababaliw sa paglikha ng awitin ng pag-ibig. Nagkaroon tuloy ng kakulangan sa hele. Ano ngayon ang aawitin ng nanay upang patulugin ang kanyang sanggol? Ang kasabihang *Ang ibinabait ng lumalaking bata ay nasa magulang na nag-aalaga* ay tumpak lalo pa at tama ang paraan ng pag-aalaga. Nakagugulat ang datos na mula sa mga magulang. Sinabi nila na *Kinakantahan namin ang mga sanggol ng love songs*. Ang ilan pa nga ay umaawit ng "Bawal na Gamot" bilang oyayi. Isa itong hamon sa kasalukuyang mga awit-manlilikha.

Mas nakapanlulumo ang tinalakay sa editorial ng isang pahayagan: "*Driven away from home by poverty and a lack of local economic opportunities, Filipino mothers working in Hong Kong, other parts of Asia, the US, Europe, the Arab countries and elsewhere in the world, are singing lullabies to put their masters' babies to sleep instead of their own*" (Editorial: The Manila Times, 2018). Kung oyayi man o awit ng pag-ibig ang kinakanta ng mga OFWs, nananatili pa ring hungkag ang kalagayan ng lipunang Pilipino dahilan sa walang-katiyakang kalagayang pangkabuhayan.

Sa oyayi sa itaas, kinukondisyon ng magulang ang anak na matulog upang paghandaan ang mahabang paglalakbay sa kinabukasan. Ito ang kaisipan at uri ng pag-aalagang nawawala sa mga anak na nililisan ng mga magulang upang makipagsapalaran sa ibang bansa.

Bawat Bata ng Apo Hiking Society:

Ang bawat bata sa ating mundo
Ay may pangalan, may karapatan.

Ang lahat ng bata sa buong mundo ay may pantay-pantay na karapatan (UN Convention on the Rights of a Child). Binigyang-kahulugan ng Convention na ang bata ay sino man na may gulang na mas mababa sa 18 taong gulang, malibang ang 'age of majority' ay natamo sa ilalim ng batas. Tiniyak ng Unicef (2018) na ang bata ay may karapatan mula pagsilang na magkaroon ng pangalan at pagkamamamayan (Article 7, Section 1) at panatilihin ang kanyang pagkakakilanlan na kinikilala ng batas (Article 8, Section 1). May karapatan ang mga bata na magkaroon ng pangalan, pribilehiyo, at tungkulin.

Abakada ni Florante De Leon ay nagpapahalaga sa edukasyon:

A – *Ang mag-aral ay gintong tunay*
B – *Bagay na dapat pagsikapan*
K – *Karunungan ay kailangan lang*
D – *Dunong ay gamot sa kamangmangan*

Bukod sa pag-awit ng nursery rhymes, nagpapalitan din sila ng kaalaman sa pamamagitan ng bugtong at salawikain. Tinawag ni Damiana (2002) ang kasabihang Pilipino na "*the wisdom of many and the wit of one*" dahil nanatili ang mga kasabihang iyan sa paglipas ng maraming henerasyon. Pinaniniwalaan na ang edukasyon ay lunas sa kamangmangan. Batid ng mga magulang ito: *Nakikita sa labong ang magiging bumbong.* Alam ng mga magulang ang potensyal ng kani-kanilang mga anak.

Naniniwala ang mga magulang na *Ang pag-aaral ay hindi lamang para magkaroon ng pag-aari* (85.45%), at *Gusto naming sila ay makatapos ng pag-aaral at magkaroon ng magandang buhay* (90.91%).

Weltanschauung: *Paggalang sa Karapatan ng mga Bata*

c. Relasyon ng Tao sa Kabataan

Talahanayan 4: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa Kabataan

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. Paaralan **by Heber Bartolome, (1970s).** *Mga anak-mayamang pinag-enrol sa eskwela,* *Hindi pumapasok,* *bulakbolero lang pala* *At ang mga anak nitong mahihirap* *Ay gusto mag-aral ngunit walang ibabayad.*	*Ang kahoy na liko't baluktot, hutukin mo hanggang malambot; kung malaki na at tumayog, mahirap na ang paghutok*	*Lahat ng nangyayari sa anak ay may kinalaman ang magulang (50.91%).*
2. Istambay (Stand-by). **Banyuhay ni Heber (1970s)** *Istambay dyan sa kanto, ako ang istambay dyan sa kanto* *Saan ako patutungo, kaliwa ba o kanan o diretso?*	*Ang mga magulang ang sentro ng pananagutan sa buong tahanan*	
3. Anak **Freddie Aguilar, 1978** *Nagdaan pa ang mga araw* *at ang landas mo'y naligaw* *Ikaw ay nalulong sa masamang bisyo* *At ang una mong nilapitan, ang 'yong inang lumuluha* *At ang tanong "Anak, ba't ka nagkaganyan?"*	*Ang anak na di paluhain, ina ang patatangisin*	
Weltanschauung: Responsibilidad ng magulang ang paggabay sa anak.		

Ang *Paaralan* ni Heber Bartolome ay nagpipinta sa kaisipan ng gawi ng mga anak ng mayayaman at anak ng mahihirap kung pag-aaral ang pag-uusapan:

Mga anak-mayamang pinag-enrol sa eskwela,
Hindi pumapasok, bulakbolero lang pala;
At ang mga anak nitong mahihirap
Ay gustong mag-aral ngunit walang ibabayad.

Kapag kayamanan ang sandigan, nawawalan ang kabataan ng ganang mag-aral. Sa mga naghihikahos na anak-mahirap, ang pagsusumikap ay pag-ahon sa hirap na nadarama. At ito ay makikita sa kanilang pag-aaral. Malinaw na nagkakaiba ang dalawa sa motibasyon – kung ano ang nagtutulak sa isang mag-aaral upang magsumikap sa pag-aaral. Nasa mga magulang pa rin ang paggabay. Ayon nga sa kasabihan: *Ang kahoy na liko't baluktot, hutukin mo hanggang malambot; kung malaki na at tumayog, mahirap na ang paghutok.*

Sinamahan pa ang ganitong kalagayan ng ipinalalagay na maling sistema ng edukasyon – isang maka-Kanlurang plataporma – na nagtutulak sa mga mag-aaral na kagyat na yumakap sa globalisasyon subalit nakalilimot sa lokalisasyon. Mas dinadakila sa edukasyong ito ang pangingibang-bansa sapagkat ang edukasyong natamo ay sa ibayong-dagat naaangkop. Sapagkat sinanay naman ng hirap ng buhay, may kakayahan ang mga Pilipino ngunit ang ilan sa kanila ay gumagamit na lang ng pekeng diploma upang magkahanap-buhay (Editorial: The Philippine Star, 2006). Ganyan kaliit ang papel ng edukasyon sa kanilang buhay.

Ang kalidad ng edukasyon ay nababatay sa maayos na interaksyon sa gitna ng pamahalaan, ng komunidad, ng paaralan, ng mga magulang, at ng mga mag-aaral.

Istambay. Banyuhay ni Heber:

Istambay dyan sa kanto,
ako ang istambay dyan sa kanto
Saan ako patutungo, kaliwa ba o kanan o diretso?

Konsepto ng pakikisama ang nagbibigkis sa mga miyembro ng isang gang o barkada. Ang pakikisama ay bahagi ng pakikipagkapwa (Enriquez, 1977) subalit hindi lamang sa pakikisama umiikot ang pakikipagkapwa. Ang isang kabataan ay maaaring *nakikisama lang* at hindi niya matanggihan ang mga gawang hindi niya pasado sa sarili niyang pamantayan. Ang isang Pilipino na nakikipagkapwa ay nagbabahagi ng kanyang personalidad at kakanyahan sa iba. Ang pakikipagkapwa ay nagpapakita ng paggalang sa iba bilang ibang tao (Guevarra, 2002).

Ang mga magulang ang sentro ng pananagutan sa buong tahanan ayon sa kasabihan. Ang kasabihang ito ay sinang-ayunan ng 50.91% ng mga magulang: *Lahat ng nangyayari sa anak ay may kinalaman ang magulang*.

Noong 1978, Ang *Anak* ni Freddie Aguilar ay pumaimbulog sa kasikatan hindi lamang sa Pilipinas kung hindi sa ibang bansa na rin. Tumanggap si Aguilar ng pagkilala (lifetime recognition) mula sa Senado (Senate Resolution 658) dahil sa kanyang tagumpay. Ang Anak ay pinatugtog sa 53 bansa, isinalin sa 29 na wika, at muling ini-record nang mahigit sa 100 bersiyon (Belmonte, 2018). Bumenta ito ng 33 milyong kopya sa buong mundo:

Nagdaan pa ang mga araw at ang landas mo'y naligaw,
Ikaw ay nalulong sa masamang bisyo;
At ang una mong nilapitan,
Ang 'yong inang lumuluha
At ang tanong "Anak, ba't ka nagkaganyan?

Angkop dito ang kasabihang: *Ang anak na di paluhain, ina ang patatangisin.* Ang pag-unawa sa anak ay hindi nangangahulugan ng pagtanggap sa di-kanais-nais na gawi. Ang tanging paraan upang maunawaan ang kapwa ay ang maunawaaan ang buhay ng kapwa (Buber, 1986). Ang angkop na terminolohiya ay '*empathy*'. Ipinaliwanag ni Guevarra (2002) na kung ang mga Pilipino ay makasarili, hindi posible na maunawaan nila ang buhay ng kanilang kapwa. Ang mga Pilipino na nakikipagkapwa ay nakalampas na sa bitag ng pagkamakasarili. Idinagdag ni Guevarra na sapagkat ang ibang tao ay hindi ang sarili, at ang sarili ay hindi ang

ibang tao, ang konkretong pagpapahayag ng pangsantinakpang karanasan ng iba ay hindi kumpletong mauunawaan ng sarili. Kailangang maunawaan ng magulang ang anak at ng anak ang magulang at magpahayag sila ng pagpayag na kapwa sila lumakad nang magkasama upang makarating sa patutunguhang kapwa nila ninanais marating. Ang pagsisisi ay isang indikasyon ng pagkamatay ng isang dahon at pagsibol ng isa pa mula sa pinagkapitasan ng una.

Weltanschauung: *Responsibilidad ng magulang ang paggabay sa anak.*

d. Relasyon ng Tao sa Di-katandaan

Talahanayan 5: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa di-katandaan

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. *Gising na, O, Kuya Ko* (Wake Up My Brother). Coritha (1980s) *Masdan mo, nasa bintana,* *mataas na ang araw* *Kailan ba ang 'yong* *pagbangon, pag huli na ang* *lahat?*	*Ang katamaran ay nagtuturo ng pagnanakaw* *Ang katamaran ang ina ng kahirapan*	*Hindi sa lahat ng panahon ay napipigilan namin sila* (56.36%). *Kailangang handa ang aming mga anak sa tagumpay o kabiguan* (80%) *Madalas naming binibigyan ng payo ang aming mga anak at sinasabi, "Halika, mag-usap tayo!"* (65.45%)
2. Luha (Tear). Aegis (1998) *Gulong ng buhay, patuloy-tuloy sa pag-ikot* *Noon ako'y nasa ilalim,* *bakit ngayo'y nasa ilalim pa rin?* *Sana bukas, nasa ibabaw naman.*	*Ang buhay ay parang gulong, magulungan at makagulong.*	
3. Tayo'y Mga Pinoy- The Original (We are Filipinos). Banyuhay ni Heber (1970s) Kung ating hahanapin ay matatagpuan Tayo ay may kakanyahang dapat na hangaan	*Bago natin maunawaan ang daigdig, kailangan munang maunawaan ang ating sarili*	
Weltanschauung: Pagpapayo sa di-katandaan tungo sa dakilang layunin		

Gising na, O, Kuya Ko ni Coritha:

Masdan mo, nasa bintana,
Mataas na ang araw
Kailan ba ang 'yong pagbangon,
Pag huli na ang lahat?

Sa kanyang pagtalakay tungkol sa katamaran ng mga Pilipino, isinisi ni Rizal ang katamaran sa tropikal na klima ng bansa at sa kanilang karanasan sa *polo y servicios* o sapilitang paggawa sa ilalim ng mga Kastila. Idinagdag ni Agoncillo (1990) na sapagkat ang Pilipinas ay pinagkalooban ng mayamang kalikasan, hindi na kinakailangan ng mga Pilipino na maghanap-buhay araw-araw. Bukod dito, sa tuwina ay naririyan ang kanilang mga kamag-anak upang tumulong (close-family ties).

Ang katamaran ay nagtuturo ng pagnanakaw at *Ang katamaran ang ina ng kahirapan* ay dalawang kasabihan na nagtuturo sa mga Pilipino na maging masipag. Nagsisipag man o nagtatamad-tamaran, ipinahayag ng 56.36% ng mga magulang na: *Hindi sa lahat ng panahon ay napipigilan namin sila* (sa paggawa ng di-mabuti o sa hindi pagtatrabaho). Ang kaseguruhan sa kabuhayan ay nagbubunsod ng pagtanggap ng lipunan at pagmamalaki sa sariling gawa.

Luha ng Aegis ay gumamit ng kasabihan:

Gulong ng buhay,
patuloy-tuloy sa pag-ikot;
Noon ako'y nasa ilalim,
Bakit ngayo'y nasa ilalim pa rin?
…Sana bukas, nasa ibabaw naman.

Ang kasabihang pinagbatayan ay ito: *Ang buhay ay parang gulong, magulungan at makagulong.* Nalalaman ang katotohanang nakabalot sa kasabihan, 80% ng mga magulang ang nagpahayag: *Kailangang handa ang aming mga anak sa tagumpay o kabiguan*.

Tayo'y Mga Pinoy ng Banyuhay ni Heber:

Kung ating hahanapin ay matatagpuan,
Tayo ay may kakanyahang dapat na hangaan.

Ilang mga Pilipino ang nahihiya sapagkat hindi katangusan ang kanilang mga ilong, na para bang ang pagiging mapagtagumpay ay nasa hugis ng ilong. At sa kanilang pagtitig sa matatangos na ilong ng mga dayuhan, nakakaramdam na sila ng pasukong pag-iisip. Sa tangos ng ilong, sa maputing kulay ng balat, at sa ipinakikitang kilos na may kinalaman sa pakikisama, hiya, at utang na loob, nagkakaroon ang mga dayuhan ng ideya na sila ay superior at makapangyayari sa mga Pilipino (Enriquez, 1990).

Tinatawag sila ni Enriquez (1990) na mga *pasukong Pilipino* (the submissive Filipino). Ang ganitong kaisipan at gawi ay nakatulong sa mga mananakop ng pagpapanatili ng kanilang kapangyarihan, na kahit nagwakas na ang pananakop ay nananatili pa rin ito sa lipunan.

Ang *Hollywoodization* ng pelikula (Blaum, 2017) at ang *K-popization* ng musika (Hyucham, 2014) ay repleksyon ng kaisipang kolonyal na mapanganib sa halos lahat ng aspeto ng buhay-Filipino (Figueroa, 2013). Mauugat ang dahilan ng paghanga sa mga bituin ng Hollywood at mga tala ng Korean Pop sa lahing Caucasoid ng mga nabanggit, lalo na sa matangos na ilong at maputing kulay ng balat (at singkit na mga mata). Halata namang may kakaibang dating sa Pilipino ang 'WGWG' o 'white guy with guitar' (Prudom, 2012; Johnston, 2015) na madalas na nagwawagi sa American Idol.

Noong 1962, hinati ni Carleton S. Coon ang populasyon ng mundo sa 4 na pangunahing lahi, White/Caucasian, Mongoloid/Asian, Negroid/Black, at Australoid. Noon namang 1950, itinigil ng United Nations ang paggamit ng salitang 'race' o lahi, at pinalitan ito ng "ethnic groups" o pangkat-etniko (Imbroots, 2016). Sinang-ayunan naman ni Santamaria (2012) ang pahayag ng biologist na si Gonzalez-Martin na ang lahi ay hindi konseptong biyolohikal, at

ang etnisidad ay may kinalaman lamang sa kinabibilangang pangkat-pangkultura. Ang lahi ay walang biyolohikal na kahulugan kundi panlipunang kahulugan lamang.

Dapat ay tinunaw na ng ideya ni Gonzalez-Martin ang mestizo dilemma ng mga Pilipino. Tila mayroong pagbabanggaan ng pwersa sa loob ng bawat Pilipino – ang paglalaban ng Silangan at Kanluran (Aguilar, 1997). Sa pananaw nina Gonzalez-Martin at Santamaria, ang ganitong banggaan ay pangkultura at hindi biyolohikal. Sa kabila nito, nananatili pa rin hanggang ngayon ang mestizo dilemma sa kalooban ng ilang Pilipino.

Ayon sa kasabihan: *Bago natin maunawaan ang daigdig, kailangan munang maunawaan ang ating sarili.* Ang magulang ang mas nakauunawa sa kanilang mga anak. Kailangan pa rin dito ang pagpapayo ng mga magulang, kung saan, 65.45% sa kanila ay nagsasabing: "*Madalas naming binibigyan ng payo ang aming mga anak at sinasabi, 'Halika, mag-usap tayo!'".*

Weltanschauung: *Pagpapayo sa di-katandaan tungo sa dakilang layunin*

e. Relasyon ng Tao sa Matatanda

Talahanayan 6: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa Matatanda

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. *Kapayapaan* **Tropical Depression (1990s)** *Kapayapaan!* *Mundo nating hati-hati* *Pag-isahin nating muli.*	*Walang makipot na daan para sa taong tunay na nagmamahal*	*Sa tuwing nakikita namin na ang mga anak ay patungo na sa pagsasarili, kung may kakayahan lamang kaming patigilin ang pag-inog ng mundo, sana ay pinatigil na namin ito noong sila ay 7 gulang pa lamang* (43.64%)
2. American Junk. Apo Hiking Society (1980s) American junk! Get it out of my bloodstream Get it out of my system I can only take so much Just to get back to who I am!	*Kung ang isalubong sa iyo'y ngiti at pakitang-giliw, asahan mo'y siya'y kaaway na lihim.*	
3. *Awiting Pilipino* Mike Hanopol (1970s) *Wala na ang awit, ang awiting Pilipino* (The song is gone, the Filipino song) *Wala na ang himig, tinig ng mga puso.*	*Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay di makararating sa paroroonan .*	
Weltanschauung: Pagnanais ng kapayapaan, pagkakakilanlan, at Kalayaan		

Ang masiglang awiting *Kapayapaan!* ng Tropical Depression (1990s) ay nagpapahayag na:

Mundo nating hati-hati
Pag-isahin nating muli.

May kasabihang Pilipino, *Walang makipot na daan para sa taong tunay na nagmamahal*. Para sa atin, walang kapayapaan kug walang pag-ibig (Chretien, 2016). Kaya naman, ang humanap ng kaisahan at pagsigaw ng kapayapaan ay importanteng adbokasya. Di lingid sa atin na walang kapayapaan kung may mapagsamantala.

Halimbawa, kailangang manindigan laban sa imperyalismo. Ito ang nagtulak sa Apo Hiking Society na likhain ang American Junk:

American junk!
Get it out of my bloodstream;
Get it out of my system;
I can only take so much;
Just to get back to who I am!

Ang kasabihang Pilipino ay mas malinaw na tumutungkol sa mananakop: *Kung ang isalubong sa iyo'y ngiti at pakitang-giliw, asahan mo'y siya'y kaaway na lihim.* Kilala ang mga imperyalista sa pag-aalok ng pagkakaibigan habang ang kanilang isip ay puno ng makasariling layunin.

Ang ganap na pagsuka sa ideya ng banyaga ay singsama ng dagling paglunok nito. Ang sariling awitin at ang banyagang awitin ay pumupuno sa dalawang magkahiwalay na puwang, ang bilang mamamayan ng Pilipinas at bilang mamamayan ng daigdig.

Ang *Awiting Pilipino* ni Mike Hanopol:

Wala na ang awit, ang awiting Pilipino
Wala na ang himig, tinig ng mga puso.

Sapagkat ang globalisasyon ay isang pagkakataon ngunit isa ring banta sa pagkawala ng pagkakakilanlan, kailangan nating lumingon sa ating pinanggalingan. May kasabihan tayo na: *Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay di makararating sa paroroonan*. Ang paglingon ay pagpapahalaga sa ating kultura at pinagmulang lahi.

Musikang Kanluranin ang unti-unting nagpapahina sa ating sariling musika at ang pagkahilig natin sa banyagang awitin at pelikula ay mapangwasak, pagpapatunay na ang pinakamatindi nating kaaway ay ang ating sarili (Armecin, 2017). Ang tanging dahilan kung bakit napananatili ang sariling musika ay ang pagiging romantiko nating mga Pilipino ayon sa sarbey ng Gallup sa pagitan ng 2006 at 2007 kung saan 93% sa atin ay ang pakiramdam ay laging in love (Heinrich, 2018). Love songs na lang ang bumubuhay sa OPM. Ang mga awiting makabayan ay seasonal na lang kagaya ng Araw ng Kalayaan.

Ang hiling ng mga magulang: ang kanilang mga anak ay huwag nang tumanda pa nang hihigit sa pitong taon (43.64%): *Sa tuwing nakikita namin na ang mga anak ay patungo na sa pagsasarili, kung may kakayahan lamang kaming patigilin ang pag-inog ng mundo, sana ay pinatigil na namin ito noong sila ay 7 gulang pa lamang*.

Weltanschauung: *Pagnanais ng kapayapaan, pagkakakilanlan, at Kalayaan*

f. Relasyon ng Tao sa Lubhang Matatanda

Talahanayan 7: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa Lubhang Matatanda

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. *Kanlungan* **Noel Cabangon (2000s)** *Lumilipas ang panahon,* *kabiyak ng ating gunita* *Ang mga puno't halaman,* *bakit kailangang lumisan?*	*Kanya-kanyang panahon lamang iyan.* *Nababasag ang banga.*	*Para sa amin, ang katandaan ay paglapit sa kamatayan na ipinalalagay namin na kapahingahan* (34.55%) *at simula ng bagong buhay* (30.91%).
2. Kahit Maputi na ang Buhok Ko **Composer: Rey Valera, Singer: Sharon Cuneta (1970s)** *Ipapaalala ko sa 'yo ang aking pangako* *Na ang pag-ibig ko'y lagi sa 'yo* Kahit maputi na ang buhok ko.	*Walang makaliligtas sa kapangyarihan ng pag-ibig.*	
3. Lolo Jose **Coritha (late 1970s)** *Si Lolo Jose (3x) ay matanda na* *Ngunit mahal ko pa si Lolo Jose* *Kahit siya ngayon ay laos na.*	*Yamang sa alabok ikaw ay nanggaling; sa lupang alabok ay babalik ka rin.* *Ang buhay, tulad ng isang awit lamang, mayroong simula at may katapusan.*	
Weltanschauung: May katapusan ang lahat ng bagay sa mundo.		

Ang ***Kanlungan*** ni Noel Cabangon ay tumimo sa puso ng karamihan sa atin:

Lumilipas ang panahon, kabiyak ng ating gunita
Ang mga puno't halaman, bakit kailangang lumisan?

Madamdamin ang awit na ito ni Cabangon sapagkat ipinakikita nito ang kaiksian ng buhay at ang pagkakatali natin sa mga mahal sa buhay at mga alaala. Ang bawat tao ay nabubuhay sa isang partikular na panahon. Hindi na natin maibabalik pang muli ang panahong lumipas. Sa gulang ng pagbabalik-gunita, hindi na bumabalik ang mga nawalang pagkakataon. Ang tagumpay ay ninanamnam nilang nagsumikap subalit ang kabiguan ay isinusumpa nilang mga hindi nakakuha ng ginto sa kanilang mga pangarap. Ang buhay ay pinaghalong matamis at mapait at ang dapit-hapon ay nagkakaroon na ng iba't ibang pakahulugan. Ang mga puno ay tagapagpaalala kapwa ng kasiyahan at kalungkutan, kagaya ng taib at hibas. Katulad ng pagbilog at pagliit ng buwan, ang tagumpay at kabiguan ay dumarating at lumilisan. Sang-ayon sa kasabihang Pinoy: *Nababasag ang banga*. Kahit na ang bakas ng ating mga paa sa dalampasigan, ang mga ito ay buburahin ng bawat paghalik ng mga alon sa buhanginan at mapapalitan na ng mga bakas ng bagong henerasyon.

Ang natira na lamang sa lubhang matatanda na ay mga pilat ng nakaraan, malabong imahe ng kasalukuyan, at ang anino ng walang katiyakang hinaharap.

Nilikha ni Rey Valera at inawit ni Sharon Cuneta ang klasikong ***Kahit Maputi na ang Buhok Ko*** na nagpapahayag ng:

Ipapaalala ko sa 'yo ang aking pangako
Na ang pag-ibig ko'y lagi sa 'yo
Kahit maputi na ang buhok ko.

Ang pag-iibigan na nananatili kahit sa pagputi ng buhok ay sadyang romantiko. Marahil, ang pagkakaroon ng iba't ibang alalahanin ay hadlang sa pagkakilala sa kaisang puso (Domingo, 2016). Gayunman, sa mga umiibig na nagdiriwang ng kanilang golden o diamond anniversaries at nananatiling may umaagos na pagmamahal ay tiyak na natuklasan ang sinasabi ni Domingo na kadalasan ay sa malayo tayo nakatingin at hindi natin napapansin ang taong nakatadhanang ating makasama sa mahabang panahon. Ang pisikal na katawan ng tao ay humihina sa katandaan, at ang buhok niya ay pumuputi na, ngunit ang kanyang apoy ng pagmamahal ay nananatiling naglalagablab.

Ang 70.91% ng mga magulang ay nagpahayag: *Mahalaga ang musika para sa aming mga magulang dahil nakagagaan ito ng buhay*. Ito ay isang tanda na tayong mga Pilipino ay may pagmamhal sa musika at iniuugnay natin ang musika sa ating buhay bawat araw.

Kung gayon, ang pag-ibig ay hindi apektado ng pagkalagas ng mga dahon, ng pagkatuyo ng mga damo, ni ng pagdami ng puting buhok. May kasabihan nga tayo: *Walang makaliligtas sa kapangyarihan ng pag-ibig,* kahit na ang mga mapuputi na ang buhok.

Pinasikat ni Coritha ang ***Lolo Jose***:

Si Lolo Jose (3x) ay matanda na
Ngunit mahal ko pa si Lolo Jose
Kahit siya ngayon ay laos na.

Inaalagaan natin ang matatandang kasapi ng ating tahanan. Nagagampanan natin ang pagpapalit ng papel sa pamilya. Ang dating nag-alaga ay inaalagaan. Pagkatapos, ang matanda ay lilipad na katulad ng ibon at hindi na muling magbabalik (Sampaguita's Tao, 1970s). Ang magbabalik na lang ay ang katawang lupa sa alabok na kaniyang pinanggalingan (Rico J. Puno's Lupa, 1970s; Genesis 3:19. KJV). Tuwina ay naririnig natin na: *Yamang sa alabok ikaw ay nanggaling; sa lupang alabok ay babalik ka rin.*

Ang 30.91% ng mga magulang ay naniniwala na: *"…ang katandaan ay paglapit sa kamatayan na ipinalalagay namin na kapahingahan"* at 34.55% naman sa kanila ang naniniwala na ang kamatayan "*ay simula ng bagong buhay".*

Minamahal natin ang lahat ng mga kamag-anak lalo na ang mga matatanda na noong kanilang kalakasan ay nag-ambag sa ating pamilya at lipunan.

Weltanschauung: *May katapusan ang lahat ng bagay sa mundo.*

g. Relasyon ng Tao sa Mundo

Talahanayan 8: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa Mundo

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. Salamat, Salamat, Musika **Composer: Gary Granada; Singer: Nanette Inventor, 1980s)**	*Lahat ng bagay sa sanlibutan ay lilipas ngunit ang musika'y di kukupas*	*Mahalaga ang musika para sa aming mga magulang dahil nakagagaan ito ng buhay* (70.91%).

Salamat, salamat, musika; itong munting mundo ay napapasigla.		
2. Isang Mundo, Isang Awit **Leah Navarro (1980s)** *Je t'aime, te amo,* I love you, *watashi wa anata o aistomasu* *Ich liebe dich, iniibig kita, gua ai di* *Paano man sabihin, ang mundo'y turuan natin* *Tanging lunas ang pag-ibig.*	*Pag-ibig ang susi ng lahat*	
3. Handog ng Pilipino sa Mundo **Various Artists (1986)** *Handog ng Pilipino sa Mundo,* *mapayapang paraang pagbabago.*	*Ang mga magkakadikit na kawayan sa banayad na hangin ay nagkikiskisan; sa malakas na sigwa ay nagsusuportahan*	
Weltanschauung: Ang musika, tulad ng pag-ibig, ay pangsantinakpan.		

Salamat, Salamat, Musika likha ni Gary Granada at inawit ni Nanette Inventor:

Salamat, salamat, musika;
itong munting mundo ay napapasigla.

Gamit ang matalas na pandinig, ang mga Pilipino ay madaling makabisa ang mga tono. Ang kakayahang ito ay namana pa natin sa ating mga ninuno bago pa dumating ang mga mananakop (Agoncillo, 1990). Kahit salat sa pormal na pag-aaral ng musika, madali nating napatutulog ang ating mga sanggol, napagagaan ang pakiramdam ng ating kapwa, at natutulungan matupad ang pangarap ng ating kamag-anak o kaibigan. Marami tayong mga awit sa iba't ibang pagdiriwang. Maaari tayong magpatawa, magpaiyak, magpasimangot, at magpangiti gamit ang musika. Ayon nga sa ating kasabihan: *Lahat ng bagay sa sanlibutan, pilit na lilipas ngunit ang musika'y di kukupas*.

Saan man tayo magtungo, may musika tayo na laging kasa-kasama sa lahat ng panahon. Nangarap si Leah Navarro ng ***Isang Mundo, Isang Awit***:

Je t'aime, te amo, I love you,
watashi wa anata o aistomasu,
Ich liebe dich, iniibig kita, gua ai di
Paano man sabihin,
ang mundo'y turuan natin
Tanging lunas ay pag-ibig.

Ang gawaing pagtuturo ng mundo na ito na umibig ay mistulang madali at makatotohanan ngunit sa katotohanan, ito ay mahirap at idealistiko. Alam ng mundo, lalo na ng mga Pilipino, ang kuwento ng isang nangaral ng pag-ibig, subalit Siya ay ipinako sa krus.

Ang isipan ng bawat tao, ano man ang pagkamamamayan, ay nararapat mabago. Ayon sa Kanya, dapat maranasan ng tao ang pagpapanibago ng kaisipan upang mapatunayan niya kung ano ang mabuti, katanggap-tanggap, at ganap na kalooban ng Lumikha (Romans 12:2 KJV). Batay sa preamble ng UNESCO, ang digmaan ay nagsisimula sa isip ng mga tao. Samakatuwid, ang kalasag ng kapayapaan ay dapat ng buuin sa pamamagitan ng pagpawi sa kamangmangan gamit ang karunungan ng lipunan (Soliven, 2016). Ganito rin ang ideya ng mga naunang iskolar na Griyego na nagsasabing ang kamangmangan ang ugat ng mga krimen at digmaan. Ang tinutukoy nating kamangmangan ay ang may kabalintunaang kagalingan, at hindi ang may kabalintunaang karunungan. May mga taong marunong ngunit gumagawa pa rin sila ng krimen. Sa katotohanan, ginagamit nila ang kanilang karunungan na maisakatuparan ang masamang mga balakin. Ang kagalingan ay paghahalo ng karunungan at kasanayan dahil ang karunungang walang gawa ay walang halaga. Tayong mga Pilipino ay may kasabihang *Pag-ibig ang susi ng lahat* (Love is the universal key). Ang kagalingan ay bahagi ng pag-ibig. Pag-ibig ang nangingibabaw sa lahat dahil ito ang pinakamakapangyarihang emosyon. Sa huli, ang pag-ibig, kasama ang pananampalataya at pag-asa, ay mananatili, subalit ang pag-ibig ang pinakadakila sa tatlo.

Taglay ang kani-kaniyang kahusayan sa musika, ang mga Pilipinong mang-aawit ay nagsama-sama sa pag-awit ng *Handog ng Pilipino sa Mundo* noong 1986 sa kasagsagan ng People Power Revolution:

Handog ng Pilipino sa Mundo
mapayapang paraang pagbabago.

Noong Pebrero 1986, nag-alay tayo ng kaloob sa mundo, isang mapayapang paraan ng rebolusyon. Milyong tao ang dumagsa sa EDSA upang protektahan ang ilang matataas na heneral ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas, silang matapang na nagpasiya ng pag-alis ng suporta sa kanilang commander-in-chief. Ang mga estasyon ng Radio at telebisyon ay tumulong sa pagganyak sa mga tao na patuloy na sagkaan ang pagsugod ng ilang mga sundalo na lulan ng mga tangkeng pandigma. Nang ang hukbo ay maparalisa dahil sa kalituhan, doon nagsimula ang pagtatapos ng dalawang dekadang diktadurya ni Pangulong Marcos. Ang harmonya ng mga tinig ng mga piling Pilipinong mang-aawit ay nagbigay ng inspirasyon sa kapwa kabataan at katandaan. Bunga nito, ang awitin ay pinatugtog sa maraming bansa sa mundo at ang mga pahayagan ay naglaman ng makabuluhang ulo ng mga balita gaya ng 'Marcos Flees' (PDI, 1986; Editorial, 2011).

May kasabihan na: *Ang mga magkakadikit na kawayan sa banayad na hangin ay nagkikiskisan; sa malakas na sigwa ay nagsusuportahan*. Tayo ay mistuang mga puno ng kawayan. Sa kawalan ng pambansang kaisahan, tayo-tayo ang nag-aaway. Ngunit kung ang kinakaharap na ay panganib ng kalamidad o pananakop ng ibang bansa, tayo, gaya ng kawayan, ay nagsusuportahan na. Mas malapit sa ating puso ang sariling pagpapasiya, na hinahaluan natin ng pag-ibig, kasarinlan, at kapayapaan.

Weltanschauung: Ang musika, tulad ng pag-ibig, ay pangsantinakpan.

3. Relasyon ng Tao sa Diyos

Talahanayan 9: Pangmundong Pananaw ng Pilipino sa Relasyon ng Tao sa Diyos

Orihinal na Pilipinong Musika	**Pilipinong Kasabihan**	**Pulso ng mga Magulang**
1. May Bukas Pa **Rico J. Puno (1970s)**	*Hindi man kinaya sa buong araw, pihadong matatapos sa kinabukasan.*	*'Idalangin mo 'yan sa Diyos' ang kalimitan naming payo sa tuwing may mabigat na*

Ang iyong pagdaramdam, *idalangin mo sa Maykapal* *Na sa puso mo ay mawala* *nang lubusan.*		*suliranin an gaming mga anak* (32.73%). *Naniniwala kami na ang kamatayan, bagaman at katapusan ng pisikal na buhay* (9.09%), *ay kapahingahan* (34.55%), *at simula ng bagong buhay* (30.91%).
2. Natutulog Ba ang Diyos? (Does God Slumber?) Gary Valenciano (1990s) *Wag mo sanang akalaing* *natutulog pa ang Diyos.* *Ang buhay mo ay mayroong halaga sa Kanya*.	*Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa*	
3. Dakilang Katapatan Papuri Singers (1980s) *Dakila ka, O Diyos, tapat ka ngang tunay,* *Magmula pa sa ugat ng aming lahi.* *Mundo'y magunaw man,* *maasahan kang lagi.* *Maging hanggang wakas nitong buhay.*	*Walang kay Bathala nanalig na sumasapanganib.*	
Weltanschauung: Pananampalataya sa Dakilang Maykapal		

May Bukas Pa ni Rico J. Puno:

Ang iyong pagdaramdam,
idalangin mo sa Maykapal
Na sa puso mo ay mawala nang lubusan.

Nagbibigay si Rico J. dito ng lakas ng loob sa mga tao na may mapanglaw na araw. Nagpapaalala siya na mayroon pang kinabukasan na may dalang pag-asa gaya ng bagong araw. Ang mahalaga ay may Diyos na lumikha sa atin at tiyak na tutulong na malutas ano mang suliranin mayroon tayo.

Hindi man kinaya sa buong araw, pihadong matatapos sa kinabukasan – ito ang esensya ng mañana habit (Arabit, 2013) kung saan ang madilim na bahagi ay ginagamit upang idiin ang pagsasayang natin ng oras.

Sadyang ang damdamin ang sahog-pampalasa ng buhay. Ang pagtataas ng damdamin sa Diyos gamit ang pananalangin ay makapagpapagaan sa ating mga dalahin sa buhay.

Natutulog ba ang Diyos? ni Gary Valenciano:

Wag mo sanang akalaing
natutulog pa ang Diyos
Ang buhay mo ay mayroong halaga
sa Kanya.

Ang tao ay kinakaladkad ng kapalaran ngunit siya ay atubiling kumilos. Maaari niyang baguhin ang kaniyang buhay ngunit mistula siyang walang kakayanan. Nararamdaman niyang gusto na niyang sumuko sa mga paghihirap at masalimuot na karanasan. Naduduwag at walang kakayahan, naiisip niyang natutulog pa ang Diyos. Kapag siya naman ay nagpasiyang bumangon, pagkalipas ng maghapon, siya ay matagumpay.

Ayon nga sa ating kasabihan: *Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa*. Hindi naman kusang ipinagkakaloob ng Diyos ang katagumpayan upang sa ating pakikihamok ay maging malakas at nang mabigyan ng hugis ang bukas. Kailangan nating tumindig at matapang na harapin ang kanyang mga suliranin at gagawin ng Diyos ang Kanyang bahagi.

Dakilang Katapatan ng Papuri Singers:

Dakila ka, O Diyos,
Tapat ka ngang tunay,
Magmula pa sa ugat ng aming lahi
Mundo'y magunaw man, maasahan kang lagi
Maging hanggang wakas nitong buhay.

Ang mga linya ng awit ay pagtataas at pagsamba ng tao sa Kanyang Diyos dahilan sa kadakilaan at katapatan ng huli. Kung papaanong nilikha ng Diyos ang lahing Pilipino, patuloy at patuloy ang Kanyang ibinibigay na proteksyon sa atin at hindi dapat tayo sinisigilahan ng takot sa mga panganib. *Walang kay Bathalang nanalig na sumasapanganib* sapagkat dakila ang Kanyang katapatan hanggang sa kabilang buhay.

'Idalangin mo 'yan sa Diyos' ang kalimitan naming payo sa tuwing may mabigat na suliranin ang aming mga anak (32.73%), ang sama-samang pahayag ng 32.73% ng mga magulang. *Naniniwala kami na ang kamatayan, bagaman at katapusan ng pisikal na buhay* (39.09%), *ay kapahingahan* (34.55%), *at simula ng bagong buhay* (30.91%).

Weltanschauung: *Pananampalataya sa Dakilang Lumikha*

PAGLALAGOM

Ang *Orihinal na Pilipinong Musika* (OPM) at kasabihang Pilipino ay nagtataglay ng *weltanschauung* o pangmundong pananaw sa relasyon ng tao sa kapaligiran, ng tao sa kapwa-tao, at ng tao sa Diyos.

Ang mga piraso ng literatura (awit at kasabihan) at ang pagsang-ayon ng mga magulang ay nagpapahayag kung papaano natin inaalagaan ang kapaligiran, iniingatan ang kababaihan, tinityak ang karapatan ng mga anak, at inaalagaan ang mga matatanda. Hinahangad natin ang kapayapaan, ang pagkakakilanlan, at kalayaan, at dahil batid natin na ang lahat ng bagay sa mundo ay may katapusan, ngunit may pag-asa sa bagong buhay mula sa Manlilikha, gusto naming ikalat ang pag-ibig sa pamamagitan ng musika.

Maaaring ibilang ng mga guro at magiging guro ng araling panlipunan ang talakayan ng piling saknong ng OPM at linya ng kasabihang Pinoy sa klase. Makabubuting gamitin ang social media sa pagpapahayag at pagpapakita ng ating pagkakakilanlan.

PINAGBATAYAN:

Aguilar, F. V. (1997). Embodying the Nation: Filipino pictorial moments of the 1994 GATT treaty debate. *Philippine Studies, 45*(2), 197-224.

Aloc, D. (2016). *Songs that rekindle Pinoys' nationalist, patriotic spirit.* http://opinion.inquirer.net/95485/ songs-rekindle-pinoys-nationalist-patriotic-spirit

Anderson, K. (2006). *What is a worldview and why is it important?* Retrieved June 10, 2012 from https://www.worldviewweekend.com/news/article/ what-worldview-and-why-it-important

Anderson, T. (2012). *The importance and impact of worldview.* Retrieved June 10, 2018 from https://www.baptistmessenger.com/the-importance-and-impact-of-worldview/

Arabit, R. (2013). *Mañana habit*. Retrieved June 10, 2012 from https://prezi.com/c43widqxerv5/manana-habit/

Armecin, C. (2017). *Consumerism in the Philippines: Why do Filipinos patronize foreign products?* Retrieved June 8, 2018 from https://philippineone.com/711-2/

Belmonte, M. (2018). *Freddie Aguilar receives lifetime recognition from the Senate.* Retrieved June 29, 2019 from abs-cbn.com

Blaum, P. (2017). *Hollywoodization of world cinema represents cultural colonialism.* Retrieved June 8, 2018 from http://news.psu.edu/story/ 216138/2004/04/26/research/hollywoodization-world-cinema-represents-cultural-colonialism

Chesterton, G. K. (1986). Heretics. In *The Complete Works of G. K. Chesterton, vol. 1*, David Dooley (Ed.). San Francisco: Ignatius Press, 41.

Chretien, T. (2016). *Kassem Mosse - No peace, no love, no unity.* Retrieved June 8, 2018 from https://www.youtube.com/watch?v=URZdlGc500U

Editorial: Diploma mills [Editorial]. (2006). *The Philippine Star.* Retrieved June 8, 2018 from https://www.philstar.com/opinion/2006/05/10/335828/editorial-diploma-mills#gLQd1mrJxX0Ly4Yi.99

Editorial: It's all over; Marcos flees! [Editorial]. (2011). *Philippine Daily Inquirer.* Retrieved June 10, 2018 from http://www.inquirer.net/175/its-all-over-marcos-flees

Editorial: *Singing lullabies to babies not their own* [Editorial]. (2018). *The Manila Times*. Retrieved June 8, 2018 from http://www.manilatimes.net/singing-lullabies-babies-not/372129/

Figueroa, M. (2013). *How does K-pop affect the Philippines?* Retrieved June 8, 2018 from https://www.quora.com/How-does-K-Pop-affect-the-Philippines

Gripaldo, R. M. (2002). *Bahala na (Come what may): A philosophical analysis.* Washington: The Council for Research in Values and Philosophy. Retrieved, 15 July 2016, from www.crvp.org.

Hebrews 2:6-8. (1611). *The Holy Bible*. King James Version.

Heinrich, A. (2018) *Why is Filipino music always love songs?* https://www.quora.com/Why-is-Filipino-music-always-love-songs

Hyucham. (2014). *What is K-pop?* Retrieved June 8, 2018 from https://yourkpopguide.wordpress.com/ 2014/04/09/step-1-what-is-kpop-definition-mini-history-guide/

Jalili, C. (2015). *15 Damn good reasons you should date a girl who loves country music.* Retrieved June 8, 2015 from https://www.elitedaily.com/dating/date-girl-country-music/1191924

Jocano, F. L. (2000). *Filipino value system.* Quezon City: Punlad Research House.

Jocson, R. (2016). *Resilience in the context of poverty: The experiences of low-income urban Filipino parents.* Retrieved June 8, 2018 from https://www.sylff.org/news_voices/18159/

Johnston, M. (2015). *Wimpy white dudes with guitars ruined American Idol.* Retrieved November 24, 2018 from https://theconcourse.deadspin.com/wimpy-white-dudes-with-guitars-ruined-american-idol-1703735120

Keraf, A. (2010). *Etika Lingkungan Hidup* [Environmental Ethics]. Jakarta: Penerbit Buku Kompas.

Linan, D. (2012). *Pliant like a bamboo.* Retrieved June 8, 2018 from http://darialinan.blogspot.com/2012/08/ pliant-like-bamboo-my-reflection-there.html

Mataragnon (1987) In Enriquez V. G. (1990). Indigenous personality theory. In G. G. Enriquez (Ed.), *Indigenous Psychology: A Book of Readings.* Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino.

Philippineaglefoundation.org., (2018). *The Philippine Eagle.* Retrieved June 8, 2018 from http://www.philippineeaglefoundation.org/the-philippine-eagle

Philippine Daily Inquirer (1986, February 25). Cory takes oath? *Philippine Daily Inquirer,* A1.

Prudom, L. (2012). *'American Idol': Why Phillip Phillips and The White Guy With Guitar trend are bad for business.* Retrieved November 24, 2018 from https://www.huffingtonpost.com/laura-prudom/american-idol-phillip-phillips_b_1541360.html

Santamaria, C. (2012). *We are all mestizos?* Retrieved June 10, 2018 from https://www.rappler.com/nation/ 9143-we-are-all-mestizos

Shahani, L. R. (1992). *Filipino values & moral development.* Manila: Economic Development Foundations & Philippine Senate.

Soliven, P. S. (11 August 2016). A Point of Awareness: Mea culpa. *Philippine Daily Inquirer,* A11.

Supaporn Kongsirirat (2016). *The Worldviews of ASEAN from Proverbs.* Retrieved, 20 July 2016, from http://www.human.nu.ac.th/th/ASEANPROVERBS/eng_asean.html

Supriatna, N. (2016). Paradigm shift from anthropocentric to ecopedagogy in learning Indonesian history. In N. Supriatna, B. Hetharion, M. Tapung, S. Bahri, and Rusmawan (Eds.), *Promoting Justice & Equal World, Vol. 1.* Bandung, West Java, Indonesia: Universitas Pendidikan Indonesia.


Tiglao, R. (2014). *Independence: To be 'run like hell by Filipinos'?.* Retrieved June 8, 2018 from http://www.manilatimes.net/independence-to-be-run-like-hell-by-filipinos/103211/

Timbreza, F. T. (2002). The Filipino value of non-violence. In Gripaldo, R. M. (Ed.). (2002). *Filipino cultural traits.* Washington DC: The Council for Research in Values and Philosophy.

Timbreza, F. T. (1982). *Pilosopiyang Pilipino.* Quezon City: Rex Book Store. In Mabaquiao, Jr., N. (2012). Isang Paglilinaw sa Kahulugan at Kairalan ng Pilosopiyang Filipino [A Clarification in the Existence and Meaning of Filipino Philosophy]. *Malay, 24*(2): 39-56. Retrieved from www.academia.edu

Unicef. (2018). *Convention on the rights of the child.* Retrieved June 8, 2018 from https://www.unicef.org/rightsite/files/uncrcchilldfriendlylanguage.pdf

KABANATA III
GAWANG PILIPINO (GaPi)



GaPi: Uliyaw ng Pagkamakabayan

Kasama sa mga Gawang Pilipino ang mga gawi at gawa ng mga Pinoy sa loob at labas ng bansa. Ang ilan sa mga ito ay uliyaw ng kanilang pagkamakabayan ngunit ang iba naman ay repleksyon ng kaisipang kolonyal. Ang mga makabayang gawa ay nabuo sa pagsasama ng kamalayang pambansa at damdaming Pilipino.

Pagpapalawig ng Bayanihan

Bagaman at ang mga Pilipino ay may bahid pa ng pagkiling sa rehiyong kinabibilangan, ang pagtutulungan o bayanihan naman ay pagkilos na nauugat pa noong unang panahon kaya't ito ay bahagi ng kinagawian ng bawat tribo. Ibig sabihin, masaklaw o pambansa ang sakop ng bayanihan. Isa ito sa mga diwang pambansa kaya't dapat na pahalagahan at payabungin. Ang pagtulong ay iniuutos ng bawat relihiyon.

Bago dumating ang mga dayuhang mananakop, ang bayanihan ay hindi lamang pambarangay. Ang pagtulong ay isinasagawa rin ng isang barangay para sa kapakanan ng karatig-barangay. Ito ang diwa ng pag-iisang lakas o pagdadaup-palad gamit ang marangal na kaisipan ng sanduguan.

Kaya nga at malaki ang posibilidad na ang pagsasanib-pwersa ng mga barangay ay kumalat sa buong kapuluan, gaya ng *Confederation of the Madyaas*.

Sa panahon ng pananakop, kung papaanong inaliw ng mga Kastila ang mga Indio sa pamamagitan ng sabong, ito rin ang prinsipyong kanilang pinairal upang pagsabungin ang mga Indio batay sa kanilang rehiyong kinabibilangan. Alalaon baga, ang malaon na ngunit epektibo pang paraan ng paniniil na *divide et impera* ay naging matagumpay upang pagwatak-watakin ang kapuluan. Ang kalagayang heograpikal nito ang siya pa ngang nakatulong sa mga mananakop upang pigilan ang pag-usbong ng diwang makabansa. Nabahura na noon ang ating mga ninuno sa konsepto ng angkan at rehiyon patungo sana sa pambansang kamulatan – ang kalagayang nasimulan ng mga ilustrado at mga kasapi ng Katipunan.

Bayanihan ang pagpapahalagang Pilipino na kinakabitan ng Brigada Eskwela (BE). Ang Brigada Eskwela ay pagpapahalaga sa sariling paaralan. Ang pagpapahalaga sa sariling paaralan ay bahagi ng pagkilala sa kahalagahan ng edukasyon. Ang pagpapahalagang ito ang nagtutulak sa mga guro, magulang, Sandatahang Lakas ng Pilipinas (Philippine Army at Philippine National Police), Bureau of Fire Protection, Samahan ng mga Kababaihan, samahang pangrelihiyon, Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), alumni, at iba pang mga kasapi ng komunidad na magkapit-bisig tuwing ikatlong lingo ng Mayo bawat taon upang maihanda ang paaralan sa darating na pagbubukas ng klase sa bagong taong-panuruan.

Ang paghahandang nabanggit, kung saan ang mga pribadong institusyon o indibidwal at ang lokal na pamahalaan ay nag-aambag ng mga kagamitan, materyales, at lakas-paggawa sa looban ng isang lingo, ay nakaugat sa sinaunang kultura ng pagbabayanihan

Ang mga nabanggit na mga pangkat ng mga tao ay boluntaryong nagsasagawa ng mga pagsasaayos, pagpipintura, at paglilinis hindi lamang ng mga silid-aralan pati na rin ng mga gusaling pampaaralan at ng bakuran nito. Sa ganitong pagsasama-sama, ang paaralan ay nagiging handa, malinis, at ligtas sa anumang panganib.

Ang Brigada Eskwela, kumbaga, ay pagbabayanihan ng mga kasapi ng komunidad bilang pagpapakita ng pagpapahalaga sa edukasyon bilang isa sa mahahalagang karapatan ng mga batang mag-aaral.

Ang pamagat ng unang pananaliksik ay "Sustaining the Bayanihan Spirit through Brigada Eskwela". Ninais ng mananaliksik na: (1) Alamin ang mga teoretikal, kultural, at legal na basehan ng pagsasagawa ng Brigada Eskwela; (2) Ilahad ang pamamaraan ng pagsasagawa ng Brigada Eskwela; (3) Patunayan na napalalawig ng Brigada Eskwela ang bayanihan bilang pagpapahalagang Pilipino.

Karunungan o Kalokohan?

Sa isa pang pananaliksik na bahagi ng Gawang Pilipino, bagaman at may katotohanan na ang mga lipunan sa mundo ay nakabuo ng mayayamang karanasan at paliwanag tungkol sa kanilang kapaligiran, kailangan namang may masaklaw na pag-aaral ng mga salik na lubusang nakaaapekto sa kanillang buhay at pumipigil sa kanila sa pangkabuhayan at panlipunang pagsulong. Hinihikayat ng UNESCO ang mga tao na gamitin ang katutubong karunungan.

Ang katutubong karunungan ay tiyak na may siyentipikong batayan. Ang hindi sinasang-ayunan ng agham ay ang katutubong kalokohan. Ang katutubong kalokohan ay nagmula sa mga sinaunang tao ng nagbibigay ng payo at kaisipan na may layuning biruin ang kabataan. Itinago nila ang kalokohang ito sa mga awitin, kasabihan, at mga sistema ng paniniwala na ipinamamarali nilang minana sa kanilang mga ninuno. Namatay na ang ilan sa kanila na hindi naman naipagtapat ang kanilang kalokohang ginawa. Ang naging bunga, naipasa ang mga kalokohang ito sa bagong henerasyon at patuloy na nagpapalito sa ilan.

Upang masabi na ang isang bagay ay bahagi ng katutubong karunungan, kailangang ito ay kaayon ng kalikasan, ng kaligayahan, ng kapanatagan, at ng mga prinsipyo sa likod ng likas-kayang pag-unlad. Ang sistema ng paniniwala ay nagtatagal kung nababatay sa agham.

Ang "Karunungan o Kalokohan: Drawing a line between local wisdom and local folly in the beliefs, practices, and rituals of Filipino folk healers" ay may layuning: (1) Ihiwalay ang katutubong karunungan sa kalokohan ayon sa paniniwala, pagsasagawa, at ritwal ng mga albolaryo sa: (1) Kalusugan, (2) Kalinisan, (3) Matalinong Paggamit ng Likas na Yaman, (4) Pagsasaka, (5) Paghahayupan, (6) Pagtatayo ng Panahanan, (7) Pagkain at Pananamit, (8) Pakikipagkapwa, at (9) Papel ng Buwan sa Kanilang Buhay.

A. Bayanihan at Brigada Eskwela

Panimula:

Ang pag-apuhap sa mapayapa at maligayang buhay ay katambal ng konsepto ng kaisahan. At ang konsepto ng kaisahan ng mga bahagi ay pangsansinukuban. Halimbawa, ang pagkakatatag ng United Nations (UN) ay ibinatay sa konsepto ng kaisahan bilang pinakaaasam na pagpapahalaga na umapoy mula sa natirang abo at titis ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gayunman, ang kaisahan sa loob ng UN Security Council ay dapat na mauna (UN News, 2018)

sapagkat ang digmaan at madugong pag-aalitan ay may iisang pinanggalingan – ang maliliit na di-pagkakaunawaan. Ang kaisahan, kung gayon, ay nagbubunga ng kaligayahan (Maiava & Sanerivi, 2016).

Hinanap ng ilang makapangyarihang bansa ang kaligayahan sa pamamagitan ng pananakop. At sa kanilang pagpapanatili ng kapangyarihan, kailangan nilang gamitin ang *divide-et-impera* o estratehiyang divide-and-rule (Jopson, 2011). Noon pa man ay alam na ng mga tagapagtatag ng Estados Unidos ang halaga ng kaisahan: 'United We Stand, Divided We Fall' (Stutman, 2016).

Ang pinakamalaking kapuluan sa mundo, ang Indonesia, ay nagtaas ng kanilang national motto: *Bhinneka Tunggal Ika* o Unity in Diversity (Farolan, 2016). Ang dating pangulong Ferdinand E. Marcos naman ay nag-utos ng pagsasama ng 'Isang Bansa, Isang Diwa' (One Nation, One Spirit) sa Pambansang Tatak (PD No. 1413).

'Ang lubid na may tatlong pangkat ng hibla ay hindi madaling mapatid' ayon sa kawikaan. Ang pag-iisang dibdib ng lalaki at babae ay sinerhiya, sapagkat pinalalakas nila ang isa't isa (Ecclesiastes 4:9-11). Kaya nga at naaalarma ang mga pamilyang Pilipino sa tumataas na bilang ng mga wasak na tahanan (Abalos, 2017), dahil ang buhay nating mga Pilipino ay naka-sentro sa pamilya. At ang pagkawasak ng pamilya ay banta sa lipunan.

Bago dumating ang mga Kastila, ang mga naninirahan sa ating kapuluan ay nakababatid ng kaisahan. Kung ang isang ka-barangay ay nagnanais lumipat ng panirahan, ang kanyang bahay-kubo ay uusungin ng kanyang mga kabarangay o kaibigan nang walang bayad. Ang espiritung ito ng kusang pagtulong ay nakarating sa ating panahon at tinatawag natin itong *bayanihan*. Ang dalawang salitang-ugat ng *bayanihan* ay *bayan* at *bayani*. Maaaring magpakahulugan na ito ay pagpapakabayani para sa bayan o komunidad. Ang bayani ay hindi tumitingin sa kung ano pakikinabangin niya sa kanyang pagtulong kundi kung papaano niya mapasasaya ang kasama sa kung ano ang kaniyang maiaambag.

Ang mga mananalaysay ay bumanggit ng ilang terminong kahalintulad ng bayanihan tulad ng *pasaknong o saknungan* (Agoncillo & Mangahas, 2010). Sa kasalukuyan, ang mga salitang *paluwagan* o *turnuhan* (kasunduan na ang mga kasapi sa pangkat ay mag-aambag ng tiyak na halaga sa kasaping napapanahong tumanggap nito upang magamit niya sa kanyang pinaglalaanan) ay nauunawaan pa rin ng kasalukuyang henerasyon. Simple lamang ang prinsipyo rito: kung hindi kaya ng isang kasapi na kumita ng malaking halaga, ang ambag ng kanyang mga kasama ay makabubuo ng ninanais niyang halaga para sa kanyang pamilya. Ito ngayon ang prinsipyo ng kooperatiba.

Ang pagsasama ng dalawa o higit pang elemento ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng bunga kumpara sa pinagsamang bunga ng magkahiwalay na gawa ng bawat indibidwal (Kotelnikov, 2009). Alam ng lahat na ito ay sinerhiya.

Kailangan pa rin na mas mapalawak ang saklaw ng bayanihan at mapagtagumpayan ang banta ng rehiyonalismo (Sevilla, 2013). Tayong nalampasan na ang hamon ng rehiyonalismo ay matatawag nang mga makabayan.

Ang pamumuhay ng isang indibidwal ay pinalalawig ng buhay-komunidad. Ang pakikipamuhay sa isang komunidad ay nagbibigay-kahulugan sa bawat mamamayan. Ang kaisahan ng mga mamamayan sa isang komunidad ay masasalamin sa kalagayan ng ekolohiya nito. Ang magulo, maingay, mabaho, at maruming komunidad ay may mga naninirahang walang espiritu ng pakikiisa sa pagsulong ng komunidad na kaniyang ginagalawan.

Bagaman at ang ekolohiya ay napananatili para sa tao, ito rin ay para sa ibang may buhay na bagay. Ang mga tao pa rin ang magpapasiya. Ang paggamit ng mga likas na yaman ay lumilikha ng ekonomiya. Ang pagsulong ng kabuhayan dulot ng paggamit ng mga likas na yaman ay ginagawa ayon sa pulso ng komunidad. Ang mga mamamayan, ang kapaligiran, at ang mga gawaing pangkabuhayan ay mga elemento ng likas-kayang pag-unlad. Dito na kailangang pumasok ang bayanihan. Ang bayanihan ang pinakapuso ng lipunang Pilipino.

Kailangang panatilihin nitong ang mga mamamayan ay maka-Diyos, makakalikasan, makatao, at makabansa. Kung pagsasamahin ang kamalayang Pilipino at ang damdaming Pilipino, mabubuo ang bayanihan.

Upang mahikayat ang mga makikilahok sa Brigada Eskwela, pinaglalagablab ng Department of Education (DepEd) ang espiritu ng *bayanihan* sa bawat taon na ito ay isinasagawa. Kung papaano napananatili ng Brigada Eskwela (BE) ang init ng apoy ng *bayanihan* ang isa sa mga layon ng aklat na ito.

Nagbibigay ng katugunan ang aklat na ito sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga batayang pang-teorya, pang-kultura, at pambatas ng Brigada Eskwela?
2. Papaano isinasagawa ang Brigada Eskwela?
3. Bakit may kakayahan ang Brigada Eskwela na panatilihin ang *bayanihan*?

Batayang Pang-teorya ng Brigada Eskwela

Ang pagsasama ng dalawa o higit pang elemento ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng bunga kumpara sa pinagsamang bunga ng magkahiwalay na gawa ng bawat indibidwal (Kotelnikov, 2009). Ginagawa ito upang makalikha ng sinerhiya. Sa sama-samang paggawa, nakahihikayat ang presensya ng iba na gawin at tapusin ang ginagawa bukod pa sa pagsasama ng iba't ibang ideya at pamamaraan ng pagsasagawa nito na kalimitan ay hindi naiisip kung nag-iisa lang.

Ang paghahanda para sa pagbubukas ng bagong taong panuruan ay nagbibigay ng mas mahabang panahon sa mga guro na ituon ang isipan sa mga gawaing pang-akademiko sa halip na gawin ng mga guro at ng mga mag-aaral ang pisikal na paghahanda ng mga silid-aralan at ng paaralan sa kabuuan. Gayundin, ang Brigada-Eskwela ay kumukuha ng atensyon ng mga magulang, mga lider ng paaralan, at ng komunidad kaya gumagawa ng paraan kung papaano makatutulong.

Sa kanilang mahalaga ang bawat araw upang humanap ng ikabubuhay, ipinasasakanila na lamang ng paaralan ang pagdalo at pagtulong. At sa dami ng pamamaraan, sa isang kamag-anak ng mag-aaral, lagi nang may maiaambag. Ang isang buong araw ng pagtulong ay sapat na. At sapagkat ang BE ay mas pumapabor sa mga guro kumpara sa mga magulang, ang mga guro ay nararapat na nagpapakita ng kasiglahan at kasigasigan sa mga "volunteer" sa pagpapadali ng gawain sa loob ng anim na araw, hindi lang sa kadahilanang mabibigyan ang mga guro ng isang araw na 'service credit' sa bawat dalawang araw ng pakikilahok sa brigada, kundi na rin sa kanilang kagustuhang maglingkod. Ang lahat ng pagsasaalang-alang sa gawaing ito ay patungkol sa mga mag-aaral, ang kinabukasan ng bayan.

Malaki ang potensyal ng BE sa paglutas ng mga tiyak na suliraning panlipunan. Ang isang suliranin ay maaaring bunga ng kawalang-pakialam ng mga taong humahanap ng pagkakataon na pagsamantalahan ang kapwa. Gayon man, ang suliraning ito ay malulutas ng pagtuon sa espiritu ng pagbibigay sa halip na sa espiritu ng pagkuha. Ito ang isang kamalayang Pilipino, gamit ang espiritu ng bayanihan, na makadadaig sa gawi ng pagsasamantala.

Ang paggamit ng semiotics na halaw sa ethnosymbolism theory ay may malaking maiaambag. Ang semiotics ay pag-aaral tungkol sa mga senyales at simbolo at kung papaano sila ginagamit. Ang mga senyales ay maaaring sa anyo ng mga salita (na may pinagsulatan) na mayroong ipinahahayong impormasyon, samantalang ang simbolo ay maaaring pagkilos, bagay, pangyayari, titik, larawan, o ano mang disenyo na kumakatawan sa pinatutungkulang ideya.

Binibigyang-diin ng Ethnosymbolism Theory ang kahalagahan ng mga simbolo, mito, pagpapahalaga, at tradisyon sa pagbubuo at pagsisigasig ng modernong bansa (Ozkirimli, 2000). Ang teoryang ito ay may potensyal ng pagbubuo ng kakanyahan (Tzaneva, 2015) o identidad ng mga mamamayan ng isang bansa.

Sa madaling sabi, ang mismong Brigada Eskwela ay aplikasyon na ng teoryang ito dahil sa paggamit ng mga senyales at simbolo. At sapagkat nakaugat ang BE sa bayanihan na malaon nang nananatili, masasabing ang BE ay isang bagong katawan na pinamamahayan ng matandang espiritu.

Maaari rin namang iugnay sa Brigada Eskwela ang Teorya ng Kaginhawahan (Samaco-Zamora & Fernandez, 2016) na tumutukoy sa kalayaang pangkabuhayan, seguridad, at pangkaisipan-pandamdaming kaayusan na nakapaloob sa konteksto ng pamilya at espiritwalidad, bilang kadluan ng kaigihan ng pamumuhay. Ang teoryang ito na may kinalaman sa ginhawa sa paghinga (Respiratory-Alimental), ginhawa sa pakikipamuhay (Relational-Communal), at ginhawa sa pananampalataya (Vital-Spiritual) ayon kay Penalosa (2014) ay indikasyon ng kaginhawahan. Ang ginhawa sa pakikipamuhay ang pwersang nagpapanatili sa Brigada Eskwela.

Ang halimbawang ipinakikita ng BE ay isang edukasyon sa lahat ng may kinalaman dito na ang pagsasanib ng kamalayang pambansa at ng damdaming makabayan ay nagdudulot ng makabayang pagtulong at paggawa.

Batayang Pang-kultura ng Brigada Eskwela

Sa bawat palatuntunan na magbubukas sa sanlinggong pagsasagawa ng Brigada Eskwela, sa tuwina ay binabanggit na ito ay gawaing hinalaw sa Pilipinong pagpapahalagang tinatawag na bayanihan.

Mayroon nang Bayanihan bago pa dumating ang mga Kastila sa kapuluan. Bahagi na ito ng pamumuhay sa bawat barangay na binubuo noon ng 30 hanggang 100 pamilya (Agoncillo, 1990; Agoncillo & Mangahas, 2010). Ang bayanihan ay nakaugat sa relasyong-kadugo. May mga tala na nagpapahimatong na ang bayanihan ay nangyayari rin sa labas ng barangay sa pakikipag-ugnayan sa iba pang barangay gamit ang prinsipyo ng *sandugo*. Kung hindi naudlot ng pagdatal ng mga dayuhan, maaaring ang bayanihan ay maging daan sa pagiging isa ng mga kapuluan.

Ang mga kasabihang Pilipino ay nagpapahayag ng konsepto ng bayanihan. Ang mga kasabihang Pilipino, na bukal ng pilosopiyang Pilipino (Timbreza, 1984), ay nagtataglay ng prinsipyo ng pagtutulungan: *"Ang pinagsama-samang mga tingting ay makabubuo ng isang walis"; "Ang mga linas ng buli, kapag sinalapid ay magiging banig"*; *Ang mga kinayas na biyak ng kawayan, kapag pinagtabi-tabi ay magiging sahig ng kubo* o dinding ng bahay (sasag); *Ang mga binungkos na dahon ng cogon, kapag inilapad ay magiging bubong*; *"Hindi ka makapagluluto sa abuhan kung kulang ang tungko"*, at iba pa.

Ang pagbubuklod ng mga barangay patungo sa pagbuo ng isang nasyon ay posible gamit ang bayanihan. Katulad ng ipinakikita ng *Confederation of the Madyaas* (aklan.gov.ph., 2018) na itinatag ng mga inanak ng 10 datu mula sa Borneo, may kakayanan ang bayanihan sa pagbubuklod ng mga barangay. At sa sinerhiya ng mga datu, nakabuo sila diumano ng "Maragtas Code" circa 1250 A. D. sa pamumuno ni Datu Sumakwel ng Panay, at ng "Kalantiaw Code" na nasulat noong 1433 A. D. sa pamumuno ni Datu Kalantiaw ng Panay (Agoncillo, 1990; De Leon, 1999).

Sa halip na pag-isahin, pinaghiwa-hiwalay ng mga Kastila ang mga katutubo. Ginamit ng mga Kastila ang popular na pamamaraan ng pananakop noong una, ang *divide et impera* na sinisimbolo ng sabong at *corrida* (bullfighting). Sa pagkapansin sa *bayanihan* ng mga katutubo, ang mga Kastila ay hindi nagbigay ng pagkakataon na ang kanilang mga nasasakupan ay magkaisa. Sa halip, sinira nila ang espiritu ng bayanihan at pinalitan ito ng *polo y servicios* o sama-samang sapilitang paggawa. Sa ganoong kalagayan, ang mga Indiyo ay pinagkaitan ng edukasyon pero inaliw ng sugal. Gayunpaman, nabiyayaan ng edukasyon ang mga mestizo (anak ng Kastila at katutubo). Hindi nila nalaman na ang mga edukadong mestizo (ilustrado)

ay papanig sa mga Indio at sasalungat sa mga naghaharing mananakop sa bansa. Ang mga kagaya nina Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar, at Graciano Lopez-Jaena, at iba pa, ay nagkaisa na humiling ng pagkakapantay-pantay, katarungan, at representasyon sa Spanish cortes, gayundin ang sekularisasyon ng mga parokya.

Napagtagumpayan ng mga Pilipino ang pang-heograpiya, pang-kultura, at pangkabuhayang balakid. Kakulangan sa pambansang kamalayan ay pinalala ng pang-heograpikal na mga balakid (hiwa-hiwalay ng anyong-lupa at mababang kalidad ng transportasyon at komunikasyon). Ang napaunlad ay ang pagiging maka-angkan at maki-rehiyon ng mga Pilipino. Kaya, sa pagbubuo ng unang pamahalaang Pilipino, ang rehiyonalismo at elitismo ang dalawa sa mga pinakamaiinit na isyu. Sa huli, gayunman, napagtagumpayan naman natin ang rehiyonalismo na naghatid sa atin sa proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898.

Nasa kaibuturan ng kulturang Pilipino na silang tumulong sa paglilipat ng kubo ang kakain ng inihanda ng may-ari ng kubo. Nakakahiya sa isang tao na hindi tumulong ang makisalo sa mga nagbuhat. Ang kasiyahan sa pagiging kasama ang nagtutulak sa isang tao na sumali sa bayanihan. Ang takot na hindi makabilang sa pangkat ang nagbubunsod sa kanya na tumulong. Ang pinakadakilang kaganyakan para sa kanila, gayunman, ay ang pagmamahal sa kanilang kapitbahay. Kaya, ang isang kasapi ng isang pangkat ay hindi malaya na gawin ang ano mang maibigan niya sapagkat ang pangkat ang kadluan niya ng kasiyahan.

At ang kalayaang ito ay nararapat na maibilang sa kanyang mga adbokasya upang mas makatulong siya sa pagtatatag ng bansa, na nakatagpo na ng kabuluhan bilang mamamayan.

Kung papaanong inihambing ni Rizal ang isang bato na bahagi ng edipisyo, kanya namang pinayuhan ang bawat Pilipino na ilaan ang buhay sa mga dakilang mithiin at sa mga makabayang adbokasya sa halip na hayaan ang kanilang buhay na maging kagaya ng bato na nasayang lamang sa parang at hindi kailanman naging bahagi ng isang gusali.

Batayang Pambatas ng Brigada Eskwela

Noong 1998, nagpasa ang Kapulungan ng panukalang-batas kay Pangulong Fidel V. Ramos upang ito ay lagdaan bilang batas na tatawaging "Adopt-A-School Act". Ito ay ipinanukala ni Mambabatas Anna Marie Periquet (PDI, 2012), nilagdaan ng Pangulo bilang batas, Republic Act 8525, ang "Adopt-A-School Act" na lumikha sa Adopt-A-School Program (ASP), kung saan ang pribadong sektor, mga kumpanya, at mga propesyunal ay binibigyang ng pagkakataon na mag-ambag sa pagpapaunlad ng pampublikong edukasyon. Para kilalanin ang kanilang kabutihan, maaaring ang kumpanyang aampon sa isang paaralan ay malibre sa buwis nang 150 bahagdan. Sa paglipas ng panahon, ang Adopt-A-School Program ay umakit ng mahigit sa 200 mga kabalikat, at nakaipon ng nasa P6 bilyon na halaga ng mga proyekto at pakikisangkot.

Ang katiyakan ng pagpapatulong ng Brigada Eskwela ay nakaangkla sa RA 8525 na maayos na naisasakatuparan ng DepEd. Sa pagkakaroon ng bukas at malinaw na komunikasyon sa pagitan ng DepEd at LGU, ang palatuntunang ito ay magiging pangmatagalan. Bukod dito, ang palatuntunan sa iba't ibang bansa ay magtatagal kung nababatay sa batas. Napalalakas ng espiritu ng bayanihan ang anumang batas. Ang batas na walang espiritu ng bayanihan ay walang buhay.

2. Papaano isinasagawa ang Brigada Eskwela?

Ang mga pangkat na lagi nang sumusuporta sa Brigada Eskwela ay ang mga lider-paaralan, mga kawani ng paaralan, mga guro, mga mag-aaral, militar at mala-militar, sektor ng edukasyon gaya ng paaralang tertiarya at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Non-Governmental Organizations (NGOs); Sektor ng Kalusugan (DOH,

pribado at pampublikong pagamutan); Local Government Unit (barangay, munisipalidad, at lalawigan); at sektor ng Pagnenegosyo (lalo na ang may kinalaman sa edukasyon).

Kinakailangan na mahikayat ng BE ang mas maraming pangkat na lalahok dito upang magkaroon na mas malakas na dating at matiyak ang kamalayan ng mga mamamayan sa komunidad ay matagumpay na maisagawa ito taon-taon.

Ang mga nagkusang tumulong ang nagbibigay ng lakas-paggawa (paglilinis, pagpipintura, pagbuo ng mga estruktura, at iba pa) o kaya naman ay nag-aambag ng mga kailangang materyales (hindi pinapayagan ang salaping donasyon mismo). Ipinahayag ng DepEd na ang mga donasyon ay maaaring materyales sa konstruksyon tulad ng hollow blocks, semento, pintura, kagamitan, at iba pa na magagamit sa pagpapanauli ng mga nasira o nalumang silid-aralan, mesa, upuan, sahig, dingding, bubong, kisame, pisara, at iba pang kagaya nito. Idinagdag pa ng DepEd na ang mga papel, panulat, aklat, at iba pang gamit-pampaaralan na mapapakinabangan ng mga mag-aaral at mga guro, kasama na ang mga gamit-pangkalusugan, ay maaaring ibigay bilang donasyon.

Ang mga interesadong organisasyon o institusyon mula sa sangay ng pamahalaan, lokal na pamahalaan, pribadong sektor, samahang pang-ibayong-dagat, at iba pang pangkat o indibidwal ay maaaring makipag-ugnayan sa pampaaralang namamahala ng Brigada Eskwela o ng mga lider-paaralan, pandistrito, panlalawigan, o pangrehiyong tanggapan.

Ang inisyatibo ni dating Kalihim ng DepEd, Jesli Lapus, noong taong 2003, ay nakahikayat ng 31 bahagdan ng partisipasyon na naging 100 bahagdan noong 2008 (Rodil, 2015). Kailangan ang 100 bahagdan ng partisipasyon upang mabigyan ng pagkilala bilang pinakamahusay sa implementasyon (Llego, 2018). Ang mga isinasaalang-alang sa paligsahan ay: *Scope of Work (35%), Diverse Volunteer Participation (25%), Generated Resources (15%), Alignment to BE Theme (10%), Creativity and Innovation (10%), at Increment of Resources and Volunteers (5%).* Ang Calbayog City National High School ay itinanghal na pinakamahusay na 'Brigada Eskwela' Implementer noong 2018 sa ilalim ng mega category – mayroong hindi bababa sa 51 mga guro sa isang partikular na paaralan (sunstar.com., 2018). Ang Porac Model Community High School ay hinirang naman bilang pinakamahusay sa pambansang antas sa ilalim ng large school category (26-50 guro) at ang Camias High School ang panalo sa pambansang antas sa ilalim ng small school category o 9 na guro pababa (Flora, 2018).

Nagbibigay-katiyakan ang DepEd sa pagsasabi na ang 6 na araw na pagkilos ay nagbibigay ng 100 bahagdan ng kaseguruhan na ang mga paaralan ay handa para sa darating na pagbubukas ng taong panuruan.

Bago ang taong 2002, ang mga magulang ay nag-aatag upang ihanda ang mga paaralan sa darating na pasukan, subalit hindi naging sapat ito. Kinailangan pa rin ng tulong ng iba pang sektor at pangkat, mayroon man itong direkta o di-direktang kaugnayan sa edukasyon.

Sa pamamagitan ng pasulat na pag-uulat at pagmamasid ng itinalagang pangkat, ang DepEd ay nabibigyan ng impormasyon mula sa simula, sa kasagsagan, at sa katapusang bahagi ng Brigada Eskwela.

Si Kalihim Leonor Briones na ang nagpahayag na sa Brigada Eskwela, ang espiritu ng bayanihan ay masigla sa pag-aabot ng kamay sa mga paaralang nangangailangan at tiyak na pangangako ng serbisyo at pagtataas ng antas ng edukasyon (Lalu, 2018). Sadyang ang bawat indibidwal ay may mahalagang papel na ginagampanan sa isang matagumpay na pagbabayanihan.

3. Bakit may kakayahan ang Brigada Eskwela na panatilihin ang bayanihan?

Napananatili ng Brigada Eskwela amg bayanihan ayon sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Ang BE ay may matibay na batayang teoretikal, kultural, at legal;
2. Ang BE ay isinasagawa ng DepEd na may malawak at malalim na kakayahan na bigyang-kaalaman at pakilusin ang mga tao sa pamamagitan ng mga guro at mga magulang; BE involves other stakeholders where the spirit of volunteerism welds them together;
3. Isinandal ng DepEd ang BE sa malapad na balikat ng bayanihan ang programa. Sapagkat ang bayanihan ay malaon nang pagpapahalagang katutubo, ang pagsali sa Brigada ay pagpapalaki ng apoy ng nasyonalismo;
4. Nakapako ang BE sa relasyong magulang at anak. Ang pakikisangkot ng mga magulang ay bunsod ng pagmamahal sa kanilang mga anak.
5. Kailangan ang isang buong komunidad upang bigyang-edukasyon ang mga mag-aaral at mayroon nito ang Brigada Eskwela. Ang DepEd lamang ang nagsisilbing focal point ng isang organisadong at magkakaugnay na pagkilos;
6. At iba pang mga kadahilanan na mapalilitaw sa mas masaklaw pang pagsasaliksik.

Napatunayan ng BE na ang epektibong pagtutulungan ng pamahalaan at ng mga mamamayan nito ay isang posibilidad (Carreon, 2015).

Paglalagom:

Ang Brigada Eskwela ay may matatag na batayang pang-teoretikal, pang-kultura, at pambatas. Ang kumbinasyon ng lahat tatlong ito ay batayan ng pananagumpay ng mga mamamayan.The combination of all its bases enables BE to carry out its goals every year. BE, then, is in the right position to sustain the spirit of bayanihan among the Filipino people.

Sa paggampan ng mga kalahok sa BE, kapwa ang DepEd at mga magulang (sa pamamagitan ng Parents-Teachers Association), at ang Local Government Units sa pamamagitan ng sistemang barangay, lalong napatitibay nito ang katapatan ng mga mamamayan sa kanilang bansa, sapagkat ang BE ay lunsaran din ng pagkatuto. Bago magampanan ng mga kalahok ang tungkulin sa Brigada Eskwela, nararapat munang magkaroon sila ng kamalayang Pilipino na pinayayabong ng damdaming Pilipino. Ang pagsasama ng dalawang ito ay nagbubuo ng mga gawang makabayan. At sa pagpapatuloy ng ganitong gawi, unti-unti nang tataatak ito sa kanilang kamalayan hanggang sa maging pambansang kakanyahan. Ang kailangan na lang ay ang pagsasabatas ng malawakan at pambansang pagbabayanihan upang mapuspos ng espiritu ng pagkukusa ang mga mamamayan.



Larawan 1. Nililinis ng ilan sa mga nakilahok sa Brigada-Eskwela ang harap ng gusali kung saan makikita ang Lopez National Comprehensive High School logo kasunod ng pormal na pagbubukas nito noong May 28, 2018.

Larawan 2. Ang mananaliksik, sa huling bahagi ng palatuntunan para sa pagbubukas ng Brigada Eskwela, ay pumipirma sa tarpaulin bilang alaala ng kanyang presensya at partisipasyo.





Larawan 3. Kinakapanayam ng mananaliksik si Teacher Imelda V. Gabitanan, isa sa mga Brigada Eskwela (BE) coordinators ng Lopez West District (Elementary Level), na nagpaliwanag tungkol sa pagpapatupad ng BE at paggamit nito ng prinsipyo ng bayanihan.

Larawan 4. Ang mga gurong ito na mula sa Ika-4 na Distrito ng Quezon ay masayang nakasakay sa kulay bughaw na pick up vehicle bilang partisipasyon sa parade na tradisyunal na ginagawa upang ipabatid sa madla ang opisyal na araw ng pagsisimula ng Brigada Eskwela.



Sanggunian:

Abalos, J. B. (2017). Divorce and separation in the Philippines: Trends and correlates. *Demographic Research, 36*(50), 1515, 1548. DOI: 10.4054/DemRes.2017.36.50

Aklan.gov.ph. (2018). *Historical background.* Retrieved September 9. 2018 from http://aklan.gov.ph/profile/historical-background/

Avila, R. 2016. Decolonizing Filipino colonial mentality. In *Proceedings of International Conference on Teaching History and Social Studies.* Bandung: UPI, 31-44.

Benecke, G., Schurink, W., & Roodt, G. (2007). Towards a substantive theory of synergy. *Journal of Human Resource Management, 5*(2), 9-19.

Boroujerdi, M. 2002. 'Subduing Globalization: The Challenge of the Indigenization Movement', in R. Grant and J.R. Short (eds) *Globalization and the Margins*, pp. 39–49. New York: Palgrave Macmillan.

Carreon, L. (2015). *What we can learn from Brigada Eskwela.* Retrieved November 27, 2018 from https://www.rappler.com/move-ph/ispeak/94749-what-we-can-learn-brigada-eskwela

Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry & research design (3rd ed.).* Thousand Oaks, CA: Sage.

Creswell, J. W. (2009). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (3rd ed.).* Thousand Oaks, CA: Sage.

Creswell, J.W. (2003). *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches (2nd ed.).* Thousand Oaks: Sage

Creswell, J.W. (1998). *Qualitative enquiry and research design: Choosing among five traditions.* Thousand Oaks: Sage.

Creswell, J.W. (2012). *Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (4th ed.).* Thousand Oaks: Sage

De Leon, H. S. (1999). *Textbook on the Philippine Constitution.* Manila: Rex Book Store.

Denzin, N.K. & Lincoln, Y.S. (Eds.) (2000). *Handbook of qualitative research (2nd ed.).* Thousand Oaks: Sage.

DepEd Memo No. 66 s. 2018. *2018 Brigada Eskwela implementing guidelines.* Retrieved July 3, 2018 from https://depedclub.com/2018-brigada-eskwela-implementing-guidelines-deped-memo-no-66-s-2018/

Farolan, R. (2016). *'Bhinneka Tunggal Ika' means 'Unity in Diversity'*. Retrieved July 2, 2018 from http://opinion.inquirer.net/96895/bhinneka-tunggal-ika-means-unity-diversity

Flora, I. (2018). *Porac schools bag national Brigada Eskwela awards.* Retrieved November 27, 2018 from https://www.sunstar.com.ph/article/412341

Gill, J. & Johnson, P. (2002). *Research methods for managers* (3rd ed.). London: Sage.

Jopson, N. (2011). *Spanish conquest of the islands.* Retrieved July 2, 2018 from https://www.slideshare.net/ncjopson/spanish-conquest-of-the-islands-9146801

Lalu, G. P. (2018). *DepEd: Brigada Eskwela needs involvement of community.* Retrieved June 29, 2018 from http://newsinfo.inquirer.net/ 994217/deped-brigada-eskwela-needs-involvement-of-community#ixzz5Jp5Ic2sl

Llego, M. (2018). *2018 Brigada Eskwela Best Implementing Schools Award.* Retrieved November 27, 2018 from https://www.teacherph.com/brigada-eskwela-best-implementing-schools/

PD No. 1413. *DECLARING THE THEME "ISANG BANSA, ISANG DIWA" AS THE NATIONAL MOTTO OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES, AND INCORPORATING IT IN THE NATIONAL SEAL.* Retrieved July 2, 2018 from http://www.chanrobles.com/ presidentialdecrees/presidentialdecreeno1413. html#.WzpxFdUzbIU

PDI or Philippine Daily Inquirer (2012). *RA 8525 author is honored*. Retrieved November 26, 2018 from

Republic Act 8525: "Adopt-A-School Act" which created the Adopt-A-School Program (ASP)

Rodil, M. (2015). Stakeholders' involvement in the implementation of Brigada Eskwela in the Third Congressional District of Quezon [Master's thesis], Polytechnic University of the Philippines – Open University, Lopez, Quezon (Philippines).

Schurink, W.J. (2004, February 27-28). *Qualitative research: Introducing key features of an interpretive approach to social science research.* Paper presented at the second study school for Rand Afrikaans University post-graduate students in the Leadership in Performance and Change Programme, Johannesburg.

Sevilla, K. (2013). *Filipino values.* Retrieved November 25, 2018 from https://www.slideshare.net/Kate_JRG/filipino-values-22162229

Stutman, M. (2016). *United We Stand, Divided We Fall – Quotes about unity in America.* Retrieved July 2, 2018 from http://www.inspiremykids. com/ 2016/united-we-stand-divided-we-fall/

Sunstar.com., (2018). *Calbayog school is best 'Brigada Eskwela' implementer.* Retrieved November 27, 2018 from https://www.sunstar.com.ph/article/408207

UN News. (2018). *Unity in Security Council was key to recent easing of tensions on Korean Peninsula – UN chief.* Retrieved July 2, 2018 from https://news.un.org/en/story/ 2018/04/1007952

Vatapuia M. V., & Sanerivi, S. (2016). *Unity will lead to happiness.* Retrieved July 2, 2018 from http://www.samoaobserver.ws/en/25_10_2016/local/13115/Unity-will-lead-to-happiness.htm

B. Katutubong Karunungan, Katutubong Kalokohan

Dumarating at lumilipas ang mga salinlahi ngunit nananatiling nalilito ang lipunang Pilipino sa kalikasan ng katutubong karunungan at katutubong kalokohan. Ang dalawang ito ay nagkasabiran na at hindi na ngayon mawawaan ng Pilipino kung alin ang alin.

Tinatanong naman ng mga bata ang mga matatanda subalit kakaunti sa huli ang nakaaalam ng pagkakaiba. Ang ilan sa atin ay napadikit na sa sapot ng pagkalito at kawalang-katugunan. Silang mga nag-aaral ng lipunang Pilipino ay nakakikita nang malinaw sa linyang naghihiwalay sa dalawa datapuwa't ang karamihan sa atin, lalo na ang mga kabataan, ay naghahanap ng kasagutan.

Ang katutubong karunungan ay likas na nakabalot sa kultura ng isang lipunan. Ang karunungang ito ay nagpapasalin-salin mula sa isang lumang henerasyon patungo sa bagong henerasyon, kalimitan ay sa pasalitang pamamaraan, o mga ritwal, na naging panuntunan na ng pagsasaka, paghahanda ng pagkain, pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, pangangalaga ng likas na yaman, at iba pang mga gawain na nagpapanatili sa mga lipunan sa maraming bahagi ng mundo (UNESCO, 2009). Ang katutubong karunungan ay paghahalo ng likas na kaalaman at ng sentido komun o diskarte. Ang pormal na edukasyon ang kalimitang ibinabangga ng ilang Pilipino sa katutubong karunungan. Sapagkat ang pormal na edukasyon ay "Western-centric" na nakaugat sa lohika at pangangatuwiran, unti-unti nitong tinutunaw ang katutubong paniniwala na malaon nang nababatay sa damdamin. Ang mga pagpapahalagang Pilipino ay nangangailangan ng kontekstwalisasyon (Manawat, 2002), upang maunawa ng mga dayuhan na ang emosyon ay binibigyan ng mas matimbang na pagpapahalaga kumpara sa pangangatuwiran (Jocano, 2000) dahil ito may kinalaman sa ating karangalan, dignidad, at mga prinsipyong moral.

Sa kawalan ng kontekstwalisasyon ng pormal na edukasyon sa kalikasan ng kulturang Pilipino, napaniniwala ng mga "edukado" na hindi na napapanahon ang mga katutubong karunungan. Ngayon, may nagbabadyang panganib na mawala ang katutubong karunungan at ang kaalakbay nitong kaalaman kung papaano mamuhay nang naaayon sa kalikasan tungo sa likas-kayang pag-unlad (Nakashima, Prott, & Bridgewater, 2000). Kailangan nang payabungin ang katutubong karunungan.

Ang pagpapayabong sa katutubong karunungan ay pagpapalawig na rin ng katutubong kalokohan. Ang katutubong kalokohan ay mga maling pagpapalagay, na kalimitan ay '*genetic error*' o '*non-sequitur'*, na gumagapang sa sistema ng paniniwala at umaayukad sa katutubong karunungan, na pinagmumulan ng kalituhan.

Ang katutubong karunungan ay praktikal na kaalaman, kaalaman sa kalikasan at ang relasyon ng lahat ng bagay, na hindi maihihiwalay sa mga taong naniniwala rito, isang namamayaning sistema na naglalatag ng mga panuntunan sa paggamit ng mga likas na yaman, pagkabit sa espiritu na nagbibigay-buhay, at kadluan ng kredibilidad ng komunidad (Emery, et al., 1997). Ang kalituhan ay masisilag sa animo'y kawalan ng kaparaanan na mapagtanto ang katutubong kalokohan. Kailangan lang namang alamin kung alin ang likha ni Bathala at alin ang mali ang pinaniniwalaang pinagmulan. Ang lahat ng bagay ay nilikha ni Bathala at ang lahat ng ito ay nagkakalakip. Kung baga sa musika, lahat ng tunog ay magkakaugnay at lumilikha ng isang malamyos na awitin. Ang katutubong kalokohan ay kumbinasyon ng tama at maling tono kaya't hindi makalikha ng isang malamyos na awitin. Upang matiyak ang kredibilidad ng mga albularyo, ipinanukala ni Zafra (2010) sa pamahalaan sa pamamagitan ng Department of Health (DOH) na tulungan ang mga albularyong ito sa pag-alam sa mga batayang siyentipiko ng kanilang pamamaraan ng panggagamot, na may layuning pagsamahin ang tradisyunal at makabagong pamamaraan.

Samantalang totoo na ang mga lipunan sa mundo ay nakabubuo ng mayaman at makabuluhang mga karanasan at paliwanag ukol sa kapaligirang kanilang ginagalawan, dapat

namang mayroong masaklaw na paghihimay ng mga salik na nakaaapekto sa kanilang buhay at humahadlang sa kanila upang sumulong sa kanilang katatayuang pangkabuhayan at panlipunan. Sa ganitong layunin, hinihikayat ng UNESCO ang mga tao na dukalin at payabungin ang kani-kanilang katutubong karunungan (Nakashima, Prott, & Bridgewater (2000).

Kung ito ay katutubong karunungan, ito ay tiyak na kaayon ng agham. Ang hindi sugnay ng siyensya ay ang katutubong kalokohan dahil ito ay ipinalalagay ng iba na karunungan ngunit isa-isang nalalagas sa tuwing mapagtutuunan ng siyentipikong pag-aaral. Sumulpot ang katutubong kalokohan mula sa pagiging masayahin ng mga Pinoy sapagkat ikinukubli ng mga salbaheng matatanda ang karunungan at pinapalitan ng kalokohan upang makalikha ng kalagayang mauuwi sa katatawanan. Halimbawa, pinagbabawalan nilang maligo ang mga kabataang binigyan nila ng diumano ay anting-anting upang hindi raw mawala ang bisa nito. At sa tuwing sila ay makikita (at maaamoy) ng mga matatanda ay palihim na nagbubulungan at nagtatawanan. Itinatago rin nila ang mga kalokohan sa mga awitin, sa mga kasabihan, sa mga pamahiin, at sa mga sistema ng paniniwala na diumano'y ipinamana sa kanila ng kanilang mga ninuno. Ang isang halimbawa ay ang awit na gamit sa paglalaro ng mga bata:

Bubuka ang bulaklak, sasara ang bulalaklak
Papasok ang reyna, sasayaw ng chacha;
Boom, tiyaya boom, tiyaya boom, yeah, yeah,
A-boom!

Lingid sa kaalaman ng mga bata, ang awit na ito ay may kinalaman sa gawain ng mga may asawa. Ang karunungan ay gumagamit ng pagtatalinghaga na totoo sa literal at totoo rin sa simbolikal na kahulugan. Ang literal lamang na kahulugan ang hagip ng pagkaunawa ng mga bata.

Ang isang halimbawa naman ng kasabihan na maitituring na katutubong kalokohan ay ito:

Matanda 1: Magtanggol, sa malayong lugar ka pala naghahanapbuhay at malayo sa iyong asawa.

Magtanggol: Opo!

Matanda 2: Papaano ka niyan nakakaraos?

Magtanggol: Tiis lang po. Ganyan talaga ang buhay.

Matanda 3: Alam mo ba, udong, na ang alpas na kalabaw ay kung saan-saan nanginginain ng damo?

Magtanggol: Ho? Ano po?

(Magtatawanan ang mga matatanda.)

Ang kasabihan sa itaas ay batay sa literal na katotohanan, na tunay namang malayang manginain ng damo ang kalabaw saanman ito magtungo. Ngunit ang tunay na ipinakakahulugan ng mga matatanda ay sapagkat malayo sa asawa ang pook ng hanapbuhay ni Magtanggol ay maaari na itong "manginain ng damo" sa paligid. Sa mga nakakaintindi, matalino niyang mababanggit na: "Pasensya na po dahil hindi po ako kalabaw!" Ang bahid ng karunungan dito ay ang katotohanan na may biyolohikal na pangangailangan ang bawat tao saan man siya mapadpad ng kapalaran.

Kung ang kasabihang ito ay mananatiling ipinakakahulugang may kinalaman sa sekswalidad, maaari itong pagbatayan ng imoral na gawain.

Ilan sa mga matatandang ito ay namamatay nang hindi nababanggit ang mga kalokohang naipunla, kaya't ang mga ito ay tumubo na parang mga bagin na umiikot at nagpapagulo sa puno ng karunungan. Ang ilan pa nga sa mga kalokohang ito ay lumalaki na animo'y mga

tunay na sanga ng nasabing puno. Sa pamamagitan ng sali't saling mga labi, nanatili ang mga kalokohang ito.

Upang mapag-unawa ang katutubong karunungan, dapat itong ibatay sa kalikasan at ekolohiya, sa kaligayahan at kapanatagan, at sa mga kuntil-butil ng kaisipan sa likod ng *ecocentrism* at *anthropocentrism.* Nagkakaiba lamang ang dalawang ito sa sentro ng paniniwala – ang ekolohiya ba o ang tao? Ang *ecopedagogy* ay isang aplikasyon ng paniniwala na ipinapantay ang tao sa kalikasan. Kaya't ang lahat niyang ikikilos ay naka-depende sa kagalingan at pagpapanatili ng kalikasan at hindi sa pagsasamantala nito alang-alang sa kanyang makasariling layunin (na kalimitan ay nakasisira nito). Ipinalalagay ng mga ecopedagogist na mas nakabubuti ang ganitong pagturing sa kalikasan kaya nga't mas litaw ang katutubong karunungan kumpara sa anthropocentrism (Supriatna, 2016; Khan, 2010). Ang ipinupunto naman ng mga anthropocentrist ay ang kapangyarihang ipinagkaloob sa tao na maging tagapangasiwa ng mga kinapal ni Bathala (Kopnina, Washington, Taylor, & Piccolo, 2018; Mendenhall, 2009). Sinisira lamang ng tao ang kanyang kapaligiran hindi dahil sa inaabuso niya ang pagiging katiwala ng kalikasan kung hindi dahil na rin sa pagbagsak ng kanyang moralidad. Ipinalalagay ng anthropocentrists na ang kalikasan ay repleksyon ng kalagayang moral ng mga taga-Daigdig.

Ayon sa mga ecocentrist, kung ang pagbabatayan ay ang kasalukuyang kalagayan ng Daigdig, ang mga *anthropocentrist* ay mga katiwalang hindi mapagkakatiwalaan. Para sa mga *anthropocentrist* naman, ang mga *ecocentrist* ay tumatakas sa tungkuling iniatang ng Manlalalang sa kanilang balikat at ibinababa ang sarili sa antas ng mga halaman at hayop:

"Thou (God) madest him (man) a little lower than the angels; thou crownedst him with glory and honour, and didst set him over the works of thy hands." (Hebrews 2:7 KJV)

Ang *ecocentrism* ay kabalintunaan ng *anthropocentrism,* bagaman at may mga sumusubok na pagsamahin ang dalawa (Thompson & Barton, 1994). Kapara ito ng debate sa pagitan ng evolutionism at creationism.

Upang mas malinaw na makita ang linyang naghihiwalay sa katutubong karunungan at katutubong kalokohan, isang malawakang sarbey ang isinagawa ng may 150 mananaliksik sa pangunguna ng may-akda sa Timog Quezon, sa nasasakupan ng 3rd (Bondoc Peninsula) at 4th (Lamon Bay Area) Districts nang sa ganoon ay makinabang tayo sa karunungan at mabalaan tayo sa kalokohan na kapwa nababalot ng mga paniniwala, pagsasagawa, at ritwal ng mga albularyo sa:

1. Kalusugan at Pag-iwas sa Sakit
2. Sanitasyon
3. Paggamit at Pagpapanatili ng Likas na Yaman
4. Pagsasaka
5. Paghahayupan
6. Pagtatayo ng Tahanan
7. Pagkain at Pananamit
8. Pakikisalamuha
9. Papel ng Buwan sa Kanilang Buhay

Ginamit sa sarbey ang mga kaisipan ni Enriquez (1994) tungkol sa Sikolohiyang Pilipino. Ang wika na ginamit ng mananaliksik ay ang wikang sinasalita (Tagalog) ng mga pinanggalingan ng mga datos (UNESCO, 2009).

Kalusugan at Pag-iwas sa Sakit

Ang pagbuti ng pisikal na katawan ay sumusunod lamang sa pagbuti ng espiritwal na kalagayan (Mang Pidoy, 60, Lopez, Quezon). Ito ay paniniwala ng mga tao na kumikilala

sa kapangyarihan ni Bathala na nasa espiritwal na dimensyon at kapwa *immanent* at *transcendent.* Immanent sapagkat Siya ay nagbibigay-proteksyon at pagpapala sa mga tao, samantalang *transcendent* sapagkat Siya ay nasa kalangitan, gayundin ang Kanyang trono, at ang Daigdig ay pahingahan ng Kanyang mga paa (Gawa 7:49). Para sa mga albularyo, ang karamdaman ay nagreresulta kung ang pamumuhay ng tao sa Daigdig ay hindi kalinya ng tinitingalang kabutihan at kinikilalang dakilang layunin (Woodland, 2015) sa kadahilanang ang *summum bonum* o pinakadakilang kaligayahan ay hindi matatagpuan sa labas ng bilog ng kalooban ni Bathala. Ang reaksyon ng pisikal na katawan ay dulot ng pagkapukaw at espiritwal na pagpintig patulak sa pwersang pisikal na di-kasang-ayon ng kalikasan dahilan sa hindi pagbabalanse ng mga elemento kagaya kalimitan ng init at lamig (Bonnel, 2009). Ang kawalan ng kaisahan ng espiritwal at pisikal na dimension ay nagpapahina o pumapatid sa koneksyon sa pagitan ng pagiging pisikal ng tao at ng pagiging espiritu ng Diyos (Galvez-Tan, et al., 1977; Green, 2017). Kaya nga at ang pagkauwi sa kamatayan ay dulot ng tuluyang paghiwalay ng espiritu sa katawang-lupa. *Ang pag-ugnayin ang pisikal na kagalingan at espiritwal na kapanatagan ay isang katutubong karunungan.*

Ang paghihilot ay nagbabalik ng balanse sa loob ng katawang-lupa. Sa pagpapatuloy ng panayam kay Mang Pidoy, ipinaliwanag niyang ang paghihilot (traditional massage) ay isang pamamaraan ng pag-alam sa sakit (Apostol, 2010). Nilalayon nito na muling ibalik ang kagalingang pisikal, emosyunal, at mental ng isang tao (Fajardo & Pansacola, 2017) na dulot ng kawalan ng balanse sa loob ng katawan (Galvez-Tan, et al., 1977; greekmedicine.net, 2017). Ang balanse ay napapanumbalik sa pamamagitan ng natural at mabisang pamamaraan (Jauco, 2008). Kaiba ang paghihilot sa pangkaraniwang masahe sa mga *malls* (Castillon, 2014) sapagkat maliban sa paggamit ng katutubong materyales, ang albularyo ay umuusal ng panalangin at orasyon (a sort of affirmation). Ang paghihilot ay isang katutubong karunungan na napagtagumpayan ang maraming dantaon ng hamon sa pagsasakatutubo at dekolonisasyon.

Ang pagtatambal ng mabuting ritwal at tamang halamang gamot ay isa pang katutubong karunungan na nananatili hanggang sa kasalukuyan (Aleng Mely, 71, Buenavista, Quezon). Ang halamang gamot ang nagpapagaling sa sakit ng pisikal na katawan habang ang ritwal naman ang nagpapalakas sa diumano'y huminang koneksyon sa espiritwal na mundo. Ang 'ecological intelligence' (Goleman, 2010) na ito ay nasasa mga tahanan at mga komunidad ng mga Pilipino. Ang ritwal ay nagagawang posible dahil sa lakas ng pag-iisip at kalooban (Hay, 2017).

Ang dahon ng saging ay idinadarang sa baga sa ilang segundo upang lumambot. Ikinakalat ang langis (kalimitan ay langis sa niyog na nakaharap sa silangan) sa dahon. Ang dahon ay inilalapat sa apektadong bahagi ng katawan at marahang hinihila upang alamin kung aling bahagi ang 'lumalaban' o gumaganit ang paghila. Ang bahagi ng katawan na 'tinigilan' ng dahon ang may kulong na enerhiya (Collins, 2015).

Sina Aleng Lucing 64, Lopez, Quezon; Aleng Dolor, 82; at Mang Roger, 48, Lopez, Quezon ay gayon din ang pamamaraan, ang alamin kung saan ang pokus ng masahe o hilot. Ang masaheng gamit ang langis ay naglalayong bawasan ang kabagabagan, panatilihing sariwa at makinis ang balat, at mapalakas ang kakayahang labanan ang sakit (Dr. Mehmet Oz, a medical practitioner). Kinatigan ng Tumblr.com (2015) ang ideya na ang dahon ng saging, bilang 'natural ionizer', ay kaayon ng enerhiya ng katawan at mayroon itong kakayahang makapagpagaling. Kung ang layon ay ang pag-aalis ng hindi kailangang likido sa balat, ang malinis na papel ay maaari nang gamitin. Ang papel ay binubuo ng 'cellulose', kung saan kumakapit ang 'water molecules' kaya't nakakasipsip ng tubig (Science Buddies, 2015). *Ang mga albularyong kagaya nina Aleng Lucing, Aleng Dolor, at Mang Roger ay nakaaalam ng mga tiyak na halamang-gamot na makatutulong upang mapanumbalik ang init, maalis ang lamig, at mapunan ang nawalang tubig – isang katutubong karunungan.*

Ipinagmamalaki naman ni Aleng Mavic, 47, ng Calauag, Quezon ang kanyang paggamit ng langis mula sa 'mahimalang' pook at nakuha sa pamamagitan ng di-pangkaraniwang pamamaraan. Bagaman at maraming napabalita tungol sa diumano'y mga himala sa pagpapagaling kung saan ang pananampalataya ang pinakamahalagang sangkap, naka-depende pa rin ito sa pinatutungkulan ng pananampalatayang iyan. Si Randell (2017) ang nagbigay-diin na ang paggamit ng pananampalataya ay hindi garantiya ng paggaling. Kung ang pinatutungkulan nito ay ang tunay na Manlilikha ngunit ang pamamaraan naman ay hindi nakalulugod sa Kaniya, maaaring walang kagalingang maganap (Woodland, 1995). Isa pa, may sariling pamamaraan ang katawan na mapagaling ang sarili may pananampalataya man o wala. Maraming mga manggagamot sa makabagong panahon ang nagsasabi na sa panahon na nahihirapan na ang antibodies sa paglaban sa sakit, ang paglaban ng may katawan gamit ang kanyang pananampalataya ay lubhang nakatutulong. Kailangan lang may malinaw na pagkakaiba ang pagiging relihiyoso at espiritwal. Ang pagdaloy ng kagalingan mula sa Lumikha ay patungo sa manggagamot at sa ginagamot. *Ang paniniwalang dinadaluyan ng enerhiya ng kagalingan ang mga bagay ay isang katutubong kalokohan.*

Malaki ang tiwala ni Aleng Remy (45, Quezon, Quezon) na ang pagsusuob (use of smoke from the burnt incense, myrrh, etc.) ay pananggalang sa epekto ng mga elementong hindi nakikita ng pangkaraniwang tao. Ang paniniwalang ito ay kontradiksyon ng ipinahayag ni Tan (2007) na ang kalusugan at sakit ay natural na resulta ng mabuti at di-mabuting gawi sa halip na kaloob o parusa ng kakaibang mga nilalang na nakikipamayan sa Daigdig. Gayon pa man, nilinaw ni Apostol (2010) na ang pagsusuob ay pag-alam sa pisikal, astral, emosyunal, o mental na kalagayan ng pasyente. Kung kayang alamin ng pagsusuob ang dahil ng sakit, mapagtatagumpayan ba nito ang mga diumano'y inusal na salita ng mga elemento na sanhi ng pagkakasakit? O kaya naman, ang mga engkanto o duwende ba talaga ang dahilan ng pagkakasakit? O, totoo bang may mga engkanto at duwende? *Habang wala pang mga patunay sa mga paniniwala at ritwal na ito ng mga albularyo, mananatiling ang pagsusuob ay katutubong kalokohan.*

Sa kadahilanang ang alternatibong paraan ng panggagamot ay tanggap ng mga tao sa buong mundo, ang mga albularyo ay dapat na papurihan dahilan sa kanilang ambag sa pagpapagaling ng karamdaman ng mga sinaunang tao na naging sanhi ng pagkasilang sa mga mamamayan sa kasalukuyan kahit na nasa ilalim na tayo ng makabagong pamamaraan ng pagpapagaling. Ang publiko ay pinapayuhan na maging maingat at matalino na huwag kaagad-agad iinom ng ano mang inihanda ng mga albularyo. Maaaring mayroong ibang mga sakit na lumala kung iinom ng mga katutubong gamot na ito (Yapchionco, 2015). Kahit na ang Diyos ay nalulugod sa paggaling ng tao mula sa sakit (Jehovah Rapha), ang mga pamamaraan ay nararapat pa ring aprubado ng siyensya. Sa pangkalahatan, sapagkat ang mga albularyo o manggagamot ay matagumpay na naidugtong ang nakaraan sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon, tiyak na sila ay instrumento ng epektibong pagpapagaling sa mga maysakit. *Ang kanilang pagpapagaling sa mga maysakit ay nagdala sa kanilang pamamaraan na bahagi ng katutubong karunungan.*

Si Aleng Mavic, 47, ng Calauag, Quezon ay naniniwala na ang pagmumura sa mga daga ay mauuwi sa paninira ng mga ito sa mga gamit ng nagmura. Ang mga daga ay kumikilos ayon sa kanilang instinct at hindi sa paggamit ng katuwiran. Ang kilos ng daga ay upang sila ay mabuhay at hindi upang maghiganti. Gayon man, sa tuwing ang mga daga ay napupukaw ang atensyon dahil sa sigaw, kanilang kinakagat ang ano mang bagay sa kanilang daraanan. Kung ang kanilang *amygdala* ay napupukaw (Comoli, Ribeiro-Barbosa, Negrao, Goto, & Cateras, 2005), lumalabas ang kanilang gawing maninila kagaya ng pagkagat at paghawak ng mga bagay (Ross, 2017). Bagaman at totoo na ang napukaw na pag-iisip ng daga ay kaugnay ng *animal instinct* lamang (spiritualresearchfoundation.org, 2017), ang pagmumura ng tao ay nakapupukaw ng amygdala ng daga kagaya ng liwanag sa isinagawang eksperimento

(Broucek, 2014; Algers, et al., 1978; Burn, 2008). *Ang paniniwalang natanggap ni Aleng Mavic mula sa kanyang mga ninuno ay suportado ng agham.*

Ang pagkonsulta sa mga albularyo ay dulot ng kalagayang pangkabuhayan at hindi sa kadahilanang espiritwal (Zafra, 2010). **Inaakala ni Mang Roger, 48, ng Lopez, Quezon na ang kanyang relasyon sa kanyang mga ginagamot ay espiritwal.** Ang realidad ng pagkonsulta sa kanya ay dahil sa kawalan ng salapi na gagastusin sa pagkonsulta sa doktor, sa pagpapa-ospital, sa makabagong gamot, at kawalang-kakayanan ng pamahalaan na abutin ang mga nasa laylayan ng lipunan. May kasabihan tayo: *Sa kabaong at libingan, ang lahat ay pantay-pantay; dukha't kardenal magkaparis kung mamatay.* Hayag na ang kabuhayan ay kabil-an sa pagitan ng mayroon at kakaunti kung ang pag-uusapan ay ang kakayahang bumayad ng mga gastusin sa mga pagamutan. *Tunay na ang pagkonsulta sa mga albularyo ay pag-iwas sa mas malaking gastusin sa mga makabagong pagamutan (katutubong kalokohan).*

Sa katanungang, 'Ang enerhiya ba ng isang tao ay maaaring maging sanhi ng pagkakasakit ng isang bata?' binanggit ni **Aleng Maria, 55, ng Macalelon, Quezon ang 'usog'- isang paniniwala na ang pagpuna ng isang tao na pagod at pawisan partikular sa isang bata ay sanhi ng biglaang pagsama ng pakiramdam ng bata, kagaya ng pagkahilo, panlalamig ng sikmura, pagsusuka, at iba pa.** Mga bata ang kalimitang biktima ng usog. Tinatawag ito ng mga taga Bondoc Peninsula na 'balis". Pinaniniwalaang tanging ang laway ng nakausog na ipinahid sa noo, sa dibdib, sa sikmura, o sa talampakan ng biktima ang siyang lunas (Tagaloglang, 2017). Usog ang tawag dito ng mga taga Kalakhang Maynila, samantalang 'buyag' naman kung ito ay tawagin ng mga Bisaya at taga-Mindanao. Mapapansin ng mga bago sa isang barangay na ang nakaaalam na kamag-anak ay umuusal ng "Supla balis!" o "Pwera balis!" upang tumalsik ang enerhiya na taglay ng pagbati (R. O., 2015). May mga tao talagang malakas ang enerhiya. Ayon kay Aleng Maria, ang enerhiya ay maaaring positibo o negatibo. Si Aguilar (1997) ang tumalakay ng teorya sa banggaan ng espiritu, na ang enerhiya ng bawat tao ay depende sa pagbubukas niya ng pagkakataon sa mga umalagad na makapangyari sa kanyang buhay. Ibig sabihin, maaaring magbangga ang dalawang enerhiya mula sa dalawang tao at ang mas mahina ay makararanas ng pagsama ng pakiramdam gaya ng pagkahilo, paninigas ng tiyan, at pagsusuka (Filipiknow, 2013). *At dahil paulit-ulit na itong nararanasan, nagagamot, at nalalabanan, ang kaalaman tungkol sa usog ay nananatiling isa sa mga katutubong karunungan.*

Bilang pagbubuod, ang mga sumusunod na paniniwala at gawain ay napatunayang kabilang sa mga katutubong karunungan kaugnay ng pagpapanatiling malusog at pag-iwas sa sakit:

1. Ang pagbuti ng pisikal na katawan ay sumusunod lamang sa pagbuti ng espiritwal na kalagayan;
2. Mainam na pagtambalin ang mabuting ritwal at tamang halamang gamot;
3. Epektibong gamitin ang dinarang na dahon ng saging at ang espesyal na langis upang tukuyin ang bahagi ng katawan na nangangailangan ng hilot o masahe;
4. Kapag sinisigawan, ang daga ay maninira ng mga kagamitan sa loob ng bahay;
5. Ang enerhiya ng isang tao ay maaaring maging sanhi ng pagsama ng pakiramdam ng isang bata.

Narito naman ang mga katutubong kalokohan:

1. Ang paggamit ng langis mula sa mahimalang pamamaraan ay mas epektibo;
2. Ang pagsusuob ay panlaban sa mga masasamang espiritu na sanhi ng pagkakasakit;
3. Ang pagkonsulta sa mga albularyo at ang pagpapagaling ng albularyo ay sa espiritwal at hindi sa pangkabuhayang kadahilanan.

Sanitasyon

Sinambit ni Mang Kanor, 63, ng Calauag, Quezon na ang pinakamabuting oras ng paliligo ay sa madaling-araw (bago sumikat ang araw). Bagaman at pinili ng banyagang si Girish (2016) ang maligo bago matulog (isang gawi na hindi ipinapayo ng matatandang Pilipino), sinabi naman niya na mabilisang mag-shower sa umaga. Sa punto naman ni Gunjikar (2016), ang oras ng paliligo ay depende kung saang panig ng mundo naninirahan. Aniya, sa malalamig na bansa, maaaring maligo ano mang oras, ngunit hindi ipinapayo na maligo sa pinakamainit na bahagi ng araw kapag nakatira sa mga bansang tropikal. Ang paliligo sa umaga ay may bentahe sa ikinokondisyong kaisipan (Kim, 2016) upang pagkatapos ay gumawa nang may kasiglahan. Idinagdag pa ni Kim na, dahil ang '*clot-forming platelets'* ay mas aktibo sa umaga, mas makababuting maligo at mag-ahit sa ganitong oras. Sinabi ni Mang Kanor na mas mabagal pa ang daloy ng dugo sa umaga dahil nanggaling sa pagkakahimbing. Iniuliyaw lamang ni Mang Kanor ang daantaong paniniwala ng mga Pilipino, na sa umaga pinakamabuting maligo. Kahit na mayroong dutsa (shower), hindi pa rin ipinapayo ng mga matatanda ang paliligo sa mga oras na nagtrabaho na, kung saan napagod na ang katawan, upang makaiwas sa 'pasma'. Ang pasma ay ang pagkakasakit ng kalamnan at buto dahil sa agarang paglapat ng lamig sa katawan bago pa man humupa ang init nito mula sa matagalang pagkilos. Sinasabi ng mga matatanda na walang namamatay sa baho ng katawan, subalit marami na ang yumao dahilan sa pasma. *Ang paliligo sa umaga, bago ang paggawa, ay isang katutubong karunungan na kinagawian na ng mga Pinoy*.

Pinapayuhan ni Mang Virgilio, 72, ng Lopez, Quezon, ang mga batang lalaki na magbabad muna sa tubig bago ang pagpapatuli. Sa Indonesia, ang mga magpapatuli ay pumupunta sa isang tagong bahagi ng ilog. Ang 'pagtalon sa tubig' bago at pagkatapos ng pagtutuli ay kanila ring ginagawa. Sa ganitong kaparaanan, naiiwasan ang maraming pagtagas ng dugo (Madrid, 2017). Ang tradisyunal na pagtutuli ay tinatawag ng mga Pinoy na 'binyag sa bayabasan' dahil kailangan ang talbos ng bayabas bilang pang-ampat ng pagdurugo gayon din ang paglalaga nito bilang panlanggas sa sugat sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagtutuli. Uutusan ng magtutuli ang magpapatuli na ngumuya ng talbos ng bayabas habang isinusuot niya ang 'lukaw'(yari sa kahoy) sa pagitan ng 'ulo' at ibabaw na balat nito. Ang lukaw ang magsisilbing sangkalan ng labaha upang hindi masugatan ang mismong ari ng bata. Ipapatong ng magtutuli ang labaha sa ibabaw ng balat katapat ng lukaw at pupukpukin niya ito gamit ang pirasong kahoy. Maghihiwalay ang balat na mistulang titik 'V' at uutusan ng magtutuli ang nagpapatuli na ilagay sa sugat ang nginuyang dahon ng bayabas. Sa tala ng World Health Organization (WHO), nasa 30% ng mga batang lalaki na may gulang na 15 taon ang tinutuli sa buong mundo (Madrid, 2017). *Ang tradisyunal na paraan ng pagtutuli ay pagsunod sa prinsipyo ng kalinisan (katutubong karunungan).*

Ang isang tao na hindi nagpatuli ay marumi at mas malapit sa sakit, ayon kay Mang Quiri, 65, ng Pitogo, Quezon. Isiniwalat nga ng American Cancer Society na ang mga lalaking natuli ay hindi magkakaroon ng 'phimosis' (kawalan ng kakayahang bumawi ang balat na tumatakip sa ulo ng ari sapagkat ito ay mistulang "rubber band" na humahadlang sa pag-urong nito), dahil hindi matitipon sa ari niya ang 'smegma' o 'kupal' na isa sa mga dahilan ng kanser sa ari. Ang hindi nabiyak na balat ay may panganib na tubuan ng nakahahawang sakit dahil sa hadlang ito sa pakikipagtalik. May asawa man o wala, sanhi rin ito ng eczema na kung magtatagal ay magdudulot ng pangangati, pamumula, pamamaga, panunuyo, at pamimitak ng balat (Barrel, 2017).

Isa pa, ang natuling lalaki ay madalang ma-infection ng human papilloma virus (HPV). *Tunay na ang lalaking hindi tuli ay nanganganib sa sakit dahil sa duming namumuo sa balat na hindi nabiyak (katutubong karunungan).*

Ang pagtutuli ay nakatutulong sa mabilis na pagtaas ng mga binatilyo, ayon kay Mang Emer, 47, ng Macalelon, Quezon. May mga ama na nagpapatunay na ang kanilang mga anak ay bumilis ang pagtaas magmula nang sila ay magpatuli. Walang kinalaman ang pagpapatuli sa mabilis na pagtaas ng bata. Nagkataon lamang na ang edad ng pagpapatuli ay panahon din ng mabilis na pagtaas ng isang nagbibinata (POC Administrator, 2010; Newsgraph, 2016). *Ang mga binatilyo, natulian man o hindi, ay kapuwa makararanas ng mabilisang pagtaas dahil sila ay nasa gulang na nang mabilisang paglaki.*. Ang paniniwalang ito ni Mang Emer at ng ilang mga ama ay katutubong kalokohan.

Kapag nakita ng babae ang lalaki na tinutulian ay mamamaga ang ari ng lalaki, kung kaya't ang pagpapatuli ay itinatago sa mga babae, ayon kay Mang Virgilio, 72, ng Lopez, Quezon. Sa pagtutuling isinasagawa sa hospital, maraming babaeng doktor at nars ngunit hindi naman kakaiba ang pamamaga ng tinuling ari. Sa tradisyunal na 'binyag bayabasan', ang pook-tulian ay sekreto sa mga kababaihan na kung hayagang manonood ay hindi pinapayagan. Sa isang sarbey na isinagawa ng misterpoll (2017), 1,406 sa 2,304 na babaeng tagatugon (61%) ay sumagot na hindi nila alam kung ano ang pagtutuli; na ang impormasyong kanilang nakukuha ay nagmula sa kanilang mga ina (790/2,350 o 33%) ngunit 4,342 sa 4,451 o 97% ang sumagot na gusto nilang makakita ng ari ng binatilyo. Sa 2,358 na tagatugon, 583 o 24% ang nagpahayag na sila ay 12 hanggang 14 na taon na nang sila ay makakita ng hubad na katawan ng 11-13 gulang na lalaki na hindi naman nila kamag-anak o kapitbahay. Alam nila, gayon man, na ang ari na kanilang nakita ay tuli na (2,827/3,914 o 72%) sapagkat nakita nila ang pilat (1,734/3,478 o 49%). *Ang pagkakita ng babae sa proseso ng pagtutuli ay hindi sanhi ng kakaibang pamamaga nito.* Talaga nga lamang na ang tradisyunal na pagtutuli, sa kawalan ng antibiotic, ay walang kakayahang mapigilan ang pamamaga nito. Ang paniniwala ni Mang Virgilio ay *katutubong kalokohan.*

Ang pagbababad sa tubig sa kauna-unahang daloy ng pagreregla (menstrual flow) ay pag-iwas sa dysmenorrhea sa hinaharap, ang sabi ni Aleng Lily, 73, ng Gumaca, Quezon. Ang tubig na gamit sa paliligo ng may buwanang dalaw ay dapat na maligamgam, hindi malamig at hindi mainit. Ang malamig na tubig ay nagiging sanhi ng ilang mga suliranin gaya ng pamumula, pamamaga, o pananakit ng puson. Ang tubig na gamit sa paliligo ay dapat na maligamgam – hindi malamig at hindi rin mainit. Ang mainit na tubig naman ay nagpapanipis sa dugo at nagpapalakas sa pagdaloy nito palabas (ic.steadyhealth.com, 2016). *Ang mahabang panahong karanasan ni Aleng Lily sa kanyang mga nakakausap at nagagamot na may dinaramdam kaugnay ng buwanang dalaw ang batayan ng katutubong karunungang ito.*

Ang unang tulo ng dugo ng unang nagka-buwanang dalaw ay nakagagamot ng taghiyawat, ayon kay Aleng Ligaya, 76, ng Guinayangan, Quezon. Pinaniniwalaan niya na ang regla ay pinagmumulan ng nutrisyon para sa balat. Sa Pilipinas, may pamahiin na kapag ipinahid mo ang dugo sa unang regla sa iyong mukha, ay hindi ka magkakaroon ng grabeng tagiyawat sa iyong pagbibinata o pagdadalaga (Bradley, 2010). Walang epekto ang regla sapagkat ang tagiyawat ay pamamaga ng 'sebaceous gland'. Ang kailangan ng isang binatilyo o dalagita ay ang magpapahupa sa pamamaga nito. Ang sanhi ng tagiyawat ay ayon sa hormone at ang tagiyawat ay walang kinalaman sa hormones. Mabuti na lang at hindi katutubong karunungan ang ipinamamalita ni Aleng Ligaya dahil kung epektibo nga ito, maraming mga binatilyo ang makikiusap sa mga dalagita na bigyan nila ng unang patak ng regla bilang panggamot sa tagiyawat. *Isa itong kahihiyan sa mga dalagita, kaya nga at ito ay dapat tawaging katutubong kalokohan.*

Kung ipapahid ang suga (semen) ng lalaki at hindi tatanggalin magdamag ay makagagaling ng tagiyawat, ayon pa rin kay Aleng Ligaya, 76, ng Guinayangan, Quezon. Ang suga ay hindi gamot sa tagiyawat, bagkus ito ay maaaring makairita pa sa mukha lalo na't patatagalin hanggang magdamag, ayon kay Dr. Joshua Zeichner (Director of Cosmetic and

Clinical Research in the Department of Dermatology at Mount Sinai Hospital). Gusto nang tuldukan ni Yong (2017) ang isyu at tahasang ipahayag na ang suga ay hindi kailanman gamot sa tahiyawat. *Ito ay katutubong kalokohan.*

Ang Viernes a-Trese ay may dalang malas, pahayag pa rin ni Aleng Ligaya. Ayon sa kaniya, maraming Pinoy ang umiiwas lumabas ng bahay kapag ika-13 araw ng buwan na natapat sa araw ng Biyernes; ayaw nilang pumunta sa 13th Floor; hindi sila nakikipag-deal sa sino man lalo na at may kinalaman sa pananalapi, at iba pa. Ipinapayo ni Aleng Ligaya na lumura sa lupa bilang pangontra sa *paraskevidekatriaphobia.* Ang solusyong naisip ni Binboy (2016) ay magkaroon ng banal na pagkatakot ang mga mamamayan sa Diyos at hindi sa *Viernes a-trese.* Sapagkat nagsimula ang pamahiin na ito sa Huling Hapunan kung saan labintatlo silang nagsalu-salo bago ipagkanulo ni Hudas Iscariote ang Panginoon na ipinako sa krus ng Araw ng Biyernes, ang pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos ang dakilang pangontra rito. *Walang kapangyarihan ang Viernes a-Trese na bigyan ng kamalasan ang taong may pananampalataya sa Dakilang Lumikha.*

Ang paggamit ng ga-kamaong batong panghilod ay nakaaalis ng dumi ng balat, pahayag ni Aleng Iska, 77, ng Mulanay, Quezon. Pinipili ng maraming Pinoy ang batong panghilod na di-gaanong makinis ngunit di-gaanong magarasgas o magaspang (*neither too smooth nor too rough*). Mas mabisa ang panghilod kung maligamgam na tubig ang gagamitin sa pagbasa sa balat at alalay lamang ang paghilod ayon sa pakiramdam ng balat (wikihow.com, 2017). Paalala ni Aleng Iska na huwag gamitin ang panghilod sa gulugod (backbones). Hugasan ng tubig ang panghilod pagkatapos gamitin. Minsan sa isang linggo ay maaari itong iluntog sa kumukulong tubig, at minsan sa isang buwan ay isugba ito sa baga (apoy) upang maalis ang mga mikrobyong kumakapit dito. Palitan ito ng bago kung natipak na o may litik na upang hindi makasugat. Maaaring ang ibang Pinoy ay hindi gumagamit ng panghilod kundi face towel o pangkuskos na nabibili sa mga tindahan. Sapagkat nakasanayan na nga, kahit na ang mga OFWs ay nagdadala ng panghilod sa ibang bansa. Mas makababuting huwag magbaon ng panghilod sa luggage dahil ipinagbabawal ito sa mga paliparan. *Ang panghilod pa rin ang may bentahe sa pagmasahe sa kalamnan at paglilinis ng balat dahil ito ay subok na ng mga Pinoy (katutubong karunungan).*

Ang tao na maliligo pagkatapos-tapos ng maghapong pisikal na gawain ay magkakasakit dahil sa 'pasma', ayon pa rin kay Aleng Iska. Ang pasma ay dulot ng lamig (tubig, hangin, yelo, at iba pa) na nanunuot sa kalamnan, dugo, at butod ng buto na mainit pa dahil sa mahabang oras ng paggawa (kalusugan.ph). Walang 'pasma' sa makabagong siyensya (Filipiknow, 2013) subalit ang sentido komun na ang nagpapahayag na ang mga kamay, halimbawa, na nadarang sa init, kapag inihawak sa malamig na bagay tulad ng tubig o yelo ay magiging sanhi ng panginginig ng mga kamay. Ang katutubong karunungan ay nagsasaad ng pagbabalanse ng init at lamig, ng apoy at ng tubig, ng init ng araw at ulan, at iba pa. Kailangan munang humupa ang init bago tanggapin ng katawan ang lamig. Halimbawa, ang pagkain ng mainit na mami na sinundan ng pag-inom ng malamig na tubig ay tiyak na may epekto sa lalamunan at sikmura. Kung hindi maiiwasan, ang isang taong nainitan ang katawan ay maaaring magligo ng maligamgam na tubig (o may asin), o maligo sa dagat. Alam ng mga manggagawang Pilipino ang kasabihang: "Walang namamatay sa baho, pero sa pasma, meron!" *Tunay na ang mga paniniwala at pagsasagawa ng mga ito ay nababatay pa rin sa batas ng kalikasan tulad ng pagbabalanse ng init at lamig (katutubong karunungan).*

Hindi dapat maligo tuwing Biyernes dahil nakakaalis ito ng bisa ng taglay nilang agimat o anting-anting, ayon kay Mang Quiri, 65, ng Pitogo, Quezon. Ang paggamit ng agimat o anting-anting ay pinaniniwalaang nakapagdudulot ng di-pangkaraniwang galing (R. O., 2015). Sa Pilipinas, may mga tiyak na orasyon o panalangin na nagsisilbi ring pangontra sa masasamang espiritu. Ang ganitong diumano'y galing ng Pinoy (inquirer.net, 2014) ay bahagi na ng *folk Catholicism* – ang paghahalo ng sinaunang galing ng babaylan at kaparian.

Ipinaliwanag ni Abadilla (2015) na bago pa man dumating ang mga Kastilang mananakop, ang mga katutubo ay naniniwalang ang pagtataglay ng makapangyarihang agimat ay sasanggalang sa kanila laban sa masasamang espiritu o magbibigay sa kanila ng kakaibang lakas. May isang trahedya na naganap sa Pilipinas nang ang nasa 380 mga kasapi ng Lapiang Malaya o LM (pangkat ng mga magsasaka na naglayong labanan ang pamahalaang Marcos) na nakasuot ng kulay bughaw na damit at dilaw o pulang kapa, at armado ng mga tabak, baluti, at agimat, ay sumalakay sa Malakanyang sa pangunguna ng Bikolanong si Valentin de los Santos. Hinarang sila ng mga sundalo (Philippine Constabulary) at pulis na armado ng M-16 rifles sa Taft Avenue, Pasay City noong Mayo 21, 1967. Naging madugo ang kanilang pagsalakay sapagkat 33 sa kanila ang napatay at 47 ang nasugatan dahil sa tama ng bala. Ang mga natira ay inaresto sa kasong sedisyon, samantalang si Valentin ay ipinasok sa National Center for Mental Health kung saan siya ay binugbog at napatay. Nagtaka ang mga kasapi kung bakit nagapi ang antingang pangkat ng LM. Naikwento ito sa akin ng aking antingang ama at siya na rin ang nagsabi na maaaring mas malakas daw ang agimat ni Marcos kumpara sa anting-anting ni Ka Valentin. May mahalagang tanong ang aking mga estudyante: Kung totoo nga ang mga galing na ito, bakit nasakop pa rin tayo ng mga Kastila, Amerikano, at Hapon? *Sabay-sabay ba silang naligo ng araw ng Biyernes kaya nawala ang bisa ng kanilang agimat o anting-anting?(katutubong kalokohan).*

Ang pagtulog nang basa ang buhok ay magiging sanhi ng pagkabulag o pagkabaliw, ayon Aleng Lily, 73, ng Gumaca, Quezon. Sa punto de vista ng panggagamot, walang malinaw na dahilan na ang pagtulog nang basa ag buhok ay nagiging sanhi ng pagkabulag o pagkabaliw (Filipiknow, 2013). Subalit para sa mga sinaunang Pinoy, ang tubig daw mula sa basang buhok ay pumapasok sa utak at nakasasagabal sa normal na operasyon nito. *Maliban sa hindi komportableng paggamit ng unan na nababasa ng buhok, walang ibang nakikita ang mga eksperto na epekto ng pagtulog na basa ang buhok sa utak ng tao (katutubong kalokohan).*

Bilang paglalagom sa mga paniniwala ang gawi ng mga albularyo hinggil sa kalinisan, ang katutubong karunungan ay ang mga sumusunod: Paliligo bago sumikat ang araw, pagbababad sa tubig bago tulian, pagpapatuli mismo, pagbabad sa maligamgam na tubig sa unang daloy ng regla, paggamit ng panghilod sa pagtanggal ng dumi ng balat, ang hindi paliligo pagkatapos ng maghapong pagtatrabaho. Ang mga katutubong kalokohan naman ay: ang paniniwalang mabilis ang pagtaas ng isang batang natulian; ang presensya ng babae sa oras ng pagtutuli ay nagiging sanhi ng pamamaga ng ari ng bata; ang unang daloy ng regla o ang punla ng lalaki ay nakagagamot ng tagiyawat; ang viernes a-trese ay may dalang kamalasan; ang agimat o anting-ating ng taong naligo ng araw ng Biyernes ay mawawalan ng bisa nito; at ang pagtulog na basa ang buhok ay sanhi ng pagkabulag o pagkabaliw.

Paggamit at Pagpapanatili ng Likas na Yaman

Walang sino man sa barangay ang dapat manirahan kalapit ng puno ng balite dahil ito ay tinatahanan ng mga engkanto, sabi ni Mang Virgilio, 72, ng Lopez, Quezon. Ang mga sakit o kakaibang karamdaman ay pinaniniwalaang gawa ng mga kakaibang nilalang laban sa mga tao na dumadaan o lumalapit sa puno ng balite (*genus ficus*) na kanilang tirahan. Ang pagpapaalaalang ito ay nakararating sa lahat kaya nga at iniiwasan nila ang tumambay malapit sa puno lalo na sa bandang dapit-hapon upang hindi nila magambala ang mga ito (Regoniel, 2013). Inirekomenda ni Regoniel sa mga naninirahan sa kalinangan na magtanim ng maraming balite upang manakot sa mga maninira ng kalikasan. Aniya, kung paliligiran ng mga puno ng balite ang isang bukid o kagubatan, mangingilag ang mga illegal na papasok kahit na ang mga magpuputol ng puno. Ang panukalang paligiran ng balite ang isang pook upang pangilagan ng mga tao ay magiging mabisa kung mapapaniwala ang mga tao na ang balite nga ay pinaninirahan ng mga kakaibang nilalang. *Magkagayon man, hindi pa rin masasabing ang*

paniniwalang ito ay nakabatay sa katutubong karunungan hangga't hindi napatutunayan ng siyensya.

Kapag ang kuwago ay humuhuni malapit sa isang bahay, mensahe ito ng kamatayan sa isa sa mga naninirahan doon, pahayag ni Mang Nick, 63, ng Calauag, Quezon. Ang paghuni ng isang kuwago ay hindi pagbabadya ng kamatayan, kundi ito ay pagpaparinig sa iba pang kuwago na ito ay kaniyang teritoryo. Kung hanggang saan aabot ang kaniyang huni, iyon ang ipinalalagay niyang bahagi ng kanyang teritoryo at isang babala na rin sa iba pang kuwago na huwag magagawi sa naturang lugar. Ang bawat uri ng kuwago ay may kakaibang huni (wonderpolis.org, 2017). At dahil sila ay mga panggabing ibon, maraming Pinoy ang takot sa kanila sa paniniwalang sila ay nagdadala ng kamalasan at kamatayan. Nakalulungkot isipin na dahil sa paniniwalang ito ay marami sa mga kuwago ang binabaril. Sa mga ginagawang souvenir ang kuwago, ang paghuni ng mga ito sa gabi ay pagbangon upang sundan sila at barilin, samantalang sa iba, ang paghuni ng kuwago sa gabi ay simula ng panginginig sa takot (Constantino, 2011). Sasamahan pa ito ng kuwentong kapag ginagaya ng tao ang huni ng mga ito ay paliligiran nila ang bahay sa pag-aakalang may kasamahan sila na nahuli at kailangan nila itong iligtas. *Isang kalokohan ang paniwalaang ang huni ng kuwago ay pagbabadya ng kamalasan.*

Bago putulin ang isang malaking puno ay kailangan munang humingi ng pahintulot, ayon kay Mang Oca, 70, ng Macalelon, Quezon.

"Bari Bari
Dika agunget pari
Ta pumukan kami
Iti pabakirda kami"

("Huwag kang malungkot kaibigan dahil ang pagputol ko sa iyo ay ipinag-utos lamang.)

Noong malaon nang panahon, ang mga Ilokano ay umaawit ng ganitong mga salita bago magputol ng puno sa kakahuyan. Ginagawa ito upang ang espiritu diumano na naninirahan sa puno, ang *mangmangkik*, ay hindi magalit. Kung magagalit ang espiritung ito, magpapadala sila ng sakit sa pumutol ng puno (Aswangproject.com., 2017). Walang malinaw na pakahulugan sa kalikasan ng *mangmangkik*, bagaman ipinanukala ni Isabelo Delos Reyes (1889) sa "El Folk-Lore Filipino" na ito ay espiritu ng matandang anito na nanirahan sa mga puno bago pa ang panahon ng Kastila. Ang anito, para kay Delos Reyes, ay tumutukoy sa pangalawang pangkat ng mga diyos na may papel na gaya ng mga patron, kapara ng mga dinidiyos sa Gresya. Idinagdag pa ni Delos Reyes na ang *mangmangkik* ay dating tao na tinamaan ng kidlat, o napatay ng buwaya, o ng tabak, at ibinaon sa kalapit ng puno na nagsisilbing tirahan nito. Ang sino mang may intensyon na pumutol ng puno ay kailangan munang magpaalam dito bago umakyat ng bundok o pumasok sa gubat. Sa paniniwala ng mga Bisaya, kung sila ay nakapagputol na ng mga puno bago nila napahinuhod ang mga espiritu na lumipat ng panirahan, ang buong pamilya ay mamamatay (Millington & Maxfield, 1906).

Nakagawian na ni Mang Oca na usalin ang mga salitang ito bago ang pagputol ng puno:

Puno, puno, paghinga ay pigilin;
Pansumandali laang, ika'y aputulin.
Mula sa 'yong tuod, ikaw ay masupling.

Kailangan aniya na ang espiritu na naninirahan sa malaking puno ay mapahinuhod na pansamantalang mamahinga at lumipat sa bagong sumibol na dahon mula sa pinagputulang puno, o kung ayaw nitong mamahinga ay lumipat kaagad sa maliit na puno na malapit sa

puputulin. Kung ang puputuling puno ay akasya, kailangang sa batang puno ng akasya rin ito palilipatin.

Magmula ng dumating ang Katolisismo sa bansa at maituro na walang naninirahang espiritu sa mga puno, simula na iyon ng walang habas na pagkalbo ng kagubatan. Epekto ito, diumano, ng anthropocentrism (Supriatna, 2016). Lumalabas na ang paniniwala sa *animism* (na kaulam ng ecopedagogy) ay mas mapangalaga sa kalikasan kumpara sa paniniwalang Katolisismo (anthropocentrism). Bagaman at totoo na hindi dapat sambahin ang mga puno, hindi rin naman dapat na walang habas na sila ay putulin. Ang pagpapaalam bago magputol ay kapwa sa nakikita (DENR) at sa hindi nakikita (Bathalang Lumikha). *Ang paggalang ni Mang Oca sa kalikasan ay nararapat lamang na tawaging katutubong karunungan.*

Ang pagtatanim ng puno na may masaganang dagta ay nagdudulot ng pighati at mga luha sa pamilya kung ang puno ay nasa harap ng kanilang bahay, ayon kay Aleng Cora, 54, ng Tagkawayan, Quezon. Idinagdag pa niya na may mga puno na maaari at hindi maaaring itanim sa harap ng tahanan. Inihalintulad niya ang puno sa katawan ng tao na may mga litid (phloem at xylem) na daluyan ng likido. Kung masusugatan ang sanga, ang dagta ay pupulandit palabas (Myers, 2016). Ang dagta ay kagaya ng dugo na lumalabas mula sa nasugatang bahagi ng katawan ng tao. Ang ilan sa mga puno na iniiwasang itanim sa harap ng bahay ay nangka, papaya, dalungyan, balite, pili, mangga, rubber tree, at iba pa. Sa paniniwala ni Aleng Cora, kung may mga espiritu na naninirahan sa mga puno at ang puno ay nasugatan ng tao, may enerhiya o lakas na nawawala sa mga espiritu kasabay ng pagpulandit ng dagta mula sa puno. Ang kanilang enerhiya ay nakasalalay sa enerhiya ng puno kaya't ang mga ito ay kanilang iniingatan (Hoy, 2014) katulad ng pag-iingat sa mga hayop ng ilan sa kanila (Hislop, 1971). Hindi na dapat gawing usapin kung may espiritu o wala na naninirahan sa puno. Ang nagdudumilat na katotohanan na ang mga puno ay may buhay rin kagaya ng tao ang dapat na isaalang-alang. Ang kaligayahan ng tao ay hindi nakasalalay sa kung ano ang uri ng puno na nakatanim sa harap ng kanyang bahay. Ang kaniyang kaligayahan ay nakasalalay sa kanyang kalayaang magpasiya. *Kung may punong madagta sa harap ng bakuran, hindi naman ito dapat putulin dahil walang direktang relasyon ang uri ng puno sa kaligayahan ng tao (katutubong kalokohan).*

Sa panahon ng pag-aani, magbukod ng mga aning prutas, uhay ng palay, o puso ng mais para ialay sa mga hindi nakikitang espiritu, ayon kay Mang Nick, 63, ng Calauag, Quezon. Noong taong 1971, isang pananaliksik tungkol sa mga katutubong paniniwala ng mga Pilipino ang isinagawa ni Hislop. Kaniyang napansin na ang mga *nono*, kagaya ng mga *anito*, ay pinaniniwalaang may aktibong papel sa pagsasaka ng mga Tagalog. Kaya't kinakailangang humingi ng pahintulot sa kanila bago magtanim, magputol ng puno, o kahit na pagdaan lang dito:

Tabi po nuno;
tabi po, Apo;
makikiraan po!

Ang paniniwalang ito ay nananatili hanggang sa kasalukuyan at ang isang patunay ay ang pag-aalay sa kanila bago at pagkatapos ng pag-aani. Ang ilang mga Katoliko ay nagtutusok ng krus na kawayan (na may palaspas sa dulo) sa gitna ng pusngo na natatamnan ng mga tanglad at luya. Ang ilang mga sangay ng Kristiyanismo naman ay nagbubukod ng unang bunga at iniaalay sa simbahan. *Ano man ang relihiyong kinabibilangan, ang pag-aalay ng ani ng pinagpagalan ay nararapat mapunta sa tamang kinauukulan kung saan ito ay pakikinabangan, hindi ng mga daga, ibon, at mga insekto sa taniman (katutubong kalokohan).*

Kung ang nagdadalantao ay kumain ng bunga ng isang puno, ang sino mang kumain ng ibang bunga ng punong iyon ay mahihilo, pahayag ni Aleng Remy, 66, Atimonan, Quezon. Ang iba pang bersyon ng pamahiing ito ay: Kung ang nagdadalantao ay

kumain ng bunga ng santol, ang lahat ng natitirang bunga nito ay aasim **(**Wikipilipinas.org., 2017); kung kumain ang nagdadalantao ng kambal na saging, manganganak siya ng kambal din. Sa mga ayaw magkaanak ng kambal, paghihiwalayin nila sa kanilang likuran ang kambal na saging bago kainin ng naglilihi. Ang buntis na umakyat sa puno at pumitas ng bunga nito ay magiging dahilan ng panluluoy ng natitirang mga bunga nito (Superstitionsof, 2017). Ang mga paniniwalang ito ay walang batayan sa agham. Wala pa namang mga pananaliksik na nagpapatunay na ang naglilihi na kumain ng maputing prutas ay magkakaanak din ng maputi, o ang naglilihi na kumain ng pulang munggo ay magkakaanak din ng mapula ang balat. Ayon sa *Epigenetics*, ang kalagayan ng kapaligiran ay nakaaapekto sa fetus. Ang naglilihi na laging binabagabag ng ibang tao o ng maingay at magulong kapaligiran, ay magkakaanak ng sanggol na may hypertension o diabetes. *Ang kinakain ng ina ay may epekto sa fetus subalit ang epektong ito ay hindi sa pisikal na kaanyuan kundi sa emosyunal at mental na kalagayan (katutubong kalokohan).*

Bilang paglalagom, makababuting makipag-usap sa puno tuloy usal ng panalangin sa Lumikha bago ang pagputol nito; ang puno ng balite ay hindi panahanan ng mga engkanto; ang huni ng kuwago ay hindi pagbabadya ng kamalasan; ang pagtulo ng dagta ng isang puno na nasa harap ng bakuran ay hindi dahilan ng kalungkutan; sa halip na ialay ang bahagi ng inani sa mga diyos-diyosan, makababuting ibigay ito sa nangangailangan; at ang sa buntis na pagkain ng bunga ay hindi dahilan ng pag-asim ng iba pang bunga at hindi rin dahilan ng pagkaluoy ng mga ito. Hindi rin nakaaapekto sa pisikal na anyo ng fetus organikong pagkain na napaglihihan ng ina.

Pagsasaka

Pinagbabawalan ang mga magsasaka at mga kasapi ng pamilya na kumain kalapit ng bukid na inihahanda upang taniman, ayon kay Mang Obet, 78, ng San Narciso, Quezon. Ito ay sa kadahilanang ang tira-tirang pagkain ay nakakaakit ng mga daga, insekto, o peste sa pananim. Sang-ayon kay Leonardo Marquez ng PhilRice's Crop Protection Division, isa sa mga humahadlang para magkaroon ng masaganang ani ay ang pamemeste ng mga daga. Ang mga dagang kumakain ng palay ay maaaring sumira ng buong palayan, bagaman at ang pangkaraniwang bahagdan ng nasisira nila ay umaabot sa 8%. Kung mabibigyang-solusyon ang suliranin sa daga, madadagdagan ang ani ng palay. Ibinahagi ni Ordonez (2013) ang kanyang nalalaman tungkol sa gawi ng mga daga, na kung maraming pagkain, mas mabilis silang dumami. Kung kakaunti naman ang kanilang pagkain, mabagal silang dumami. Ibig sabihin, may magagawa ang magsasaka upang mapigilan ang pagdami ng mga daga. At ang hindi pagtatapon ng pagkain sa kalapit na bukid ay isa na rito. Kailangang iuwi ang mga tirang pagkain. Mas madaling dumami ang mga daga kapag panahon ng tag-ulan dahil mabilis ang pagtubo ng mga halaman, mabilis ang pagdami ng mga insekto, kaya't maraming pwedeng kainin ang mga daga. *Maliban sa mga daga, may iba pa ring mga hayop ang maaaring maakit ng mga tira-tirang pagkain, kaya't tama si Mang Obet at ang kanyang mga kasama na hindi kumakain kalapit ng taniman, at hindi rin nag-iiwan ng tirang pagkain dito.*

Makagagawa ng masarap na kape mula sa dumi ng musang, ayon kay Aleng Ligaya, 76, ng Guinayangan, Quezon. Kapag ang mga tao ay naninirahan kalapit ng kagubatan, malamang na magkita ang tao at ang musang sa taniman ng kape. Paboritong kainin ng musang ang balat ng kape, tuloy nalulunok nito nang buo ang butil ng kape, kaya't naidudumi nito nang buo pa ang nilunok na mga butil ng kape. Kung maayos ang paglilinis ng mga duming ito, maaari itong isangag upang makalikha ng kape na pambihira ang lasa. Ito ay itinitinda bilang civet coffee, *Kape Alamid* o *Kopi Luwak* mula sa Pilipinas at sa iba pang bansa at sapagkat isa ito sa pinakamasarap at pinakamahal na kape sa buong mundo (Limjoco, 2017), ang Kape Alamid ay isa sa mga pinagkakakitaan ng mga Pilipino. Ang civet coffee ay popular sa Vietnam, Indonesia, at Pilipinas. Ang pagkadiskubre rito ay isang katutubong karunungan.

Ang cactus at ilan pang halamang matitinik ay nag-aalis ng swerte sa may-ari ng bahay, pahayag ni Aleng Ligaya, 76, ng Guinayangan, Quezon. May mga tiyak na bahagi ng bahay na tamang paglagyan nito (sunny breeze., 2017). Ang paglalagay ng mga matitinik na halaman sa mga ipinagbabawal na bahagi ng bahay ay walang kinalaman sa suwerte o malas (*katutubong kalokohan*).

Sa tuwing magtatanim ng mga halamang mabilis tumaas, kagaya ng niyog at saging, ang magtatanim ay pinagbabawalang tumingin sa itaas dahil magiging kakaiba ang taas ng puno kayat magiging mahirap ang pag-ani ng bunga nito, sabi ni Mang Victor, 55, ng Guinayangan, Quezon. Ang puno na mabilis tumaas, ayong kay Mang Victor, ay maliit lamang kung bumunga dahil ang enerhiya nito ay napupunta sa pagtaas. *Maaari pang may kinalaman ang lalim ng pagkakahukay ng pagtataniman ngunit ang pagtingin paitaas ay walang paliwanag mula sa agham.*

Ang pagsasalitan ng tanim ay nakapagpapalito sa mga naninirang kulisap, ayon kay Mang Nelson, 47, ng Macalelon, Quezon. Ang pagsasalit ng tanim na gulay ay pinaniniwalaang nakapagpapalito sa kani-kaniyang pesteng insekto. Kagaya ng pagsasalit ng talong at karot. Napatunayan sa pananaliksik na ang pagsasalit ng dalawang pananim na ito ay naging sanhi ng mas maraming ani kumpara sa pagtatanim ng talong lamang (Navasero & Calumpang, 2013; Espino & Atienza, 2003). Ang pagsasalit ng mga pananim (intercropping) ay pagtatanim ng higit sa isang pananim sa isang bukid. Ang itinatanim ay isang halaman na nagpapalayo ng mga insekto at ang isang halaman naman ay nangangakit ng mga insekto, o kumbinasyon ng dalawa (Brion, 2014; Ranada, 2015). *Ito ay bahagi ng katutubong karunungan.*

Ang mga madadahong gulay ay dapat itanim kapag bagong buwan, sabi ni Mang Pedro, 63, ng Gumaca, Quezon. Ang paghilab at pagputok ng mga buto ay pinaniniwalaang dulot ng paghatak ng buwan ay pagbibigay nito ng liwanag. Ang paghatak ng tubig at unti-unting pagbilog ng buwan ay nagbibigay balanse paghaba ng ugat at paglaki ng dahon. Ito ang pinakamabisang araw ng pagtatanim ng taunang halaman na naglalabas ng may buto sa labas ng bunga (Zurcher, 1992; Zurcher, 1998). *Tunay namang may papel ang buwan sa pagtubo ng mga halaman.*

Kapag magtatanim ng kamote, balinghoy, gabi, ube, o iba pang halamang-ugat, kailangan mag-alis ang magsasaka ng damit sa ilalim ng bilog na buwan, ayon kay Mang Pikoy, 80, ng General Luna, Quezon. Ang kamote ay itinatanim kapag hibas upang ang ugat ay lumaki at hindi mabulok o tangain. May mga naghuhubad ng damit upang maging makinis ang bunga (Millington & Berton, 1906; Umali, 1997). *Ang hugis ng buwan ay may epekto sa halaman kung ang pag-uusapan ay ang petsa ng pagtatanim ngunit kung may damit o wala ang magsasaka ay hindi na mahalaga at tiyak na wala itong kinalaman sa kalidad ng bunga.*

Kapag nagtatanim ng mais, ang magsasakang kulang ang ngipin ay huwag ngingiti dahil matutulad sa kanyang ngipin na bungi-bungi ang mga butil ng mais, ayon kay Mang Pikoy, 80, ng General Luna, Quezon. Wala namang nakikitang korelasyon ang pagiging bungi o bungal sa magiging bunga ng mais, kahit na ang pagngiti o hindi pagngiti sapagkat ayon sa siyensya, ang kakulangan ng butil ng mais ay dahil sa kakulangan sa pollination at fertilization (K-state.edu., 2018), isang *katutubong kalokohan.*

Bilang paglalagom, ang mga katutubong karunungan ay: Hindi pagkain o pagtatapon ng pagkain malapit sa taniman; ang dumi ng musang na kumain ng kape ay maaaring gawing masarap na klase ng kape; ang pagsasalit ng pananim ay nakababawas ng pesteng insekto; ang mga madadahong gulay ay dapat itanim kapag bagong buwan. Ang mga katutubong kalokohan naman ay: ang matitinik na halaman tulad ng cactus ay nakapagpapalayo ng swerte sa may-ari ng bahay; pag-iwas tumingin sa itaas habang nagtatanim ng puno; paghuhubad habang nagtatanim ng mga halamang-ugat; at pagbabawal sa mga bungi na ngumiti kapag nagtatanim ng mais.

Paghahayupan

Tungkol naman sa pag-aalaga ng hayop, ang mga sumusunod ay katutubong karunungan at kalokohan.

Ang mga Pinoy na magsasaka ay may kakaibang galing sa pagpapaamo ng kalabaw, pahayag ni Mang Quiri, 65, ng Pitogo, Quezon. Ganito iyan: Iihian ng magsasaka ang ilong ng bagong taling kalabaw upang maging sunud-sunuran sa kaniya. Isa pa, ang kayumangging kulay ng Pinoy ay kakulay ng lupa kaya't walang kakaibang nakikita ang kalabaw. Inakusahan ni Worcester ang mga kalabaw sa Pilipinas na may katutubong pagpili laban sa mga puting Amerikano. Hindi lamang iyan, kahit na ang amoy ng puting Amerikano ay sapat na upang magwala ay sumugod sa mga dayuhan (Worcester, 1899, 512), samantalang maamo naman ang mga ito kung mga Pinoy lamang ang nakikita at naaamoy. Inalala ni Worcester ang kanyang pagdalaw sa isang nayon sa Pilipinas kung saan niya nakita ang mga 'racist' na kalabaw. Sa simpleng paglalakad lamang niya sa daan, nagwala na kaagad ang mga kalabaw. Isang masaklaw na pananaliksik tungkol sa mga kalabaw sa Pilipinas ang isinagawa ni Dela Cruz (2016) gamit ang obserbasyon ng mga Amerikanong siyentipiko. Nakaligtaan nila ang kahalagahang pangkultura ng mga kalabaw dahil itinuon lamang nila ang kanilang pansin sa siyensya at medisina. Para sa isang magsasakang Pilipino, ang kalabaw ay mahalagang bahagi ng pagsasaka. Inaalagaan niya ang kalabaw na tila baga kanyang kamag-anak. Hindi niya papayagan na saktan ng sino man ang katulong niya sa paghahanapbuhay. Narito ang ilang sikreto ni Mang Quiri kung bakit napakaamo sa kanya ng kanyang alaga: (1) Kapag mailap pa ang kalabaw, iihian niya ito sa ilong; (2) Ibinibigay niya ang ano mang nakikita niyang pangangailangan nito; (3) Hinihimas niya ang katawan nito at kaniya itong kinakausap. *Sa ganitong kaparaanan, ang katutubong karunungan ng mga Pinoy sa pag-aalaga ng kalabaw ay nakikita.*

Kung ang bagong aalagaang hayop ay dinala sa tahanan, gagabayan itong ikutin ang labas ng bahay tatlong beses pakanan upang manatiling malapit sa tahanan, ayon kay Aleng Doring, 76, ng Gumaca, Quezon. Hindi na mangangamba ang bagong may-ari ng hayop na ito ay aalis ng bakuran nila. Pinaniniwalaan ni Milton na ang nakikita ng tao sa hayop ay ang personalidad ng hayop kaya't nauunawaan ng tao ang mga pangangailangan nito (Milton, 2002). Sa katotohanan, binibigyan ng mga Pinoy ng mga pangalan ang kanilang mga alagang hayop. Bukod dito, ang mga alaga nila ay 'kasahog' o kabilang sa isasaing nilang bigas at ihahandang ulam. *Nararamdaman ng mga hayop ang pagkalinga ng mga tao kaya't hindi nila magawang umalis ng tahanan (katutubong karunungan).*

Sa tuwing magkakalindol at ang hayop ay buntis, bubuhusan ng may-ari ang katawan ng hayop upang maiwasan ang paglaglag ng ipinagbubuntis, pahayag ni Mang Nick, 63, ng Calauag, Quezon. Kapara ng mga tao, ang mga hayop ay apektado rin ng kabagabagan dulot ng kanilang kapaligiran na may epekto sa kanilang ipinagbubuntis (Johnson, 2007; Devitt, 2010). Sa Peru, nakunan ng kamera kung papaano nagsilikas ang mga hayop palusong ng bundok at pagsuksok sa kani-kanilang mga lungga ilang araw bago dumating ang lindol. Sa loob ng limang araw bago ang lindol, walang gaanong pagkilos ng mga hayop ang naitala. Ayon sa mga eksperto mula sa Anglia Ruskin University, ang mga daga ay kakaiba ang pagiging sensitibo. Sinusuportahan ng mga pag-aaral na ang mga hayop ay tumutugon sa ano mang kabagabagan sa ionosphere. Ang mga positibong ions sa hangin ay nagdudulot ng di-kaaya-ayang epekto sa mga hayop (Griffiths, 2015). Alam ng mga magsasaka na ang mga itlog sa pugad ng kanilang mga manok ay may posibilidad na mabugok dahil sa pagyanig ng lupa. Bagaman at may sariling pamamaraan ang mga hayop laban sa lindol, kailangan pa rin nila ang pagtulong ng mga tao. *Ang pagbuhos ng tubig sa buntis na hayop ay magpapatindig dito at makakaiwas ang tiyan sa pagyanig ng lupa.*

Ang umaalulong na aso ay sinasaway ng amo at kung magpatuloy sa pag-alulong ay pinalalayas ng bakuran upang salungatin ang ipinahihiwatig ng aso na pagkakasakit at kamatayan ng kanyang amo, paliwanag ni Mang Goyong, 76, ng Lopez, Quezon. Sa kalagayan ng aso, kung hindi ito matanda na, maaaring ang dahilan ng kanyang pag-alulong ay ang pakiramdam ng pagkakahiwalay sa kanyang amo. Nangyayari ito at nararamdaman ng aso kung ang kanyang amo ay laging umaalis ng bahay. Ang iba pang senyales ay pag-ingit at pagkutkot sa pinto, dingding, bintana ng bahay (Country Living, 2009). Ang pag-alulong ay isa sa maraming uri ng paraan ng pagpaparating ng mensahe sa amo. Umaalulong ang aso upang kunin ang atensyon ng amo, makisama sa ibang aso, at ipadama ang kanilang presensya. Ang ibang aso ay umaalulong sa tuwing makakarinig ng mataas na tono ng tinig, instrumento ng musika, o sirena ng ambulansya (Webmd., 2017). *Isang kalokohan at walang kabaitang gawi na palayasin ang asong umaalulong, na sa halip na samahan at damayan sa oras ng kabagabagan nito ay paaalisin pa siya sa presensya ng amo.*

Ang pag-iingay ng inahing manok sa gabi ay pagpapahayag ng pagkadisturbo ng kanilang katahimikan dahil sa presensya ng ibang hayop, sabi ni Aleng Azon, 72, ng Alabat, Quezon. Ayon sa mga mananaliksik, umaabot sa 24 na huni ang maaaring gawin ng manok. Dahil wala namang bokabularyo ang mga ito kagaya ng sa tao, ang mga manok ay nagpapahayag ng impormasyon na kung pagtutuunan ng pansin, mauunawaan ito ng tao (The Flip Flop Ranch, 2017). Ang mga huni ng manok ay mapapangkat sa: huni ng sisiw, huni ng inahin, huni ng dumalaga, pakikipag-usap, huni ng tandang, babala sa mandaragit, at paghingi ng tulong. *Ang mga magsasakang kagaya ni Aleng Azon ay mga bihasa na sa mga huni ng manok kaya may karunungan sa kanyang sinabi na ang pag-iingay ng inahing manok lalo na sa gabi ay dahil may ibang hayop na bumabasag sa kanilang paghihingalay.*

Hindi namin kinakatay ang katawan ng hayop na namatay dahil sa sakit sa paniniwalang ang espiritu ng sakit na pumatay rito ay maaaring sumalin sa kakain nito, sabi ni Mang Pidoy, 60, ng Lopez, Quezon. Tanging ang mga hindi nagdududa lang at ang mga madaling lokohin na mga tao ang kakain ng 'botcha' o karne ng namatay sa sakit na hayop. Hindi lamang ang namatay sa sakit, kabilang din dito ang mga nabigti at nasagasaan ng sasakyan, at iba pang katulad nito. Alam ng mga tunay na Kristiyano na hindi sila dapat kumain ng ano man na may kasamang dugo (Leviticus 19:26; Acts 15:20). Nasipsip na ng laman ang dugo ng hayop na namatay na at pagsuway na ito sa utos na paagusin muna ang dugo mula sa kinatay na hayop upang hindi ito sumama sa laman (Leviticus 17:13). *Ang pag-iwas sa pagkain ng botcha ay isang katutubong karunungan.*

Kapag ang kalapati ay lumayas sa bahay, ang mag-asawang may-ari sa kaniya ay madalas mag-away, ani Aleng Vering, 70, ng Quezon, Quezon. Maraming salik kung bakit umaalis ng kanilang tahanan ang mga kalapati. Ang isang dahilan ay kung namatay ang asawa niyang kalapati roon. Ang ibang dahilan ay dahil sa insektong gumagambala sa kanila kagaya ng kutitab o ligha, ang madalas na pagsalakay ng maninila gaya ng musang o sawa, kawalan ng makakain o maiinom, at iba pa. *Ngunit ang ibintang na maaway ang mag-asawang may alaga sa kanila ay isang katutubong kalokohan.*

Bilang paglalagom, ang mga katutubong karunungan ay ang mga sumusunod: pagpapaamo ng kalabaw, pag-ikot sa bagong alaga sa paligid ng bahay nang tatlong beses, pagbuhos ng tubig sa buntis na hayop tuwing lumilindol, pag-iingay ng inahing manok kapag may bantang panganib, at pag-iwas sa botcha. Ang mga katutubong kalokohan naman ay: pagtaboy sa umaalulong na aso, at pagbibintang na maaway ang mag-asawang may kalapating lumayas.

Pagtatayo ng Tahanan

Hangga't maaari, simulan ang pagtatayo ng bahay sa kabilugan ng buwan, pahayag ni Mang Kardo, 82, General Luna, Quezon. Kung nagbabalak magtayo ng bahay,

ipinapayo na gawin ito sa kabilugan ng buwan (Seasite, 2017). Inilalayo ng buwan ang tubig sa solidong bahagi ng daigdig sa ilalim ng lupa. Pinalalaki naman nito ang tubig dulo sa dulo, samantalang pinaninipis ang tubig sa tigkabilang gilid (Riotte, 1995). Kung naaapektuhan ng buwan ang tubig, naaapektuhan din nito ang Earth's crust. Ang paglobo at pagnipis ng crust ay nasa dalawang talampakan na mapapansin sa diyametro ng daigdig. Sa paghuhukay ng lupa para sa pundasyon ng bahay, bumababa ang lebel ng tubig dahil nahahatak ng buwan ang lupa (Bollimunta, 2013). Kahit maliit lamang ang pagbutog ng lupa, maaari naman nitong pasimulan ang pagputok ng bulkan at ng lindol (Briney, 2019). Kaya nga at mahalaga ang 'soil test' sa pagtatayo ng bahay. Sapagkat nahahatak ng bilog na buwan ang lupa, lumuluwang nang bahagya ang lupa na nagsisilbing dahilan ng pagbaba ng tubig. *May epekto ang kabilugan ng buwan sa paghuhukay ng mga pundasyon at haligi ng tahanan nang hindi gaanong maaabala ng mataas na lebel ng tubig.*

Ang paghinga nang malalim at pagbuga ng hangin ng karpintero ay nagbibigay ng ideya sa kanya kung gaano kataas ang sahig ng kubo na kanyang itinatayo, ang pahayag ni Mang Kardo, 82, ng General Luna, Quezon. Ang disenyo at porma ng bahay-kubo ay nakabatay sa klima at kapaligiran. Ang mga materyales ay yari sa kawayan, kahoy, anahaw, sasa, kugon, at iba pang kagaya nito. Ang madalas na pagdalaw ng bagyo at pagsira sa bahagi ng kubo ay tinatapatan ng kasaganaan ng mga materyales (Wikipedia.org., 2017). Tiyak na ang layunin ng pag-angat ng sahig mula sa lupa ay upang maiwasan ang pawis ng lupa o ang tubig-baha dahil ang singaw ng lupa at ang tubig-baha ay maaaring maging sanhi ng pagkakasakit (Caruncho, 2012). Ang sahig ng kubo ay kalimitang yari sa mga pilas ng kawayan na lalatagan ng banig na yari sa buli na humaharang sa singaw ng lupa. *Ang taas na ito ng sahig (halos hanggang baywang) ay ginawang mabuti sa hihiga, may bentahe sa aso (na bantay sa bahay), samantalang disbentahe sa taong mahihirapang sumuot sa silong para gumawa ng hindi mabuti.*

Kinakailangang may padugo (ng hayop) sa pagbubuhos ng pundasyon ng bahay upang maiwasan ang pag-agos ng dugo ng tao mula sa aksidente habang ginagawa ang tahanan, sabi ni Mang Kardo, 82, ng General Luna, Quezon. Ang padugo ay isang malaon nang ritwal na nakarating hanggang sa kasalukuyang panahon. Ang pag-aalay sa mga anito ng dugo ng hayop ay ginagawa noong unang panahon. Ang dugo, bilang simbolo ng buhay, ay pinaniniwalaang nakapagpapatibay ng pundasyon (na yari sa semento) ng bahay. Sinasabing ang pagkakaroon ng aksidente sa pook ng konstruksyon ay dahilan sa kawalan ng padugo, bagaman, sa katotohanan, ang dahilan nito ay ang kawalan ng plano at pag-iingat. Pinaniniwalaang ang dugo na sana ay magmumula sa tao ay nababayaran na ng dugo ng hayop (Tagaza, 2016). Kung ang dahilan ng pagpapadugo ay dahil sa nakapagpapatibay ito ng pundasyon dahil ang *haemoglobin* ay nagsisilbing *colloid* (Laleman, 2017), maaari namang gumamit ng iba kagaya ng mayonnaise, puti ng itlog, gatas, gelatin, maputik na tubig, o papel (scienceclarified.com). Sa totoo lang, ang paniniwalang ito ay nagtatago lamang sa kagustuhan ng mga karpintero na humigop ng sabaw at kumain ng karne ng hayop na kinuhaan ng dugo. Maaari naman silang pahigupin ng sabaw at pakainin ng laman ng hayop kahit wala ang ganitong ritwal (Jormis29, 2014). Nagiging sanhi tuloy ito ng pagkatakot ng mga bata, na sa tuwing may ginagawang tulay o malaking gusali ay nangunguha ang ilang manggagawa ng bata upang ibuhos ang dugo nito sa hinalong semento para matibay. *Ang pagsasakripisyo ng hayop o tao upang mapatibay ang ginagawang tulay o gusali ay isang paganong gawi at hindi kailanman maituturing na katutubong karunungan.*

Staircase should have any of the following number of steps: 4, 7, and 10 steps where 'oro' is the last step (oro, plata, mata) but definitely not 13 Aleng Eleonor, 55, Perez, Quezon. Sa mga Tagalog ng Timog Luzon, ang bilang ng baytang ay mahalaga at dapat na bilangin nang tuloy-tuloy mula Oro, Plata, Mata at pag-uulit nito hanggang ang huling hakbang ay sa Oro o sa Plata na kapwa simbolo ng kasaganaan. Ang pagbilang ay magmumula

sa unang baytang hanggang sa huling baytang na bahagi na ng sahig. Kahit tumapat sa Oro ang ika-13 baytang, ayaw ito ni Aleng Eleonor dahil sa takot nito sa bilang na 13 na sinasabing malas. Ang pagtapat ng huling hakbang sa Mata ay kawalan ng swerte (Fojas, 2012). Sa aking mga nakakausap na arkitekto at inhinyero, kanila pa ring taglay ang mga pamahiing ito. Ang mas mahalagang pag-usapan ay ang taas ng baitang (7 inches) at lapad nito (11 inches) ayon sa mga eksperto upang maayos ang paghakbang at maiwasan ang aksidente. (Nang sukatin ko ang hagdan ng gusali ng aming pamantasan, eksakto ngang siete pulgadas ang taas at onse pulgadas naman ang lapad.). *Ang kapalaran ng tao ay wala sa bilang ng kanyang paghakbang sa mga baytang ng hagdanan kundi nasa kanyang pag-iingat sa pag-akyat at pagpanaog dito.*

Huwag gagawa ng bahay na ang pinto ay magkatapat at magkasunod dahil pumapasok at lumalabas din kaagad ang swerte, ayon kay Mang Igme, 60, Pitogo, Quezon. Hindi raw tumatagal ang swerte kung papasok sa unang pinto tapos lalabas kaagad sa katapat na pinto. Tumatapat daw dapat ang pinto sa dingding upang ang salapi na papasok ay manatili at maipon (Fojas, 2012). *Kung bentilasyon at kaligtasan ang pag-uusapan, ang paniniwalang ito ay katutubong karunungan.*

Ang paglalagay ng lumang coins sa sementadong hagdan ay nag-aanyaya ng iba pang pera, pahayag ni Mang Igme, 60, ng Pitogo, Quezon. Sa kanilang tumitira sa mga konkretong tahanan, ang lumang coins o barya ay inilulubog sa sementadong baytang ng hagdan upang tuloy-tuloy ang pag-akyat ng pera (Fojas, 2012). *Maraming mga matatagumpay na negosyante at propesyunal ang nagkakamal ng limpak-limpak na salapi nang hindi naglalagay ng barya sa hagdanan ng kanilang mga bahay.*

Ang pangunahing pinto at durungawan ng bahay ay dapat na nakaharap sa silangan, sabi ni Mang Igme, 60, ng Pitogo, Quezon. Ang bahay na ang pasukang pinto at kalapit na bintana nito ay nakaharap sa silangan ay papasukin ng swerte kung papaano pumapasok ang banayad na silahis ng araw tuwing umaga, samantalang kung ang pangunahing pinto at bintana ay nakaharap sa kanluran, ito ay nagdadala ng kamalasan tulad ng sakit (Fojas, 2012). *Mas maganda sa kalusugan ang gising ng tao na ang bintana at pinto ay nasisikatan ng batang araw. Ang paglagos ng liwanag ng matandang araw sa kanlurang bahagi ay nakasasama sa kalusugan.* Ang paniniwalang ito ay katutubong karunungan.

Bilang paglalagom, mula sa pagpapatayo ng bahay kapag kabilugan ng buwan, pagtantiya sa taas ng sahig ng kubo, pag-iwas sa dalawang magkasunod na pinto, hanggang sa paggawa ng bahay na ang pangunahing pinto at bintana ay nakaharap sa silangan, ay mga katutubong karunungan. Ang pagpapadugo ng hayop sa itinatayong tahanan, ang pagbilang sa baytang ng hagdan, at paglalagay ng barya sa baytang ng hagdan, ay mga katutubong kalokohan.

Pagkain at Pananamit

Huwag munang ililigpit ang mga kinainan mula sa hapag hanggang hindi pa tapos kumain ang lahat, ani Aleng Lily, 73, ng Gumaca, Quezon. Wala munang magliligpit ng hapag-kainan habang mayroon pang kumakain. Ang mahuling kumakain at pinagliligpitan na kaagad ng mga kinainan ay mananatiling walang asawa habambuhay (Manahan, 2014). Lumalabas dito na ang pagiging single ay malungkot o kawalan ng pagpapala. Ang mga Pilipino ay maki-pamilya; ang pagsasalu-salo ang pinakatampok na bahagi ng pagsasama-sama. Ang pag-alis mula sa hapag habang kumakain pa ang iba ay hindi magandang pag-uugali. Gayon din, ang pag-iimpis ng mga gamit na kinainan ay katanggap-tanggap lamang kung tapos nang kumain ang lahat. Hindi kabilang dito ang pagkakaroon ng catering service dahil dapat namang tanggalin kaagad ang pinggan, kubyertos, at baso na katatapos lamang kumain. Nagiging katutubong kalokohan lamang ito kung sasamahan ng tukso na hindi magkakaasawa habambuhay. Ang kalokohang ito ay nagmula sa pagbibiro. Ang dalaga o binate kase na madalas maiwan sa mesa ay maaaring mabilis tumaba at ang pagiging mataba

ay nagpapaliit ng tsansa ng pag-aasawa. *Nagiging katutubong karunungan lamang ang paniniwalang ito kung ang pag-uusapan ay kagandahang-asal.*

Ang mga taong ipinanganak na suhi ay may galing na makapag-alis ng tinik ng isda sa lalamunan, sabi ni Aleng Ligaya, 76, ng Guinayangan, Quezon. Pinaniniwalaan ni Aleng Ligaya na ang mga suhi ay magaling magmasahe kasama na ang pagtatanggal ng tinik sa lalamunan. Sinabi ni Manahan (2014) ang pinakamabisang paraan ng pagtatanggal ng tinik sa lalamunan ay pag-inom ng tubig, pagsubo ng binilog na kanin, o paglunok ng saging, at pagsigaw ng Darna! Si Manahan, bilang suhi, ay hindi raw niya kaagad naalis ang tinik sa kanyang lalamunan sa maraming pagkakataon. *Para sa kanya, ang ganitong paniniwala ay isang malaking kalokohan.*

Kapag ang kutsara ay nahulog mula sa mesa, may darating na babaeng panauhin, lalaking panauhin naman kung tinidor ang nahulog, pahayag ni Aleng Josie, 48, ng Macalelon, Quezon. Sa nahulog na kutsara, asahang may darating na babaeng panauhin. Kapag tinidor ang nahulog, asahan ang darating na lalaking panauhin. When you drop a spoon, expect a female visitor. If you drop a fork, expect a male visitor. Ikinuwento ni Manahan nang siya ay pumunta ng Pagbilao, Quezon. Hindi sinasadyang naihulog ng kanilang katulong ang tinidor at sinabi ng lola niya na may darating na lalaking bisita. "Papaano po Lola kung ang naihulog ko ay sampung tinidor? Sisigaw ba ako ng hallelujah? O kakanta ng, "It's raining men, hallelujah, it's raining men!?" Ibig bang ipakahulugan nito na kung ang kutsara pagkahulog ay tumigil nang patagilid, ang panauhin ay tibo? At kung ang tinidor naman pagkahulog ay tumigil nang patagilid, ang panauhin ba ay bading? *Ang pagkahulog ng kutsara at tinidor ay walang kinalaman sa kasarian ng taong paparating, at hindi ito katiyakan na may darating ngang panauhin.*

Kapag isinukat ang damit-pangkasal ay hindi matutuloy ang pinlanong kasalan, ayon kay Mang Nelson, 47, ng Macalelon, Quezon. Maraming Pilipino ang nakaaalam ng pamahiing ito:

"Masamang isukat ang damit pangkasal;
Walang kasalang magaganap pagharap sa altar!"

Magiging tumpak ito kung figurative at hindi literal ang pagbibigay-kahulugan. Kailangang ipakahulugan na hindi pinapayagan ang "pagsusukat" hanggang hindi pa sila ikinakasal.

Sabi nga ni Mang Nelson: "Wala namang mawawala kung susundin ang pamahiin!" *Hindi lahat ng nagsukat ng damit-pangkasal ay hindi natuloy ikasal. Hindi lahat ng hindi natuloy ang kasal ay nagsukat ng damit-pangkasal.*

Kapag binigyan ka ng kapitbahay mo ng isang platong pagkain, sa iyong pagsasauli nito, huwag mo nang hugasan ang plato para hindi mabura ang kagandahang-loob ng pagbibigay at nang sa ganon ay mapanatili ang pagkakaibigan, sabi ni Aleng Maria, 55, ng Macalelon, Quezon. Ang hindi paghuhugas ng plato na pinaglagyan ng pagkaing mula sa kapitbahay ay indikasyon na tinatanggap mo ang kanyang kagandahang-loob. Ngayon, kung hindi naman kaagad isasauli ang pinggan, kailangan itong hugasan. Kapag nais gumanti ng kagandahang-loob, magbibigay siya ng pagkain gamit ang pinggan ng kapitbahay bilang paraan ng pagsasauli nito. Natuwa naman si Manahan nang sabihan siya ng kapitbahay na huwag na niyang hugasan ang pinggan. Naisip daw niya na: 'Okay, then, handle your biz!' (Manahan, 2014). *Isa lamang itong pamamaraan ng pakikipagmabutihan sa kapitbahay.*

Bilang paglalagom: Ang katutubong karunungan ay hindi kaagad pagliligpit ng kinainan kapag may kumakain pa. Ang katutubong kalokohan naman ay: Ang suhi ay madaling mag-alis ng tinik sa lalamunan; Ang pagkahulog ng kubyertos ay pagdating ng

panauhin depende kung kutsara o tinidor ang nahulog; hindi dapat isukal ng babaeng ikakasal ang damit-pangkasal kung nais niyang matuloy ang kasal; at hindi dapat hugasan ang pinggang pinaglagyan ng pagkain ng kapitbahay (kung ito ay ibabalik kaagad).

Pagsasamahan

Hindi pagpapakasal sa kamag-anak hanggang sa ikaapat na digri upang maiwasang magkaanak ng hindi normal paalala ni Aleng Ephel, 48, ng Padre Burgos, Quezon. Ang pagsasama ng mga genes ng magkamag-anak ay nagbubunga ng mga anak na hindi normal ang pangangatawan o pag-iisip (Tiangco, 2017). Ayon sa siyensya, ang pag-aasawa sa kadugo ang dahilan ng 31% ng mga ipinanganak na may depekto. Napatunayan ito sa pag-aaral ng 13,500 na sanggol na ipinanganak sa Bradford na ang nakagawian ng mga Pakistani na pag-aasawa ng kamag-anak ay sanhi ng 'congenital anomaly' at nararapat na iwasan (Boseley, 2013). Sa 1998 Family Code, Article 37, ay tumutukoy sa 'incestuous marriages'. Ang kasal ng mga sumusunod ay walang bisa: (1) sa pagitan ng ama at anak o ina at anak, tiyo at pamangkin o tiya at pamangkin, at (2) sa pagitan ng magkapatid, buo man o kalahati (childprotection.org., 2002).

Maaari kang saktan ng ibang tao sa pamamagitan ng kulam, ayon kay Aleng Mely, 71, ng Buenavista, Quezon. May mga taong sumusubok na gamutin ang mga biktima ng pangkukulam (Spellcaster Maxim, 2015). Ang 'Pangkukulam' ay isang anyo ng katutubong mahika na isinasagawa sa Pilipinas. Nagbibigay-diin ito sa mga pwersa sa loob ng katawan. Ang lupa, apoy, pampalasang sahog, kandila, at langis, mga gamit sa kusina ay bahagi ng ritwal, panggagayuma, o panggagaway. Ang sumpa ng mangkukulam ay magagamot kung hahanapin ang nangkulam at bibigyan siya ng alay na magpapahupa sa kanyang galit. Ipinalalagay ng mga mapamahiing tao na ang ilan sa mga sakit ay dahil sa pangkukulam. Mas madalas itong maganap sa mga kalinangan, kung saan ang albularyo ay nakakaalam ng pamamaraan ng panggagamot. Kalimitang gamit ay ang pagtatawas (revolvy, 2017). *Maaari ngang may **majica negra** ang mga mangkukulam, ngunit dahil sa ito ay nakasasama sa kapwa, hindi ito maituturing na katutubong karunungan.*

Upang madaling madisiplina ang anak o pamangkin, gagamitin ng magulang o nakatatanda ang kanilang mga mata upang magpahayag ng pagbabawal o pagpayag sa mga gagawin ng nakababata, sabi ni Aleng Lilia, 51, ng Mulanay, Quezon. Mahalaga rito ang eye contact at ang kasunduan ng nakatatanda at nakababata (Aquarius_Girl, 2013). Dahil ang nakababata ay hindi pa gaanong nakatitiyak kung ang kanilang ikikilos ay katanggap-tanggap o hindi, kailangan nila ng gagabay sa kanila. Isang kahihiyan sa mga magulang kung ang kanilang mga anak ay umaakto na animo hindi napangangaralan ng mga magulang. *Ang paggamit ng mga mata ay isang sikretong pamamaraan ng mga nakatatanda upang madisiplina ang mga nakababatang kamag-anak.*

Kapag ang pusa ay naglilinis ng kanyang mukha at katawan sa harap ng pinto o kapag humuni ang butiki sa itaas ng pinto, may darating na panauhin, pahayag ni Aleng Osang, 73, ng Gumaca, Quezon. Ang pusa ay kabilang sa mga hayop na madalas maglinis ng katawan. Ang mga dila nito ay magaspang at nakaaalis ng dumi at nakasusuklay ng balahibo (Bremer, 2002). Ang tiyak na dahilan kung bakit madalas ay sa harap ng pinto ito naglilinis ng katawan ay upang makita nito ang bawat dumarating (National Geographic, 2015). At sapagkat ang mga kulisap na pagkain ng mga butiki ay malimit na sa pinto pumapasok, pinakamagandang pwesto ito ng mga butiki (thingsasian.com, 2017). Isa pa, mas malapit ang paglabas ng bahay lalo na kapag papalubog na ang araw at oras nang humalik sila sa lupa (lurbanlegends, 2015). *Isa itong katutubong kalokohan.*

Ang paggamit ng orasyong Latin ay nakagagaling ng sakit, nakasasakit ng kapwa, o nagagamit na kalasag mula sa mga pagsugod ng kaaway, ani Aleng Narcing, 66, ng Gumaca, Quezon. Pinaniniwalaang ang mga orasyong Latin ay may galing na mas

makapangyarihan kaysa alinmang wika sa buong mundo (Amira, 2017). Maraming orasyong Latin ang diumano ay nakapagpapabago sa ating mundo. Ang paniwala ng ilan ay may kapangyarihan ang mga salita sapagkat ang langit at ang lupa ay nalikha sa pamamagitan lamang ng mga salita.Sa pananaw naman ng ibang tao, kahit alin pang wika ang gamitin, ang mga salita ay lagi nang may kapangyarihan. May mga Pilipino sa panahon ngayon na umuusal pa rin ng mga orasyon sa Latin na anila ay dinala rito sa Pilipinas ng mga Kastila upang ibahagi ang galing na ito sa mga katutubo. Madalas na inuusal ito bilang proteksyon o bilang gayumahin ang nagugustuhang mapangasawa (Nana, 2017). May mga pangungusap ding inuusal ang mga babaylan bago pa man dumating ang mga Kastila. At sapagkat pinagbibintangan ng mga paring Kastila na sa diyablo raw ang mga pag-aanito ng mga katutubo, maaaring ang pagbabahagi nila ng mga salitang Latin ay pamamaraan nila upang iwaksi na o takpan ang mga dating inuusal ng mga katutubo. *Isa pa, hindi naman naiintindihan ng mga katutubo ang mga salitang Latin kaya madali lamang silang mapaniwala.*

Kung bago sa isang lugar, kailangan muna na kumagat ang bisita sa balat ng puno upang maging bahagi ng kapaligiran at nang hindi katuwaan ng mga engkanto rito, sabi ni Mang Juan, 72, ng Tagkawayan, Quezon. Tunay namang may relasyon ang tao at ang puno noong una pa man dahil sa palitan ng oxygen at carbon dioxide. Isa pa, maraming pakinabang ang tao sa punongkahoy. Ayon sa pag-aaral, ang pagdalang ng mga puno ay may epekto sa paghinga ng mga tao (Donovan, Butry, Michael, Prestemon, Liebhold, Gatziolis, & Mao, 2014). Sapagkat nabuhay nang daan o libong taon ang ilang mga puno at nasaksihan nila ang mga pangyayaring hindi natin inabutan, kailangan nating silang pahalagahan. Maaari rin namang pagkunan ng hula sa mangyayari sa hinaharap ang mga puno (Mercado, 2015). Gayon man, ang pagkagat sa balat ng puno sa layuning payapain lamang ang mga pinaniniwalaang mga engkanto ay kalokohan. *Tiyak na niloloko lamang ng mga tagaroon ang bagong salta lalo na at nanggaling ang bisita sa lungsod.*

Tumatalab ang sumpa ng magulang sa kanyang anak, ayon kay Mang Juan, 72, ng Tagkawayan, Quezon. Ang sumpa ay sinasambit upang ang kakaibang pwersa ay saktan, papaghirapin, o patayin ang isang tao o bagay (Angelfire.com., 2017). Kung ang sumpa ay sasabihin nang tahasan, lalo na kung ang pinatutungkulan ay kadugo, tatalab ito ayon sa sinalita ng sumumpa. Sapagkat may malakas na ugnayan ang mga magkakamag-anak, at ang sumumpa ay lubos na nakakikilala sa isinusumpa, lalo na kung espesyal na okasyon at maraming tao ang dumadalo, halimbawa ay kasalan, magkakaroon ito ng nakahihindik na epekto (SPL Staff, 2012). Ang dila, at ang mga salita nito, ay may kapangyarihang magpala o magwasak ng buhay. Ang Panginoon na ang nagsabi sa Matthew 12:36 na ang bawat binibitawang salita ng tao ay isusulit niya sa panahon ng paghuhukom (Green, 2010). Mas makababuti na pagpalain ang kapuwa sa halip na isumpa. Kahit na nga ang kaaway ay dapat nating pagpalain. Ang *anathema* ay sinasalita lamang sa tao na wala nang pag-asang baguhin ang masamang gawi. *Tumatalab ang sumpa sa kapwa komporme sa intensyon at kalagayan ng sumumpa at isinumpa.* .

Kapag niregaluhan ang kasintahan ng panyo, ang tumanggap ay paluluhain ng nagbigay, sabi ni Mang Juan, 72, ng Tagkawayan, Quezon. Huwag daw magregalo ng panyo dahil magiging sanhi ito ng kanyang pagluha (Manahan, 2014). Ang pangontra raw dito ay pagbibigay ng piso sa nagbigay upang hindi lumabas na regalo kundi nabili ang panyo. Para sa mga nagsisiguradong mga Pinoy, upang mas humigpit ang yakap ng kasintahan, sinturon ang dapat na iregalo. Ang paniniwalang gagamitin ng binigyan ang panyo bilang pamahid ng luha ay isang kalokohan.

Ang mga nunal sa iba't ibang bahagi ng katawan ay may mga kahulugan, dagdag ni Mang Juan, 72, ng Tagkawayan, Quezon. Pinaniniwalaang inilagay ng Lumikha sa balat ng tao ang kanilang mga nunal bilang mensahe. Halimbawa, ang may nunal sa palad ay gastador; ang may nunal sa labi ay madaldal; ang may nunal sa talampakan ay mahilig lumabas ng bahay (dahil layas o lakwatsera (Manahan, 2014). Ang nunal ay isang abnormalidad sa balat

dahil sa pag-iipon ng selyula sa isang bahagi ng balat (itim o kayumanggi) sa halip na kumalat sa iba pang bahagi. Idinagdag ni Manahan na wala naman siyang nunal sa palad pero siya ang sobrang gastador. *Kaya naman sa paningin ng dermatologist, walang kinalaman ang nunal sa personalidad ng isang tao.*

Sa pakikisalamuha, ang mga katutubong karunungan ay: hindi pag-aasawa ng kamag-anak hanggang sa ika-apat na digri upang maiwasan ang pag-aanak ng abnormal; pagdisiplina sa kabataan gamit ang mga mata ng mga matatanda; may bisa ang sumpa ng mga magulang. Ang mga katutubong kalokohan naman ay: pangkukulam, ang pusang naghihilamos sa harap ng pinto at ang butiking humuhuni sa itaas ng pinto ay nagpapabatid ng pagdating ng panauhin; paggamit ng orasyong Latin laban sa kaaway; pagkagat sa balat ng puno upang hindi katuwaan ng engkanto; ang panyo bilang regalo ay pagbabadya ng pagluha ng niregaluhan nito; at ang nunal sa iba't ibang bahagi ng katawan ay may mga kahulugan.

Papel ng buwan sa kanilang buhay

May pakinabang ang tao sa pagbibilog ng buwan, ani Mang Danny, 66, ng Gumaca, Quezon. Kapag kabilugan ng buwan, dahil mas malakas ang hatak ng mas malaking buwan, pinaniniwalaang sanhi ito ng pagiging aktibo ng utak. Kung baga, ang manunulat ay mas maraming maisusulat. Mapapansin niyang mas masigla siya sa pagsusulat kapag mas malaki ang buwan (Spiritual Science Research Foundation, 2017). Sapagkat ang buwan ay umiikot sa daigdig sa kanyang elliptical na daan, may posisyon ito na pinakamalapit sa daigdig (perigee) na 14% na mas malapit sa daigdig kumpara sa pinakamalayong posisyon (apogee). Sa tuwing magkakasabay ang perigee at ang kabilugan ng buwan, ito ay 30% na mas maliwanag at tinatawag itong 'supermoon'. Sa maraming resulta ng mga pananaliksik, walang naitalang koneksyon sa kabilugan ng buwan at sa ugali ng tao. Sa meta-analysis ng 37 pag-aaral tungkol sa koneksyon ng bilog na buwan at ng pagsipa ng emosyon, napatunayan na 1% lamang ang koneksyon (Byline Manual, 2016). Maaaring gamitin ang pisikal na hugis ng Buwan sa pagko-kondisyon ng isip ng tao. Iniimbitahan ang mga interesado na umayon sa daloy ng pagliit at paglaki ng Buwan. Kung papaliit ang Buwan, ito diumano ang tamang panahon upang bitawan ang mga pasanin sa buhay, samantalang kung papalaki ang Buwan, tamang panahon ito upang magpahalaga sa bago (balispirit, 2020). Patuloy pa ang mga pananaliksik tungkol sa pag-iipon ng lakas ng Araw sa pamamagitan ng Buwan (Creswell, 2020). Ito ang enerhiya na tinatalakay kapwa ng mga siyentista at mga relihiyosong tao.

Walang direktang epekto ang Buwan sa utak ng tao ngunit makatutulong ang Buwan sa pagpapabuti ng buhay ng tao..

Maliban sa mga madadahong gulay, ang ibang halaman ay mainam na itanim kapag kabilugan ng buwan, sabi ni Mang Danny, 66, ng Gumaca, Quezon. Kapag kabilugan ng buwan, ang pinagsamang paghatak ng araw at buwan ay pinakamalakas. Ang dahilan kung bakit ang mga magsasaka ay pinapayuhang magtanim kapag kabilugan ng buwan ay sapagkat ang mga ugat ay madaling sumipsip ng tubig gawa ng paghatak ng buwan (eskwelanaga, 2011). *Ang buwan ay may mahalagang papel sa mga halaman kaya't ang pagtatanim ay ipinapayong pinakamabuti kapag kabilugan ng buwan.*

Ang mga taong nagkasakit ng tipus o typhoid fever ay nagiging abnormal ang pag-uugali kapag bilog ang buwan kayat kailangang sila ay iwasan at unawain, sabi ni Mang Fredo, 70, ng Quezon, Quezon.

Hiniram ni Arkowitz at Lilienfeld (2009) ang mga linya ni Shakespeare mula sa Othello:

"It is the very error of the moon.
She comes more near the earth than she was wont.
And makes men mad."

Tunay na tinataglay ng diyosa ng mga Romano ang kasalukuyang pangalan ng buwan, Luna, na salitang-ugat ng salitang 'lunatic'. Ipinanukala ng Pilosopong Griyego na si Aristotle at ng Romanong historyador na si Pliny the Elder na ang utak ng tao ang isa sa pinakamatubig na organ ng katawan kaya ito ay naapektuhan ng buwan kung papaanong hinihila nito ang mga tubig ng daigdig (Arkowitz & Lilienfeld, 2009; Hubbard, 2015). Kinontra ito ng mga siyentipiko na mas malakas pa raw ang hatak ng kagat ng lamok kaysa sa pwersa ng buwan sa utak ng tao (Feltman & Kaplan, 2016). Kung may epekto ang buwan sa gawi ng taong nagkasakit ng tipus, nangangailangan pa ang paniniwalang ito ng maraming pananaliksik (Bolanos, 2016). Ayon sa pananaliksik, ang bilang ng konsultasyon sa sakit sa pag-iisip at bilang ng ipinapasok sa emergency room tuwing kabilugan ng buwan ay walang kapuna-punang pagkakaiba sa mga gabing hindi bilog ang buwan (Feinn, 2016). *Ang hiwaga ng buwan ay lumikha ng maraming sapantaha na wala pang basehan ng masaklaw na pag-aaral.*

Naaapektuhan ng buwan kapwa ang mga halaman at mga hayop, pahayag ni Mang Jose, 61, ng Lopez, Quezon. Naaapektuhan ng buwan pag-iisip ng mga hayop. Gayon man, walang kamalayan ang mga hayop sa epektong ito dahil ang pag-iisip nila ay may kinalaman lamang sa mga pangunahing pagnanasa kagaya ng pagkain, pagpaparami, pagtulog, at iba pa (Spiritualresearchfoundation.org., 2017). Si Rudolf Steiner na nagtatag ng 'anthroposophical movement', ay nakakita sa korelasyon sa pagitan ng agham, kalikasan, mga batas-pangsansinukob, at espiritwal na mga alalahanin. Mula sa samahang ito ay nabuo ang 'biodynamic methods' ng pagtatanim. Kanyang pinatunayan ang relasyon ng lupam hangin, apoy, at tubig na tumutukoy sa mga tiyak na bahagi ng mga halaman. Ang lupa ay sa ugat; ang tubig ay sa pagsibol at paglago ng dahon, ang apoy ay sa paglikha ng mga binhi, at ang hangin ay sa mga bulaklak. Kaya naman, kung magtatanim tayo ng kamote, itatanim ito sa ilalim ng 'earth sign', kung mustasa naman, ay sa ilalim ng 'eater sign', at iba pa. Ang first-century Roman naturalist na si Pliny the Elder, ay nagpahayag sa kanuang Natural History na ang Moon ay nagpupuno, sa kanyang pagdalaw, sa pangangailangan ng daigdig, habang, kapag lumalayo naman ito ay nagbabawas naman sa mga ito. Ang malaon nang pagsasaka gamit ang karunungan tungkol sa papel ng buwan sa pagsasaka ay nagsimula sa payak na paniniwala na ang buwan ang dahilan ng hamog. Noong sinaunang panahon, ang mga magsasaka ay ginagabayan ng mga hugis ng buwan. Ang pagsikat ng buwan sa gabi (waning phases) ay nagdadala ng maaliwalas ng panahon (ang full moon at last quarter ay sumusungaw sa gabi), samantalang ang new moon at first quarter (waxing phases) ay nagdadala ng mataba at matubig na lupa dahil ito ay sumusungaw kapag araw kaya't sa panahong ito ay mabuting magtanim ng mga halaman maliban sa mga lamang ugat. Mabuti rin ito sa paglalagay ng alagang damo (kagaya ng carabao grass) na pantakip sa lupa sa bakuran. Isa pa, ito ang tamang panahon sa pagdudugsong ng mga sanga ng puno para sa pagsisimula ng bagong halaman (grafting), gayundin sa paglilipat ng dinukal na halaman. Mula full moon hanggang sa last quarter (o panahon na papadilim ang langit), ay mabuti sa pagtatanggal ng mga dawag o hindi kailangang damo, pagpapanipis, pagtatabas ng mga dahon, pagpapantay ng damo, at pagtatanim ng mga halamang-ugat (kagaya ng kamote, balinghoy, ube, at uraro). Kapag tagtuyot, makabubuting magtanim ng halaman kapag malapit na ang full moon (White, 2017). Ang pag-alam sa mga klase ng halaman na itatanim ayon sa hugis ng buwan ay katutubong karunungan.

Ang mga katutubong karunungan ay: ang kabutihang dulot ng full moon sa utak ng tao; maliban sa mga madadahong gulay, mabuting magtanim ng iba't ibang uri ng halaman; ang full moon ay nakaaapekto kapwa sa hayop at halaman. *Local Folly:* Katutubong kalokohan naman ang paniniwalang nagiging hindi normal tuwing full moon ang pag-uugali ng isang taong nagkasakit ng typhoid fever.

PAGBUBUOD

1. Kalusugan at Pag-iwas sa Sakit
2. Sanitasyon
3. Paggamit at Pagpapanatili ng Likas na Yaman
4. Pagsasaka
5. Paghahayupan
6. Pagtatayo ng Tahanan
7. Pagkain at Pananamit
8. Pakikisalamuha
9. Papel ng Buwan sa Kanilang Buhay

Sa proseso ng paghihiwalay ng katutubong karunungan sa katutubong kalokohan, ang mga sumusunod ang buod ng mga ito:

1. Sa kalusugan at pag-iwas sa sakit, may mga katutubong karunungan pa rin na nananatili. Nahahaluan lamang ang mga ito ng katutubong kalokohan dahilan sa labis na pagka-relihiyoso;
2. Sa kalinisan, nananagana ang katutubong karunungan sa paliligo, pagtutuli, at pagreregla. Ang pagnanais na manloko o magpatawa ay lumikha ng katutubong kalokohan lalo na sa pagtutuli, pagreregla, agimat, at Biernes Trese;
3. Sa paggamit at pagpapanatili ng likas na yaman, napatunayang ang pagbabago ng sistema ng paniniwala mula animism patungong Katolisismo ay nagbunsod sa pagkalbo ng kagubatan;
4. Sa pagsasaka, ang pagpapanatili ng kaiga-igayang gawi at ang paggamit ng mga makabagong kagamitan at ideya ay napapanahon na;
5. Sa pag-aalaga ng hayop, ang karunungan sa pagpapaamo ng hayop at pagtataas ng antas ng pagpapahalaga sa mga hayop at hindi sa mga pamahiin ay nararapat isaalang-alang;
6. Sa pagtatayo ng panahanan, ang mga bag-as na karanasan at sentido komun ay dapat kabahagi sa pagdidisenyo at pagtatayo ng mga tahanan;
7. Sa pagkain at pananamit, ang karunungan ay nasa tamang pag-uugali lalo na sa hapag-kainan, gayundin ang simple ngunit kapita-pitagang gawi sa pananamit;
8. Sa pakikisalamuha, ang pagiging disente, disiplinado, mapagmahal, mapagkalinga, at mabuting pagtanggap ng mga panauhin ang nararapat mangibabaw;
9. Ang buwan ay may mga epekto sa tao, hayop, at halaman. Ang pagliwanag at pagdilim ng buwan ay kailangang nasasa kamalayan ng mga Pilipino at masiglang naisasagawa ang ang karunungang ito sa tamang kaparaanan.

Batay sa buod ng kabanatang ito, ang mga sumusunod ay ipinapayong isagawa:

1. Paglalaan ng espasyo o silid sa mga barangay health centers para sa paghihilot (traditional massage) at alternatibong panggagamot na pangungunahan ng mga batikang albularyo;
2. Mas masaklaw na pag-aaral tungkol sa katutubong karunungan at kalokohan;
3. Pahambing na pag-aaral tungkol sa anthropocentrism at ecopedagogy at ang kabagayan nito sa kulturang Pinoy;
4. Paglalapat ng makabagong teorya sa pagsasaka na kumikilala sa katutubong karunungan sa agrikultura;
5. Pagbabahagi ng iba't ibang kaparaanan ng mga sinaunang Pilipino sa paghahayupan at pagkakabit ng kapakanan at karapatan ng mga hayop;
6. Konsultasyon, pagpapalitang-kuro, at pagkakasundo sa mga disenyo at pagtatayo ng mga panahanan;

7. Pagpapanatili ng katutubong karunungan hinggil sa tamang gawi sa hapag-kainan, at ang pagkamagiliw sa mga panauhin. Kailangan din ng pagtatasa ukol sa mga uri ng pananamit na may diin sa pagkamaharlika at pagkamakabayan ng mga Pilipino;
8. Pagpapalawig ng kaugaliang Pilipino kapwa sa tahanan at sa paaralan;
9. Pagbalik-tanaw sa Kalendaryong Luni-Solar kumpara sa Kalendaryong Gregorian at ang potensyal ng huli sa pagsasaka at pakikipagkapwa-tao.



Plate 1. Aleng Dolor, 82, of Lopez, Quezon massages with oil the forehead of her patient.



Plate 2: It is the duty of the mothers, like Aleng Mavic, 47, of Calauag, Quezon, to teach their daughters feminine hygiene.



Plate 3. Mang Oca, 70, Macalelon, Quezon, asks permission from the seen and the unseen before cutting down an old tree.



Malaki ang naitutulong ng kalabaw sa magsasaka sa bukid. Masasabing ang pagpapaamo sa naturang hayop ay isang karunungan na napakikinabangan hanggang sa kasalukuyan. Makikita sa larawan ang isang kalabaw na humihila ng kangga upang mahakot ang mabibigat na bagay o ani sa bukid.



Plate 4. Mang Victor, 55, of Guinayangan, Quezon and his friend do not dare to look up for they believe that by doing so, the coconut trees would not grow too tall and so that their fruits will be of normal size.



Plate 5. Mang Quiri, 65, Pitogo, Quezon, with his carabao, prepares his field for rice planting.



Plate 6. Mang Igme, 60, of Pitogo, Quezon built his house facing the east to welcome the rays of the sun for health and good life.



Plate 7. Aleng Josie, 48, of Macalelon, Quezon believes that if a spoon like this falls on the floor while eating, a visitor shall arrive.



Plate 8. Aleng Narcing, 66, Gumaca, Quezon, prepares her healing paraphernalia which are usually accompanied by Latin spells.

Plate 9. Aleng Lucing, 64, of Lopez, Quezon says that as a folk healer, her power is strongest during full moons.



PINAGBATAYAN

Abadilla, E. V. (2015). *Philippine amulets.* Retrieved from https://manilenya222.wordpress.com/tag/philippine-amulets/

Adriano, M.S. 1989. *Implications for policy of the studies on profitability of irrigated non-rice crop production: A synthesis.* Proc. National workshop on Crop Diversification in Irrigated Agriculture in the Philippines. IIMI, Sri Lanka, 134-142.

Algers, B. (1984). A note on behavioral responses of farm animals to ultrasound. *Applied Animal Behavior Science,* 12, 387-391.

American Cancer Society (2017). *What are the risk factors for penile cancer?* Retrieved from http://www.americancancersoceity.com

Amira (2017). *Spells in Latin, try these easy spells now!* Retrieved from http://rituals-magic.blogspot.com/2015/04/spells-in-latin.html

Angelfire.com (2017). *Curse words & profanity.* Retrieved from http://www.angelfire.com/ill/hebrewisrael/Articles/PROFANE.html

Answers.yahoo.com. (2008). *Could putting menstrual blood on my face help my acne?* https://answers.yahoo.com/question/index?qid=20081206143244AAoIkAr

Apostol, V. M. (2010). *Way of the Ancient Healer: Sacred Teachings from the Philippine Ancestral Traditions.* California: Berkeley,

Aquarius_Girl. (2013). *Should we expect the kids to make an eye contact always?* https://parenting.stackexchange.com/questions/8101/should-we-expect-the-kids-to-make-an-eye-contact-always

Arkowitz, H., & Lilienfeld, S. O. (2009). *Lunacy and the full moon: Does the full moon really trigger strange behavior?* Retrieved from https://www.scientificamerican.com/article/lunacy-and-the-full-moon/

Aswangproject.com. (2017). *The Mangmangkik: Tree Spirits in Ilocos Norte.* Retrieved from https://www.aswangproject.com/mangmangkik-spirits-trees/

Balispirit (2020). 5 tips how to harness the power of full moon and new moon in your life. Retrieved June 12, 2020 from https://www.balispirit.com/community/blog/5-tips-how-to-harness-the-power-of-full-moon-and-new-moon-in-your-life

Barrel, A. (2017). What is phimosis? Retrieved July 19, 2019 from www.medicalnewstoday.com

Binboy. (2016). *Comment on 13 facts about 'Friday the 13th' you probably didn't know if you are superstitious, today is the day you dread the most.* Retrieved from http://indianexpress.com/ article/trending/trending-globally/13-facts-about-friday-the-13th-you-probably-didnt-know-2799158/

Blakely, V. (2012). *Trees are blessed before being cut down.* Retrieved from http://japan.stripes.com/base-info/trees-are-blessed-being-cut-down#sthash.BLXdOQ2O.dpbs

Bolanos, F. (2016). Does the moon affect our mood or actions? Retrieved July 25, 2019 from frontiers.org.

Bollimunta, U. R. (2013). Impact of Earth's crustal tides on groundwater regime in confined sedimentary aquifers of Andhra Pradesh, India. Retrieved July 24, 2019 from suvratk.blogspot.com.

Bonnell, R. W. (2009). *Illness as spiritual experience.* Quest 97(3), 108-109, 112. Retrieved from https://www.theosophical.org/publications/quest-magazine/42-publications/ quest-magazine/1674-illness-as-spirtual-experience

Boseley, S. (Ed.). (2013). *Marriage between first cousins doubles risk of birth defects, say researchers.* Retrieved from https://www.theguardian.com/science/ 2013/jul/04/marriage-first-cousins-birth-defects

Bradley. (2010). *How's that for gross? Philippines Superstition: Wash Your Face With Menstrual Blood.* Retrieved from http://www.bradleyfarless.com/ philippines-superstition-wash-your-face-with-menstrual-blood/

Bremer, K. (2012). *Do cats really get clean when they wash their face with their paws?* Retrieved from https://www.quora.com/Do-cats-really-get-clean-when-they-wash-their-face-with-their-paws

Brion, G. (2014). *Controlling Pests with Plants: The power of intercropping.* Retrieved from https://learn.uvm.edu/foodsystemsblog/2014/01/09/controlling-pests-with-plants-the-power-of-intercropping/

Britt, R. R. (2016). *It's just a phase: The supermoon won't drive you mad.* https://www.livescience.com/7899-moon-myths-truth-lunar-effects.html

Broucek, J. (2014). Effect of noise on performance, stress, and behavior of animals. *Anim.Sci., 47*(2), 111-123. ISSN 1337-9984.

Burn, C. C. (2008). What is it like to be a rat? Rat sensory perception and its implications for experimental design and rat welfare. *Applied Animal Behavior Science,* 112, 1-32.

Byline Manual, (2016). It's just a phase: The supermoon won't drive you mad. Retrieved July 25, 2019 from livescuebce-com.cdn.ampproject.org

Caruncho, Eric S. (2012-05-15). Green by design: Sustainable living through Filipino architecture. *Philippine Daily Inquirer.* Makati, Philippines: Philippine Daily Inquirer, Inc.

Castillon, P. K. R. (2014). *Beliefs about health, illness its etiology and healing modalities: Implications to community health nursing* (Master's thesis). Graduate School, University of Santo Tomas, Manila, Philippines.

Childprotection.org. (2002, August). *Understanding incest in the Philippines.* Women's Legal Bureau, Inc. for SIBOL. Retrieved from https://aboutphilippines.ph/ files/Understanding-Incest-in-the-Philippines.pdf. http: www.childprotection.org.ph

Collins, R. (2015). *The power of the local hilot massage.* Retrieved, 31 May 2017, from https://atmosphereresorts.com/the-power-of-the-local-hilot-massage

Comoli, E., Ribeiro-Barbosa, É. R., Negrão, N., Goto, M. & Canteras, N. S. (2005). *Neuroscience* 130, 1055–1067

Constantino, A. (2011). *Philippine Hawk-Owl calling.* Retrieved from http://www.birdingphilippines.com/ 2011/05/02/philippine-hawk-owl-calling-hd/

Country Living. (2009). *Howling dog - curing separation anxiety in dogs.* Retrieved from www.countryliving.com/life/kids-pets/a2861/dog-separation-anxiety-0709/

Creswell, D. (2020). Solar power from the moon. Retrieved 12 June 2020 from http://sciencenetlinks.com/science-news/science-updates/solar-power-from-moon/

De los Reyes, I. (1889). *El Folk-lore Filipino.* In Dizon and Peralta-Imson (Trans.), 1994. Retrieved from https://www.aswangproject.com/mangmangkik-spirits-trees/

Dela Cruz, A. R. D. (2016). *The Philippine carabao through the lens of American colonial scientists.* History Department, De La Salle University-Manila.

Devitt, J. (2010). *Pregnancy problems surface after earthquake*. Retrieved from http://www.futurity.org/pregnancy-problems-surface-after-earthquake/

Divine Inspiration. (2016). *Gardening by the moon. Divine Inspiration Publications.* Retrieved from http://www.gardeningbythemoon.com/phases.html

Donovan G.H., Butry D.T., Michael, Y.L., Prestemon, J.P., Liebhold, A.M., Gatziolis, D., & Mao, M.Y. (2014, February), The relationship between trees and human health: evidence from the spread of the emerald ash borer. *PubMed, 44*(2), 139-145. doi: 10.1016/j.amepre.2012.09.066.

Enriquez, V. (1994). *From colonial to liberation psychology: The Philippine experience.* Manila: De La Salle University Press.

Eskwelanaga. (2011). *Mga alamat at siyentipikong paliwanag ng mga likas na phenomena.* Retrieved from https://eskwelanaga.files.wordpress.com/ 2011/02/ mga-alamat-atsiyentipikong-paliwanang-ng-mga-likas-na-penomena.pdf

Espino, R. C., & Atienza, C. S. (2003). *Crop diversification in the Philippines.* Retrieved from http://www.fao.org/docrep/003/x6906e/x6906e0a.htm

Express Web. (2016). *13 facts about 'Friday the 13th' you probably didn't know if you are superstitious, today is the day you dread the most.* http://indianexpress.com/article/ trending/trending-globally/13-facts-about-friday-the-13th-you-probably-didnt-know-2799158/

Fajardo, B., & Pansacola, M.A. (2017). *Hilot: The Science of the Ancient Filipino Healing Arts.* Manila: Anvil Publishing, Inc., quoted in https://hilothealing.com/traditional-hilot/benefits-of-traditional-hilot/

Feinn, L. (2016). *7 ways the full moon supposedly affects the human body.* Retrieved from https://www.bustle.com/articles/185033-7-ways-the-full-moon-supposedly-affects-the-human-body

Feltman, R., & Kaplan, S. (2016). *Dear Science: Does a full moon really change human behavior?* https://www.washingtonpost.com/news/speaking-of-science/wp/2016/10/24/dear-science-does-a-full-moon-really-change-human-behavior/

Filipiknow. (2013). *Top ten Pinoy health myths you thought were true.* Retrieved from http://www.filipiknow.net/health-myths-philippines/

Fojas, F. (2012). *Superstitious beliefs of the Filipinos.* Retrieved from https://felixfojas.wordpress.com/2012/03/06/ superstitious-beliefs-of-filipinos-4/

Galvez-Tan, J. Z., Tiston, R. C., & Macalintal, M.M. B. (1977). Psychology of Filipino medico religious therapy. In L. N. Mercado (Ed.). *Filipino Religious Pscyhology.* Tacloban City: Divine World U Publications.

Girish, V. (2016). *What is the best time of the day to take a bath?* Retrieved from https://www.quora.com/Health-What-is-the-best-time-of-the-day-to-take-a-bath

Goleman, D. (2010). In *Ecological intelligence:* Mengungkap rahasia dibalik produk-produk yang kita beli. PT Gramedia Pustaka Utama: Jakarta.

Green, S. (2010). *Blessing & cursing: Power in our words.* Retrieved from http://www.christianvoice.org.uk/ index.php/blessing-and-cursing-power-in-our-words/

Griffiths, S. (2015). *Animals predict earthquakes.* Retrieved from http://www.dailymail.co.uk/ sciencetech/article-3009448/Animals-predict-earthquakes-Scientists-film-behavioural-changes-seismic-activity-increases.html#ixzz4okhFI9nh

Gunjikar, P. J. (2016). *What is the best time of the day to take a bath?* Retrieved from https://www.quora.com/Health-What-is-the-best-time-of-the-day-to-take-a-bath

Han, W. et al. (2017). *Cell.* http://dx.doi.org/10.1016/j.cell.2016.12.027

Hay, L. (2017). *The power of positive affirmations for healing.* Retrieved from https://www.powerofpositivity.com/power-of-positive-affirmations-for-healing/

Hislop, S. (1971). *Anitism: A survey of religious beliefs native to the Philippines.* Retrieved from http://www.asj.upd.edu.ph/mediabox/archive/ASJ-09-02-1971/hislop-anitism-survey-religious%20beliefs-native-philippines.pdf

Hoy, T. (2014). *Supernatural spirit territories: Do spirits live in your yard?* Retrieved from http://www.tanahoy.com/psychic-development/supernatural/

Hubbard, S. B. (2015). *Surprising ways the moon affects your health.* Retrieved from http://www.newsmax.com/Health/Headline/moon-affects-health-tales/2015/04/15/id/638770/

Ic.steadyhealth.com. (2016). *Taking a bath while on period.* Retrieved from http://ic.steadyhealth.com/taking-a-bath-while-on-period

Inquirer.net. (2014, February 18). Do amulets, charms and 'anting-anting' work? *Philippine Daily Inquirer.* Inquirer lifestyle. Retrieved from lifestyle.inquirer.net/151951/do-amulets-charms-and-anting-anting-work/ https://www.google.com.ph/search?q=amulets+in+the+Philippines&oq=amulets+in+ the+Philippines.

Jauco, V. T. (2008). *Aklat sa Paghihilot (Book of Remedial Massage).* Quezon City: Goodwill Trading Co., Inc..

Jevons, J. (1991). *How to grow vegetables.* Ten Speed Press.

Jivanda, T. (2014). *Spiritual or religious activity may protect against depression by thickening the brain cortex.* Retrieved from http://www.independent.co.uk/life-style/health-and-families/health-news/spiritual-or-religious-activity-may-protect-against-depression-by-thickening-brain-cortex-9067963.html

Johnson, K. C. (2007). *The effects of maternal stress and anxiety during pregnancy.* http://www.psychiatry. emory.edu/PROGRAMS/GADrug/Feature%20Articles/Mothers/The%20effects%20of%20maternal%20stress%20and%20anxiety%20during%20pregnancy%20(mot07).pdf

K-state.edu. (2018). *Abnormal corn ears.* Retrieved June19, 2018 from www.agronomy.k-state.edu/ extension/documents/crop.../Abnormal_Corn_Ears.pdf

KalusuganPh (2017). *Ano ang pasma?* Retrieved from http://kalusugan.ph/ano-ang-pasma-may-gamot-ba-sa-pasma/

KalusuganPh. (2017). *Paglilihi: tunay nga ba o isang paniniwala lamang?* Retrieved from http://kalusugan.ph/paglilihi-tunay-nga-ba-o-isang-paniniwala-lamang/

Khan, R. V. (2010). *Critical pedagogy, ecoliteracy, & planetary crisis.* New York: Peter Lang Publishing, Inc.

Kim, E. K. (2016). *Morning or night? The best time to shower is...* Retrieved from http://www.today.com/series/morning-routine/should-i-shower-night-or-morning-best-time-t104124

Kopnina, H., Washington, H., Taylor, B., & Piccolo, J. (2018). Anthropocentrism: More than just a misunderstood problem. *Journal of Agricultural and Environmental Ethics, 31*(1), 109–127.

Lake, F. (2014). *How to survive Friday the 13th.* Retrieved from http://weeklyworldnews.com/ headlines/20781/how-to-survive-friday-the-13th/

Lake, P. (2009). *Traditional male circumcision in West Timor, Indonesia: Practices, myths, and their impact on the spread of HIV and gender relation.* Springer Science + Business Media. Faculty of Social and Political Sciences, Kupang, Indonesia.

Laleman, C. (2017). *Use of blood in the cement, mortar and concrete industry for obtaining a lightened material.* (80 Ile de Migneaux, Poissy, FR). Retrieved from http://www.freepatentsonline.com/4203674.html

Limjoco, D. J. (2017). *The story of a rescued and loving wild musang, or masked Asian Civet cat we rescued, loved and lost.* Retrieved from http://our-pet-musang.blogspot.com/

Lurbanlegends (2015). *Why do lizards kiss the ground every evening?* Retrieved July 25, 2019 from lurbanlegends.blogspot.com

Madrid, V. (2017). *"Tuli" or not Tuli" – that is the question: Filipinos' belief on circumcision.* Retrieved from http://www.psst.ph/tuli-not-tuli-question-filipinos-belief-circumcision/

Manahan, M. (2014). *Humorous Filipino superstitions: Do you believe any of them?* Retrieved from http://www.wheninmanila. com/ 8-humorous-filipino-superstitions-do-you-believe-any-of-them/

Mendenhall, E. (2009). The environmental crises: Why we need anthropocentrism. *Stance, 2*(1), 35-41.

Mercado, J. (2015). *People and Trees: Intimately Connected Through the Ages.* Retrieved from https://www.pachamama.org/blog/people-and-trees-intimately-connected-through-the-ages

Millington, W. H., & Maxfield, B. L. (1906, July-September). Philippine (Visayan) Superstitions. *The Journal of American Folklore,19*(74), 205-211. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/534567

Milton, K. (2002). *Loving Nature: Towards an Ecology of Emotions.* London and New York: Routledge.

Ming D. W., & Henninger, D. L. (1990). Lunar base agriculture: Soils for plant growth. *Soil Science, 150*(2), 562.

Misterpoll. (2017). *Girls seeing boys naked.* Retrieved from www.misterpoll.com/polls/344866/results

Myers, V. R. (2016). *What does it mean if a tree bleeds sap?* Retrieved from https://www.thespruce.com/ when-a-tree-bleeds-sap-3269770

Nakashima, D., Prott, L. and Bridgewater, P. (Jul-Aug 2000). Tapping into the world's wisdom, *UNESCO Sources*, 125, p. 12.

Nana. (2017). *Latin incantations and powerful spells that work.* Retrieved from http://lovespell.tips/latin-incantations-powerful-spells/

National Geographic. (2015). *Are lizards as silent as they seem?* News.nationalgeographic.com

Newsgraph. (2016). *To tuli or not to tuli? Filipino beliefs on circumcision.* Retrieved from http://www.newsgra.ph/2906/to-tuli-or-not-to-tuli-filipino-beliefs-about-circumcision/

Ordonez, E. M. (2013, September 19). Rats, rice, and reform. *Philippine Daily Inquirer.* Commentary. Retrieved from https://iapps2010.wordpress.com/2013/09/19/rats-in-philippine-rice/

Oz, M. (2017). *Oil massage reduces stress, keeps skin youthful, and improves immunity.* Retrieved from https://www.sharecare.com/health/essential-oils/benefits-of-daily-oil-massage

POC Administrator. (2010). *Circumcision: Facts and myths.* Retrieved from http://thepoc.net/index.php/circumcision-facts-and-myths/

R. O. (2015). *Puwera usog [No bad vibes]*. Retrieved from http://beingfilipinoonwrongsideoftown.blogspot.com/2015/06/puwera-usog-list-of-most-common.html

Ranada, P. (2015). *10 features of a Philippine farm of the future: A working demo of a 'futuristic' farm is connected to apps, has its own weather station, and uses renewable energy.* Retrieved from http://www.rappler.com/nation/91746-philippine-future-farm-philrice

Randell, B. (2017). *Faith and Healing.* Retrieved from https://www.cmalliance.org/alife/faith-and-healing/

Ratbehavior.org. (n.d.). *What do rats hear?* Retrieved from http://www.ratbehavior.org/rathearing.

Regoniel, P. A. (2013). *Environmental perspective in action: The balete tree story.* Retrieved from http://simplyeducate.me/2013/01/06/environmental-perspective-in-action-the-balete-tree-story/

Revolvy. (2010). *Mangkukulam.* Retrieved from https://www.revolvy.com/topic/Mangkukulam&item_type=topic

Riney, A. (2019). Land tides or earth tides: The gravitational pull of the moon ang sun impact tides of the lithosphere. Retrieved July 24, 2019 from www.thoughtco.com.

Riotte, L. (1995). Astrological gardening. Storey Books. In Divine Inspiration. (2016). *Gardening by the moon.* Divine Inspiration Publications. Retrieved from http://www.gardeningbythemoon.com/phases.html

Roach, J. (2003). Age-old moon gardening growing in popularity. *National Geographic*, Retrieved November 29, 2018 from https://www.moonmadefarms.com/lunar-farming/

Ross, E. (2017, January 12). *Lasers activate killer instinct in mice.* Nature. doi:10.1038/nature.2017.21292. Retrieved from http://www.nature.com/news/lasers-activate-killer-instinct-in-mice-1.21292

Seasite. (2017). *Bahay, tahanan, at pamilya.* Retrieved from http://www.seasite.niu.edu/tagalog/folk_beliefs/bahay_tahanan_at_pamilya.htm

Spellcaster Maxim (2015). *12 signs indicating that magic and spells are being used against you.* https://spellshelp.com/articles/magic/12+signs+indicating+that+ magic+and+ spells+are+being+used+against+you/

Spiritual Science Research Foundation. (2017). *Effect of Moon to man: A spiritual perspective.* http://www.spiritualresearchfoundation.org/spiritual-problems/effects-of-nature-and-environment/new-full-moon-effects/

SPL Staff (2012). *Fr. Amorth on the 4 types of curses.* Retrieved from https://stpeterslist.com/amorth-and-curses

Sunny breeze. (2017). *Where to place your cactus to ensure good feng shui.* http://www.sunnyray.org/ Position-your-cactus-to-ensure-good-feng-shui.htm

Superstitionsof (2017). *Superstitions about pregnancy.* http://www.superstitionsof.com/superstitions-about-pregnancy.htm

Supriatna, M. (2014). *Problema Ontologis Pedagogik Transformatif Indonesia dalam Membangun Keunggulan Bangsa.* Makalah Forum Pimpinan Pascasarjana LPTK, Denpasar – Bali, 21-23 June 2014.

Supriatna, N. (2016 October 6). *Paradigm shift from anthropocentric to ecopedagogy in learning Indonesia history.* Proceedings from the International Seminar on Social Studies and History Education. Universitas Pendidikan Indonesia, Bandung, West Java, Indonesia.

Tagalog Lang. (2017). *Bathala, the Tagalog God.* http://tagaloglang.com/bathala-the-tagalog-god/

Tagalog Lang. (2017). *Usog.* Retrieved from http://tagaloglang.com/usog/

Tagaza, C. (2016). *7 mysterious Pinoy building superstitions.* http://www.realliving.com.ph/tips-and-guides/7-popular-pinoy-building-superstitions-a1519-20161030

Tan, M. (2008). *Revisiting Usog, Pasma, Kulam.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Tan, M. (1987). *Usug, kulam, pasma: Traditional concepts of health and illness in the Philippines.* Alay Kapwa Kilusang Pangkalusugan.

The Flip Flop Ranch. (2017). Chicken Talk. Retrieved from http://flipflopranch.com/chicken-talk/

Thingsasian.com (2017). *Butiki.* Retrieved from thingasian.com/story/butiki

Thompson, M., & Barton, A. (1994). Ecocentric and anthropocentric attitudes toward the environment. *Journal of Environmental Psychology, 14*(2), 149-157.

Tiangco, M. (2017, July 29). *Magpakailanman: Small and Lovable [Motion Picture].* Philippines: GMA 7.

Tumblr.com in hilotwellness (2015). *Hilot wellness massage.* Retrieved, 31 May 2017, from http://hilotwellness.blogspot.com/2015/06/scanning-banana-leaf_14.html

UNESCO (2009). *Learning and knowing in indigenous societies today.* Edited by P. Bates, M. Chiba, S. Kube & D. Nakashima, UNESCO: Paris, 128.

Vaflor, M. (2014). *35 outrageous Filipino superstitions you didn't know existed.* Retrieved from http://www.filipiknow.net/filipino-superstitions/

Webmd. (2017). *Howling in dogs.* http://pets.webmd.com/dogs/guide/howling-dogs#1

White, 2017). Farming by the moon: When to plant, wean, castrate, build fences, harvest. *The 1994 Old Farmer's Almanac.* Retrieved from https://www.almanac.com/content/farming-moon

Wikipedia.org. (2017). *Nipa hut.* Retrieved from https://en.wikipedia.org/wiki/Nipa_hut

Wikipilipinas.org. (2017). *Filipinos Folk beliefs about Conception and Childbirth.* http://en.wikipilipinas.org/index.php/Filipinos_Folk_beliefs_about_Conception_and_Childbirth

Wonderpolis. (2017). *Why do owls hoot?* Retrieved from http://wonderopolis.org/wonder/why-do-owls-hoot

Woodland, L. (2015). *The spiritual purpose of physical illness.* Retrieved, 31 May 2017, from http://lynnwoodland.com/the-spiritual-purpose-of-physical-illness/

Worcester, D. (1899). *The Philippine Islands and their people.* New York and London: Macmillan and Co., Ltd.

Yapchiongco, M.R. (2015). *Paniniwala sa albularyo, manghihilot, medico, at iba pa [Belief in herbolarios, massagers, quack doctors, etc.].* Retrieved from http://thepoc.net/index.php/paniniwala-sa-albularyo-manghihilot-medico-at-iba-pa/

Yong, S. (2017). *Once and for all, semen doesn't do shit for acne.* Retrieved from https://www.allure.com/story/does-semen-treat-acne-according-to-a-dermatologist


Zafra, R. (2010). *Suob, buga, sikolohiya: Isang pag-aaral sa kultura ng tradisyunal na panggagamot sa Pagbilao, Quezon [Suob, Buga, Sikolohiya: A Study on traditional medicine in Pagbilao, Quezon and the psychology behind it].* Retrieved 06 May 2017, from http://brenlovin.blogspot.com/2010/02/albularyo-ng-pagbilao-pag-aaral-sa-mga.html

Zürcher, E. (1992). Schweizerische Zeitschrift für Forstwesen. *Journal Forestier Suisse 143*, 951–966.

Zürcher, E., et al. (1998). Tree stem diameters fluctuate with tide. *Nature,* 392.6677, 665.

KABANATA IV

PAGKAKAKILANLANG PILIPINO (PagPili)



PagPili: Pangalan Bilang Repleksyon ng Pambansang Pagkakakilanlan

Ang sistema ng pagpapangalan ay nararapat na batayan ng pambansang pagkakakilanlan. Sa kaso ng Pilipinas na may malinaw na pinagmulan ayon sa dugo (jus sanguinis), ang lahing Malay ay kinakailangang may representasyon sa pangalan lalo na at ang wikang sinasalita ng isang mamamayan ay halaw sa ingang wikang Malayo-Polynesian. Sa pangkalahatan, 40% ng dugong nananalaytay sa mga ugat ng mga Pilipino ay Malay at ang natitirang 60% ay kumbinasyon ng Caucasoid o Negroid. Sapagkat ginagamit natin ang prinsipyo ng *jus sanguinis* sa pag-alam ng pagkamamamayan, makatwiran na dugo rin ang isa sa mga konsiderasyon sa pagbibigay ng pangalan sa bawat ipanganganak na Pilipino. Batid ng lahat na mahirap nang baguhin pa ang ating mga apelyido sapagkat magbibigay ito ng malaking kaguluhan sa mga tala at sa isyu ng seguridad. Sa kabila ng pagkakaroon natin ng apelyidong Kastila, may pag-asa pang maisama ang mga katutubong pangalan sapagkat ang pagbibigay ng unang pangalan ay naaayon sa kalayaan ng mga kaanak. Hindi na rin natin maibabalik ang sistemang mononymic kung saan wala tayong apelyido. Isa pa, nakasunod na tayo sa sistema ng mga bansa sa pagpapangalan (first name, middle name, last name). Sa mga pangalang nabanggit, ang ating pag-asa ay nasa pagbibigay ng unang pangalan. At sapagkat nagnanais tayo na mahalukay ang ating pinagmulan at kakanyahan, ang pagbatay ng pagpapangalan sa wikang Filipino ay paglingon sa lahing pinagmulan (Malay). *Ang layon ng kabanatang ito ay ang pagsasakatutubo ng mga pangalan ng mga ipanganganak ngayong ika-21 siglo, kakambal na nito ang paghanap ng mga batayang tiyoretikal, legal, at kultural upang ganap na mapigilan ang unti-unting paglalaho ng pagkakakilanlang Pilipino.*

Nasa Pangalan ang Ugat ng Pananakop

Ano mang pamamaraan ng pagsakop sa mundo ay nag-iiwan ng pangmatagalang epekto sa panig ng mga sinakop. Ang epekto ng pagbasag sa katutubong kultura ng mga sinakop at muling paghulma rito ay pangmatagalan, na mas tumatagal pa kung ihahambing sa panahon ng pananakop.

Ang Magallanes na naiwan sa kulturang Pinoy ay mas mapanganib pa kumpara sa Magallanes na napatay nina Lapu-lapu. Nakabalik na si Heneral Douglas McArthur at ang mga Amerikano sa Pilipinas at umalis na rin noong 1946 subalit nag-iwan pa sila ng 'Parity Rights', ng military bases sa Subic at Clark (mabuti at napaalis na rin ito ng Magnificent 12 Senators), ng mga negosyo na nagpalawig sa kaisipang kolonyal kagaya ng pagkasugapa sa imported goods at pagmamaliit sa local products. Pinakamabagsik ang ugat ng kolonyal na edukasyon. Ang nakapanlulumo pa ay ang nagdudumilat na katotohanan na ang karamihan sa ating mga pamantasan ay nagtataglay ng pananaw ng mga mananakop. Dahil sa edukasyon ang isa sa mga pinagtuunan ng pansin ng mga Amerikano sa Pilipinas, ang kanluraning pananaw at paniniwala ay lalo pang pinayayabong ng mga pamantasang hindi pa lubos na naiwawaksi ang epekto ng pananakop.

Ang mga pamamaraan sa pagsasakatutubo pagkalipas ng dantaong pananakop ay nag-iwan ng mga puwang at tumanggap ng bahagyang atensyon sa mahabang panahon. Ang tuod ng puno ng kolonyalismo ay naging katitisuran, yumabong, at nagbunga ng bulag na panggagaya sa kultura ng mga sumakop.

Ang isa sa mga natitirang ugat ng nasabing tuod ay ang sistema ng pagpapangalan. Bahagi ng pangingibabaw sa mga sinakop ay ang pagbago ng kanilang mga pangalan na nakahulma sa kultura ng mga mananakop.

Nakapagtataka naman na patuloy pa ring gumagamit ang mga Pilipino ng pangalang Espanyol kahit na nalalaman nilang ito ay bahagi ng malawakang plano upang durugin at hulmahin ang katutubong kultura upang mas mapalawig pa ang kanilang paghahari. Sa pagpapalit ng mananakop mula Kastila patungong Amerikano, unti-unti na ring napalitan ang pangalan mula Kastila patungong Ingles. Gayunman, nanatili ang apelyidong Espanyol.

Ang mga pangalan ay may impluwensiya sa personalidad at pagpapasiya ng bata. Ang bata na naaakit sa mga bagay o tao kung saan ibinatay ang kaniyang pangalan ay nagpapakita na ang mga pangalan ay nakaaapekto sa gawi sapagkat nagpapahalaga at nakikiangkop ang tao sa pinagbatayan ng kanyang pangalan.

Ang lahat ng mga ideyang nabanggit ay tumutukoy sa pangangailangan sa pagtatasa at pagtutuwid ng sistema ng pagpapangalan sa kasalukuyan. Ano naman kaya ang karapatdapat pagbatayan ng pagsasakatutubo ng pangalan ng mga Pinoy?

Upang mas lalong makilala ang pambansang pagkakakilanlan, nilalayon ng unang pag-aaral (Comparing Philippine and Indonesian Naming Systems: Review, Realignment, and Decolonization) na: (1) Halungkatin ang kasaysayan ng sistema ng pagpapangalan ng dalawang bansa; (2) Alamin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia; at (3) Isulong ang pambansang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtutuwid at pagpupurga ng dalawang sistema ng pagpapangalan.

Ang ikalawang pag-aaral naman, In Search of the Bases in Indigenizing the First Names of the 21st Century Filipinos, ay may layuning: (1) Ilatag ang batayang teoretikal ng kasalukuyang sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas, (2) Ipaliwanag ang mithiin ng mga kaugnay na batas sa sistema ng pagpapangalan, at (3) Iugnay ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas sa minanang kultura.

A. Sistema ng Pagpapangalan: Pagtatasa, Pagtutuwid, at Pagpupurga

Panimula

Sa paghahambing ng maraming aspeto ng mga lipunang Pilipino at Indonesyo, malimit na nakakaligtaan ng mga mananaliksik ang tungkol sa sistema ng pagpapangalan ng dalawang lipunang ito. At sapagkat ang pagtuon sa paghahambing na ito ay hindi pangunahin, wala pang mahalagang pagtatasa, wala pang gumigiit ng pagtutuwid, at wala pa ring pagkilos tungkol sa pagpurga sa pang-kulturang aspeto ng nasabing mga lipunan sa kabila ng pagsungaw ng third-worldism mula sa kalaghatian ng 1950s na sumisigaw para sa pagsulong sa katutubong kultura (Boroujerdi, 2002).

Kaya naman, ang pagkalat ng kulturang hiram ay pinatutulin ng globalisasyon na nagsisilbing balakid sa mga pagsusumikap na purgahin ang mga sistemang kultural (San Juan, 2008) kasama na rito ang sistema ng pagpapangalan ng dalawang bansa na sumibol mula sa mga magulang na Malay at nagsasalita ng magkatulad na wika, Malayo-Polynesian, at parehas na kasaysayan ng pananakop ng mga Europeo.

Kagaya ng mga kaugnay na literatura, ang mga pag-aaral hinggil sa pagpapahalaga kultural ng mga Pilipino, ay nananagana (Shahani, 1992; Gripaldo, 2002, 2005; Gabornes, 2010) subalit sa dinami-dami ng mga ito, wala ni isa mang tumuon sa sistema ng

pagpapangalan at paghambing nito sa ibang bansa sa kabila ng katotohanang ang pangalan ay may kakaibang papel sa pagpapanatili at pagpapalawig ng pambansang pagkakakilanlan.

Nilalayon ng paksang ito na: (1) Halungkatin ang kasaysayan ng sistema ng pagpapangalan ng dalawang bansa; (2) Alamin ang pagkakahalintulad at pagkakaiba ng mga sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia; at (3) Isulong ang pambansang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtutuwid at pagpupurga ng dalawang sistema ng pagpapangalan.

Paghalungkat sa kasaysayan at sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia

Talahanayan 1: Pahambing na Paglalahad ng mga Pangalan ng Pilipinas at Indonesia

Pilipinas	Indonesia
Maharlika = isa sa mga sinaunang pangalan ng bahagi ng bansa Filipinas = mula kay Prinsipe Felipe ng Espanya, unang ginamit noong 1543 ni Ruy Lopez de Villalobos, at ginamit na pangalan ni Miguel Lopez de Legazpi sa buong kapuluan mula 1565. Pilipinas = isinakatutubong bersyon ng Filipinas	Nusantara = Nusa (Island) at Antara (in between) Indonesia = may kahulugang 'Indian Archipelago', unang ginamit noong 1850 ni J. R. Logan, na isang British anthropologist.

Walang isang pangalan na nakasasakop sa buong kapuluan ng Pilipinas bago dumating ang mga Kastila. May mga pangalang lumabas ngunit tumutukoy lamang ang mga ito sa mga bahagi ng kapuluan. Iisang pangalan (Maharlika) ang pinaniniwalaan ng ilan na ginamit sa buong kapuluan subalit ito ay nangangailangan pa ng ibayong pananaliksik. Noon lamang taong 1565 nang ang pangalang Filipinas ay itinawag sa buong archipelago ng Kastilang gobernador-heneral na si Miguel Lopez de Legazpi.

Kung ihahambing sa Maharlika, ang lumang pangalan ng Indonesia ay Nusantara (na may kahulugang "island in between"). Si J. R. Logan, isang British anthropologist ang unang gumamit simula 1850 ng pangalang Indonesia (may kahulugang 'Indian Archipelago'). Lumalabas na ang Nusantara ay katutubong pangalan samantalang ang Indonesia ay may pagbanggit ng ibang bansa (India) dahilan sa ang Indonesia ay kapuluang matatagpuan sa Indian Ocean na nasa ibaba ng bansang India.

Wala pang pormal ng pagkilala na ang pangalang Pilipinas ay sinasang-ayunan ng kasalukuyang mga mamamayan. Kasama ang pangalang ito sa mga naiwang ugat ng pananakop. May mga sumubok na palitan ang pangalang Pilipinas tulad ni Senador Ilarde (…) at Kinatawan Alejano (Nonato, 2017) subalit kapwa hindi nagtagumpay. Lumutang din ang pagnanais ni Pangulong Duterte na mapalitan ang Pilipinas ng Maharlika na tumanggap ng iba't ibang reaksyon at wala na ring iba pang lumabas na kaugnay na balita.

May nadaramang pangangailangan para sa masaklaw na pag-aaral sa kasalukuyan at sa malaon nang mga pangalan ng dalawang bansang nabanggit hinggil sa paggamit ng mga akmang pangalan batay sa wika, dugo, at katutubong kultura.

Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Sistema ng Pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia

Sa paghahambing ng mga sistema ng pagpapangalan lumalabas ang mga bakas ng pananakop.

Talahanayan 2: Pahambing na Paglalahad ng mga Sistema ng Pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia sa Lahat ng Panahon

Pilipinas	**Indonesia**
1.Pre-colonial = walang apelyido (Mononymic) Hal. Mutya (perlas) 2. Colonial = may apelyido (polynymic) Hal. Jose Rizal (Polynymic) 3. Post-colonial = gamit ang apelyido ng ama (patronymic & patrilineal) Hal. Benigno S. Aquino Jr. 4. Present = nanatili ang paggamit ng Espanyol na apelyido at ang unang pangalan ay halaw sa banyagang wika Hal. Angel & Angelica Joshua & John	1.Pre-colonial = walang apelyido (Mononymic) Ex. Mutiara (perlas) 2. Colonial = kumbinasyon (Mononymic & Polynymic) Hal. Hasan Herianto (Polynymic); Suharto (Mononymic) 3. Post-colonial = gamit ang apelyido ng ama (patronymic & patrilineal) Hal. Megawatti Sukarnoputri 4. Present = nanatili ang katutubo at Arabong pangalan, at gumagamit na rin ng banyagang pangalan Hal. Putri & Irene Kevin & Ahmad

Bago ang mga pananakop, ang Pilipinas at ang Indonesia ay may magkatulad na sistema ng pagpapangalan (mononymic o paggamit ng iisang pangalan). Sa mga pangalang Mutya (Pilipinas) at Mutiara (Indonesia) na may parehong kahulugang ‘perlas’, mapapansin ang iisang pinagbatayan ng dalawang bansa – ang wikang Malayo-Polynesia (Agoncillo, 1990) dahil ang mga wika ay pinagkukunan ng mga pangalan.

Sa panahon ng pananakop, gumamit ang Pilipinas at Indonesia ng Polynymic names o mga pangalang may apelyido. Sa Pilipinas, bilang bunga ng hispanisasyon ng mga pangalan, ikinabit na nila sa kanilang unang pangalan ang panggitnang pangalan o apelyido ng ina at panghuling pangalan o apelyido ng ama (Oliver, 2009). Sa Indonesia, naghalo na ang mononymic at polynymic na mga sistema ng pagpapangalan. Walang pagpupumilit sa panig ng mga Olandes na pakialaman ang sistema ng pagpapangalan ng mga taga-Indonesia.

Ang dalawang bansa ay gumamit ng polynymic (may apelyido) at patronymic (alinsunod sa pangalan ng ama) na pagpapangalan. Nagdaragdag ang mga Indonesio ng ‘putra’ o ‘putri’ sa unang pangalan upang ipabatid ang pangalan ng ama at ang koneksyong patrilineal sa pagitan ng ama at ng anak, halimbawa: Megawatti Sukarnoputri na hayag na si Magawatti ay anak na babae ni Sukarno. Ang mga taga-Minangkabau, Kanlurang Sumatra ay gumagamit ng Matronymic (ngalan ng ina) family names (Revolvy, 2017) samantalang sa buong kapuluan ng Pilipinas, ginagamit lamang ng bata ang apelyido ng nanay bilang huling pangalan kung ang ina ay walang legal na asawa (Family Code). Nangangahulugan ito na walang panggitnang pangalan ang mga batang hindi gumagamit ng apelyido ng ama. Ikinakabit naman ng mga Pilipino ang Jr., II, III, at iba pa, kung sila ay kapangalan ng kanilang mga kamag-anak (hal. Benigno Simeon C. Aquino III) at isinusunod ang huling pangalan sa apelyido ng ama.

Sa kasalukuyan, kahit na taglay pa rin ng mga Pilipino ang apelyidong Espanyol, ang kanila namang mga unang pangalan ay unti-unting ibinabatay sa mga banyagang wika gaya ng English at French. Ang pinakasikat na pangalan sa taong 2017 ay Joshua at Angelica (sa Pilipinas) samantalang Kevin & Ahmad at Putri & Irene (sa Indonesia). Kapansin-pansin na mga pangalang Angelica, Joshua, Kevin, at Irene ay mga pangalang kanluranin.

Sa pangkalahatan, alam ng mga taga-Indonesia ang baybay at kahulugan ng kanilang mga pangalan, hindi naman alam ng ilang mga Pilipino ang baybay at kahulugan ng kanilang mga pangalan. Kaya’t may kalituhan sa isip ng ilang mga Pinoy kung ano ang tamang baybay ng kanilang mga pangalan (Schneider, 1903). Dahil ang pinagbatayan ng mga pangalang Pinoy ay banyagang wika, talagang magkakaroon ng kalituhan sa pagbaybay. Tingnan na lamang ang ‘i’ at ‘e’ sa Pilemon at Felimon. Sapagkat iisa ang baybayin sa ‘i’ at ‘e’ gayundin sa ‘o’ at ‘u’ (Agoncillo, 1990), tiyak na magkakapalit ang mga titik na ito sa mga banyagang pangalan (gaya ng Ruel at Roel). Ngayon, kung ang kanilang pangalan ay halaw sa salitang katutubo

gaya ng ‘Amihan’ at ‘Bagwis’, madalang silang magkakamali sa pagbaybay dahilan sa nalalaman nila ang kahulugan ng mga ito. Isa pa, ang mga sinaunang Pilipino ay titik na katumbas ng mga banyagang titik na ‘ph’, ‘f’, ‘v’, ‘z’, at ‘th’. Natural na magkakamali sila sa pagbaybay gaya ng sa Felimon, Philemon, Filemon, at Phelimon. Madalang magkamali ang mga Indones sa pagbaybay ng kani-kanilang pangalan lalo na at ang mga ito ay halaw sa kanilang katutubong wika.

Mga Pangalang Arabic, Chinese, Hindu, Japanese, at Kanluranin sa Pilipinas at Indonesia

Talahanayan 3: Pahambing na Paglalahad ng Sistema ng Pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia hinggil sa mga Arabo, Intsik, Hindu, Hapon, at Kanluraning Pangalan

Pilipinas	Wika	Indonesia
Ishmael Alhabsi	Arabic	Muhammad Alhabsyi
Liwayway Tan	Chinese	Febriyanto Tjang
Shiva Castillo	Sanskrit	Susilo Bambang Yudhoyono
		Yuni Yamashita
Kobe Delgado	Japanese	
		Lucy Wiryono
Anne Curtis Smith	Western/ Australian	

Kung pagtatabihin ang mga pangalang Espanyol ng karamihang Pilipino at mga pangalang Arabo ng mga Muslim sa Pilipinas, madaling makikita ang pagkakaiba. Sa Mindanao kung saan mahigit na 5 milyon ang mga Muslim, sila ay gumagamit ng mga pangalang Arabo (islamonline.net, 2006). Sa Indonesia, ang ilang mga Muslim ay nagtataglay ng pangalang Hindu at Latin, gayon din naman ang mga Hindu na hinihiram din ang mga pangalang Muslim.

Sa mga Filipino-Chinese, naging gawi na nila ang paggamit ng unang pangalan ayon sa sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas. At katulad ng mga Instsik sa ibang bansa, pinananatili nila ang kanilang apelyidong Intsik. Sa halip na gumamit ng Espanyol na apelyido, napagtagumpayan ng mga Intsik sa Pilipinas ang paggamit ng sarili nilang apelyido sa layuning maikabit pa rin sa apelyido ng kanilang mga ninuno. Sa pagpapangalan ng mga Indonesian-Chinese, ipinahayag nina Lie at Bailey (2016) na ang pagpapangalan ay hindi lamang ayon sa personal na kagustuhan o gawi kundi repleksyon ng negosasyon sa mas mataas at malawak na kalagayang pulitikal ayon sa kasaysayan.

Ang mga Indonesian-Chinese ay naapektuhan ng polisiyang asimilasyon (New Order) ni Pangulong Suharto bagaman nagawa pa rin nilang itago ang kanilang apelyidong Intsik (Martono, 2014).

Ang paggamit ng pangalang Latin ay indikasyon ng impluwensya ng mga Katoliko. Ang pangalang Inggles ay mga pangalang Protestante. Ang mga pangalang Olandes at Portuges naman ay gamit ng ilang Muslim at Kristiyano. May mga pangalang halaw sa kanilang relihiyon sa Indonesia. Kapansin-pansin ang pagbabago ng pangalang Espanyol patungo sa pangalang Amerikano o sa pangalang Europeo sa Pilipinas, gaya ng Francisco na nagiging Francis at nagiging Francois.

May nagiging suliranin ang ilang Indones na gumagamit lamang ng iisang pangalan kapag pupunta na sila ng ibang bansa, halimbawa ay Andi. Sa pandaigdigang pamantayan, ang

pangalan ng tao ay binubuo ng Unang Pangalan, Panggitnang Pangalan, at Panghuling Pangalan. Inuuna ng mga Intsik ang kanilang Apelyido (Huling Pangalan) bago ang kanilang Unang Pangalan (flinders.edu., 2004).

Kapansin-pansin ang pagkakawangki ng sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas at sa Indonesia sa panahon bago dumating ang mga mananakop. Ang mga pagbabago ay dala ng daantaong pananakop at impluwensyang panrelihiyon.

Pagtutuwid at Pagpupurga ng Dalawang Sistema ng Pagpapangalan.

Talahanayan 4: Pahambing na Paglalahad ng Sistema ng Pagpapangalan ng Pilipinas at Indonesia na Nangangailangan ng Pagtutuwid at Dekolonisasyon

Pilipinas	Indonesia
1. Sa pangalan ng bansa: Ibatay ang pangalan ng bansa sa pambansang wika 2. Sa paggamit ng Mononymic & Polynymic na pangalan: Gumamit ng kumpletong pangalan na may personal, familial, at pambansang na pagkakakilanlan. 3. Sa paggamit ng Patronymic at Patrilineal bilang sistema ng pagpapangalan: Panatilihin ito. 4. Sa paggamit ng relihiyosong pangalan: Idagdag ang katutubong pangalan sa relihiyosong pangalan. 5. Sa pagkakasunod-sunod ng mga pangalan: Unang Pangalan, Panggitnang Pangalan, Panghuling Pangalan 6. Sa karapatang baguhin ang pangalan: Bigyan ng legal na batayan ang pagbabago ng pangalan ayon sa personal na kagustuhan ng may katawan subalit may pagsasaalang-alang sa pagkakakilanlang personal, pampamilya, at pambansa. 7. Sa paghango ng pangalan mula sa katutubong wika: Upang mapanatili ang kakanyahan at pagkakakilanlan, ang pangalan ay laging halaw mula sa wikang pambansa.	1. Sa pangalan ng bansa: Ibatay ang pangalan ng bansa sa pambansang wika at sa kasaysayan 2. Sa paggamit ng Mononymic & Polynymic na pangalan: Bigyan ng kumpletong pangalan ang anak na may personal, familial, at pambansang na pagkakakilanlan. 3. Sa paggamit ng Patronymic at Patrilineal bilang sistema ng pagpapangalan: Panatilihin ito. 4. Sa paggamit ng relihiyosong pangalan: Idagdag ang katutubong pangalan sa relihiyosong pangalan. 5. Sa pagkakasunod-sunod ng mga pangalan: Unang Pangalan, Panggitnang Pangalan, Panghuling Pangalan 6. Sa karapatang baguhin ang pangalan: Bigyan ng legal na batayan ang pagbabago ng pangalan ayon sa personal na kagustuhan ng may katawan subalit may pagsasaalang-alang sa pagkakakilanlang personal, pampamilya, at pambansa. 7. Sa paghango ng pangalan mula sa katutubong wika: Upang mapanatili ang kakanyahan at pagkakakilanlan, ang pangalan ay laging halaw mula sa wikang pambansa.

Ang kasalukuyang mismong pangalan ng dalawang bansa ay nangangailangan na ipailalim sa maingat na pag-aaral batay sa mandatong legal upang mabigyan ang kani-kanilang mamamayan ng karapatan na sumali sa pagbibigay ng akmang pangalan sa kanilang bansa ayon sa pangkasaysayan, pang-legal, at pangkulturang pamantayan.

Upang matiyak na hindi malalabag ang karapatan ng mga bata sa pampersonal, pampamilya, at pambansang pagkakakilanlan, (UN Convention on the Right of the Child), ang mga pangalan nila ay dapat na may una, panggitna, at panghuli. Ang pagbibigay ng unang pangalan ay dapat na halaw sa katutubong wikang sinasalita ng komunidad kung saan ang bata ay kasama. Sa pagbibigay ng unang pangalan ng sanggol, maaaring tingnan ang mga hayag na katangian ng sanggol, gayundin ang mga panlipunang sirkumstansya sa panahong ang sanggol ay ipinanganak bilang batayan ng pagbibigay ng pangalan laban sa panghihiram ng pangalan sa banyagang mga bansa (Avila, 2016; Royeca, 2010) bilang ambag ng sanggol sa proseso ng pagpapangalan kumpara sa tradisyunal na gawi na magulang lamang ang may pakialam. Ang mga di-milenyal ay maaaring mabigyan ng karapatang isingit ang kanilang piniling katutubong

pangalan. Sa ganitong kaparaanan, talagang magkakaroon ng kahulugan ang pangalan (internetevangelismday.com., 2017).

Magmula nang pumasok ang paniniwala mula sa banyagang bansa bilang mapayapang paraan ng pananakop, ang mga anak ng mga relihiyosong tao ay napapangalanan ng relihiyosong mga pangalan, lamang. Ang katutubong kultura ng mga mamamayan bago nila niyakap ang bagong relihiyon ay nararapat na may representasyon.

Ang ika-21 siglo ay kilala sa pagtrato sa mga mag-aaral o anak na sentro ng pamilya o paaralan (Wiriaatmadja, 2017), kaya't mahalagang sila ay may karapatan sa pangalan kung papaanong ang mga mamamayan ay dapat na may bahagi rin sa sistema ng pagpapangalan.

Paglalagom

Isa sa mga sinaunang pangalan ng Pilipinas ay 'Maharlika'. Ang pangalang 'Filipinas' ay kakambal ng pananakop. Ang sinaunang pangalan ng Indonesia ay Nusantara. Ang 'Indonesia' ay may bahid ng pagkabanyaga.

Ang pagkakahawig ng sistema ng pagpapangalan ng dalawang bansa ay masisilag sa kani-kanilang kasaysayan bago pa ang panahon ng pananakop. Ang pagkakaiba ng sistema ng kanilang pagpapangalan ay sanhi ng dantaong pananakop, kapwa pampulitika, pangkultura, at pangrelihiyon.

Ang panukalang pagtutuwid at dekolonisasyon ay: pagbibigay ng akmang pangalan sa dalawang bansa; pagsingit ng katutubongg pangalan sa kasalukuyang maka-kanlurang pangalan; pagbibigay ng karapatan sa mga anak na gamitin ang kanilang katutubong pangalan o itambal ito sa nakasanayan nang hiram na mga pangalan; itambal ang katutubong pangalan sa mga pangalan ayon sa relihiyon; at paggamit ng kumpletong pangalan na may una, panggitna, at panghuling pangalan. Sa Pilipinas, ang paggamit ng katutubong pangalan ay pagpapanatili ng pagkakakilanlan. Para sa Indonesia, dapat ipagpatuloy ang pagpapangalan halaw sa katutubong wika, at pagiging mapagbantay sa pwersa ng globalisasyon na napatunayang mapanganib sa pambansang pagkakakilanlan at kakanyahan.

B. Batayan ng Pagsasakatutubo ng Unang Pangalan

Panimula

Ang pagsakop sa mga bansa ay nagbubunga ng tumatagal na epekto sa bahagi ng mga sinakop. Ang epekto ng pagbasag at pagbago sa katutubong kultura ng mga sinakop (David & Okazaki, 2006) ay malayo ang nararating, higit pa sa panahong natapos na ang pisikal na pananakop at nakauwi na sila sa kani-kanilang mga bansa (Alvares & Faruqi, 2011). Inulit ni Idris (2012) ang kanyang nabasa mula sa maraming manunulat na ang 'Columbus sa loob' ay mas nakasasagabal sa nasyonalismo kumpara sa 'Columbus sa labas', at maraming mga pamantasan sa Asya at Aprika ang nagtataguyod ng imperyalistang pananaw at ideyolohiya. Ang pagsasakatutubo sa panahong tapos na ang pananakop ay nag-iwan ng puwang na tumanggap ng munting atensyon sa looban ng ilang taon. Ang tuod ng punongkahoy ng pananakop ay naging sanhi ng pagsakop sa kaisipan at ang mga dating sinakop ay muling nagpapasakop sa pamamagitan ng bulag na panggagaya sa kultura ng dating sumakop sa kanila. Ang isa sa mga nananatiling ugat ng tuod na yaon ay ang sistema ng pagpapangalan. Bahagi ng pag-alipin sa kaisipan ay ang pagbago sa kanilang mga katutubong pangalan na hinalaw sa wika ng mananakop.

Hindi binago ng ga Olandes ang sistema ng pagpapangalan ng mga Indones: hal. Ika Asih Febrinani; hindi binago ng Great Britain ang pangalan ng mga taga-Hongkong: Li Yonghong; subalit binago ng mga Kastila ang sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas: hal., Emilio Jacinto. Ang nakapagtataka, patuloy pa rin nating ginagamit ang mga pangalang iniwan sa atin ng mga mananakop, kahit pa nga alam na natin na ang pagbabago ng sistema ng

pagpapangalan ay nagwawasak sa katutubong kultura! (David & Okazaki, 2010). Parang alagang aso na pinalitan lamang ng collar, ang pananakop ng mga Amerikano ay pagbabago lamang ng pangalan mula Pedro patungong Peter, mula Juan patungong John, at mula Paz patungong Faith.

Pinalitan ni Gobernador-Heneral Narciso Claveria ang sistemang mononymic ng patronymic at polynymic (Raposas, 2012) upang mas mapadali ang pag-kolekta ng buwis. Ang mabuting naidulot ng hispanisasyon ng mga pangalan ng mga Pilipino ay ang mailinya ito sa pamantayan ng ibang bansa (may una, panggitna, at huling pangalan), na maaari rin naman sanang mabuo gamit ang katutubong mga pangalan batay sa wikang Filipino. Ang hindi mabuting naidulot ng hispanisasyon na ito ay ang pagtanggal ng pambansang pagkakakilanlan sa kinastilang pangalan ng bawat Pilipino. Sa pagdating ng globalisasyon lalo na sa paglago ng kaalaman gamit ang mass media, naiwan ang sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas at nangangailangan na ng kagyat na dekolonisasyon.

Ang mga Pilipino ng ika-21 siglo ay nagtataglay ng di-kolonisadong mga pangalan na, sa halip na makatulong sa pagpapanatili ng pambansang pagkakakilanlan, ay nagiging sanhi pa ng pagkatunaw nito. Ang pagsasakatutubo ng mga pangalan ay gawain hindi lamang ng Pilipinas, kundi gawain din ng ilang taga-Asya at Aprika. Ang mga partikular na mga bansa sa Asya at Aprika na napailalim sa pananakop ay patuloy ang dekolonisasyon. Kailangan ngang magmadali ng Pilipinas upang bago pumaimbulog ang globalisasyon, ay matapos na muna ang dekolonisasyong ito, lalo na sa sistema ng pagpapangalan.

Ayon sa popular na awit ni Vanessa Williams na 'Colors of the Wind': "But I know every rock, and tree, and creature, has a life, has a spirit, has a name" (Schwartz & Menken, 1991), ang lahat ng bagay ay may katutubong pangalan, at ang pangalang iyan ay kakabit ng pamumuhay ng mga katutubo roon, na pinakikilos ng katutubong espiritu "in a circle, in a hoop that never ends". Ang paikit na pagkilos ng lahat ng mga bagay sa isang katutubong lupa ay nasasagkaan ng banyagang pangalan at kaisipan. Ang pagbibigay ng mga pangalang banyaga ay pagsagka sa paikit na pagkilos ng katutubong kultura.

Mula taong 2012 hanggang sa kasalukuyan, ang pinakasikat na pangalang Pilipino ay Joshua at Angelica para sa unang pangalan, at Santos at Reyes para sa huling pangalan (Raposas, 2012). Masisilag sa mga pangalang ito ang anino ng pananakop. Sa pagsasabing 'Si Joshua Santos ay isang Pilipino' ay maaaring tutulan ng mga kapangalan nila sa Mexico, Espanya, Venezuela, at iba pang bansa na Espanyol ang wika.

Saang bansa maikakapit ang pangalang Angelica Reyes? Kagaya ni Joshua, maaaring masabing siya ay taga-Mexico, Espanya, Venezuela, o iba pang bansang Espanyol ang wika. Tumutuon tayong mga Pilipino sa kung ano ang uso, kung aling pangalan ang maiging pakinggan, at hindi sa kung aling bansa maikakabit ang nasabing pangalan. Sa ganitong kalagayan, nanganganib talagang mawala ang ating pambansang pagkakakilanlan.

Ang sistema ng pagpapangalan ay repleksyon ng buhay-pamilya at buhay-komunidad. Ipinagbigay-alam ni Konnikova (2013) kung ano ang napag-alaman sa mga isinagawang pananaliksik kamakailan lamang – na ang mga pangalan ay may impluwensya sa personalidad at disposisyon ng mga bata. Ang Implicit-egotism effect (ang pagka-akit ng mga tao sa mga bagay na kakikitaan ng pagkakawangis sa kanila) ay nagsasaad na ang mga pangalan ay may impluwensya sa gawi sapagkat pinahahalagahan ng mga tao ang mga bagay na kawangki, kawangis, o kapangalan nila.

Ang mga ideyang nabanggit ay tumuturo na kailangang ang pagtatasa at pagtutuwid ng kasalukuyang sistema ng pagpapangalan. Ang pagtutuwid na ito ay iikot sa pagsingit ng katutubong pangalan sa unang pangalan ng mga Pilipinong milenyal. Ang importanteng katanungan ay: 'Ano ang magiging batayan ng pagsasakatutubo ng unang pangalan ng mga ipanganganak pang Pilipinong sanggol ngayong ika-21 siglo?'

Layunin ng paksang ito na:

(1) Ilatag ang batayang teoretikal ng kasalukuyang sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas,
(2) Ipaliwanag ang mithiin ng mga kaugnay na batas sa sistema ng pagpapangalan, at
(3) Iugnay ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas sa minanang kultura.

Batayang Teoretikal ng Kasalukuyang Sistema ng Pagpapangalan sa Pilipinas

Ang teoretikal na kabuuan ng pangalan

Ang pangalan bilang patungkol sa sanggol: Ang pantanging pangalan ay kaiba sa pantanging pangngalan. Ang pantanging pangngalan ay uri ng pangngalan na iba sa pambalanang pangngalan, samantalang ang pantanging pangalan ay pariralang pangngalan or syntagma (Payne & Huddleston, 2002; Dobric, 2010).

Ang pantanging pangalan na 'Rio Christel Jean Escolano Avila' ay binubuo ng limang pantanging pangngalan (na ang kahulugan ay batay kay Nigro, 2015): Ang Rio ay salitang Kastila sa 'ilog'; ang Christel ay babaeng tagasunod ni Kristo; ang Jean ay pangalang Europeo na may kahulugang 'lakas'; ang Escolano ay iskolar; ang Avila ay tahanan ng mga ibon. Ang limang pangalang ito ay pantanging ngalan na tumutukoy sa iisang pangalan lamang bilang pariralang pangalan. Sa pagbibigay ng unang pangalan na binubuo ng tatlong pantanging ngalan, ang mga kaanak ng sanggol ay nakagagawa ng iisang solidong pangalan kagaya ng: 'Ilog ng lakas ng Kristiyanong iskolar sa panahanan ng mga ibon' Ano man ang tunog at dating ng nabuong pangalan, ito ay isang malamyos na awitin sa mga kaanak ng pinatutungkulan (Gonzales, 2015).

Ang pangalan ay dapat na may katiyakan sa pagpapatungkol sa sanggol (Geurts, 1997; Anderson, 2006). Karaniwang ang kumpletong pangalan ay binubuo ng una, panggitna, at panghuling pangalan (Carrie, 2011). Ang unang pangalan ay pagkakakilanlang personal ng sanggol; ang panggitnang pangalan ay halaw sa angkan ng ina; at ang panghuling pangalan ay isinusunod sa angkan ng ama. Ito ang naging sistema ng ating pagpapangalan magmula sa kautusan ni Claveria (Oliver, 2009), at ang intensyonal at ganap na pagsasakatutubo ng ating mga pangalan ay magdudulot ng kalituhan sa pagkakakilanlan dito sa bansa at sa ibayong-dagat (Echeminada, 2012).

Bago ang pananakop, gumamit ang mga ninuno natin ng mononymic (unang pangalan lang dahil walang apelyido). Dalawa sa mga halimbawa nito ay Jaya (pangalan ng babae) at Bulan (pangalan ng lalaki). Nag-umpisang mabago ang sistemang ito at napilitan tayong gumamit ng polynymic (kasama na ang apelyido ng ina at ama) nang ang Kastilang si Gobernador-Heneral Narciso Claveria ay nagpatupad ng kautusang ito noong Nobyembre 21, 1849 (Raposas, 2012). At sapagkat malapit sa imposible na maisakatutubo ang mga apelyido natin, ating pagtutuunan ng pansin ang unang pangalan lamang (anthroponyms).

Ang semantikong ambag ng pangalan ay tanging ang pinatutungkulan lamang nito (Mill, 1874). Kaya't ang semantikong halaga ng pangalang 'Christopher John' ay si Christopher John mismo. Ang 'Christopher John' na pinag-uusapan natin dito ay partikular o tiyak na persona at hindi ang pangkalahatang pangalang 'Christopher John' (Cumming, 2013). Nagiging pangkalahatan ang isang pangalan kung mayroon itong katulad na pangalan sa ibang bansa. Nagiging tiyak naman ang pangalan kung ang pinatutungkulan ay ang partikular na tao sa isang tiyak na bansa at sa isang tiyak na komunidad. Ang Christopher at John ay mga pangalang Amerikano na halaw sa Espanyol na Juan Cristobal. Ang pagpapalit mula Spanish patungong English ay madali lamang dahil ang dalawang wikang nabanggit ay nagmula sa wikang Latin. Ang pagpapalit na ito ay repleksyon ng magkasunod na pananakop sa Pilipinas kung saan wika ang pinagbatayan. Isa itong patunay na ang mga pangalan ay nakaugat sa wika. Sa tuwing ang pangalang Christopher John ay nababanggit, ang intensyon ay ang may-ari lamang ng

pangalang ito at hindi ang mga katukayo niya sa ibang bansa. Mapapansing ang pangalang ito ay walang pambansang pagkakakilanlan.

Pangalan bilang paglalarawan at pagpapakahulugan. Ang paglalarawan ay kasundo ng Millianism (ang semantikong halaga ng isang tiyak na paglalarawan ay ang indibidwal na pinatutungkulan nito), at Russellian, o semantikong pagpapakahulugan (Cumming, 2013).

Bilang halimbawa ng paglalarawan, 'Si McRossbien ay isang mag-aaral na nagtapos na unang karangalan sa Mababang Paaralan ng Kanlurang Purok ng Lopez'. May nananatiling katanungan sa paglalarawang ito: 'Sino si McRossbien bago siya nagtapos at tumanggap ng unang karangalan?' Ang Teorya ng Paglalarawan ng Pangalan ay hindi nalulutas ang isyu ng pangkaisipang kahalagahan. Tungkol sa halimbawa, natuto ang mga Pilipino na manghiram ng Mc (binibigkas na 'mak'). Kagaya ito ng Mac Arthur (galing kay General Douglas Mc Arthur), o maaari rin namang halaw kay McDonald's. Ang Rossbien ay pagsasama ng mga pangalan ng mga magulang niya, sina Rosauro at Bienvenida. Sa halimbawang ito, may dalawang basehan ang pagpapangalan, (1) panghihiram ng banyagang pangalan, at (2) pagsasama ng mga pangalan ng mga kaanak.

Ang pamamaraang patumpok na paglalarawan ay walang solusyon sa suliranin ng pangkaisipang kahalagahan ng isang tao kagyat pagkatapos ng kanyang pagkasilang, maliban na lang kung ito ay isasama sa konteksto-sensitibong pamamaraan ng paglalarawan na katanggap-tanggap kina Russell (1911) at Frege (1952, 1956). Halimbawa, 'Si Brishbane Adylade, na nagtapos sa LWES, Building 1 at ngayon ay nasa grade 9 na, ay ipinanganak sa Adelaide, Australia'. Isang tumpok ito ng paglalarawan. Nananatili pa rin ang isang katanungan: 'Sino si Brishbane Adylade bago siya nagtapos sa LWES, Buiding 1?' At ang paghula sa kahulugan ng pangalan batay sa pook ng kapanganakan ay hindi nagbibigay ng katiyakan na siya nga ang tamang tao na pinatutungkulan. Ang pangalang 'Brishbane Adylade' ay nagpapakahulugan sa heograpikal na lokasyon ng kanyang kapanganakan. Ang bumabanggit ng kanyang pangalan ay hindi nakatitiyak dito dahil posible naman na ang kanyang mga magulang lamang ang nakarating o nagtrabaho sa Australia, partikular sa Brishbane, at ang sanggol ay pinangalanan lamang ng halaw sa pook ng narating o pinagtrabahuhan. Nangangailangan pa ito ng pagtiyak. May binabanggit na 'implicit-egotism effect' ang mga psychologists. Naniniwala sila na pinahahalagahan ng mga tao at ibinibilang ang kanilang sarili sa mga bagay na kaugnay at may kinalaman sa kanilang mga pangalan (Konniva, 2013). Mataas ang posibilidad na magkakaroon si Brishbane Adylade ng pagtatangi sa pook na ito sa Australia. Tiyak na magbubunga ito ng suliranin sa pambansang pagkakakilanlan, Pilipinas o Australia? Lumalabas na rin sa pagtalakay na ito na ang mga pangalang Espanyol na iniwan sa mga Pilipino ay nagdudulot ng krisis sa pambansang pagkakakilanlan, kaya't lumilikha ang sistemang ito ng 'maliliit at kayumangging mga Espanyol' (Varma, 2012; David & Okazaki, 2006), gayundin sa kulturang iniwan ng mga Amerikano na lumilikha ng 'maliliit at kayumangging mga Amerikano'(Agoncillo, 1990).

Ang tunay na kahulugan ng tiyak na pangalan ay maaaring maibigay ng mga tao na nagsilbing saksi nang ang sanggol ay pangalanan. Para kay Kripke (1980), ang relasyon sa pagitan ng pangalan at ng sanggol na pinangalanan ay napatitibay ng isang seremonya (bawtismo) at mahalaga ang papel ng mga nakasaksi rito. Halimbawa, dahil ang mga Pilipino ay may nakagawiang isunod ang pangalan ng sanggol sa mga pangalan ng kaniyang mga lolo at lola (kapwa sa panig ng tatay at nanay nito), ang Daniel na pangalan ng lolo sa linya ng tatay, at Gabriel na pangalan ng lolo sa linya ng nanay, ay pinagsama sa iisang pangalan ng sanggol, Daniella Gabrielle, dahil ang sanggol ay babae. Lahat ng kanyang mga kamag-anak na saksi nang siya ay binyagan sa ganoong pangalan ay makapagpapatunay na matibay na asosasyon ng pangalan at ng pinangalanan. May punto si Price (2016) na ang mga pangalan ay dokumentong kultural na nagtatala sa takbo ng pag-iisip ng mga ninuno. Ang ganitong sistema

ng pagpapangalan, gayon man, ay limitado sa pampamilyang pagkakakilanlan lamang, at walang pagpapatungkol sa pambansang pagkakakilanlan.

Ang pangalan ay nararapat na nakabatay sa mga napupunang katangian ng sanggol o kaya naman ay mga pangyayari sa panahon ng kanyang kapanganakan. Kailangan nga lamang na magkaroon ng batas na basehan ng pagbabago ng pangalan kung lubhang nakaaapekto sa personalidad ng bata ang pangalang ibinigay ng kanyang mga kaanak. Ang karapatang ito ay gagamitin ng may katawan sa pagtuntong niya sa ikalabingwalong taon. Halimbawa, ang nanay na si Mary ay nagpasya na pagdugtungin ay pangalan niya at pangalan ng asawa niya (na tatay ng sanggol) na si Arnel. Mary Nel ang pangalan ng kanilang anak na babae. Subalit ang dalawang magkaibang personalidad nina Mary at Arnel ay hindi nangangahulugang mga personalidad na bumubuo sa pagkatao ni Mary Nel. Maaaring ang personalidad ni Mary Nel ay malayo sa alinman sa dalawang personalidad ng kanyang mga magulang, kaya't mayroon dapat na partisipasyon si Mary Nel sa pagdaragdag sa tinanggap niyang pangalan sa panahong wala pa siyang malinaw na pag-iisip. Pansamantala, maaaring ihalaw ng mga magulang ang pangalan ng sanggol sa napupunang pisikal na katangian nito, kagaya ng ginagawa ng mga Hebreo (Genesis 25:26), o kaya naman ay mga pangyayari sa kanyang kapaligiran sa panahon ng kanyang kapanganakan, tulad ng pananagumpay ng Pilipinas sa usapin ng West Philippine Sea. Ngunit sa pagsapit ng ika-18 taon ng kapanganakan, may karapatan dapat si Mary Nel na dagdagan ang kanyang pangalan lalo na't kung ang isisingit ang magbibigay sa kanya ng pambansang pagkakakilanlan.

Ang pagsasabatas ng karapatang ito ukol sa pagpapangalan ay katulad ng kalagayan ng isang bansang isinunod ang pangalan sa banyagang mananakop (hal. Pilipinas mula sa panglan ni Haring Felipe ng Espanya). Ang mga mamamayan na may kaalaman na sa pangyayaring ito ay marapat lamang na bigyan ng pagkakataong baguhin o dagdagan ang pangalan ng kanilang bansa. Kung magkagayon ay matutupad ang isang teoretikal na kaisipan na ang pangalan ay dapat na sumasalamin sa marubdob at tiyak na paglalarawan ng pinangangalanan (Dummet, 1973).

Lumalabas na ang lahat ng paglalarawan sa pangalan at ang mga pagtalakay sa pagpapakahulugan nito ay walang gasinong kabuluhan. Ang bawat paglalarawan at pagpapakahulugan sa pangalan gamit ang simbolo ng pagtatalinghaga (Dobric, 2010) ay makabuluhan lamang sa pangkulturang aspeto ng lipunan. Kagaya ng pinaninindigan ni Anderson (2007) na ang mga pangalan ay walang korelasyon sa pinangangalanan kundi ang pagtukoy lamang sa may-ari nito. Nanatili si Geurts (1997) sa paniniwala na ang pantanging ngalan ay walang kahulugan kundi ang tao lamang na pinatutungkulan ng pangalan. Halimbawa, ang bata ay pinangalanang Aristotle sa kagustuhan ng mga magulang na maging kagaya siya ng dakilang pilosopong Griyego, ngunit naging taliwas naman ito sa naging personalidad ng bata. Ang kultural na kabuluhan ng talinghaga ng pangalan ay nasa repleksyon ng pinagmulan at pagkakakilanlan. Bukod dito, ang pagbibigay ng pangalan ay hindi dapat ipagwalang-bahala sapagkat ang pangalan ay nagpapahayag ng pag-iisip at damdamin (Perez-Aquino, 2016). Ang pagwawalang-halaga sa kahulugan ng pangalan ay sinalungat ng mga psychologists sa kadahilanang ang pangalan ay makabuluhan. Isiniwalat ni Konnikova (2013) ang mga pananaliksik tungkol sa impluwensya ng mga pangalan sa personalidad at pagpapasiya ng mga bata. Ang 'implicit-egotism effect' (pagkabato-balani o atraksyon sa mga bagay na kapangalan o may kinalaman sa sariling pangalan) ay nagpapahayag na may impluwensya ang pangalan sa gawi sapagkat pinahahalagahan ng tao ang ano mang bagay na may kinalaman sa kanyang pangalan. Samakatuwid, ang pangkaisipang kahalagahan ng pangalan (ayon sa intensyon ng mga magulang) sa murang edad ng bata ay mistulang walang halaga, subalit habang siya ay tumatanda, may mga nabubuong 'steotypes' (Kremer, 2014; Galinsky & Slepian, 2016) at ang kanyang pangkaisipan at pangkapwang aspeto ay umiikot sa

kung ano ang pagpapakahulugan ng ibang tao at sariling pagpapakahulugan sa kanyang pangalan (Griffin, 2017).

Ang pangalan ay panghalili sa pinangangalanan (Anaphor).

Maaring tingan ang pangalan sa kung papaano ito ginagamit na panghalili sa pinatutungkulan, at hindi naman sumasalungat sa pamamaraan ng paglalarawan (Geurts, 1997). Ang anaphor ay sinasabing kapares ng pinatutungkulan (Oxford Dictionaries). Kaya naman, ang pangalan ay ginagamit bilang panghalili sa tao na pinatutungkulan ng pangalan.

Ang halimbawa nito ay Archieson Perlas. Ang kahulugan ng Archieson ay 'Son of Archibald (may kahulugang 'master'). Ang pangunahing gamit ng pangalang Archieson ay magsilbing espesyal na panghalip, na kapuwa-patungkol sa aktwal na anak ni Archibald. Kapara ito ng panghalip na 'siya' bagaman ang pangalan ay mas tiyak ang gamit. Ipinahayag ni Flores (2016) na ang pangalan ng sanggol na nagmula sa pangalan ng mga kamag-anak o ninuno ay kapwa katutubo at hiram. Binanggit ni Flores ang 'European Onomastics'(pag-aaral ng pinagmulan at anyo ng mga pantanging ngalan ng mga tao (Merriam-Webster Dictionary), na gumagamit ng hulaping 'son' sa kanilang pangalan, gaya ng Anderson (son of Ander) at Richardson (son of Richard). Inihalimbawa ni Flores na sa Espanya, ang anak ni Rodrigo ay nagiging Rodriguez, anak ni Hernando ay Hernandez, anak ni Gonzalo ay Gonzales, at ang anak ni Fernando ay Fernandez. Sa Pilipinas, ayon sa pag-aaral ni Eugenio (2001), ang Apo ni Bolinaw (grandson of Bolinaw) at Anak ni Batak (son of Batak) ay maaaring iisang tao lamang, kung saan ang una ay pangalan ng bata habang ang lolo niyang si Bolinaw ay buhay pa, at sa oras na namatay ang lolo niya, ang ngalan niya ay magiging kagaya ng huli (Anak ni Batak) sa mababaw na kadahilanang buhay pa ang kanyang ama. Sa kasalukuyan, ang pangalan ay maaaring katutubo (gaya Magtanggol) o hiram (gaya ng Andres). Ang mga nagpahayag ng teorya tungkol sa pagpapangalan ay sumasang-ayon na ang pangalan ay anaphor (Justice, 2017).

Ang Teorya ng May-akda.

Ang Prinsipyong 40-60 sa sistema ng pagpapangalan. Ang isinakatutubong unang pangalan, gaya ng Amihan, ay kumakatawan sa 40% ng dugong Malay habang ang panggitnang pangalan at ang panghuling pangalan (na kapwa pangalang banyaga) tulad ng Reyes at Santos at pinakapopular na mga apelyido ngayong ika-21 siglo (Gonzales, 2015), ay kumakatawan naman sa 60% ng dugong Pilipino (maaaring Negroid, Caucasoid, o Mongoloid). Ang dugong Malay ay simbolo ng 40% ng pagsakatutubo samantalang ang dugong banyaga na 60% ay simbolo ng globalisasyon. Nasa loob ng ating katawan ang dugo ng Silangan at dugo ng Kanluran. Ang dalawang ito ay tila mga pwersa na nagbabanggaan at nagdadaigang-tapang. Ganito ang nararamdaman ng bawat Filipino-Spanish mestizo na natigalgal kung sino ang kanilang papanigan, ang mga katipunero ba o ang mga Kastila (Agoncillo, 1990). Ang paghahalong ito ng dugo ay nagbunga ng 'glocalized Filipinos' na hindi naman katutubo at hindi rin banyaga. Ang teoryang ito ay naglilinaw sa posisyon ng mga Pilipino: (1) na tayo hindi Espanyol at hindi rin naman Indio; (2) na tayo ay hindi global at hindi rin local kundi glocal; (3) na tayo ay hindi itim (negroid) at hindi rin puti (caucasoid) kundi kayumanggi (mongoloid); (4) na hindi lang wikang Filipino ang gamit natin kundi English; at (5) na hindi lamang pagsasakatutubo papalabas ang ating pagtutuunan ng pansin kundi ang pagsasakatutubo papasok (Enriquez, 1994).

Ano ang mga intensyon ng mga kaugnay na batas patungkol sa sistema ng pagpapangalan?

Ayon sa batas.

(1) Ano ba ang isinasaad ng UN Convention on the Rights of a Child (Articles 7 & 8)? Ang batas ukol sa pagkakakilanlan ay binigyang-katiyakan ng UN: 1. Personal na

pagkakakilanlan, 2. Pampamilyang pagkakakilanlan, at 3. Pambansang pagkakakilanlan (Article 8 specifies on a child's preservation of identity: Children have the right to an identity – an official record of who they are. Governments should respect children's right to a name, a nationality and family ties);

(2) Ano ang nakatala sa Saligang-Batas tungkol sa sistema ng pagpapangalan? "The State recognizes the Filipino family as the foundation of the nation. Accordingly, it shall strengthen its solidarity and actively promote its total development" Wala namang tiyak na pagbanggit ng sistema ng pagpapangalan, kundi ang kahalagahan lamang ng pamilya; at

(3) Ano ang kahingian ng Family Code of the Philippines, Title 1, Section 1, Article 11, Paragraph 1? Ipinatatala ng Family Code ang kumpletong pangalan sa marriage contract. Ang ibig sabihin, ang mga magulang ang ginagabayan ng batas na bigyan ang kanilang mga anak ang unang pangalan, panggitnang pangalan (apelyido ng nanay), at panghuling pangalan (apelyido ng tatay). Ipinapanukala ng mga pananaliksik na dapat ay maging maingat ang mga magulang sa pagpapangalan ng kanilang mga anak (Griffin, 2017).

Ang prinsipyo ng jus sanguinis, pagkamamamayan, at ang sistema ng pagpapangalan.

Ang prinsipyo ng jus sanguinis ay pagkilala sa pagkamamamayan ayon sa dugo ng kahit man lamang isa sa mga magulang bilang basehan ng pagkamamamayang Pilipino (Philippine Constitution, Article IV, Section 1). Pinili ng Supreme Court ang jus sanguinis laban sa jus soli upang linawin ang isyu ng pagkamamamayan (Aguilar, 2016). Hindi purong Malay ang dugo ng mga Pinoy. Ito ang dahilan kung bakit ang purong pangalang Espanyol tulad ng Juan dela Cruz at Maria Flores ay hindi akma kung ang pag-uusapan ay ang dugo at lahi. Sa kabilang banda, ang mga pangalang Joshua Santos at Angelica Reyes (na pinaka-popular na mga pangalan ng mga milenyal), o ano mang pangalan ng ating mga ninuno, popular man o hindi (Gonzales, 2015) ay hindi maaaring Magtanggol lamang o Mayumi lamang (mononymic) sapagkat may dugong banyaga na dumadaloy sa ating mga ugat.

Ang katatagan at kapanatagan ng mga Pilipino ay nasa talinghaga ng dugo (Tiangco, 2004), na likas sa atin, gayon din ang ating pagkamagiliw sa panauhin. Ang sabi nga ng mang-aawit na si Bamboo na may agimat ang dugo niya bilang Pinoy. Kapa gang unang pangalan ay isinunod sa prinsipyo ng jus sanguinis, ang pangalan ay magkakaroon na ng bahagi sa semantikong kahalagahan nito (Frege, 1952) dahil tinataglay nito ang pangkaisipang kahalagahan ng ipinahahayon ng pangalan (Cumming, 2013). Kung gayon, ang pangalang ito ay maaari nang ikabit sa kadena ng pinagmulan at kasaysayan (Jackson, 1998). Sa pagsasakatutubo ng unang pangalan, ang kumpletong unang pangalan ay magiging aktwal na anaphor o panghalili sa pinangangalanan (Geurts, 1997; Sommers, 1982). Wala tayong nadukal na batas na maaaring humadlang sa pagsisingit ng katutubong pangalan sa unang pangalan. At sa paghanap sa pagkakapareho at pagkakaiba ng sistema ng pagpapangalan, ang mga bakas ng kolonisasyon ay matutunton pa rin.

Pag-uugnay ng kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ng Pilipinas sa minanang kultura.

Ang pagwasak at paghulma ng katutubong kultura.

Isinasaad sa klasikong modelo ng pananakop na binuo ni Fanon (David & Okazaki, 2006) na ang lipunang kolonyal ay itinatag upang wasakin at muling buuhin ang kasalukuyang kultura. Ang sistemang mononymic ay winasak at binuo ayon sa hulma ng sistemang polynymic (Colin, 1663). Kung papaanong ang mga Ingles ay nanagumpay sa pagbuo ng isang uri ng mga tao na Hindu sa hitsura ngunit Ingles sa damdamin at pag-iisip (Varma, 2012), gayon din naman na matagumpay kapwa ang mga Espanyol at mga Amerikano sa paghulma sa isang uri ng mga Pilipino na kayumanggi ang balat ngunit makaputi naman sa damdamin at isipan (Agoncillo, 1990).

Ang pagbabago ng sistema ng pagpapangalan ng mga sinakop ay isang malinaw na pag-agaw ng teritoryo at kultura. At sapagkat may ganap na kapangyarihan ang mga mananakop (Bauman, 1995), ang hispanisasyon ng mga pangalan ng mga creoles (kagaya rin ng ginawa ng mga Espanyol sa Mexico, Venezuela, at Cuba) ay lubhang nakabuti sa mga mananakop subalit nagkait ng kakanyahan at pagkakakilanlan sa mga sinakop (David & Okazaki, 2006). Panganib ang dulot ng teritoryalisasyon (Deleuze & Guattari, 1988) sapagkat sapilitan nitong pinaghahalo sa isang lipunan ang dalawang lahi sa kabila ng pamamayani ng isa sapagkat ang pagiging nakapangyayari ang lunsaran ng teritoryalisasyon.

Ang mga sanggol ay nararapat na may papel sa pagbibigay ng pangalan.

Pribilehiyo ng mga magulang kahit na noong unang panahon, lalo na ng ina, ang pagbibigay ng sa palagay nila ay akmang pangalan sa kanilang mga anak (Agoncillo, 1990). Hindi pa nga lamang nabibigyang-pansin ang pagbibigay ng karapatan sa mga sanggol na magkaroon ng papel sa pagpapangalan. Halimbawa, maaaring tingnan ng mga magulang ang mga pisikal na katangian ng sanggol o kaya naman ay ang mahahalagang isyung lokal at pambansa sa araw ng kapanganakan. Nagsisilbing espesyal na panghalip ang pangalan kung kaya't ang pinatutungkulan ng pangalan, lalo na sa mga katangiang pisikal, ay akma sa paglalarawan nito. Isinalaysay ni Kremer (2014) kung papaanong ang mag-asawa ay ninais na pangalanan ang kanilang premature female baby. Gamit ang internet, napanipis nila ang lista ng mga pangalan na nagsisimula sa titik na 'E'. Sa huli ay hindi nila mapagpasiyahan kung alin ang ipapangalan sa kanilang sanggol. Sa huli, pinangalanan nila ang kanilang anak na 'E' at napagkasunduan nilang bigyan siya ng kalayaan na dugsungan ang letrang 'E' upang maging ganap na pangalan. Ngayong 16 na taon na si E, nananatili pa ring ganito ang pangalan niya.

Ang unang pangalan ng mga Pilipino ay hindi dapat hango sa banyagang wika dahil magbubunga ito ng pagkalito lalo na sa pagbabaybay ng pangalan (Schneider, 1903). Kung batay sa wikang banyaga ang pangalan, kalimitan ay hindi alam ng pinangalanan ang kahulugan nito. Kaugnay nito, ang mga kaklase o kaibigan niya ay maaaring isulat ang kanyang pangalan na mali ang baybay sapagkat maaaring hindi rin nila batid ang kahulugan nito. Kung gumamit ang isang Pilipino ng katutubong pangalan na hango sa katutubong wika, tiyak na hindi sila magkakamali sa pagsulat ng pangalan ng kakilala nila. Natural na magkamali sa pagbaybay ang mga Pilipino. Ang paghalaw ng pangalan mula sa wika ay kalakip kung ano ang inaasahan sa may-ari ng pangalan. Isiniwalat ng mananaliksik na si Dr. Ruth Mayo, na ang inaasahan ng ibang tao, kung ang pagbabasehan ay ang pangalan, ay nakaaapekto sa hitsura ng pinatutungkulan ng pangalan, isang pagpapahiwatig na ang personalidad ng tao ay nakasalalay rin sa kung ano ang iniisip ng madla sa sandaling ang isang tao ay isilang, kaakibat ang kasarian, lahi, at katatayuang panlipunan at pangkabuhayan, lalo na sa ibininyag na pangalan sa kaniya (Griffin, 2017). Ang wika, personalidad, lahi, at kasarian ay nakapaloob sa isang pangalan. Sa madaling sabi, ang pangalan gamit ang wikang Filipino ay tumuturol sa ibig ihulmang personalidad, papel ng kasarian, pamilya, lahi, at pagkamamamayan. Ganito kahalaga ang wika sa sistema ng pagpapangalan.

Ang paggamit ng sistema ng pagpapangalan ng ibang bansa para lamang makihalo sa mga banyaga, ay sanhi ng unti-unting pagkawala ng pambansang pagkakakilanlan.

Ang kinalabasan, maliban sa pag-ampon ng banyagang pangalan, ang mga Pilipino sa ibayong-dagat ay nakikihalong mabuti sa mga banyaga, lalo na sa pagtulad sa panlabas na kaanyuan ng mga banyagang ito. Mabago man ang kanilang panlabas na anyo, nananatili pa rin ang katotohanan na iba ang lahing Pinoy. Hindi rin natin masisisi ang mga kababayan nating ito dahil umiiwas sila sa hayagang diskriminasyon. Ito ay isa sa maraming kadahilanan kung bakit ang mga Pilipino ay magagaling manggaya (Enriquez, 1994) mismong hitsura, pananalita, pagkilos, at maging sa pag-awit. Kapag nalaman ng ilang mga Amerikano na ang

isang Pilipino ay may Amerikanong pangalan ngunit Malay ang hitsura, mararamdaman na ng Pilipino ang mababang pagtrato sa kanya hindi dahil iba ang kanyang lahi kundi ang malamang wala siyang paninindigan na ipakipaglaban ang sariling kakanyahan. Ang nakapanlulumong gawi na pagtakwil sa pambansang pagkakakilanlan ay nag-aambag sa basehan ng diskriminasyon. Sa pagkarinig pa lamang ng pangalan ay sumisiklab na ang mabilisang koneksyon sa tiyak na kasarian, at pagtrato batay sa napag-alamang lahi. Ang pananaliksik nina Galinsky at Slepian (2016) ay nagpapakita na kahit ang pagkapakinig lamang sa pangalan ay biglaang magdirikit na sa personalidad at sisiklab ang uri ng pakikisalamuha.


Pilit na magbabalik ang mga Pilipinong nasa ibang bansa sa kanilang katutubong kultura bilang bahagi ng kanilang pagnanais sa indibidwal na paglaya.

Ang paggamit ng hiram na pangalan, hiram na kultura, at hiram na hitsura ay pagkakabilanggo sa mga rehas ng mapagpaimbabaw na kultura at ang kanilang kaligayahan ay hungkag sapagkat ang kulturang pinipilit nilang tularin ay hanggang sa balat lamang tumatagos at hindi sa kaibuturan ng kanilang damdamin. Nasa kaibuturan ng puso nating mga Pilipino ang minumutyang kaligayahan at ang kaligayahang ito ay hindi ganap kung may kamalayan tayo sa pagtatakwil ng sariling atin. Oo nga at ang paggamit ng hiram na pangalan ay pag-inom ng alak ng globalisasyon upang pansamantala ay malimutan ang mga indikasyon at bakas ng diskriminasyon. Kapag ang epekto ng alak ng globalisasyon ay naglaho na, muli at muli tayong magbabalik sa patuloy na paghanap sa ating kakanyahan (Baudrillard, 1993). Bakit itinuturo pa rin ng mga Pilipinong magulang sa mga anak nilang kalahati ay Pinoy ang sariling wika? Bakit lumilikha pa rin sila ng samahan ng mga Pilipino sa ibang bansa? Bakit patuloy nilang hinahanap ang linamnam ng mga pagkaing Pinoy? Bakit ang ilang sa kanila ay gumagamit na ng katutubong pangalan (gaya ng Malaya Watson) kahit na ang kanilang apelyido ay banyaga? Ang lahat ng mga katanungang ito ay indikasyon ng pagnanais nating mga Pilipino na makalaya, makahinga ng maluwag, at makasagap ng hanging amihan mula sa sinisikatan ng araw. Ano ang katotohanang nakapaloob dito? Ang katotohanang ito ay ang pagtataas ng antas ng kanilang indibidwal na paglaya habang patuloy silang nalulublob sa kumunoy ng nakapangyayaring kultura, ng globalisadong mundong ito (Wagner, 1994). Ang pagkauhaw sa indibidwal na paglaya ng mga Pilipino na nasa ibang bansa ay magbubunsod sa kanila na bumalik sa kanilang katutubong kultura.

Pinipigilan ng katutubong pangalan ang pagkatunaw ng pambansang pagkakakilanlan.

May dalawang susing kaisipan ang makabagong tao:1) ang maging kagaya ng mga kasapi ng pangkat na nais samahan; at 2) pagkakapareho ng lahi o kasuotan (Bauman, 1995). Tinawag ito ni Foucault (na binanggit ni Ashley, 1997) na pagkatunaw ng sarili. Ang pagkakakilanlan sa ilalim ng makabagong panahon ay binibigyang-kahulugan batay sa dalawang kaisipang ito. May panganib na dala ang mga kaisipang ito para sa mga Pilipino. Sila na hindi magpapasyang yumakap sa dating kultura at makararanas ng pagkatunaw ng pambansang pagkakakilanlan at ng sarili. Batid na ng mga Amerikano ang relasyon sa pagitan ng pangalan at nasyonalismo noon pa mang taong 1775, (Kramer, 2011). Sang-ayon sa kanila, ang pangalan na repleksyon ng pambansang pagkakakilanlan ay nauuwi saa matagumpay at mabuting pamilya na nagbubunga ng mas malawak na komunidad at nagtatapos sa pagbibigay ng seryosong pansin sa kamalayan ng mga bata tungkol sa pambansang pagkakakilanlan.

Sa dinami-daming mga magulang sa Lopez West Elementary School, Building I, kakaunti ang nagbigay ng katutubong pangalan sa kanilang mga anak. Ang isa sa kanila ay nagpaliwanag kung bakit 'Amihan' ang ipinangalan niya sa kanyang anak: "Ay gusto ko po nun ay Tagalog na pangalan, dahil po sa apelyido ko at apelyido ng asawa ko ay parehong Tagalog na salita. Ang mga nalalabing katutubong pangalan ay nagbubunsod sa patuloy na paggamit nito. Ipinaliwanag ng isa pang ina na ang pangalan ng kanyang tatay ay Tagumpay na nagpangalan sa tatlo niyang mga anak na: *Magdiwang*, *Malaya*, at *Mutya*. Nang tinanong kung bakit binigyan sila binigyan ng tatay nila ng katutubong pangalan, ang sagot niya ay: *"Ang alam ko lang po eh, idinamay kami nung father ko sa name nya hehe. Mga kapatid po ng father ko puro Tagalog,12 sila lahat pero di ko tanda mga names."* Tunay na may nalalabi pang mga Pilipino na ipinagpapatuloy ang paggamit ng mga katutubong pangalan.



Pigura 1. Pagsisingit ng katutubong pangalan sa kasalukuyang pangalang kanluranin

Ang patutuloy na paggamit ng katutubong pangalan ay tagapagpaalala sa tuwina ng pagpigil sa pagkatunaw ng pambansang pagkakailanlan (Pigura 1). Sang-ayon sa UN Convention on the Rights of a Child, may tatlong pagkakakilanlan ang pangalan: 1) Personal, 2) Familial, at 3) National. Sa pangalang Joshua Reyes Santos, ang Joshuea ay personal na pagkakakilanlan, ang Reyes at Santos na apelyido ng nanay at tatay niya ayon sa pagkakasunod, ay para sa familial na pagkakakilanlan. Nasaan ang national o pambansang pagkakakilanlan? Ang pagsingit ng pangalang 'Magiting' ang kukumpleto sa kahingian ng UN, sapagkat ang Magiting ay halaw sa wikang Filipino at repleksyon ng bansang Pilipinas. Gayon



din naman, ang pagsingit ng katutubong pangalang "Aya" sa Jean Aliah Yzabel G. Albos ay nagpapakita ng kaibahan ng pangalan niya bilang Pilipino sa iba panga bansang Espanyol ang gamit sa pagpapangalan.

Pigura 2. Pagsingit ng katutubong pangalang 'Mayumi' sa Espanyol na pangalang Angelica Santos Reyes

Kung baga sa pagsusulit, pasado na ang Joshua Magiting Santos at Angelica Mayumi Reyes sa proseso ng pagsasakatutubo ng pangalan at maipapasa na ito sa susunod na salinlahi. Karapatan ng mga Pilipino na mabigyan ng katutubong unang pangalan.

Sa huli, ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas ay hindi akma sa kaligirang kultural sa kasalukuyan, kung kaya't may pangangailangan para sa dekolonisasyon ng kasalukuyang namamayaning kultura sa bansa.

Paglalagom:

Ang paghanap sa mga teyoretikal, legal, at kultural na basehan sa pagsasakatutubo ng mga unang pangalan ng mga Pilipino sa ika-21 siglo ay nagpalutang sa kawalan ng pambansang pagkakakilanlan ng kasalukuyang sistema ng pagpapangalan. Sinusugan ito ng mga kaugnay na literatura.

Sa teoretikal na basehan, ang polynymous name ay binubuo ng first name, middle name, at last name. Ang pangalan ay dapat na patungkol sa sanggol, paglalarawan at pagpapakahulugan, at panghalili sa pinangangalanan. Ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan sa Pilipinas ay lihis sa sinasabi ng mga teorya dahil ang pangalan madalas na ibinibigay ay hindi patungkol sa sanggol, hindi pagpapakahulugan sa sanggol, at ang pangalan ay hindi akma bilang panghalili sa pinangangalanan.

Sa legal na basehan, ang pangalan ay hindi ibinibigay para lamang sa pampersonal at pampamilyang pagkakakilanlan, kundi gayon din naman sa pambansang pagkakilanlan. Ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ay lihis sa linya ng mga batas sapagkat ang kasalukuyang mga pangalan ng mga Pilipino ay repleksyon lamang ng lahing Caucasian at hindi ng lahing Malay sapagkat tahasang binalewala ang prinsipyo ng *jus sanguinis.*

Sa kultural na basehan, ang teritoryalisasyon ng mga mananakop na nagwasak sa katutubong sistema ay nagdala sa Pilipinas sa kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ng mundo subalit nag-iwan ng mga katanungan tungkol sa hindi paggamit ng wika sa pagpapangalan, sa pagdidiin sa kaisipang kolonyal, at sa pagwawalang-bahala sa katutubong kultura. Ang hindi paggamit ng katutubong pangalan ay pagkawala ng kakanyahan.

Ang teorya ng may-akda na Prinsipyong 40-60 (40% dugong Malay at 60% dugong banyaga) ay sagot sa dekolonisasyon ng sistema ng pagpapangalan. Ang 40% ay tumutukoy sa katutubong unang pangalan at ang 60% ay para sa banyagang pangalan na sa kasalukuyan ay panggitnang pangalan at panghuling pangalan (apelyido) ng mga Pilipino. Kung ito ay susundin, ang pangalan ay gumagamit na ng prinsipyo ng jus sanguinis.

Walang batas na masasagasaan ng pagbibigay ng katutubong pangalan sa mga sanggol. Ang katutubong pangalan ay pag-aangat ng pambansang kamalayan, paggising sa damdaming Pilipino, pagpapakita ng gawang Pilipino, at pagpapataas ng antas ng pambansang pagkakakilanlan.

Mahalagang ipanukala ang pananaliksik tungkol sa epektong pangkaisipan ng sistema ng pagpapangalan (onomastics) ayon sa malinaw na landasin patungo sa matatag, maginhawa at panatag na buhay para sa lipunang Pilipino.

Pinagbatayan:

Agoncillo, T. A. (1990). *History of the Filipino people.* Quezon City: Garotech Publishing.

Aguilar, F. V. (1997). *Embodying the Nation: Filipino pictorial moments of the 1994 GATT treaty debate.* Philippine Studies, 45(2), 197-224.

Aguilar (2016). *Philippine citizenship: From jus soli to jus sanguinis.* Retrieved May 04, 2017 from www.rappler.com

Alvares, C., & Faruqi, S. S. (Eds.). (2012). *Preface to decolonizing the university.* Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Anaphor. In *Oxford Dictionaries*. Retrieved February 18, 2018 from https://en.oxforddictionaries.com/definition/anaphor

Anderson, J. (2006). *The grammar of names.* Oxford: Oxford University Press.

Ashley, D. (1997). *History without a subject*. Westview Press: Boulder, CO.

Baudrillard, J. (1993). *The transparency of evil: Essays on extreme phenomena (1983),* trans. J. Benedict. London: Verso.

Bauman, Z. (1995). *Life in fragments: Essays in postmodern morality.* Oxford: Blackwell.

Burge, T. (1973). Reference and proper names. *Journal of Philosophy, 70*(14). 425-39.

Carrie (2011). *Naming children: tradition in Indonesia.* Retrieved April 29, 2017 from Lucy. Pocket Cultures: The world in your pocket.

Catalogo Alfabetico de Apellidos. In Raposas, A. (2012). *Catalogo alfabetico de apellidos* [List of Filipino surnames]. Retrieved, 15 February 2018, from https://history-ph.blogspot.com/p/catalogo.html

Colin, F. (1663) in Agoncillo (1990). *History of the Filipino people.* Quezon City: Garotech Publishing.

Cumming, S. (2013). *Names.* Retrieved June 8, 2017 from https://plato.stanford.edu/ entries/ names/ Sam Cumming sam.cumming@gmail.com

David, E.J.R. & Okazaki, S. (2006). The colonial mentality project. In Gabornes, M. C. (2010, March 11). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved September 12, 2016 from http://learningfragments.blogspot.com

Deleuze, G., & Guattari, F. (1988). *A thousand plateaus: Capitalism and schizophrenia.* Minneapolis: University of Minnesota.

Department of Education – Lopez (2017, Abril 6). Ika-103 Palatuntunan ng Pagtatapos. Lopez, Quezon: Paaralang Elementarya ng Kanlurang Lopez – Gusali I.

Dobric, N. (2010). Theory of names and cognitive linguistics – the case of the metaphor. *Filozofija I Drustvo,* 135-147. Alpen-Adria-Universität Klagenfurt. DOI:10.2298/FID1001135D. Retrieved February 15, 2018 from http://www.doiserbia.nb.rs/img/doi/0353-5738/2010/0353-57381001135d.pdf

Dummett, M. (1973). *Frege: Philosophy of language.* Cambridge, MA: Harvard University Press.

Echeminada, P. (2012). *200,000 OFWs in Italy face 'identity crisis'.* Retrieved February 17, 2018 from news.abs-cbn.com

Enriquez, V. (1994). *From colonial to liberation psychology: The Philippine experience.* Manila: De La Salle University Press.

Eugenio, D. (2001). *Myths and legends of the Philippines, 2.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Family Code of the Philippines. Title 1, Section 1, Article 11 (1). Executive Order No. 209.

Flores, P. (2016). *How Filipinos got their surnames.* Retrieved February 17, 2018 from www.positivelyfilipino.com.

Frege, G. (1956). The thought: A logical inquiry. *Mind, 65*(259). 289-311.

Frege, G. (1952). On sense and reference, in P. Geach and M. Black, (Eds.). *Translations from the Philosophical Writings of Gottlob Frege (56-79).* Oxford: Blackwell.

Galinsky, A., & Slepian, M. (2016). *Yes, there's now science behind naming your baby.* Retrieved February 18, 2018 from https://www8.gsb.columbia.edu.

Genesis 25:26. The Holy Bible. King James Version.

Geurts, B. (1997). Good news about the description of theory of names. *Journal of Semantics,* 14, 319-48.

Gonzales, J.R.L. (2015). *What's in a Pinoy name?* Retrieved February 17, 2018 from news.abs-cbn.com

Griffin, A. (2017). *People's names decide what they're like, finds study on how good people are at guessing what people are called.* Retrieved February 18, 2018 from www.independent.co.uk/news/science/faces-names-how-to-choose-pick-decide-people-children-boys-girls-herbert-a7692536.html.

Idris, M. S. M. (2012). *Foreword to decolonizing the university.* Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Jackson, F. (1998). *From metaphysics to ethics: A defence of conceptual analysis.* Oxford: Oxford University Press.

Jocano, F. L. (2000). Filipino value system. Quezon City: Punlad Research House.

Justice, J. (2017). *A unified theory of names.* Retrieved May 12, 2017 from https://www.bu.edu

Kafle, N. P. (2011). Hermeneutic phenomenological research method simplified. *Bodhi: an Interdisciplinary Journal,* 5. Kathmandu University, Nepal.

Kneller, G. F. (1984). *Movements of thought in modern education: Phenomenology.* New York: John Wiley & Sons, Inc.

Konnikova, M. (2013). *Why your name matters.* Retrieved February 18, 2018 from https://www.newyorker.com/tech/elements/why-tour-name-matterss

Kramer, L. (2011). *Nationalism in Europe and America: Politics, cultures, and identities since 1775.* North Carolina: The University of North Carolina Press.

Kremer, W. (2014). *Does a baby's name affect its chances in life?* Retrieved February 18, 2018 from www.bbc.com/news/magazie-26634477.

Kripke, S. (1980/1972). *Naming and necessity.* Cambridge, MA: Harvard University Press.

Manawat, N.D. G. (2002). Contextualizing the Filipino values. Cultural Heritage and Contemporary Change Series IIID, Southeast Asia, 4, 62.

Mays, W., & Brown, S. C. (1972). *Linguistic analysis and phenomenology.* London: Macmillan.

Mill, J. (1874). *A system of logic, 8th ed.* New York: Harper and Brothers, 34. In Justice. (2017). A unified theory of names. Retrieved, 12 May 2017, from https://www.bu.edu

mononym. (2012). *Collins English Dictionary - Complete & Unabridged 10th Edition.* Retrieved February 15, 2018 from Dictionary.com website http://www.dictionary.com/browse/mononym

Nigro, C. (2015). *Names have meaning: A research guide for baby names and family names.* Retrieved February 18, 2017 from https://www.nypl.org/blog/2015/06/01/names-research-guide

Oliver, R. (2009). *Claveria's Decree of 1849 - On Filipino Surnames.* Retrieved, 01 May 2017, from http://bobsblahblahblogs.blogspot.com/ 2009/03/claverias-decree-of-1849-on-filipino.html

Onomastics. In Merriam-Webster Dictionary. Retrieved February 18, 2018 from https://www.merriam-webster.com/dictionary/onomastics

Payne, J., & Huddleston, R. (2002). *Nouns and noun phrases, in G. Pullum, and R. Huddleston, (Eds.),* The Cambridge Grammar of the English Language. Cambridge: Cambridge University Press.

Perez-Aquino, A. (2016). *Why your name is important: Your name matters.* Retrieved February 18, 2018 from https://www.theodysseyonline.com/your-name-important

Philippine Constitution. Article IV, Section 1.

Philippine Constitution. Article XV, Section 1.

Polynymous (2018). In *International Dictionary.* Retrieved February 15, 2018 from http://international-dictionary.com/definitions/? english_word=polynymous

Price, R. W. (2016). *Child-naming patterns: A tool to assist with family reconstitution.* Retrieved February 18, 2018 from www.pricegen.com/wp-content/uploads/2016/02/Child-Naming-Patterns.pdf.

Raposas, A. (2012). *Catalogo alfabetico de apellidos [List of Filipino surnames].* Retrieved, February 15, 2018, from https://history-ph.blogspot.com/p/catalogo.html

Russell, B. (1911). Knowledge by acquaintance and knowledge by description. *Proceedings of the Aristotelian Society,* 11, 108-28.

Schneider, E. E. (1903). *A list of Philippine baptismal names.* San Jose, Camarines, P. I.: Department of Public Instruction, Bureau of Education. Bulletin No. 9, 1905.

Schwartz, S., & Menken, A. (1991). *Colors of the wind [Recorded by V. Williams].* On Pocahontas [VLC, media player]. USA: Walt Disney Company (ASCAP)/Wonderland Music Company, Inc. [BMI]. Retrieved from www.saveid.com/flv.

Sommers, F. (1982). *The logic of natural language.* Oxford: Clarendon Press.

Tiangco, J. (2004). *Understanding the Filipino philosophy of resiliency.* Washington D. C.: The Council for Research in Values and Philosophy.

UN Convention on the Rights of a Child. Articles 7 & 8.

van Manen, M. (1990). *Researching lived experience.* New York: State University of New York Press.

Varma, P. K. (2012). *The assault on culture through education*. Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Wagner, F. (1994). *A sociology of modernity: Liberty and discipline.* London: Routledge.

Pasaklaw na Paglalahat

Anumang kulay ng buhay, ang mga Pinoy ay mananatiling masayahin, nakatayo, at lumalaban. Ang bansang Pilipinas ay mananatili, ang mga anak ng bayan ay mamamayani, at ang sangka-Pilipinuhan ay magtatagumpay!

Ang ilan sa mga pamamaraan upang makahulagpos ang mga Pilipino sa mga galamay ng kaisipang kolonyal ay pataasin ang antas ng kamalayan, pag-alabin ang damdaming makabansa, isagawa ang mga makabayang pagkilos, at paigtingin ang pagkakakilanlang Pilipino. Sa pagkakagapi ng kaisipang kolonyal, mararanasan na ng mga Pilipino ang hustisya at pagkakapantay-pantay. Gamit ang pagtatalinhaga mula sa mga proseso ng pagkokopra, mapag-aagdong natin ang pangkaraniwang kinagisnang kapaligiran sa pagkamakabayan – iba't ibang galaw, ngunit iisa naman ang patutunguhan. Ang pagtatalinhaga ay susi sa pagkakaroon ng pambansang kamalayan.

Upang mapataas ang antas ng kamalayan, kailangan itong gatungan ng damdamin. Ang mga talento ng mga Pinoy ay nakaugat sa ating damdamin na nahirati sa tamis at pait ng lumipas. Ang manamis-namis at mapaklang karanasan ay natatago sa mga awiting Pilipino. Kung tutuklasin, malalaman natin ang ating pagiging (1) mapagmasid sa mga kilos ng iba't ibang bansang may layuning manakop sa Pilipinas sa ano mang kaparaanan; (2) aktibong mamamayan gamit ang mga makabayang adbokasya; (3) mapagpahalaga sa kalayaan at sa pag-aangat ng kakayahan sa pandaigdigang pakikipagtagisan; (4) mapagkalinga sa kapaligiran, lalo na sa mga bata, matatanda, may kapansanan, at kababaihan gamit ang maayos, epektibo, at akmang edukasyon; (5) mapagpanukala ng kapayapaan, pagkakakilanlan, at kalayaan sapagkat batid natin na ang lahat ng bagay ay may katapusan, at may pag-asang may bagong buhay sa palad ng Manlilikha, kaya't nararapat lamang na gamitin ang tanging lunas sa mga sakit ng lipunan – ang pag-ibig – sa pagpapatuloy ng paghimig sa Orihinal na Pilipinong Musika.

Kung ang isang pagkilos ay kaayon ng kalikasan, ng kaligayahan, ng kapanatagan, at ng mga prinsipyo ng likas-kayang pag-unlad, masasabi nating ito ay katutubong karunungan. Ang sistema ng paniniwala ay nagtatagal kung nababatay sa agham. Ano mang paniniwala na hindi nasasalig sa agham ay bahagi lamang ng pagiging masayahin at mapagbiro ng mga Pilipino. Hindi ito karunungan. Matatawag itong katutubong kalokohan.

Hungkag ang kamalayan at damdaming hindi sinamahan ng paggawa. Kailangan pa ng mas masigasig na pag-aaral at pagbabahagi ng karunungan. Makabubuting gawin nating huwaran ang Brigada Eskwela sa pagtataguyod ng bayanihan patungo sa pagkakaroon ng matatag na bansa.

Ano ang kauuwian ng pag-iisa ng kamalayan, damdamin, at pagkilos? Ang naaninag na kasagutan ay pambansang pagkakakilanlan. At upang lubos na makilala ang isang mamamayang Pilipino, kailangan siyang tawagin sa kanyang pangalan. At aling pangalan ang may akmang teoretikal, kultural, at legal na batayan na pipigil sa pagkatunaw ng identidad? Ang pagsingit ng katutubong pangalan na halaw sa katutubong dila ng mga Pinoy. Napag-alaman na natin na ang kasalukuyang sistema ng pagpapangalan ay taliwas sa teorya, lisya sa batas, at di-makatarungan sa katutubong kultura. Panahon na upang gabayan natin ang bagong henerasyon, ang mga kabataan ng ika-21 siglo, na gumamit ng tamang pangalan para sa tamang lipunan at bansa, na hindi naman lumalayo sa pandaigdigang pamantayan.

Ang pagpapataas sa antas ng kamalayan, pagpapa-alab sa damdaming makabansa, pagsasagawa ng mga makabayang pagkilos, at pagpapaigting ng pagkakakilanlang Pilipino ay iba't ibang galaw ngunit iisa ang patutunguhan – ang Bagong Diwa. Kailangan ang pakikisama sa adbokasya ng pagpapanibagong-diwa!

Hiling ko na makatulong ang aklat na ito sa pag-aangat ng antas ng nasyonalismo ng kasalukuyan at mga susunod na henerasyon. Ang masaklaw na pagtalakay sa pagmamahal sa bansang Pilipinas ay mauuwi lagi sa bagong simula. Itanim natin ang binhing-niyog sa matabang lupa ng kamalayang Pinoy upang sa lipunan ay maayos itong tumubo, lumaki, tumayog, at maging matatag sa unos at sigwa, alalaon baga'y ng mga hamon ng globalisasyon.

Ano mang kulay ng buhay, ang mga Pinoy ay mananatiling masayahin, nakatayo, at lumalaban. Ang bansang Pilipinas ay mananatili; ang mga anak ng bayan ay mamamayani; ang sangka-Pilipinuhan ay magtatagumpay!

Ang animo'y walang buhay na abo ay mayroon palang umaandap na titis at mula rito ay pasasahangin ang usok at lilikha ng baga na sisiklab, magliliyab, at maglalagablab. Ito ang malinaw na magiging kalagayan ng karamihan sa mga Pilipino hinggil sa kanilang pagmamahal sa sariling bansa. Ito ang magsisilbing dahilan kung bakit mananatili ang bansang Pilipinas. Ang pananatili ng mga anak ng bayan ay pamamayanihan ng liyab ng kanilang damdaming makabansa. Sa malawakang paglalagablab nito, walang pagsansalang magtatagumpay ang sangka-Pilipinuhan.

Sapagkat hungkag ang kamalayan at damdamin kung walang gawa, tiyakin natin ang ating agarang pagkilos. Ang pagkilos ay nagsisimula sa pagpapasya sa kung anong adbokasya ang nais na isulong. Ang sa may-akdang adbokasya ay Bagong-Diwa na binubuo ng mga sumusunod:

Kamalayang Pilipino:

1. Tabasin ang mga dawag ng kaisipang kolonyal.
2. Ibilang ang Pilipinas sa pagpaplanong personal.
3. Pagbuklurin ang mga Overseas Filipino Workers.
4. Paglingkuran ang mga kababayan.
5. Isakatutubo ang edukasyon.
6. Makibahagi sa likas-kayang pag-unlad.
7. Makiambag sa pagsulong ng bansa.
8. Payabungin ang katangiang pagka-matatag.
9. Bantayan ang kasarinlan ng bansa.
10. Isagawa ang adbokasya para sa pambansang kabuhayan.
11. Magbigay-inspirasyon batay sa mga naranasang kabiguan at tagumpay.
12. Isulong ang mga pamamaraan sa pagpapalitaw ng pambansang pagkakakilanlan.

Damdaming Pilipino:

1. Alamin ang mga salamisim ng mga Pilipino mula sa Orihinal na Pilipinong Musika.
2. Hanapin mula sa mga lokal na panitikan ang pandaigdigang pananaw ng mga Pilipino ukol sa:
    a. Pag-aalaga sa kalikasan
    b. Pagpapahalaga sa kababaihan
    c. Pagtiyak sa karapatan ng mga bata
    d. Paghahangad ng kapayapaan, kakanyahan, at kalayaan
    e. Pag-ibig sa Lumikha at sa kapwa

Gawang Pilipino:

1. Pagtibayin ang teoretikal, kultural, at legal na batayan ng bayanihan.
2. Pagningasin ang apoy ng pagbabayanihan.
3. Makiisa sa pagpapaunlad ng pamayanan.
4. Paghambingin ang mga katutubong karunungan at katutubong kalokohan
5. Makiisa sa mga programa hinggil sa mga paraan ng pag-iwas sa sakit.
6. Turuan ang bagong henerasyon ng katutubong pamamaraan ng paglilinis ng katawan.
7. Makiambag sa matalinong paggamit ng likas na yaman.
8. Panatilihin ang mga katanggap-tanggap na pamamaraan sa paghahalaman at pagiging bukas ang kaisipan sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya.
9. Ipakita ang tamang pagpapahalaga at pag-aalaga ng hayop.
10. Alamin ang mga katutubong karunungan tungkol sa pagtatayo ng tahanan.
11. Ipasa ang kaalaman hinggil sa paghahanda ng pagkain at tamang pananamit.
12. Ipakita ang disiplina, pag-ibig, pag-aalaga, at pag-aasikaso sa pamilya at sa mga panauhin.
13. Pagsumikapang tuklasin ang epekto ng Buwan sa tao, halaman, at hayop.

Pagkakakilanlang Pilipino:

1. Magsaliksik ukol sa mga lumang katawagan sa bansang Pilipinas.
2. Magpanukala ng pagtutuwid at pagsasakatutubo ng pangalan ng Pilipinas, mga lungsod, lalawigan, munisipalidad, barangay, lansangan, at mga gusali at pook-pasyalan.

3. Gamitin ang mga nakalap na impormasyon tungkol sa teoretikal, legal, at kultural na batayan ng pagpapangalan sa mga Pilipino.
4. Gamitin ang mga nabuong teorya na makapag-aambag sa sistema ng tamang pagpapangalan sa bansa.
5. Palawigin ang paggamit ng Baybayin.

Ang ilan sa mga magiging guro ay masiglang nagpahayag at nagbahagi ng kanilang mga adbokasya, gaya ng mga sumusunod:

1. Pagtangkilik sa ating mga lokal na produkto;
2. Pagpapalaganap ng Wikang Filipino;
3. Ituro at pagyamanin ang mga larong Pinoy;
4. Pagpapalaganap at pagpapanatili ng kaalaman tungkol sa katutubong sayaw (katutubong sayaw naman);
5. Pagtuturo at pagsasabuhay ng musikang Pilipino;
6. Pagpapanatili at pagpapayaman ng makabayang musika;
7. Pagpapalawig ng tunay na diwa ng nasyonalismo;
8. Pag-aangat ng katutubong panlasa (tradisyunal na luto at pagkain);
9. Pagtangkilik sa katutubong kasuotan;
10. Pagtuturo ng katutubong karunungan (siyensya);
11. Katatagan ng loob tungo sa dekolonisasyon;
12. Pagpapaalab ng dugong Pilipino;
13. Pagsulat ng nasyonalistikong artikulo;
14. Dokumentasyon ng kulturang Pinoy;
15. Paggamit ng Wikang Filipino sa pagsulat;
16. Pagpapahalaga sa katutubong sining;
17. Pagmamalaki sa magagandang tanawin ng Pilipinas;
18. Pagsulat tungkol sa pag-ibig sa bayan;
19. Pagtuturo ng pagpapahalaga sa sariling wika (gamit sa komunikasyon);
20. Pagpapahalaga sa sariling literatura;
21. Pagpapahalaga at pagtangkilik sa imbensyong Pinoy;
22. Pagsulat ng mga akdang makabayan;
23. Pagpapaningas ng espiritwal na buhay-Pinoy;
24. Pagsulong ng pagkakaisa;
25. Pagpapanatili ng kaugaliang Pinoy;
26. Pagtangkilik sa pelikulang Pilipino;
27. Pagbabahagi ng kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas;
28. Pagtuturo ng pagmamahal sa bansa gamit ang metaporisasyon ng mga pangunahing hanapbuhay ng mga Pinoy;
29. Pagpapalaganap ng positibong pananaw tungkol sa kulturang Pilipino;
30. Paggamit ng Baybayin bilang pantulong sa mga sulatin at lathalain, hard copy man o soft copy;
31. Paglathala sa mga social media: facebook, twitter, blogs, at iba pa, ng mga artikulo tungkol sa nasyonalismo;
32. Pagbubuo ng mga samahan batay sa itinataas na adbokasiya;
33. Pagdaraos ng mga paligsahan tungkol sa pambansang pagkakakilanlan;
34. Pagtabon sa mga negatibong komento sa social media gamit ang positibismo;
35. Paglilinaw sa kaugnayan ng Diyos at bansa, ng espiritwalidad sa pagkamamamayan.
36. atbp.

Bilang isang Pinoy, ano ang iyong makabayang adbokasya?

Pagkatapos mapatatag ang paninindigan para sa nasyonalismo, ang bawat Pilipino na nagnanais maging guro ay sisibulan na ng galak ng pagbabahagi ng kanyang nalalaman at pamamaraan para sa pagpapanatili ng alab ng nasyonalismo. Ang pampinid na mensahe sa sumusunod na mga talata ang magiging larawan ng mga bagong sibol na mga Pilipino – ang pagtataglay ng BAGONG DIWA.

ISANG PAGPUPUGAY SA MGA GURONG NAGTUTURO NG NASYONALISMO

Nararapat papurihan ang mga gurong nagtuturo ng pagmamahal sa bayan

Kung kabilang ka sa mga gurong gumagabay sa iyong mga estudyante upang gisingin ang kanilang pambansang kamalayan, dapat kang kilalanin ng madla. Kung pinagniningas mo ang kanilang pag-ibig sa kanilang bansang sinilangan, titser kang karapat-dapat papurihan. Kung kabilang ka sa mga makabayang guro na kapit-bisig na nagpapalawig ng paglilingkod sa bansa gamit ang makabayang adbokasya, isa kang sandigan ng makabayang paglilingkod. At kung isa kang guro na hindi kagyat na naaapektuhan ng kulturang kanluranin bagkus ay nag-aakay sa mga mag-aaral patungo sa pag-alam sa kanilang pagkakakilanlan, dapat kang ipagmalaki ng kasalukuyan at ng mga susunod na salinlahi.

Sapagkat ang kabayanihan at ang edukasyon sa konteksto ng sangkabansaan ay magkaugnay (Tamano, 2010), ang nasyonalismo ay nararapat maibilang sa mga adbokasya ng mga guro. Salamat sa mga guro ng araling panlipunan na nagtataglay ng makabayang adbokasya. Kaisa sila sa popular na kaisipan ni Ninoy, "Filipino is worth dying for, fighting for, and living for" (Tan, 2014), lalo na kung kaayon ang Pinoy sa iisang diwa ng kabansaan na minsan ay pinangarap ng dating Pangulong Marcos.

Ang mga guro ay tagasara at tagabukas ng pinto ng lipunan

Ang mga guro, bilang tagabukas at tagasara ng pinto ng lipunan, ay may pang-amoy sa mga maiinit na isyu kahit na sa isang bukas at demokratikong talakayan. Taliwas ito sa kaisipan ni Dahlgren (2008) na nagbabababala sa mga guro ng araling panlipunan na durungawan daw sa pag-impluwensya sa kanilang malayang pagpapasya. Ang ideyang ito ni Dahlgren ay tahasang sinalungat ni Thornton (1991) sa pahayag na ang mga guro, sa katotohanan, ay patuloy sa kanilang papel na tagabukas at tagasara ng pinto – nagbubuo ng kung ano ang dapat na nilalaman ng kurso at ng kanilang pang-araw-araw na pagpapasiya kung ano ang dapat sabihin at gawin. Sinang-ayunan si Thornton ni Grant (2003) at sinabing ang mga guro ang nagpapasya kung anong karanasan sa pagkatuto ang dapat makuha ng mga mag-aaral. At sa ganitong kalagayan, ang guro ang nakaaalam ng tamang pamamaraan, hindi upang lumikha ng mga mag-aaral na may kaisipang katulad nila kung hindi upang akayin sila sa mga kalagayang magpapatalas sa kanilang kakayahang magpasiya, sapagkat ang pagpapasiya ang pinakamalakas na puwersa sa mundo na kahit na ang Lumikha sa tao ay nagbibigay-respeto sa karapatang ito.

Kung ang masisilayan din lamang ng mga mag-aaral sa pagbubukas ng pinto ay purong demokratikong kaisipan ng Kanluran (Sartore, 2018; Esmaquel, 2012; Untalan, 2015) sa halip na katutubong karunungan ng Silangan, ang pagpinid sa pinto, ayon sa pagpapasiya ng guro, ay nararapat lamang. Bagaman at ninanais ng DepEd na ang mga guro at mga mag-aaral ay wala dapat kinikilingan sa pulitika at pilosopiya, kailangan pa rin ng guro na gamitin ang kanyang kalayaang pang-akademiko laban sa pagpapatuloy ng daloy ng edukasyon na gumagapos sa mga kabataan gamit ang tanikala ng malakolonyal na kaisipan.

Halimbawa, ang diumano'y pagtanggal sa mga aralin na may kinalaman sa mga isyung panlipunan ayon sa pagsusog ng kurikulum ng Abril 21, 2017 mula sa kurikulum ng Mayo 2016 ay tiyak na nakaaapekto sa kamalayang Pilipino ng mga kabataan (EFD, 2017). Iniulat

ng EFD na ang pagkatanggal ng mga araling: *political dynasties, graft and corruption at territorial conflicts (i.e. South China Sea/West Philippine Sea issue),* ay pagbawas sa pagkakataong makapagpahayag ang mga mag-aaral ng kanilang kaisipan at paninindigan sa mga naturang isyu. Isa itong patunay na ang ilang institusyon, sa halip na makatulong, ay nagiging sagwil pa sa paglago ng kaisipan ng mga kabataan hinggil sa pambansang kamalayan. At sapagkat mas kilala ng mga guro ang mga mag-aaral, ang una ang mas nakaaalam ng pangangailangan ng huli lalo na sa pag-ukit ng nasyonalismo sa kanilang pagka-Pilipino. Ang kinakailangang supilin ay ang pagiging mapanirang kritiko ng mga kabataan na natutunan nila sa mga matatandang walang pinagkatandaan. Ang mga guro ay lilikha, sa halip, ng mga mapagbuong kritiko ng lipunan.

Mayroon nang mga lider-edukador na nagtutulak para sa tunay na makabayang edukasyon

Matapang na isiniwalat ni Constantino (2008) na bagaman ang karamihan sa mga guro ay nilulunod sa mga pamamaraan at kagamitan sa pagtuturo, wala raw ni isa mang lider-edukador ang nagtutulak para sa tunay na makabayang edukasyon. Idinagdag pa niya na ang edukasyon sa bansa ay nararapat na lumikha ng mga Pilipino na may kamalayang panlipunan, may kabatiran tungkol sa mga solusyon sa suliraning panlipunan, at may tapang na magsakripisyo para sa katubusan ng bansa mula sa unti-unting pagkawala ng pagkakakilanlan. Hindi na ngayon. Marami nang mga guro ang nagtutulak para sa tunay na makabayang edukasyon. Ang mga gurong ito ay ang mga namulat sa katotohanang ipinamarali ni Constantino sa loob ng mahigit na limang dekada.

Noon, ang mga pagsusumikap ng mga guro na pangunahan ang talakayan tungkol sa mga paghihirap ng mga sinaunang Pilipino sa pagpapalaya ng bansa mula sa pananakop ng mga Kastila, Hapon, at Amerikano, ay nagbunga ng taliwas sa inaasahan. Mas hinangaan pa ng mga kabataan ang mga mananakop at niyakap pa ang kanilang kultura. Ang mga matatanda naman ay naniniwala na ang pagsailalim ng bansa sa mga mananakop ay bahagi ng kanilang tadhana – na kung sino ang may mas malakas na espiritu ang kikilingan ng kapalaran (Aguilar, 1997). Kaya't ang pagkatalo ng mga Pilipino sa digmaan ay parusa raw ng Dakilang Lumikha. Hindi na ngayon. Nakalaya na ang mga Pinoy sa gapos ng diskriminasyon. Natututo na tayong magtaas ng bandila ng nasyonalismo. Pumapaimbulog na sa malayang kalawakan ang mga kaisipan, damdamin, at pagsusumikap ng mga Pilipino. Unti-unti nang nakikilala ang mga Pinoy sa iba't ibang larangan. Bunga ito ng pagsusumikap ng mga guro na naghasik ng mga punla ng pambansang pagkakakilanlan.

Ninais natin noong maging "little brown Americans"

Ang paggamit ng guro ng wikang English ay may malakas na impluwensya sa kaisipan ng mga Pilipinong mag-aaral – na mas hinahangaan nila ang mga guro na nakagagamit ng English dahil kakabit ng pagkatuto ng wikang ito ay ang maka-kanluraning kultura. Aminin man natin o hindi, ginusto natin noong maging "little brown Americans" (Agoncillo & Mangahas 2010). Hindi na ngayon. Nag-uusap na ang mga guro na dapat lamang matutunan ang English, ang Mathematics, ang Science, at iba pang asignatura, upang makapagpatingkad ng pagka-Pilipino, at hindi upang pawiin ang ating identidad.

Ang ating pagnanais na maging mamamayan ng daigdig ay mabuti kung hindi ito makatutunaw sa ating pambansang pagkakakilanlan. Silang mga bumabatikos sa mga Pinoy na nagpupumilit daw yumakap sa banyagang kultura ay nagkakamali sa kanilang sapantaha. Madali tayong makibagay sa panlabas na kaanyuan ng Kanluran subalit nananatili sa kaibuturan ng ating pagkatao ang kakanyahan bilang mga anak ng Silangan.

Maaaring maraming mga pagkilos tayong nasasaksihan subalit ang mga ito ay patungo sa pagtutulak sa lahing Pilipino patungo sa tuktok ng kaisahan at pananagumpay.

Ang konsepto ng nasyonalismo ay may epekto sa kalagayan ng bansa

Ang konsepto ng nasyonalismo ng mga guro sa bansang Norway ay pagtuon sa pamamahalang pananalapi, pagkakaiba-iba ng kasarian, pakikisalamuha, at pagiging patas (Eriksen, 2013; Brady, 2013; Coenders & Scheepers, 2003). Ang mga guro naman sa Estados Unidos ay nakasentro sa paglalayag at pananakop ng kanilang bansa (Smith, Palmer, & Correia, 1991). Ang nasyonalismo para sa mga Pilipino ay pagbibigay-diin sa mga nakaraang paghihirap ng mga Pilipino sa panahon ng mga pananakop. Sa nakalipas ng mga taon, nagdulot ito sa mga Pilipino ng 'kaisipang pasuko' sapagkat ipinapaalala pa ng mga guro ang kabiguan ng mga Pinoy at katagumpayan ng mga mananakop: ang paglalaban ng malalaking tao at ng maliliit na tao. Noon, tiningnan natin ang ating sarili na maliliit na tao, dahilan upang isuko ang ating lahi at kultura (Aguilar, 1997).

Sa Pilipinas, kung ang mga guro ay matatas magsalita ng English, sila ay kaagad na pinaniniwalaang mahuhusay na guro, bagay na isa lamang sa mga salik sa kagalingang-pampagtuturo. Matindi ang paghanga sa kanila ng mga mag-aaral. Kaya naman, ang guro sa araling panlipunan na tuwina'y nagpapaliwanag ng mga paghihirap ng mga unang Pilipino at ng kanilang pagiging talunan sa digmaan, ay hindi gaanong kahanga-hanga maliban na lamang kung matibay ang kanilang pundasyon ng pag-ibig sa bayan. Sa kabilang banda, kailangang matatas na sa English ang mga nasa senior high school dahil English ang medium sa pagtuturo ng social science. Ang mag-aaral na hindi makapagpaliwanag gamit ang English ay hindi nangangahulugan na mababa ang antas ng kanyang nasyonalismo. Kung hindi naaaninag ang apoy ng nasyonalismo sa mga mag-aaral at guro, mananatiling nakakaantok ang pag-aaral ng araling panlipunan (Owen, 1997), at patuloy na matatakpan ng anino ng English, Science, at Mathematics. At sapagkat sinasabi ng mga dalubhasa na ang araling panlipunan ay napag-iiwanan (Sparks, 2011), ang nasyonalismo ay patuloy na malulunod sa teknolohiya at globalisasyon, malibang pagningasin natin ang apoy sa ating dibdib. May mga dila ng apoy ng nasyonalismo na nasa ilalim ng social media. Ang tamang panahon ay dumarating, at ngayon na nga, kung saan ang mga mumunting apoy na ito ay magsasama-sama at lilikha ng pambansang lagablab.

Ang pagsasakatutubo ay hindi bago. Ito ay isinagawa na noon pa man ng mga bansang nasakop (Boroujerdi, 2002; Chang, 2005). Ang mga bansang ito, tulad ng Pilipinas, ay naging biktima ng pananakop na pulitikal at akademik (Atal, 1981). Ang binhi ng araling panlipunan ay itinanim ng Kanluran sa mga bansang sinakop upang mapanatili at mapalawig ang kanilang kapangyarihan. Bukod sa pagpupurgang pampulitika, ang pagpupurgang intelektwal ay kailangan din upang matamo ng ating bansa ang tunay na kasarinlan. Ang pamamaraang *divide-et-impera* ay bistado na! Ang pagpapalawig ng edukasyong kolonyal ay nahayag na! Walang ibang patutunguhan ay aktibong talakayan sa mass media kung hindi ang paghangad sa kabutihan ng bansa.

Ang kaisipang kolonyal ay isinadiwang paniniil

Dahil sa ang kaisipang kolonyal ay isang isinadiwang paniniil (David & Okazaki, 2006), kailangan na ang kaisipang kolonyal ay tanggalin (Enriquez, 1992a) dahil ang tunay na Pilipino ay dekolonisadong Pilipino ayon kay Prof. Renato Constantino. Kailangang lumikha ang mga guro ng mga makabayang mag-aaral (Constantino, 1970; Drona, 2007). Kailangang humubog ang mga pamantasan sa katutubong pananaw tungkol sa santinakpan, tubusin ang katutubong sarili, isulong ang pangkapuluang pagkakakilanlan, gamitin ang mapagpalayang kurikulum, at lumikha ng sistemang pangkatutubong kaalaman (Fernandez, 2012). Ang masaklap, tumitingala ang mga tao sa mga pamantasan upang mabunot ang mga ugat ng kolonyalismo, upang mabatid lamang na ang ilang mga pamantasan pala ang tagapagsulong ng imperyalistang pananaw at idolohiya (Mohamed Idris, 2012).

Gamitin natin ang pagsasakatutubo mula sa loob at pagsasakatutubo mula sa labas

Ang pamantayan ni Enriquez (1992b) na ''indigenization from within'' ay sinuportahan nina Pe-Pua & Protacio-Marcelino (2000) at Rodriguez-Tatel (2015): *"...the theoretical*

framework and methodology emerge from the experiences of the people from the indigenous culture. It is based on assessing historical and socio-cultural realities, understanding the local language, unraveling Filipino characteristics, and explaining them through the eyes of the native Filipino. Western-inspired data-gathering method needs recontextualization and reconceptualization."

Ang pinatutunguhan ng kasalukuyang henerasyon ng mga Pilipino ay globalisasyon, isang pagbabago na hindi dapat hadlangan. Ang mapanganib ay kung dagli tayong tatalon patungong globalisasyon na hindi na nadadaanan ang lokalisasyon. Ito ay patungo sa tiyak na pagkatunaw ng pagka-Pilipino. Kailangan nating isakatutubo ang ating katauhan, kaalaman, damdamin, at gawain (Nakata, Nakata, Keech, & Bolt, 2012). Kailangan din natin ang "indigenization from without". Kailangan lamang iakma ang hiniram sa konteksto ng kasarinlan at identidad.

Sa pagkalugmok ng panlipunan, pangkaugalian, at pangkabuhayang aspeto dahil sa kabiguan ng edukasyon, mapapansing ang mga Pilipino ay nakikipagtagisan upang mailigtas ang sarili at pamilya (Shahani, 1992) kahit na may mga batas ng tao at kalikasan na nasasagasaan. Kaya naman, ang kasalukuyang 'diaspora' o pangingibang-bansa ng mga Pinoy (Sicat, 2012) ay mistulang paglalayag sa laot na ang layag ng kanilang bangka ay patuloy na hinihipan ng kaisipang kolonyal, isang nagdudumilat na katotohanan na kailangan ng mga guro na gisingin ang natutulog na kamalayan ng mga kabataan, pukawin ang damdaming makabansa, at palutangin ang sariling pagkakakilanlan gamit ang edukasyong pansibiko, at hindi upang ibuhos ang lahat ng talento at lakas sa ibang bansa.

Kaya nga't nararapat papurihan ang mga gurong nagtuturo ng pagmamahal sa bayan, ang mga gurong tagasara at tagabukas ng pinto ng lipunan, at ang mga lider-edukador na nagtutulak para sa tunay na makabayang edukasyon, upang tunawin na ang pagnanais nating maging "little brown Americans" kahit na ang kaisipang kolonyal bilang isinadiwang paniniil sapagkat ang konsepto ng nasyonalismo ay may epekto sa kalagayan ng bansa. Ang pagsasakatutubo mula sa loob at mula sa labas ay mainam na pamantayan ng nasyonalismo. Ang nakalipas ay kadluan natin ng lakas sa pagnanais nating pagbutihin ang kasalukuyan upang makatiyak tayo ng maaliwalas na hinaharap gamit ang progresibo at makabayang pananaw.

Pinagbatayan:

Agoncillo, T. A., & Mangahas, F. B. (2010). *Philippine history, expanded and updated edition.* Quezon City: C & E Publications, Inc.

Aguilar, F. V. (1997). Embodying the Nation: Filipino pictorial moments of the 1994 GATT treaty debate. *Philippine Studies, 45*(2), 197-224.

Atal, Y. (1981). The Call for Indigenization. *International Social Science Journal, 33*(1): 189–97.

Boroujerdi, M. (2002). Subduing globalization: The Challenge of the indigenization movement. In R. Grant and J.R. Short (Eds.), *Globalization and the Margins* (pp. 39–49). New York: Palgrave Macmillan.

Brady, M.M. (2013). *Norwegian nationalism probed.* Retrieved October 08, 2016 from http://theforeigner.no/pages/columns/norwegian-nationalism-probed/.

Chang T. C. (2005). Place, memory and identity: Imagining 'New Asia.' *Asia Pacific Viewpoint, 46*(3): 247-53. Retrieved June 14, 2017 from http://journals.sagepub.com/doi/abs/ 10.1177/0047287514563984? Journal Code=jtrb

Coenders, M. & Scheepers, P. (2003). The effect of education on nationalism and ethnic exclusionism: An international comparison. *Political Psychology, 24*(2), 313-343.

Constantino, R. (2008). The mis-education of the Filipino. *Journal of Contemporary Asia.* Retrieved from http://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/ 00472330080000421?src=recsys

Constantino, R. (1970). The miseducation of the Filipino. *Journal of Contemporary Asia, 1*(1).

Dahlgren, R. L. (2008). *Experiences of social studies teachers with teaching controversial public issues in the classroom* (Doctoral dissertation). University of Florida. Florida, USA.

David, E.J.R. & Okazaki, S. (2006). The colonial mentality project. In Gabornes, M. C. (Ed.). *Colonial mentality: A Filipino Heritage?* Retrieved September 12, 2016 from http://learningfragments.blogspot.com

Drona, B. M. (2007). *RECTO READER: Nationalism, Filipinism, Internationalism, Ultra-Nationalism - Selected Readings, Part 1A of 6.* Retrieved November 20, 2017 from, http://www.thefilipinomind.com/2007/08/recto-reader-nationalism-filipinism.html

EFD, Educators Forum for Development. (2017). *DepEd streamlining of Grade 10 Social Studies ignores democracy, governance lessons.* Retrieved November 17, 2017 from http://ibon.org/2017/07/deped-streamlining-of-grade-10-social-studies-ignores-democracy-governance-lessons-efd/

Enriquez, V. G. (1992a). *From colonial to liberation psychology: The Philippine Experience.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Enriquez, V. G. (1992b). In Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology 3*, 49–71.

Eriksen, H. T. (2013). *Immigration and national identity in Norway.* Retrieved October 8, 2016 from http://www.migrationpolicy.org/research/immigration-and-national-identity-norway.

Esmaquel II, P. (2012). *Mahathir warns vs 'too much democracy'.* Retrieved October 27, 2018 from https://www.rappler.com/nation/6789-mahathir-warns-vs-too-much-democracy

Fernandez, E. S. (2012). Intellectual neocolonialism in the Philippines: Restructuring the university education of Juan de la Cruz. In C. Alvares, & S. S. Faruqi (Eds.). *Decolonising the University: The emerging quest for non-Eurocentric Paradigms.* (pp. 100-108). Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Grant, S. G. (2003). *History lessons: Teaching, learning, and testing in U.S. high school classrooms.* Mahwah, NJ: Lawrence Erlbaum & Associates.

Mohammed Idris, S. M. (2012). Foreword. In C. Alvares, & S. S. Faruqi (Eds.). *Decolonising the University: The emerging quest for non-Eurocentric Paradigms.* (pp. 100-108). Penang, Malaysia: Penerbit Universiti Saine Malaysia.

Nakata, N. M., Nakata, V., Keech, S. & Bolt, R. (2012). Decolonial goals and pedagogies for indigenous studies. *Decolonization: Indigeneity Education & Society 1*(1), 120-140. Retrieved, November 16, 2017 from file:///C:/Users/Windows%20User/Downloads/18628-43256-1-PB.pdf

Owen, W. T. (1997, May/June). The challenges of teaching social studies methods to preservice elementary teachers. *Social Studies, 88*(3), 113.

Pe-Pua, R. & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology 3*(1), 49 – 71. Retrieved June 12, 2016 from www.researchgate.net/publication DOI: 10.1111/1467-839X.00054

Rodriguez-Tatel, M. J. B. (2015). *Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino. Humanities Diliman, 12*(2), Abstract.

Sartore, M. (2018). *12 surprising anti-democracy quotes from America's founding fathers.* Retrieved October 27, 2018 from https://www.ranker.com/list/founding-fathers-anti-democracy-quotes/melissa-sartore

Shahani, L. R. (1992). *Filipino values & moral development.* Manila: Economic Development Foundations & Philippine Senate.

Sicat, G. C. (2012 September 12). Filipino labor migration CROSSROADS: Toward Philippine Economic and Social Progress. *The Philippine Star.* Retrieved August 22, 2016 from http://www.philstar.com/business/2012-09-12/847951/filipino-labor-migration

Smith, B. A. Palmer, J. J., & Correia, S. T. (1991). *Social studies and the birth of NCSS: 1783-1921.* USA: Teaching Social Studies.

Sparks, S. D. (2011). *Experts say social sciences are 'left behind.'* Retrieved May 15, 2017 from www.edweek.org/ew/articles/2011/11/30/13social.h31.html

Tamano, A. (2010). *Education and Filipino nationalism.* Retrieved, November 23, 2017, from http://www.philstar.com/sunday-life/600289/education-and-filipino-nationalism

Tan. C. (2014). *Is the Filipino is worth dying for?* Retrieved, Retrieved, September 12, 2017, from https://www.facebook.com/112235829462/photos/a.289083504462.140634.112235829462/10152537852969463/

Thornton, S. (1991). Teacher as curricular-instructional gatekeeper in the social studies. In J. Shaver (Ed.), *Handbook of research on social studies teaching and learning (pp. 237-248).* New York: Macmillan.

Untalan, C. (2015). The real crisis of Philippine democracy. *Kyoto Review of Southeast Asia, 18,* 1.

Apendiks A. Mga Katutubong Pangalan

Katutubong Pangalan ng Lalaki		**Katutubong Pangalan ng Babae**	
Pangalan	**Meaning**	**Pangalan**	**Meaning**
Aban	Conclude	Akala	thought
Abay	guide	Aki	Daughter
Abo	Ash	Akit	attract
Aga	early	Ako	I
Agila	Eagle	Alaala	Memory
Agos	flow	Alab	burning
Ahon	go up	Alay	gift
Akala	Thought	Aliw	entertain
Akay	Guiding	Alma	disagreeing
Aki	son	Alona	gentle wave
Ako	I	Amihan	northwest wind
Alab	heat	Amyam	winter
Alakdan	Scorpion	Anahaw	national leaf
Alam	Know	Anak	daughter
Alamid	Jaguar	Aninag	figure out
Alat	Saltiness	Aniway	lass
Aldaw	Day	Aral	study
Alimpuyo	raging wind/water	Asyete	cooking oil
Alingawngaw	reverberation	Ate	eldest sister
Aliw-iw	rushing water	Awa	mercy
Alon	wave	Aya	nice
Alupihan	Centipede	Ayam	to play
Ama	Father	Balay	house
Ambon	gentle rain	Baleleng	lady
Anak	son	Baling	live
Angkop	Fitted	Banawag	dawn
Anyo	form	Batid	know
Aral	Lesson	Batis	brook
Asam	hope	Bayan	town
Ayon	Accordingly	Bituin	star
Bago	New	Biyaya	grace
Batang	Log	Buhay	life
Bagtas	Traverse	Bulaklak	flower
Bagwis	wing	Bulan	shiny moon
Bakas	mark	Bulong	whisper
Bala	Ammunition	Bunso	youngest sibling

Balik	Return	Dahil	cause/because
Balintataw	Memory	Dahon	leaf
Balon	Well	Dalaga	single lady
Banaag	Apparent	Dalisay	pure
Bangon	Rise	Dalit	flame
Bantogan	Great	Dama	feel
Banyuhay	new life form	Damdamin	Emotion
Basbas	Blessing	Dampi	gentle touch
Batid	Know	Danas	experience
Bayani	Patriot	Daniw	poetry
Bisig	Arm	Dasal	prayer
Budhi	Conscience	Dilag	young lady
Bukal	Spring	Dilig	to water
Buksan	Open	Ditse	2nd eldest sister
Bulanon	full moon	Diwa	thought
Bunso	youngest sibling	Diwata	fairy
Dahil	Cause	Duyan	cradle
Dakila	Great	Filipina/s	female Filipino
Dalisdis	Hillside	Gabi	night
Daluyong	Storm	Galak	joy
Damdam	Sulk	Ganda	beauty
Dangal	Honor	Gaya	like
Dapo	rest upon	Giliw	beloved
Diko	3rd eldest brother	Ginhawa	comfort
Eran	Stairs	Gugma	love
Filipino	Male Filipino	Gunita	memory
Galebek	Work	Halaga	value
Gampan	Fulfill	Halika	come
Ganyan	like that	Halimuyak	fragrance
Gilas	Vitality	Halina	attractiveness
Gilid	Side	Hamog	dew
Giliw	Beloved	Hanga	wonder
Habagat	southeast wind	Hapis	sadness
Hagap	Imagination	Haraya	imagination
Hagibis	Speed	Hawak	hold
Hagkan	Kiss	Hibik	sob
Hakbang	Step	Hilag	almost ripe
Haligi	Housepost	Hiling	request
Handog	Gift/present	Himbing	slumber
Hangad	Desire	Himig	musical note
Hangin	Wind	Hirang	dear
Haod	Leader	Hiraya	wish
Harap	Front	Hiyas	jewel
Hari	King	Iba	different
Haribon	Eagle	Ikaw	you
Hawak	Held	Ilaw	light
Hawnu	Where	Isa	together
Higit	Better	Kalasag	shield

Hiling	Wish	Kasama	companion
Himig	musical note	Kinang	billiance
Hintay	Wait	Kislap	spark
Huni	Sound	Kuha	get
Idlip	Nap	Kunday	sway
Ikaw	You	Kundiman	indigenous song
Imanto	Today	Lagi	always
Kalag	Disentangle	Lakambini	lady
Kalinaw	Peace	Lalang	create
Kasama	Companion	Langit	heaven
Kaylanman	Forever	Lapit	Nearness
Kidlat	Lightning	Larawan	picture
Kulay	Color	Layag	sail
Kumpas	Gesture	Libis	countryside
Kuya	eldest brother	Ligalig	trouble
Laan	Dedicated	Ligaya	happiness
Laban	Fight	Likha	create
Lagablab	Conflagration	Linaw	clear
Lagi	Always	Lingap	care
Lakan	Gentleman	Lingkod	service
Lakandiwa	Wise man	Lipay	happy
Lakbay	Journey	Lirip	understand
Langit	Heaven	Liwanag	light
Langitngit	Creeking	Liwas	overlook
Laon	Old	Liwayway	dawn
Layon	Goal	Lunas	Antidote
Leon	Lion	Liliw	brook’s sound
Lipi	Clan	Luningning	brilliance
Magiting	Heroic	Luntian	verdant
Magsukul	Thank	Lupa	earth
Magtanggol	Defend	Luwalhati	comfort
Magtungo	Go	Luzviminda	3 islands
Mailaw	full of lights	Maalab	ardent
Makisig	Muscular	Mabini	refined
Maliksi	Smart	Madayag	majestic
Mapusok	Impetuous	Maganda	beautiful
Marapat	Worthy	Magayon	beautiful
Masdan	View	Mahal	beloved
Masid	Observe	Mahinhin	refined
Mata	Eye	Manariwa	restore
Matatag	Firm	Mapamihag	catchy
Matikas	Sturdy	Mapiya	good
Matipuno	Muscular	Marayaw	fine
Matulis	Sharp	Marikit	pretty
Mithi	Dream	Marilag	pretty
Mula	From	Masagana	abundant
Ogma	Happiness	Masaya	happy

Oragun	Active	Matabil	talkative
Pakyaw	take all	Mayabong	fertile
Pangako	Promise	Mayap	good
Panganay	older sibling	Mayumi	refined
Parang	Meadow	Minsan	once
Pawi	Disappear	Mulawin	molave
Payo	Advice	Mutya	rare jewel
Pinoy	Filipino	Namnam	savor
Pinto	Door	Narra	a tree
Pisig	Wiggle	Neneng	lass
Pluma	Feather	Ngabil	lips
Pugay	Salute	Ngeni	now
Saboy	Sprinkle	Ngiti	smile
Sakdal	Perfect	Ningning	glow
Salaknib	Savior	Pagsuyo	affection
Salig	Base	Palad	palm
Salik	Factor	Pansin	notice
Sambit	Mention	Paraluman	lady
Sandig	Support	Patnubay	guide
Sangko	2nd eldest brother	Pawi	remove
Sanib	Fusion	Payapa	peaceful
Saysay	Sense	Perlas	pearl
Sibol	Growth	Piling	company
Sigaw	Shout	Pinagpala	blessed
Sigla	Vigor	Pinid	close
Siklab	Spark	Pispis	young bird
Silim	East	Pluma	feather
Sipi	Copy	Pugad	nest
Suyo	Romanticize	Puri	honor
Tadegi	armored car	Puso	heart
Taglay	Carried	Salig	basis
Tagna	Prophecy	Salik	factor
Tagumpay	Victory	Samanaya	now
Taguyod	Guide	Sanse	3rd eldest sister
Talim	Sharpness	Sikat	rise
Tama	right/correct	Silang	born
Tanaw	Behold	Silangan	east
Tawag	Call	Silay	see
Tigib	Full	Sinag	light
Tingin	Look	Sinagtala	starlight
Tikim	Taste	Sinta	beloved
Titig	Stare	Siya	She
Tugon	Answer	Tadhana	fate
Tulay	Bridge	Tala	star
Tulong	Help	Talulot	petal
Tumbas	Equivalent	Tanaw	sight
Tunay	Genuine	Tanto	realize
Tunghay	Look	Tapat	honest

Ugat	Root	Tapis	piece of cloth
Ulan	Rain	Tibok	heartbeat
Ulap	Cloud	Tinig	voice
Uliyaw	Echo	Tiwala	trust
Umaga	Morning	Tining	consistent
Una	First	Tula	poem
Unos	Storm	Tuwa	joy
Wari	Seem	Twina	always
Wagas	Pure	Walay	separate
Yadtu	There	Yakap	hug
Yaman	Wealth	Yari	here
Yapak	Footprint	Yumi	refinement